
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • NOBYEMBRE 2018

# Liahona



## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

**Jesucristo: Sentro ng Ating Buhay at ng Pangalan ng Simbahan**

**Binabalanse ng Bagong Kurikulum at ng Iskedyul Tuwing Linggo ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan at Simbahan**

**12 Bagong Templo Ibinalita**



© JENEDY PAIGE, HINDI MAAARING KOPYAHIN

*Pagbalik Muli sa Simula,*
ni Jenedy Paige

*"Ngayong gabi hinihimok ko kayo, nang may buong pag-asa sa puso ko, na ipagdasal na maunawaan ninyo ang* inyong mga espirituwal na kaloob*—na linangin, gamitin, at palawakin ang mga ito, nang higit pa kaysa rati. Mababago ninyo ang mundo kapag ginawa ninyo ito. . . .*

*"Mahal kong mga kapatid, kailangan namin* kayo! *'Kailangan namin ang* inyong *lakas,* inyong *katatagan,* inyong *pananalig,* inyong *kakayahang mamuno,* inyong *karunungan, at* inyong *mga tinig.' Hindi talaga namin matitipon ang Israel nang wala kayo.*

*"Mahal ko kayo at pinasasalamatan at ngayo'y binabasbasan ko kayo ng kakayahang talikdan ang mundo habang tumutulong kayo sa napakahalaga at apurahang gawaing ito. Magagawa natin nang sama-sama ang lahat ng kailangang ipagawa sa atin ng ating Ama sa Langit upang maihanda ang mundo sa Ikalawang Pagparito ng Kanyang Pinakamamahal na Anak."*

Pangulong Russell M. Nelson, "Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel," 69, 70.

# Mga Nilalaman Nobyembre 2018

Tomo 21 • Bilang 11


### Sesyon sa Sabado ng Umaga

6 **Pambungad na Mensahe**
*Pangulong Russell M. Nelson*

8 **Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo**
*Elder Quentin L. Cook*

12 **Itaas Mo ang Iyong Ulo at Magsaya**
*M. Joseph Brough*

15 **Paglalagay ng Saligan ng Isang Dakilang Gawain**
*Elder Steven R. Bangerter*

18 **Huwag Kayong Mabagabag**
*Elder Ronald A. Rasband*

21 **Tipunin ang Lahat ng mga Bagay kay Cristo**
*Elder David A. Bednar*

25 **Katotohanan at ang Plano**
*Pangulong Dallin H. Oaks*

### Sesyon sa Sabado ng Hapon

28 **Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan**
*Pangulong Henry B. Eyring*

30 **Matibay at Matatag sa Pananampalataya kay Cristo**
*Elder D. Todd Christofferson*

34 **Halina't Pakinggan ang Tinig ng Isang Propeta**
*Bishop Dean M. Davies*

37 **Iisa kay Cristo**
*Elder Ulisses Soares*

40 **Ang Ating Siga ng Pananampalataya**
*Elder Gerrit W. Gong*

43 **Lahat ng Tao ay Kailangang Taglayin sa Kanilang Sarili ang Pangalang Ibinigay ng Ama**
*Elder Paul B. Pieper*

46 **Maniwala, Magmahal, Gumawa**
*Elder Dieter F. Uchtdorf*

### Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan

50 **Para sa Kanya**
*Joy D. Jones*

52 **Hindi Pagiging Kuntento sa Ating Espirituwalidad**
*Michelle D. Craig*

55 **Ang Galak sa Di-Makasariling Paglilingkod**
*Cristina B. Franco*

58 **Ang Kababaihan at ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan**
*Pangulong Henry B. Eyring*

61 **Mga Magulang at mga Anak**
*Pangulong Dallin H. Oaks*

68 **Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel**
*Pangulong Russell M. Nelson*

### Sesyon sa Linggo ng Umaga

71 **Ang Pangitain ng Pagtubos sa mga Patay**
*Pangulong M. Russell Ballard*

74 **Pagiging Isang Pastol**
*Bonnie H. Cordon*

77 **Ang Ministeryo ng Pakikipagkasundo**
*Elder Jeffrey R. Holland*

80 **Ang Papel na Ginagampanan ng Aklat ni Mormon sa Pagbabalik-loob**
*Elder Shayne M. Bowen*

83 **Sugatan**
*Elder Neil L. Andersen*

87 **Ang Tamang Pangalan ng Simbahan**
*Pangulong Russell M. Nelson*

### Sesyon sa Linggo ng Hapon

90 **Sikapin, Sikapin, Sikapin**
*Pangulong Henry B. Eyring*

93 **Ang Ama**
*Brian K. Ashton*

97 **Taglayin sa Ating Sarili ang Pangalan ni Jesucristo**
*Elder Robert C. Gay*

101 **Ibig Mo Bagang Gumaling?**
*Elder Matthew L. Carpenter*

104 **Piliin Ninyo sa Araw na Ito**
*Elder Dale G. Renlund*

107 **Panahon Na**
*Elder Jack N. Gerard*

110 **Pangangalaga sa mga Kaluluwa**
*Elder Gary E. Stevenson*

113 **Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw**
*Pangulong Russell M. Nelson*

64 **Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**

115 **Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya**

116 **Mga Balita sa Simbahan**

121 ***Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Elders Quorum at Relief Society***




# Ang Ika-188 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

**Sabado ng Umaga, Oktubre 6, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na Panalangin:
Elder Craig A. Cardon
Pangwakas na Panalangin:
Elder Adilson de Paula Parrella
Musika ng Tabernacle Choir sa Temple Square; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Brian Mathias at Richard Elliott, mga organista: "Gabayan Kami, O Jehova," *Mga Himno,* blg. 45; "Umaga Na," *Mga Himno,* blg. 1, isinaayos ni Wilberg; "Kung Makikinig Nang Taos," DeFord, isinaayos ni Murphy; "Sa Tuktok ng Bundok" *Mga Himno,* blg. 4; "Susundin Ko ang Plano ng Diyos," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 86–87, isinaayos ni Hofheins; "Mga Banal, Halina," *Mga Himno,* blg. 23, isinaayos ni Wilberg.

**Sabado ng Hapon, Oktubre 6, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na Panalangin: Sharon Eubank
Pangwakas na Panalangin: Elder Joni L. Koch
Musika ng pinagsamang koro mula sa Provo Missionary Training Center; Ryan Eggett at Elmo Keck, mga tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: "O, Makinig Lahat ng Bansa!" *Mga Himno,* blg. 165, isinaayos ni Schank; medley: "Ako'y Magiging Magiting," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 85, at "Ang Simbahan ni Jesucristo," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 48, isinaayos ni Warby; "Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod," *Mga Himno,* blg. 151; "Pag-asa ng Israel," *Mga Himno,* blg. 161, isinaayos ni Schank.

**Sabado ng Gabi, Oktubre 6, 2018, Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan**
Nangangasiwa: Jean B. Bingham
Pambungad na Panalangin: Memnet Lopez
Pangwakas na Panalangin: Jennefer Free
Musika ng young women choir mula sa mga stake sa Pleasant Grove, Utah; Tracy Warby, tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: "O Mga Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 30, isinaayos ni Warby; "This Is the Christ," Faust, Pinborough, at Moody; "Tayo'y Magalak," *Mga Himno,* blg. 3; "Katotohanan Niya'y Dadalhin Natin sa Mundo," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 92–93, isinaayos ni Warby.

**Linggo ng Umaga, Oktubre 7, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na Panalangin:
Elder Allan F. Packer
Pangwakas na Panalangin:
Elder Donald L. Hallstrom
Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: "Panginoo'y Hari!" *Mga Himno,* blg. 33; "Manunubos ng Israel," *Mga Himno,* blg. 5, isinaayos ni Wilberg; "Piliin ang Tama," *Mga Himno,* blg. 145, isinaayos ni Wilberg; "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta," *Mga Himno,* blg15; "His Voice as the Sound," American folk hymn, Walker, isinaayos ni Wilberg; "It Is Well with My Soul," Spafford at Bliss, isinaayos ni Wilberg.

**Linggo ng Hapon, Oktubre 7, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na Panalangin: Elder Gary B. Sabin
Pangwakas na Panalangin: Elder Michael John U. Teh
Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Andrew Unsworth at Brian Mathias, mga organista: "Mga Himig ng Papuri," *Mga Himno,* blg. 41, isinaayos ni Murphy; "Ako'y Naniniwala Kay Cristo," *Mga Himno,* blg. 76, isinaayos ni Wilberg; "Luwalhati sa Diyos," *Mga Himno,* blg. 37; "Our Prayer to Thee," Nelson at Parry, isinaayos ni Wilberg.

**Makukuhang mga Mensahe sa Kumperensya**
Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya online sa maraming wika, bumisita sa conference.lds.org at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na maa-access ng mga miyembrong may kapansanan ay makukuha sa disability.lds.org.

**Sa Pabalat**
Harap: *Ilaw ng Sanlibutan* (2015), ni Walter Rane, hindi maaaring kopyahin.
Likod: Larawang kuha ni Cody Bell.

**Mga Larawang Kuha sa Kumperensya**
Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kuha nina Cody Bell, Janae Bingham, Mason Coberly, Weston Colton, Brian Nicholson, Leslie Nilsson, Matt Reier, at Christina Smith.



**NOBYEMBRE 2018 TOMO 21 BLG. 11**
**LIAHONA 14853 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog
**Ang Unang Panguluhan:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring
**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares
**Patnugot:** Randy D. Funk
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Donald L. Hallstrom, Larry S. Kacher, Erich W. Kopischke, Lynn G. Robbins
**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon
**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Francisca Olson
**Writing at Editing Team:** Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison
**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst
**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris
**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Pamamahagi:** Troy R. Barker
**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan
Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.
Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.
Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org
Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)
© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.
**Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa Liahona para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.
LIAHONA Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150.



## Indeks ng mga Tagapagsalita

Andersen, Neil L., 83
Ashton, Brian K., 93
Ballard, M. Russell, 71
Bangerter, Steven R., 15
Bednar, David A., 21
Bowen, Shayne M., 80
Brough, M. Joseph, 12
Carpenter, Matthew L., 101
Christofferson, D. Todd, 30
Cook, Quentin L., 8
Cordon, Bonnie H., 74
Craig, Michelle D., 52
Davies, Dean M., 34
Eyring, Henry B., 28, 58, 90
Franco, Cristina B., 55
Gay, Robert C., 97
Gerard, Jack N., 107
Gong, Gerrit W., 40
Holland, Jeffrey R., 77
Jones, Joy D., 50
Nelson, Russell M., 6, 68, 87, 113
Oaks, Dallin H., 25, 61
Pieper, Paul B., 43
Rasband, Ronald A., 18
Renlund, Dale G., 104
Soares, Ulisses, 37
Stevenson, Gary E., 110
Uchtdorf, Dieter F., 46

## Indeks ng mga Paksa

Aklat ni Mormon, 34, 68, 80
Ama sa Langit, 25, 40, 93, 104
Banal na katangian, 68
Bata, mga, 15, 25, 61
Binyag, 43
Biyaya, 40, 52, 97
Buhay bago tayo isinilang, premortal na buhay, 93
Daigdig ng mga espiritu, 71
Espiritu Santo, 18, 43, 80, 93
Family home evening, 8
Fellowshipping, 37
Gawain sa templo, 68, 113
Halimbawa, 113
Jesucristo, 6, 8, 12, 15, 18, 21, 25, 30, 34, 37, 40, 43, 46, 50, 52, 55, 58, 71, 74, 77, 80, 83, 87, 90, 93, 97, 101, 104, 107, 110, 113
Joseph Smith, 34, 52, 80, 107
Kabaitan, 61
Kabataan, mga, 74
Kagalakan, 12, 40, 46
Kahalagahan ng sarili, 74, 97
Kalayaan, 25, 104
Kamatayan, 71
Kapatawaran, 12, 77
Kapayapaan, 18, 77, 83
Katotohanan, 25, 107
Kurikulum, 6, 8, 113
Media, 68
Ministering, paglilingkod, 37, 40, 46, 50, 68, 74, 77, 97, 110
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 8, 37, 58
Pag-asa, 46, 90
Pagbabalik-loob, 8, 21, 30, 37, 80
Paggaling, pagpapagaling, 46, 83, 97, 101
Paghahayag, 18, 34, 80
Paghatol, 97
Paghihirap, 12, 18, 30, 46, 55, 71, 83, 101
Pag-ibig sa Kapwa-tao, 55, 58, 90
Pagiging disipulo, pagkadisipulo, 12, 43, 46, 52
Pagiging ina, 58, 61, 68
Pagiging magulang, 15, 61
Pagiging sakdal, 40
Pagkabuhay na Mag-uli, 71, 93
Pagkakaibigan, 37, 74
Pagkamalikhain, 40
Pagkatuto, pag-aaral, 58, 113
Paglilingkod, 37, 40, 50, 52, 55, 74, 97
Pagmamahal, pag-ibig, 18, 37, 40, 46, 50, 55, 58, 61, 74, 77, 90, 93, 97, 110
Pagpapaaktibo, 110
Pagpapanatiling aktibo sa mga nabinyagan, 37
Pagsisisi, 25, 101, 104
Pagsubok, mga, 83, 90
Pagsunod sa propeta, 34
Pagtitipon ng Israel, 21, 68, 74, 80
Pagtuturo, 15, 58, 68
Pahiwatig, mga, 52
Pakikipagkasundo, 77
Pamilya, 6, 8, 15, 25, 58, 61, 113
Panalangin, 58
Pananampalataya, 6, 15, 18, 21, 25, 30, 40, 52, 83, 90, 104, 113
Pananaw, 68, 107
Pangalan ng Simbahan, 87, 113
Pang-uusig, 83
Panunumbalik, 87
Patotoo, 80
Plano ng kaligtasan, 25, 61, 71, 93, 104
Priyoridad, mga, 107
Propeta, mga, 18, 34
Relief Society, 68
Sabbath, 8
Sakramento, 8, 43, 90
Sakripisyo, 55
Sambahayan ni Israel, 68
Tahanan, 6, 8, 15, 18, 21, 58, 113
Takot, 18, 101
Teknolohiya, 61
Templo, mga, 18, 34, 113
Tipan, mga, 30, 43, 80, 107
Tiyaga, sigasig, 30, 83
Tradisyon, mga, 15



# Mga Tampok sa Ika-188 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Muling nag-anunsyo ng malaking pagbabago sa pangkalahatang kumperensya. Bagama't ang mga inanunsyo ay naiiba sa pagkakataong ito, ang mga layunin ng mga ito ay gayon pa rin: Nadama ng propeta ng Diyos ang pangangailangang ihanda tayo para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon at inaanyayahan tayo na palakasin ang ating pananampalataya sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

Narito ang ilan sa mahahalagang paanyaya at pangako na binigyang-diin ni Pangulong Russell M. Nelson sa kumperensya.

#### Gawing Higit na Banal ang Tahanan

Sa kanyang pambungad na mensahe, ipinabatid ni Pangulong Nelson na kinakailangang gumawa tayo ng mga pagbabago sa ating buhay para maging sentro ng pag-aaral ng ebanghelyo ang ating mga tahanan. "Panahon na para sa isang *Simbahan na nakasentro sa tahanan,* na sinusuportahan ng mga nangyayari sa loob ng mga gusali ng ating mga branch, ward, at stake."

- Basahin ang tungkol sa mga iminungkahing pagbabago sa tahanan at mga pagbabago sa simbahan na sumusuporta sa mga ito (tingnan sa pahina 8).
- Alamin ang karagdagang impormasyon sa "Ang mga Pagbabago ay Tumutulong na Ibalanse ang Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Tahanan at sa Simbahan" (pahina 117).

#### "Talikdan ang Mundo"

Inanyayahan ni Pangulong Nelson ang mga sister sa pangkalahatang sesyon ng kababaihan na makibahagi sa "*pinakadakilang* gawain sa mundo ngayon!" Ipinangako niya, "Magagawa natin nang sama-sama ang lahat ng kailangang ipagawa sa atin ng ating Ama sa Langit upang maihanda ang mundo sa Ikalawang Pagparito [ni Jesucristo]."

- Basahin ang apat na paanyaya ni Pangulong Nelson sa kababaihan (tingnan sa pahina 68).

#### "Ipanumbalik ang Tamang Pangalan ng Simbahan ng Panginoon"

Nanawagan si Pangulong Nelson sa mga miyembro na tawagin ang Simbahan ng Tagapagligtas sa pangalang ibinigay dito ng Tagapagligtas. "Ipinapangako ko na kung gagawin natin ang lahat para ipanumbalik ang tamang pangalan ng Simbahan ng Panginoon, ibubuhos Niya na nagmamay-ari ng Simbahang ito ang Kanyang kapangyarihan at mga pagpapala sa mga Banal sa mga Huling Araw, sa mga paraang hindi pa natin nakita kailanman."

- Basahin ang tagubilin ni Pangulong Nelson tungkol sa pangalan ng Simbahan (tingnan sa pahina 87).

#### "[Pumunta] sa Kanyang Banal na Bahay"


Tinapos ni Pangulong Nelson ang kumperensya sa pag-aanunsyo ng 12 bagong templo at sa paanyayang "regular na [pumunta] sa Kanyang banal na bahay." Sinabi niya, "Ipinapangako ko sa inyo na ibibigay ng Panginoon ang mga himala na alam Niyang kailangan ninyo habang nagsasakripisyo kayo upang makapaglingkod at makasamba sa Kanyang mga templo."

- Alamin kung saan itatayo ang inanunsyong mga templo (tingnan sa mga pahina 113, 116).






THE CHURCH OF JESUS CHRIST OF LATTER-DAY SAINTS
CONFERENCE CENTER



Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Pambungad na Mensahe

*Panahon na para sa isang Simbahan na nakasentro sa tahanan, na sinusuportahan ng mga ginagawa natin sa loob ng mga gusali ng ating mga branch, ward, at stake.*

Mga kapatid, masaya kami na makasama kayong muli ngayong Oktubre sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan. Taos-puso naming binabati ang bawat isa sa inyo. Lubos kaming nagpapasalamat sa inyong mga nakapagpapalakas na panalangin. Nararamdaman namin ang epekto nito. Maraming salamat!

Nagpapasalamat kami sa inyong malaking pagsisikap na sundin ang payo na ibinigay sa pangkalahatang kumperensya anim na buwan na ang nakararaan. Ang mga stake presidency sa buong mundo ay naghangad na makatanggap ng paghahayag na kinakailangan upang muling i-organisa ang mga elders quorum. Ang kalalakihan ng mga korum na iyon, kasama ang matatapat na kababaihan ng Relief Society ay masipag na naglilingkod sa ating mga kapatid sa mas dakila, mas banal na paraan. Nabigyan kami ng inspirasyon ng inyong kabutihan at kahanga-hangang pagsisikap upang maghatid ng pagmamahal ng Tagapagligtas sa inyong mga pamilya, kapitbahay, at mga kaibigan at maglingkod sa kanila tulad ng gagawin Niya.





Simula noong kumperensya nitong Abril, nakipagkita kami ni Sister Nelson sa mga miyembro sa apat na kontinente at sa mga isla ng karagatan. Mula sa Jerusalem hanggang sa Harare, mula Winnipeg hanggang Bangkok, naramdaman namin ang inyong malakas na pananampalataya at ang lakas ng inyong mga patotoo.

Lubos na masaya kami sa bilang ng mga kabataan na sumali sa kabataang batalyon ng Panginoon upang tumulong na tipunin ang ikinalat na Israel.[1] Salamat sa inyo! At sa pagpapatuloy ninyo na sundin ang aking mga paanyaya na binanggit sa pandaigdigang



debosyonal para sa mga kabataan, nagtatatag kayo ng pamantayan na susundin namin. At napakalaking pagkakaiba ang ginagawa ninyong mga kabataan!

Sa nakaraang mga taon, kami sa namumunong konseho ng Simbahan ay pinag-isipan ang isang pangunahing tanong: paano namin ipahahatid ang ebanghelyo sa simpleng kadalisayan nito at ang mga ordenansa nito na nagtataglay ng walang hanggang bisa sa *lahat* ng anak ng Diyos?

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, nasanay na tayo sa pag-iisip na ang "simbahan" ay ang mga nangyayari sa ating mga kapilya, na sinusuportahan ng nangyayari sa ating tahanan. Kailangan natin ng pagbabago sa huwarang ito. Panahon na para sa isang *Simbahan na nakasentro sa tahanan*, na sinusuportahan ng mga nangyayari sa loob ng mga gusali ng ating mga branch, ward, at stake.

Habang patuloy na lumalaki ang Simbahan sa buong mundo, maraming mga miyembro ang nakatira sa mga lugar na wala tayong mga kapilya—at maaaring hindi pa magkaroon sa nalalapit na hinaharap. Natatandaan ko ang isang pamilya, na dahil sa sitwasyong ito, ay kinailangan na magpulong sa kanilang tahanan. Tinanong ko ang ina kung gaano niya kagusto ang pagpunta sa simbahan sa sarili niyang tahanan. Sagot niya, "Gusto ko ito! Mas mabuting pananalita na ang ginagamit ng asawa ko sa aming tahanan ngayon, dahil alam niyang magbabasbas siya ng sakramento dito tuwing Linggo."

Ang pangmatagalan na layunin ng Simbahan ay na tulungan ang lahat ng mga miyembro na dagdagan ang kanilang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo at sa kanyang Pagbabayad-sala, tulungan sila sa paggawa at pagtupad ng mga tipan nila sa Diyos, at na palakasin at ibuklod ang kanilang mga pamilya. Sa magulong mundo natin ngayon, hindi ito madali. Pinatitindi ng kalaban ang kanyang pag-atake sa pananampalataya at sa atin at sa mga pamilya natin sa napakabilis na paraan. Upang espirituwal na makaligtas, kailangan natin ng mga estratehiya at mga proactive na plano. Gayundin, gusto natin ngayon na magkaroon ng mga pagbabago sa organisasyon na palalakasin ang ating mga miyembro at ang kanilang pamilya.

Sa loob ng maraming taon, ang mga lider ng Simbahan ay ginagawa ang isang pinagsama-samang kurikulum

upang palakasin ang mga pamilya at mga indibiduwal sa pamamagitan ng isang *nakasentro sa tahanan* at *sinusuportahan ng Simbahan* na plano na matuto ng doktrina, palakasin ang pananampalataya at pag-ibayuhin ang personal na pagsamba. Ang mga pagsisikap natin sa mga nakaraang taon na gawing banal ang Sabbath—na gawin itong kalugud-lugod at isang personal na sagisag sa Diyos ng ating pagmamahal sa Kanya—ay daragdagan ng mga pagbabagong sasabihin namin ngayon.

Ngayong umaga, mag-aanunsiyo kami ng isang bagong balanse at kaugnayan sa pagitan ng pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan at sa Simbahan. Bawat isa sa atin ay responsable sa ating indibiduwal na espirituwal na paglago. At malinaw na itinuturo ng mga banal na kasulatan na ang mga magulang ang may pangunahing responsibilidad na ituro ang doktrina sa kanilang mga anak.[2] Responsibilidad ng Simbahan na tulungan ang bawat miyembro sa banal na itinakdang layunin ng pagdagdag sa kanyang kaalaman sa ebanghelyo.

Ipaliliwanag na ngayon ni Elder Quentin L. Cook ang mahahalagang pagbabagong ito. Ang lahat ng miyembro ng Konseho ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay nagkakaisa sa pagpapatibay ng mensahe na ito. Nagpapasalamat naming kinikilala ang inspirasyon mula sa Diyos na nag-impluwensiya sa mga plano at pamamaraan na ibabahagi ni Elder Cook.

Mga kapatid, alam ko na ang Diyos ay buhay! Si Jesus ang Cristo! Ito ang Kanyang Simbahan na pinamamahalaan Niya sa pamamagitan ng propesiya at paghahayag sa Kanyang mapagkumbabang mga tagapaglingkod. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Russell M. Nelson at Wendy W. Nelson, "Hope of Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.lds.org.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:40; Moises 6:58–62.



**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo

*Ang layunin natin ay balansehin ang karanasan sa Simbahan at tahanan na higit na magpapalakas ng pananampalataya at espirituwalidad at magpapalalim ng pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo.*

Tulad ng napakaganda at mahusay na sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson, ang mga lider ng Simbahan ay matagal nang pinag-aaralan at pinag-uusapan ang "plano na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan upang matuto ng doktrina, palakasin ang pananampalataya, at mapag-ibayo ang personal na pagsamba." Pagkatapos ay ipinaalam ni Pangulong Nelson ang mga pagbabago upang matamo "ang isang bagong balanse at koneksyon sa pagitan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan at sa Simbahan."[1]

Upang magawa ang mga layunin na ito—na inilarawan at pinamunuan ni Pangulong Russell M. Nelson at alinsunod sa pasiya ng Konseho ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol—ang mga miting tuwing Linggo ay babaguhin sa mga susunod na kaparaanan, simula Enero 2019.

### Iskedyul ng mga Miting sa Araw ng Linggo

Ang mga miting ng Simbahan tuwing Linggo ay kapapalooban ng 60 minuto na sacrament meeting bawat Linggo, at nakatuon sa Tagapagligtas, ordenansa ng sakramento, at espirituwal na mga mensahe. Pagkatapos ng oras para pumunta sa mga klase, ang mga miyembro ng Simbahan ay dadalo sa isang 50-minutong klase na magsasalit-salit bawat Linggo:

- Ang Sunday School ay gaganapin sa una at ikatlong Linggo ng buwan.
- Ang mga miting ng mga korum ng Priesthood, Relief Society, at Young Women ay gaganapin sa ikalawa at ikaapat na Linggo.

- Ang mga miting sa ikalimang Linggo ay gaganapin sa ilalim ng pamumuno ng bishop.

Ang Primary ay gaganapin bawat Linggo kasabay ng 50-minutong oras na ito at kabibilangan ng oras ng pagkanta at mga klase.

Tungkol sa iskedyul sa miting ng Linggo, matagal nang alam ng mga nakatatandang lider ng Simbahan na para sa ilan sa ating mga minamahal na miyembro, ang tatlong oras na iskedyul tuwing Linggo ay maaaring maging mahirap. Ito ay totoo lalo na sa mga magulang na may maliliit na anak, mga bata sa Primary, matatandang miyembro, bagong binyag, at iba pa.[2]

Ngunit higit pa sa pagpapaikli ng iskedyul tuwing Linggo ang pagbabagong ito. Kinilala ni Pangulong Nelson nang may pasasalamat ang dami ng mga nagawa bilang resulta ng inyong tapat na pagtalima sa mga paanyaya noong nakaraan. Siya, at ang buong pamunuan ng Simbahan, ay nagnanais na maghatid ng dagdag na kaligayahan sa ebanghelyo sa mga magulang, bata, kabataan, mga kabinataan at kadalagahan, matatanda, bagong binyag, at mga taong tinuturuan ng mga missionary sa pamamagitan ng isang balanseng pagsisikap na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan. Ang mga layunin at biyaya na kaakibat ng pagbabago na ito at iba pang mga pagbabago kamakailan ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Lumalalim na pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo at pagpapatatag ng pananampalataya sa Kanila.
- Pagpapatatag sa mga indibiduwal at pamilya sa pamamagitan ng kurikulum na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan na nag-aambag sa maligayang pamumuhay sa ebanghelyo.
- Paggalang sa araw ng Sabbath, nang nakatuon sa ordenansa ng sakramento.
- Pagtulong sa lahat ng anak ng Ama sa Langit sa magkabilang panig ng tabing sa pamamagitan ng gawaing misyonero at pagtanggap ng mga ordenansa at tipan at biyaya ng templo.



#### Pag-aaral ng Ebanghelyo na Nakasentro sa Tahanan at Sinusuportahan ng Simbahan

Ang iskedyul na ito kapag Linggo ay magtutulot ng mas maraming oras para sa home evening at para pag-aralan ang ebanghelyo sa tahanan sa araw ng Linggo, o sa iba pang mga oras na pipiliin ng mga indibiduwal at pamilya. Ang family activity night ay maaaring gawin tuwing Lunes o sa iba pang araw. Sa paggawa nito, ang mga lider ay dapat ipagpatuloy ang hindi pagdaraos ng mga miting at aktibidad sa Simbahan tuwing Lunes ng gabi. Gayunman, ang oras na ginugugol sa home evening, pag-aaral ng ebanghelyo, at aktibidad para sa mga indibiduwal at pamilya ay maaaring isagawa ayon sa indibiduwal na mga sitwasyon.

Ang pag-aaral ng ebanghelyo ng mga pamilya at indibiduwal sa tahanan ay higit na mapapahusay ng pinagkaisang kurikulum at ng bagong sanggunian na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa mga pamilya at indibiduwal na nauugnay sa itinuturo sa Sunday School at Primary.[3] Sa Enero, pag-aaralan ng mga klase ng mga kabataan ng Simbahan at adult Sunday School at Primary ang Bagong Tipan. Ang bagong home-study na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na sanggunian para sa mga indibiduwal at pamilya—na tinatalakay din ang Bagong Tipan—ay ginawa upang tulungan ang mga miyembro na matutuhan ang ebanghelyo sa tahanan. Ipinaliwanag nito: "Ang sanggunian na ito ay para sa bawat indibiduwal at pamilya sa Simbahan. Layon nito na tulungan [tayong mas] matutuhan ang ebanghelyo—mag-isa man [tayo] o kasama ang [ating] pamilya. . . . Ang mga outline sa [bagong] sanggunian na ito ay inorganisa ayon sa lingguhang . . . iskedyul."[4]

Ang mga bagong lesson sa Primary ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na itinuturo sa simbahan ay susundin ang kaparehas na panglingguhan na iskedyul. Ang pangmatanda at pangkabataan na klase ng Sunday School sa una at ikatlong Linggo ay pag-uugnayin upang masuportahan ng mga ito ang bagong sanggunian sa tahanan na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*. Sa ikalawa at ikaapat na Linggo, ang mga miyembro ng Priesthood at Relief Society ay patuloy na pag-aaralan ang mga turo ng mga lider ng Simbahan, na nagbibigay-diin sa bagong mensahe ng mga makabagong propeta.[5] Ang Young women at Aaronic Priesthood na mga kabataang lalaki ay mag-aaral ng mga paksa ng ebanghelyo sa mga araw na iyon.

Ang bagong sanggunian sa pag-aaral na pangtahanan ay mayroong "Mga Ideya para sa Pag-aaral ng Banal na Kasulatan ng Pamilya at Family Home Evening."[6] Ang mga outline para sa bawat linggo ay naglalaman ng nakatutulong na mga ideya sa pag-aaral at mga aktibidad para sa mga indibiduwal at pamilya. Ang sanggunian na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa mga indibiduwal at pamilya ay marami

ring larawan na makatutulong na mapahusay ang pag-aaral nang indibiduwal at kasama ang pamilya, lalo na sa mga bata.[7] Ang bagong sanggunian na ito ay ibibigay sa bawat sambahayan sa Disyembre ng taong ito.

Si Pangulong Nelson, mula sa ikanyang unang pagsasalita sa mga miyembro ng Simbahan noong Enero, ay hinikayat tayo na maghanda sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo sa pamamagitan ng paglalakad sa landas ng tipan.[8]

Ang kundisyon sa mundo ay patuloy na nangangailangan ng malalim na pagbabalik loob ng indibiduwal at ng pagpapalakas ng pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Inihanda tayo ng Panginoon, nang taludtod sa taludtod, para sa mapanganib na panahon na hinaharap natin. Nitong mga nakaraang taon, ginabayan tayo ng Panginoon upang bigyang solusyon ang ilang magkakaugnay na mga pangunahing bagay kabilang ang:

- Paggalang sa araw ng Sabbath at ang sagradong ordenansa ng sakramento na binigyang-diin sa nakalipas na tatlong taon.
- Sa ilalim ng pamumuno ng bishop, ang pinalakas na mga elders' quorum at Relief Society ay nakatauon sa layunin ng Simbahan[9] at pagtulong sa mga miyembro na gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan.
- Ang ministering sa "mas dakila at mas banal na paraan" ay maligayang ginagawa.
- Nakatuon sa pangunahing layunin sa simula pa lamang, ang mga tipan sa templo at paggawa ng family history ay nagiging makabuluhang bahagi ng landas ng tipan.

Ang mga pagbabagong inanunsyo ngayong umaga ay isa pang halimbawa ng gabay para sa mga pagsubok ng ating panahon.

Binigyang diin ng tradisyonal na kurikulum ng Simbahan ang mga nararanasan sa Simbahan tuwing Linggo. Alam natin na kapag mas mahusay ang ating pagtuturo at mas espirituwal na handa ang mga miyembro ng klase natin, mas maganda ang nararanasan natin sa Simbahan tuwing Linggo. Nabiyayaan tayo kung kaya't madalas dinaragdagan at pinalalakas ng Espiritu ang pagbabalik-loob sa Simbahan.

Ang bagong kurikulum na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan ay kailangan na impluwensiyahan nang mas malakas ang espirituwalidad ng pamilya at pag-uugali at ang espirituwalidad at pag-uugali ng bawat indibiduwal. Alam natin ang espirituwal na epekto at ang malalim at tumatagal na pagbabalik-loob na maaaring magawa sa loob ng tahanan. Ilang taon na ang nakalipas, pinagtibay ng isang pag-aaral na para sa mga kabataang lalaki at babae, ang impluwensiya ng Espiritu Santo ay madalas nararamdaman sa indibiduwal na pag-aaral ng banal na kasulatan at pagdarasal sa tahanan. Ang layunin natin ay balansehin ang karanasan sa Simbahan at tahanan na higit na magpapalakas ng pananampalataya at espirituwalidad at magpapalalim ng pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo.

Sa bahagi ng pagbabagong ito na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan, ang bawat indibiduwal at pamilya na ang magpapasiya nang may panalangin kung paano at kailan ito ipatutupad. Halimbawa, bagamat pagpapalain nito nang malaki ang lahat ng pamilya, ayon sa lokal na pangangailangan, nararapat din para sa mga wala pang asawa, solo na magulang, part-member na pamilya, bagong miyembro,[10] at iba pa na magtipon nang grupu-grupo maliban pa sa karaniwang pagsamba sa araw ng Linggo upang maranasan na makahalubilo ang isa't isa sa ebanghelyo at mapalakas sa pamamagitan ng pag-aaral nang magkakasama ng sanggunian na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan. Sino man na may gusto ay maaaring gawin ito nang impormal.

Sa maraming bahagi ng mundo, pinipili ng karamihan na manatili sa simbahan pagkatapos ng normal na iskedyul tuwing Linggo upang makipagkuwentuhan. Walang bagay sa inanunsiyong pagbabagong ito ang hahadlang sa maganda at kapakipakinabang na gawi na ito sa anumang paraan.

Upang tulungan ang mga miyembro na maghanda para sa Sabbath, ang ibang mga ward ay nagpapadala na ng impormasyon sa pamamagitan ng email, text, o mensahe sa social media sa kalagitnaan ng linggo. Sa bagong anunsiyo na ito, hinihikayat namin kayo na gawin ang uring ito ng pakikipag-ugnayan. Ang mga paanyayang ito ay magpapaalala sa mga miyembro ng iskedyul ng miting para sa Linggong iyon, pati na ang paksa na pag-aaralan sa klase, at susuportahan ang patuloy na pag-uusap tungkol sa ebanghelyo sa tahanan. Bukod pa rito, ang mga miting sa Linggo ng mga nakatatanda ay magbibigay din ng impormasyon upang pag-ugnayin ang pag-aaral sa Simbahan at tahanan bawat linggo.

Ang sacrament meeting at oras ng klase ay kakailanganing pag-isipan nang may panalangin upang matiyak na ang espirituwal na prayoridad ay mas binibigyang-diin kumpara sa mga gawaing administratibo. Halimbawa, ang karamihan sa mga anunsiyo ay maaaring isama sa paanyaya na ibinibigay sa kalagitnaan ng linggo o sa isang ipinrint na programa. Bagamat ang sacrament meeting ay dapat magkaroon ng pambungad at pangwakas na panalangin, sa pangalawang meeting na lamang kailangan ang pangwakas na panalangin.[11]

Tulad ng binanggit kanina, ang bagong iskedyul ng lingguhang mga miting ay magsisimula pa lang sa Enero 2019. May ilang dahilan para dito. Ang dalawang pinakamahalaga ay, una, upang magkaroon ng sapat na oras na maipamahagi ang sanggunian na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* para sa mga indibiduwal at pamilya at, pangalawa, upang bigyan ang mga stake president at mga bishop ng panahon na makapag-iskedyul ng mga miting, na may layunin na mas maraming mga ward ang magsimula nang mas maaga.

Sa paghahangad ng mga lider ng paghahayag, ang gabay na natanggap sa mga nakaraang ilang taon ay ang palakasin ang sacrament meeting, igalang ang araw ng Sabbath, at hikayatin at tulungan ang mga magulang at indibiduwal na gawin ang kanilang mga tahanan na

pinagmumulan ng espirituwal na lakas at dagdag na pananampalataya—isang lugar ng kaligayahan at kasiyahan.

#### Mga Pambihirang Pagpapala

Ano ang kahulugan ng mga pagbabagong ito para sa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw? Naniniwala kami na mabibiyayaan ang mga miyembro sa pambihirang paraan. Ang Linggo ay maaaring maging isang araw ng pag-aaral ng ebanghelyo at pagtuturo sa Simbahan at sa tahanan. Habang ginagawa ng mga indibiduwal at pamilya ang family council, family history, ministering, paglilingkod, personal na pagsamba, at masayang oras kasama ang pamilya, ang Sabbath ay tunay na magiging kalugud-lugod.

Isang pamilya sa Brazil na miyembro ng isang stake ang sumubok na gamitin ang bagong sanggunian sa tahanan na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*. Ang ama, si Fernando, isang returned missionary, at kanyang asawang si Nancy, na may apat na maliliit na anak, ay nag-ulat: "Nang ipaalam sa stake namin ang programang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin,* tuwang-tuwa ako, at naisip ko, 'magbabago na ang paraan ng pag-aaral namin ng mga banal na kasulatan sa aming tahanan.' Nangyari talaga ito sa aming tahanan, at bilang isang lider sa Simbahan, nakita ko na nangyari ito sa iba pang mga tahanan. . . . Tinulungan kami nito na talagang pag-usapan ang mga banal na kasulatan sa aming tahanan. Kaming mag-asawa ay nagkaroon ng mas malalim na pagkaunawa sa mga paksang pinag-aralan. . . . Natulungan kami na . . . palawakin ang kaalaman namin sa ebanghelyo, at palakasin ang aming pananampalataya at patotoo. . . . Pinatototohanan ko . . . na alam ko na binigyang inspirasyon ito ng Panginoon upang ang patuloy at epektibong pag-aaral ng mga alituntunin at doktrina na nakatala sa mga banal na kasulatan ay maghatid ng dagdag na pananampalataya, patotoo, at liwanag sa mga pamilya . . . sa patuloy na sumasamang mundo."[12]

Sa mga stake kung saan una itong sinubukan sa iba't ibang panig ng



mundo, nagkaroon ng napakagandang tugon sa bagong sanggunian sa tahanan na *Pumarito Ka, Sumunod ka sa Akin*. Marami ang nagsabi na mula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay nagawa nilang pag-aralan na talaga ang mga ito. Naramdaman din ng karamihan na ang karanasan ay nagpalakas ng pananampalataya at nagkaroon ng magandang epekto sa ward.[13]

#### Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob

Ang layunin ng mga pagbabagong ito ay magkaroon ng mas malalim at tumatagal na pagbabalik-loob sa mga nakatatanda at sa bagong henerasyon. Ang unang pahina ng sanggunian para sa mga indibiduwal at pamilya ay nagsasabing: "Ang layunin ng lahat ng pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo ay para palalimin ang ating pagbabalik-loob at tulungan tayong maging higit na katulad ni Jesucristo. . . . Nangangahulugan ito ng pag-asa kay Cristo na baguhin ang ating puso."[14] Ito ay naisasagawa sa paglapit "hindi lamang sa isang silid-aralan kundi maging sa puso at tahanan ng isang tao. Nangangailangan ito ng palagian at araw-araw na pagsisikap na maunawaan at maipamuhay ang ebanghelyo. Ang tunay na pagbabalik-loob ay nangangailangan ng impluwensya ng Espiritu Santo."[15]

Ang pinakamahalagang layunin at pinakadakilang biyaya ng malalim at tumatagal na pagbabalik-loob ay ang karapatdapat na pagtanggap ng mga tipan at ordenansa ng landas ng tipan.[16]

Inaasahan namin na sama-sama kayong magsasanggunian at maghahangad ng paghahayag sa pagpapatupad ng mga pagbabagong ito—nang hindi lumalabis dito o tinatangkang higpitan nang labis ang mga indibiduwal o mga pamilya. Ang karagdagang impormasyon ay ibabahagi sa mga darating na pabatid, kabilang ang liham at iba pang ipadadala ng Unang Panguluhan.

Pinatototohanan ko sa inyo na sa mga pag-uusap ng Konseho ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol sa templo, at matapos na magsumamo sa Panginoon ang minamahal nating propeta para sa paghahayag upang isulong ang mga pagbabagong ito, isang makapangyarihang kumpirmasyon ang natanggap ng lahat. Si Russell M. Nelson ang ating buhay na Pangulo at propeta. Ang mga anunsiyo na ginawa ngayon ay magdadala ng maraming biyaya sa lahat ng malugod na tatanggapin ang mga pagbabago at hihingin ang gabay ng Espiritu Santo. Magiging mas malapit tayo sa ating Ama sa Langit at sa ating Panginoon at Tagapagligtas, si Jesucristo, kung kanino ay tunay na isang saksi. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, "Pambungad na Pananalita," *Liahona,* Mayo 2018, 8.
2. Alam din namin na, sa karamihan sa lipunan, ang karamihan sa mga kaganapan para sa impormasyon, edukasyon, at kahit sa libangan ay pinaikli na rin.
3. Ang kurikulum na ito ay makukuha sa digital na format at nakalathalang kopya.
4. *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—*

*Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* (2019), vi.
5. Tingnan sa "Pumarito ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Elders Quorum at Relief Society," *Liahona,* Mayo 2018, 140. Sa halip na sa ikalawa at ikatlong Linggo, ang mga pangkalahatang kumperensya ay tatalakayin sa ikalawa at ikaapat na Linggo.
6. Tingnan sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya,* 4. Ang mga indibiduwal at pamilya ang magpapasiya kung aling bahagi ng pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan, home evening, at aktibidad ng pamilya ang magiging bahagi ng family home evening (na tinatawag na ngayon ng marami na "*home evening*"). Dahil mga indibiduwal at pamilya ang magpapasiya nito, ang *home evening* at *family home evening* ay maaaring parehong gamitin sa mga pagbabago na ipinahayag.
7. Tingnan sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya,* 29.
8. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.
9. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.2. "Kabilang [sa mga banal na responsibilidad na iniatas] ang pagtulong sa mga miyembro na ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo, pagtipon sa Israel sa pamamagitan ng gawaing misyonero, pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan, at pagtulong sa kaligtasan ng mga yumao sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga templo at pagsasagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa." Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 110, na naglalaman ng tala ng panunumbalik ng mahahalagang susi.
10. Magbigay ng karagdagang atensyon sa mga anak na hindi miyembro ang mga magulang o hindi regular na dumadalo sa simbahan. Ang mga walang asawa ay maaari ring sumama sa isang pamilya kung ito ay makatutulong sa lahat.
11. Ang opening exercises ay hindi magiging bahagi ng pangalawang miting.
12. Pamilya nina Fernando at Nancy de Carvalho, Brazil.
13. Ang mga indibiduwal at pamilya na ginawa ang pilot test, sa karaniwan, ay nag-aral ng ebanghelyo nang mas madalas at nagkaroon ng mas makabuluhang pag-aaral ng banal na kasulatan at pag-uusap tungkol sa ebanghelyo sa tahanan. Sinabi nila na nagkaroon sila ng mas maraming impormal na pag-usap tungkol sa ebanghelyo kasama ang pamilya at mga miyembro ng ward at natuwa na napag-aralan nila ang kaparehas na mga banal na kasulatan bilang pamilya. Totoo ito lalung-lalo na sa mga kabataan.
14. *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya,* t; tingnan din sa II Mga Taga Corinto 5:17.
15. *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*, v.
16. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," 7.



**Ni M. Joseph Brough**
Pangalawang Tagapayo sa Young Men General Presidency

# Itaas Mo ang Iyong Ulo at Magsaya

*Sa pagharap natin sa mahihirap na bagay sa paraan ng Panginoon, nawa'y itaas natin ang ating mga ulo at magsaya.*

Noong 1981, ang aking ama, dalawang malapit na kaibigan, at ako ay pumunta sa Alaska para sa isang pambihirang adventure. Lalapag kami sa isang liblib na taal at aakyat sa isang magandang lalawigan. Upang mabawasan ang bigat ng mga gamit na dadalhin namin, inilagay namin ang aming mga kagamitan sa mga kahon, ibinalot ang mga ito ng foam, nagkabit ng makukulay at mahahabang papel, at ihinagis ang mga ito palabas ng aming eroplano patungo sa aming destinasyon.

Nang lumapag kami, naghanap kami nang naghanap, ngunit laking panlulumo namin dahil wala kaming nakita na kahit isa sa mga kahon. Sa huli ay nahanap namin ang isa. Naglalaman ito ng isang maliit na gasera, isang trapal, iilang kendi, at dalawang pakete ng Hamburger Helper—na walang hamburger. Wala kaming paraan na makipag-usap sa kahit kanino at ang naka-iskedyul na pagsundo sa amin ay sa susunod na linggo pa.

Natutuhan ko ang dalawang mahalagang aral mula sa karanasang ito: Una, huwag itapon ang inyong pagkain sa labas ng bintana. Pangalawa, kung minsan kailangan nating harapin ang mahihirap na bagay.

Kadalasan, ang una nating reaksiyon sa mahihirap na bagay ay "Bakit ako?" Ang pagtatanong ng bakit, gayunman, ay hindi kailanman nag-aalis ng mahirap na bagay. Hinihingi ng Panginoon na mapagtagumpayan natin ang mga pagsubok, at sinabi Niya na "ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa [atin] ng karanasan, at para sa [ating] ikabubuti."[1]

Kung minsan, hinihingi sa atin ng Panginoon na gumawa ng isang mahirap na bagay, at kung minsan ang ating mga pagsubok ay dahil sa paggamit natin o ng ibang tao ng karapatang pumili. Naranasan ni Nephi ang parehong sitwasyon na ito. Nang inanyayahan ni Lehi ang kanyang mga anak na lalaki na bumalik at kunin ang mga lamina mula kay Laban, sinabi niya, "Masdan, ang iyong mga kapatid ay bumubulung-bulong, sinasabing isang mahirap na bagay ang aking hinihingi sa kanila; subalit masdan, hindi ako ang humihingi sa kanila, kundi ito ay isang kautusan ng Panginoon."[2] Sa isa pang pagkakataon, ginamit ng mga kapatid ni Nephi ang kanilang kalayaang pumili upang limitahan ang kalayaan niya: "Pinagbuhatan nila ako ng kanilang mga kamay, sapagkat masdan, sila ay lubhang nagalit, at kanila akong iginapos

ng mga lubid, sapagkat kanilang hinangad na kitlin ang aking buhay."[3]

Hinarap ni Joseph Smith ang isang mahirap na bagay sa Liberty Jail. Nang walang makitang saklolo at sa kawalan ng pag-asa, humiyaw si Joseph, "O Diyos, nasaan kayo?"[4] Walang duda na ang ilan sa atin ay naramdaman ang naramdaman ni Joseph.

Lahat ay humaharap sa mahihirap na bagay: pagkamatay ng isang mahal sa buhay, diborsiyo, anak na naliligaw ng landas, sakit, pagsubok sa pananampalataya, kawalan ng trabaho, o iba pang kahirapan.

Nabago ako nang lubusan nang marinig ko ang mga salitang ito mula kay Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa na sinabi niya noong nagkasakit siya ng leukemia. Sabi niya, "Nag-iisip ako nang malalim noon nang pumasok sa isip ko ang 14 na salitang ito na nangangaral at nagbibigay ng katiyakan: 'Binigyan kita ng leukemia upang maturuan mo ang aking mga tao nang may autentisidad.'" Pagkatapos ay inihayag niya kung paano siya nabiyayaan ng karanasang ito ng "pananaw tungkol sa dakilang mga katotohanan ng kawalang hanggan. . . . Ang gayong mga sulyap sa kawalang hanggan ay matutulungan tayo na lakbayin ang susunod na 100 yarda, na maaaring maging napakahirap."[5]

Upang matulungan tayong maglakbay at mapagtagumpayan ang mahihirap na pagkakataon nang may mga pagsulyap sa kawalang hanggan, magmumungkahi ako ng dalawang bagay. Dapat nating harapin ang mahihirap na bagay, una, sa pamamagitan ng pagpapatawad sa iba at, pangalawa, sa pagbibigay ng ating sarili sa Ama sa Langit.

Ang pagpapatawad sa maaaring naging sanhi ng ating pagsubok at ang pakikipagkasundo "[natin] sa kalooban ng Diyos"[6] ay maaaring maging napakahirap. Maaaring maging napakasakit nito kapag ang paghihirap ay dulot sa atin ng kapamilya, malapit na kaibigan, o kahit ng sarili natin.

Bilang isang batang bishop, natutuhan ko ang pagpapatawad nang ibahagi ng aking stake president, na si Bruce M. Cook, ang sumusunod na kuwento. Ipinaliwanag niya:



"Noong mga huling taon ng dekada sitenta, kami ng ilang mga kakilala ko ay nagsimula ng isang negosyo. Bagamat wala kaming ginawang iligal, ang ilang maling desisyon, na sinamahan pa ng kahirapan sa ekonomiya, ay hindi naging maganda ang resulta sa amin.

"May mga investor na nagdemanda upang mabawi ang kanilang pagkalugi. Ang kanilang abogado ay nagkataon na tagapayo sa bishopric ng aming pamilya. Napakahirap na sang-ayunan ang taong tila nagnanais na sirain ako. Nakadama ako ng matinding poot sa kanya at itinuring ko siya na kaaway ko. Matapos ang limang taon ng mga pagdinig sa korte, nawala ang lahat ng pag-aari namin, kabilang ang aming tahanan.

"Noong 2002, nalaman namin ng aking asawa na ang stake presidency kung saan ako naglilingkod bilang tagapayo ay mababago. Habang nagbabakasyon kami sandali bago ang pag-release, tinanong niya ako kung sino ang pipiliin kong mga tagapayo kung matatawag ako bilang bagong stake president. Hindi ko gustong pag-usapan ito, ngunit nagpumilit siya. Sa huli, may isang pangalan na pumasok sa isip ko. Pagkatapos ay binanggit niya ang pangalan ng abogadong itinuring namin na dahilan ng aming mga paghihirap 20 taon na ang nakalilipas. Habang nagsasalita siya, kinumpirma sa akin ng Espiritu na siya ang dapat na maging isa pang tagapayo. Mapapatawad ko ba ang taong ito?

"Nang tinawag ako ni Elder David E. Sorensen upang maglingkod bilang stake president, binigyan niya ako ng isang oras upang mamili ng mga tagapayo. Lumuluha kong sinabi sa kanya na nagbigay na ang Panginoon ng paghahayag. Nang sabihin ko ang pangalan ng taong itinuring kong kaaway, ang galit, poot, at pagkamuhing kinimkim ko ay nawala. Sa pagkakataon na iyon, nalaman ko ang kapayapaan na nagmumula sa pagpapatawad sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo."

Sa ibang salita, "tahasang pinatawad" ng stake president ko ang taong iyon, tulad ni Nephi noon.[7] Kilala ko si Pangulong Cook at ang kanyang tagapayo bilang dalawang mabubuting lider sa priesthood na mahal ang isa't isa. Nais ko silang tularan.

Ilang taon na ang nakararaan, sa aming mahirap na naranasan sa Alaska, mabilis kong natutuhan na ang pagbuntunan ng sisi ang iba dahil sa ating sitwasyon—sa piloto na naghagis palabas ng aming mga pagkain sa makulimlim na paligid—ay hindi solusyon. Gayunpaman, nang makaranas na kami ng kapaguran ng katawan, kakulangan sa pagkain, sakit, at pagtulog sa lupa sa kasagsagan ng malakas na bagyo na tanging trapal lamang ang panakip, natutuhan ko na "walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan [walang imposible sa Diyos]."[8]

Mga kabataan, hinihingi ng Diyos sa inyo ang mahihirap na bagay. Isang 14

na taong gulang na dalagita ang lumahok sa paligsahan sa basketball. Pinangarap niya na makapaglaro sa high school basketball tulad ng kanyang ate. Pagkatapos ay nalaman niya na natawag ang mga magulang niya na pamunuan ang isang mission sa Guatemala.

Pagdating niya doon, nalaman niya na ilan sa mga klase niya ay itinuturo sa wikang Español, isang wika na hindi niya alam. Wala ni isang koponan ng sports ng kababaihan sa paaralan niya. Nakatira siya sa ika-14 na palapag ng isang gusali na may mahigpit na seguridad. At dagdag pa rito, hindi siya makalabas nang mag-isa para sa kanyang kaligtasan.

Narinig siya ng kanyang mga magulang na umiiyak hanggang sa makatulog bawat gabi sa loob ng maraming buwan. Dinurog nito ang kanilang mga puso! Sa huli ay napagpasiyahan nila na pauwiin siya sa kanyang lola para doon mag-high school.

Nang pumasok ang aking asawa sa kuwarto ng anak namin upang sabihin sa kanya ang aming desisyon, nakita niya ang anak namin na nakaluhod na nagdarasal at nakabukas ang Aklat ni Mormon sa ibabaw ng kanyang kama. Ibinulong ng Espiritu sa aking asawa, "Magiging OK siya," at tahimik na lumabas ng kuwarto ang aking asawa.

Hindi na namin siya muling narinig na umiyak simula noon. Sa kanyang determinasyon at sa tulong ng Panginoon, hinarap niya nang mahusay ang tatlong taon na iyon.

Sa pagtatapos ng aming mission, tinanong ko ang aking anak kung maglilingkod siya bilang isang full-time missionary. Ang sagot niya ay, "Hindi po, Itay, naglingkod na po ako."

Ayos na po sa akin iyon! Ngunit mga anim na buwan mula noon, ginising ako ng Espiritu isang gabi at ipinaisip sa akin ito: "Tinawag ko ang anak mo na maglingkod bilang isang missionary."

Ang reaksiyon ko ay "Ama sa Langit, napakarami na ng ibinigay niya." Agad akong iwinasto ng Espiritu at naintindihan na hinihingi ng Diyos na maglingkod siya bilang missionary.

Kumain kaming mag-ama ng tanghalian sa labas. Mula sa kabilang dulo



ng lamesa, sinabi ko, "Ganzie, alam mo ba kung bakit tayo nandito?"

Sinabi niyang, "Opo, Itay." Alam ninyo na kailangan ko pong magmisyon. Ayoko pong pumunta, pero pupunta ako."

Dahil ang nais ng Ama sa Langit ang sinunod at hindi ang sariling kagustuhan, naglingkod siya sa Kanya nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas. Tinuruan niya ang kanyang ama kung paano gumawa ng mahihirap na bagay.

Sa pandaigdigang debosyonal ni Pangulong Russell M. Nelson para sa mga kabataan, humiling siya ng ilang mahihirap na bagay sa mga kabataan. Sinabi ni Pangulong Nelson: "Ang panlimang paanyaya ko ay na kayo ay mamukod tangi at maging kaiba sa mundo. . . . Kailangan kayo ng Panginoon na magmukha, magsalitang tulad, kumilos na tulad, at manamit na tulad ng isang tunay na disipulo ni Jesucristo."[9] Maaaring maging mahirap na bagay ito, ngunit alam ko na magagawa ninyo ito—nang masaya.

Tandaan na "ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan."[10] Sa kabila ng lahat ng pinagdaanan ni Lehi, nakahanap pa rin siya ng kagalakan. Natatandaan ba ninyo noong si Alma ay "nabibigatan sa kalungkutan"[11] dahil sa mga tao ng Ammonihas? Sinabi sa kanya ng anghel, "Pinagpala ka, Alma; kaya nga, itaas mo ang iyong ulo at magsaya . . . sapagkat ikaw ay naging matapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos."[12] Natutuhan ni Alma ang isang dakilang katotohanan: maaari tayong laging magalak kapag sinusunod natin ang mga kautusan. Tandaan na sa gitna ng mga digmaan at pagsubok noong panahon ni Kapitan Moroni, "hindi pa nagkaroon ng higit na masayang panahon sa mga tao ni Nephi."[13] Kaya natin at dapat nating sikaping magalak kapag humaharap tayo sa mahihirap na bagay.

Ang Tagapagligtas ay humarap sa mahihirap na bagay: "Ang sanlibutan . . . ay hahatulan siyang isang bagay na walang saysay; anupa't kanilang hahagupitin siya, at titiisin niya ito; at kanilang sasampalin siya, at titiisin niya ito. Oo, kanilang luluraan siya, at titiisin niya ito, dahil sa kanyang mapagkandiling pagmamahal at mahabang pagtitiis sa mga anak ng tao."[14]

Dahil sa mapagmahal na kabaitan na iyon, pinagdusahan ni Jesucristo ang Pagbabayad-sala. Bilang resulta nito, sinasabi Niya sa bawat isa sa atin, "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: ngunit laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan."[15] Dahil kay Cristo, mapagtatagumpayan din natin ang sanglibutan.

Sa pagharap natin sa mahihirap na bagay sa paraan ng Panginoon, nawa'y itaas natin ang ating mga ulo at magsaya. Sa sagradong pagkakataon na ito na magpatotoo sa mundo, ipinapahayag ko na buhay ang Tagapagligtas at ginagabayan ang Kanyang Simbahan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 122:7.
2. 1 Nephi 3:5.
3. 1 Nephi 7:16.
4. Doktrina at mga Tipan 121:1.
5. Neal A. Maxwell, "Revelation," *First Worldwide Leadership Training Meeting*, Ene. 11, 2003, 6.
6. 2 Nephi 10:24.
7. 1 Nephi 7:21.
8. Lucas 1:37.
9. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), hopeofisrael.lds.org.
10. 2 Nephi 2:25.
11. Alma 8:14.
12. Alma 8:15.
13. Alma 50:23.
14. 1 Nephi 19:9.
15. Juan 16:33.



**Elder Steven R. Bangerter**
Ng Pitumpu

# Paglalagay ng Saligan ng Isang Dakilang Gawain

*Ang mga aral na naituturo sa pamamagitan ng mga tradisyon na nililikha natin sa ating mga tahanan, bagamat maliit at simple, ay lalong nagiging mahalaga sa mundo ngayon.*

Bilang mga magulang sa Sion, mayroon tayong banal na responsibilidad na pukawin sa ating mga anak ang masidhing pagnanais at katapatan sa kagalakan, liwanag, at mga katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Habang pinapalaki ang ating mga anak, lumilikha tayo ng mga tradisyon sa loob ng ating mga tahanan at gumagawa ng huwaran ng komunikasyon at pag-uugali sa ating mga relasyon bilang pamilya. Sa paggawa nito, ang mga tradisyon na nililikha natin ay dapat humubog ng matatag at hindi nagbabagong katangian ng kabutihan sa ating mga anak na magbibigay sa kanila ng lakas na harapin ang mga pagsubok ng buhay.

Sa loob ng maraming taon, ginagawa ng aming pamilya ang taunang tradisyon ng pag-akyat sa taas ng bundok ng Uintah Mountains sa hilaga-silangang Utah. Naglalakbay kami ng 20 milya (32 km) sa mabato at maputik na kalsada para makarating sa magandang luntiang lambak, na may matataas na canyon wall, kung saan dumadaloy ang isang ilog na puno ng malamig at malinaw na tubig. Bawat taon, sa pag-asa na mapagtibay muli ang halaga ng doktrina at gawain ng ebanghelyo sa puso ng aming mga anak at apo, sinasabi namin ni Susan sa bawat isa sa aming anim na anak na lalaki at sa kanilang pamilya na maghanda ng isang maikling mensahe sa isang paksa na sa tingin nila ay mahalagang elemento sa saligan ng isang tahanang nakasentro kay Cristo. Pagkatapos ay nagtitipon kami para sa isang debosyonal ng pamilya sa isang tahimik na lugar, at bawat isa ay nagbabahagi ng kanilang mensahe.

Ngayong taon, isinulat ng mga apo namin ang paksa ng kanilang mensahe sa mga bato, at, paisa-isa itong ibinaon nang magkakatabi, na sumasagisag ng isang matatag na saligan kung saan maitatatag ang isang masayang buhay. Nakapaloob sa lahat ng anim na mensahe nila ang hindi nagbabago at walang hanggang katotohanan na si Jesucristo ang batong panulok ng saligan na iyon.

Sa mga salita ni Isaias, "Narito, aking inilalagay sa Sion na pinakapatibayan ang isang bato, isang batong subok, isang mahalagang batong panulok na may matibay na patibayan."[1] Si Jesucristo ang mahalagang batong panulok sa saligan ng Sion. Siya ang naghayag kay Propetang Joseph Smith: "Dahil dito, huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila."[2]

Ang mga aral na naituturo sa pamamagitan ng mga tradisyon na nililikha natin sa ating mga tahanan, bagamat maliit at simple, ay lalong nagiging mahalaga sa mundo ngayon. Ano ang maliliit at simpleng mga bagay na, kapag itinatag, ay magsasakatuparan ng dakilang gawain sa buhay ng ating mga anak?

Kamakailan, nagsalita si Pangulong Russell M. Nelson sa isang malaking




*Mga mensahe na naglalarawan sa pundasyon ng masayang buhay, na nakasalig kay Jesucristo bilang batong panulok ng pundasyong iyon.*



kongregasyon malapit sa Toronto, Canada, at masidhing ipinaalala sa mga magulang ang banal na responsibilidad na turuan ang ating mga anak. Kabilang sa mahahalagang responsibilidad na tinukoy, binigyang-diin ni Pangulong Nelson ang tungkulin ng mga magulang na turuan ang ating mga anak na maintindihan kung bakit tayo nakikibahagi sa sakramento, ang halaga ng maisilang sa tipan, at halaga ng paghahanda para sa at pagtanggap ng patriarchal blessing, at hinikayat niya ang mga magulang na pamunuan ang pagbabasa ng mga banal na kasulatang nang magkakasama bilang pamilya.[3] Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na ito, hinihikayat tayo ng minamahal nating propeta na gawing "santuwaryo ng pananampalataya" ang ating mga tahanan.[4]

Sa Aklat ni Mormon, itinala ni Enos ang malaking pasasalamat na naramdaman niya para sa halimbawa ng kanyang ama, na "[nagturo sa kanya] sa kanyang wika, at gayundin sa pagaalaga at pagpapayo ng Panginoon." Dama ang matinding emosyon, ipinahayag ni Enos, "At purihin ang pangalan ng aking Diyos dahil dito."[5]

Pinahahalagahan ko ang maliliit at simpleng tradisyon na ginagawa namin sa aming tahanan sa mahigit 35 na taon ng aming kasal. Marami sa aming mga tradisyon ay hindi magarbo ngunit may kahulugan. Halimbawa:

- Sa mga gabi na wala ako sa aming tahanan, alam ko na sa patnubay ni Susan, ang aming pinakamatandang anak na lalaki na naroroon ay gagawin, nang kusa, na pangunahan ang pagbabasa ng pamilya ng banal na kasulatan at pagdarasal bilang pamilya.[6]
- Isa pang tradisyon—hindi kami umaalis sa aming tahanan o tinatapos ang pag-uusap sa telepono nang hindi nagsasabing, "Mahal kita."
- Ang mga buhay namin ay nabiyayaan ng regular na pag-uukol ng oras na makausap nang personal ang bawat isa sa aming mga anak na lalaki. Sa isang pag-uusap namin, tinanong ko ang aking anak tungkol sa kanyang kagustuhan at paghahanda na maglingkod sa mission. Matapos ang pag-uusap-usap, nagkaroon ng sandaling katahimikan, pagkatapos ay humilig siya paharap at mapag-isip na sinabi, "Itay, natatandaan niyo po ba noong maliit pa ako at nagsimula tayong mag-usap nang sarilinan?" Ang sabi ko'y "Oo." "Kung ganoon," sabi niya, "nangako ako sa inyo na magmimisyon ako, at nangako kayo sa akin ni inay na magmimisyon kayo kapag matanda na kayo." Pagkatapos ay tumigil siyang muli. "Mayroon ba kayong problema na sa tingin ninyo ay pipigil sa inyo na maglingkod—kasi baka makatulong po ako?"

Ang mga kapaki-pakinabang na tradisyon ng pamilya na kinabibilangan ng panalangin, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, family home evening, pagdalo sa mga miting ng Simbahan, bagamat tila maliit at simple ay lumilikha ng kultura ng pagmamahal, pagrespeto, pagkakaisa, at seguridad. Sa diwa na kasama ng mga pagsisikap na ito, napoprotektahan ang ating mga anak sa nag-aapoy na sibat ng kaaway na nakapaloob sa makamundong kultura ng ating panahon.

Napapaalalahanan tayo ng matalinong payo ni Helaman sa kanyang anak: "Tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak."[7]

Maraming taon na ang nakalipas, nang naglilingkod ako bilang isang batang bishop, may isang nakatatandang lalaki na humiling na makipagkita sa akin. Inilarawan niya ang pag-alis niya sa Simbahan at ang mabuting mga tradisyon ng kanyang mga magulang noong kabataan niya. Inilarawan niya nang malinaw ang sakit na naranasan niya sa buhay habang walang saysay na naghahanap ng nagtatagal na kaligayahan, sa gitna ng panandaliang kasiyahan na ibinibigay ng mundo. Ngayon, sa kanyang pagtanda, naranasan niya ang banayad, at paminsan-minsa'y paulit-ulit na bulong ng Espiritu ng Diyos na ibinabalik siya sa mga aral, gawi, pakiramdam, at espirituwal na kaligtasan ng kanyang kabataan. Nagpahayag siya ng pasasalamat sa mga tradisyon ng kanyang mga magulang, at sa mas makabagong pananalita, inulit niya ang sinabi ni Enos: "Purihin ang pangalan ng aking Diyos dahil dito."

Sa aking karanasan, ang pagbalik ng minamahal na kapatid na ito sa ebanghelyo ay makikita sa karamihan at nauulit madalas sa mga anak ng Diyos

na pansamantalang umalis, at muling bumalik sa mga turo at gawi ng kanilang kabataan. Sa mga sandaling ito, nakikita natin ang katalinuhan ng nagsulat ng kawikaan, na humihikayat sa mga magulang, "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagkatumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan."[8]

Bawat magulang ay humaharap sa mga pagkakataon ng kabiguan at magkakaibang antas ng determinasyon at lakas habang nagpapalaki ng mga anak. Gayunman, kapag ang mga magulang ay nagpapakita ng pananampalataya sa pamamagitan ng patuloy na pagtuturo sa mga bata, nang tapat, may pagmamahal, at ginagawa ang lahat ng makakaya nila para tulungan sila, nakatatanggap sila ng mas malaking pag-asa na ang mga binhing itinanim ay mag-uugat sa mga puso at isip ng kanilang mga anak.

Naintindihang mabuti ni Moises ang pangunahing pangangailangan ng patuloy na pagtuturo. Ipinayo niya, "At iyong ituturo [ang mga salitang ito] ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay bumabangon."[9]

Lumuluhod tayo katabi ng ating mga anak habang nagdarasal bilang pamilya, inaalagaan natin sila sa pamamagitan ng mga pagsisikap natin na magdaos ng makabuluhang pagbabasa ng mga banal na kasulatan bilang pamilya, matiyaga, mapagmahal natin silang inaalagaan habang magkakasama tayong nakikilahok sa family home evening, at nagdadalamhati tayo para sa kanila habang nakaluhod sa ating personal na mga panalangin sa langit. O, tunay na hinahangad natin na mag-ugat ang mga binhi na itinatanim natin sa kanilang mga puso at isipan.


Naniniwala ako na hindi ito tanong kung "nakukuha" ba ng ating mga anak ang ating mga itinuturo, tulad ng pagsisikap na makapagbasa ng mga banal na kasulatan o mag-family home evening o dumalo sa Mutual at iba pang mga miting ng Simbahan. Hindi ito tanong kung sa mga sandaling iyon ay naiintindihan ba nila ang kahalagahan ng mga gawain na iyon ngunit ang itinatanong rito ay tayo ba, bilang mga magulang, ay nagpapakita ng sapat na pananampalataya na masunod ang utos ng Panginoon na masigasig na mamuhay, magturo, maghikayat, at magtakda ng mga inaasahan na inspirasyong nagmumula sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ito ay isang pagsisikap na bunsod ng ating pananampalataya—ng ating paniniwala na isang araw, ang mga binhi na itinanim sa kanilang kabataan ay mag-uugat at magsisimulang tumubo at lumago.

Ang mga bagay na pinag-uusapan natin, ang mga bagay na ipinangangaral at itinuturo natin ang magpapasiya sa mga bagay na mangyayari sa atin. Habang lumilikha tayo ng kapaki-pakinabang na mga tradisyon na nagtuturo ng doktrina ni Cristo, pinapatotohanan ng Espiritu Santo ang katotohanan ng ating mensahe at pinalalaki ang mga binhi ng ebanghelyo na malalim na nakatanim sa puso ng ating mga anak sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**MGA TALA**

1. Isaias 28:16.
2. Doktrina at mga Tipan 64:33.
3. Tingnan sa Facebook page ni Neil L. Andersen's, post noong Ago. 19, 2018, facebook.com/lds.neil.l.andersen.
4. Sa Sarah Jane Weaver, "President Nelson Urges 'Teach the Children,' " *Church News*, Set. 23, 2018, 11.
5. Enos 1:1.
6. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan," *Liahona,* Nob. 2005, 24–27.
7. Helaman 5:12.
8. Mga Kawikaan 22:6.
9. Deuteronomio 6:7.



**Ni Elder Ronald A. Rasband**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Huwag Kayong Mabagabag

*Lakasan ninyo ang inyong loob, mga kapatid. Oo, nabubuhay tayo sa mapanganib na panahon, ngunit habang nananatili tayo sa landas ng tipan, hindi natin kailangang matakot.*

Idinaragdag ko ang aking saksi sa mga mensahe nina Pangulong Russell M. Nelson at Elder Quentin L Cook na ibinahagi kanina tungkol sa pagkakasundo at pagkakaisa ng Konseho ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Alam ko na ang mga inanunsiyong paghahayag na ito ay ang isip at nais ng Panginoon at pagpapalain at palalakasin ang mga indibiduwal, pamilya, at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw hanggang sa susunod na mga henerasyon.

Ilang taon na ang nakalipas, isa sa mga anak naming babae at ang kanyang asawa ay nagtanong sa amin ni Sister Rasband ng isang tanong na napakahalaga at nakaiimpluwensiya sa buhay: "Ligtas at makabubuti pa ba na magkaroon ng mga anak sa tila masama at nakakatakot na mundong ginagalawan natin?"

Ngayon, ito ay isang mahalagang katanungan na dapat pag-aralan ng isang ina at ama na kasama ang kanilang mga minamahal na anak na may mga asawa na. Narinig namin ang takot sa kanilang mga tinig at naramdaman ang takot sa kanilang mga puso. Ang sagot namin sa kanila ay isang maigting na "Oo, mas okey pa sa okey," habang nagbabahagi kami ng mga pangunahing turo ng ebanghelyo at ng aming mga taos-pusong impresyon at karanasan sa buhay.

Ang takot ay hindi na bago. Ang mga disipulo ni Jesucristo, sa Dagat ng Galilee, ay natakot sa "bagyo, at . . . mga alon" sa madilim na gabi.[1] Bilang mga disipulo Niya ngayon, mayroon din tayong mga kinatatakutan. Ang mga single adult ay natatakot gumawa ng malaking mga pangako tulad ng pagpapakasal. Ang mga bata pang mag-asawa, tulad ng mga anak namin, ay maaaring mangamba sa pagkakaroon ng anak sa patuloy na sumasamang mundo. Ang mga missionary ay natatakot sa maraming bagay, lalo na sa paglapit sa mga taong hindi nila kakilala. Natatakot ang mga balo na magpatuloy nang mag-isa. Ang mga tinedyer ay natatakot na hindi mapabilang; ang mga nasa elementarya ay natatakot sa unang araw ng pasukan; ang mga nasa kolehiyo ay nangangamba na makuha ang resulta ng kanilang mga pagsusulit. Natatakot tayo na pumalya, matanggihan, mabigo, at sa mga hindi natin alam. Natatakot tayo sa mga bagyo, lindol, at sunog na sumisira sa ating mga lupain at mga buhay. Natatakot tayong hindi mapili, at sa kabilang banda, natatakot tayong mapili. Natatakot tayo na hindi tayo sapat; natatakot tayo na walang biyaya ang Panginoon para sa atin. Natatakot tayo sa pagbabago, at ang mga takot natin ay maaaring maging malaki. Naisama ko na ba ang halos lahat ng kinatatakutan ng tao?

Simula noong unang panahon, nilimitahan na ng takot ang pananaw ng mga anak ng Diyos. Gustung-gusto ko talaga ang kuwento ni Eliseo sa II Mga Hari. Ang hari ng Siria ay nagpadala ng hukbo na "naparoon sa gabi, at kinubkob ang bayan sa palibot."[2] Ang kanilang plano ay hulihin at patayin ang propetang si Eliseo. Mababasa natin:

"At nang ang lingkod ng lalake ng Dios ay magbangong maaga, at maglabas, narito, isang hukbo na may mga kabayo at mga karo ay nakalibot sa bayan. At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Sa aba natin, panginoon ko! Paano ang ating gagawin?"[3]

Iyon ay ang takot na nagsasalita.

"At [sumagot si Eliseo], Huwag kang matakot: sapagkat ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila."[4]

Ngunit hindi siya tumigil dito.

"Si Eliseo ay nanalangin, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo Panginoon, na idilat ang kaniyang mga mata, upang



siya'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita: at narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy sa palibot ni Eliseo."[5]

Maaaring mayroon o wala tayong karo ng mga apoy na ipinadala sa atin upang tanggalin ang ating takot at magapi ang mga kahinaan natin, ngunit malinaw ang aral. Ang Panginoon ay nasasaatin, nag-aalala Siya sa atin at binibiyayaan tayo sa mga paraang tanging Siya lamang ang nakagagawa. Ang panalangin ay maaaring magbigay ng lakas at paghahayag na kailangan natin upang maisentro ang ating mga pag-iisip kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Alam ng Panginoon na kung minsan ay makararamdam tayo ng takot. Naramdaman ko na iyon at gayundin kayo, kung kaya't punung-puno ang mga banal na kasulatan ng payo ng Panginoon:

"Magalak, at huwag matakot."[6]

"Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot."[7]

"Huwag matakot, munting kawan."[8] Gusto ko ang lambing ng mga katagang "munting kawan." Sa Simbahan na ito maaaring kaunti ang bilang natin batay sa kung paano sukatin ng mundo ang impluwensiya, ngunit kapag binuksan natin ang ating espirituwal na mga mata, "ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila."[9] Ipinagpatuloy ng ating mapagmahal na Pastol, na si Jesucristo, "Hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking bato, hindi sila mananaig."[10]

Paano iwinawaksi ang takot? Para sa batang lalaki, nakatayo siya sa tabi ni Eliseo, isang propeta ng Diyos. Gayun din ang pangako sa atin. Kapag nakikinig tayo kay Pangulong Russell M. Nelson, kapag pinakikinggan natin ang kanyang payo, tumatayo tayong kasama ang propeta ng Diyos. Tandaan ang mga salita ni Joseph Smith: "At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!"[11] Si Jesucristo ay buhay. Ang pagmamahal natin para



sa Kanya at Kanyang ebanghelyo ay nagwawaksi ng takot.

Ang ating pagnanais na "sa tuwina ay mapasa[atin] ang kanyang Espiritu"[12] ay maghahawi ng takot upang mas makita natin ang walang hanggang pananaw ng ating buhay sa mundo. Nagbabala si Pangulong Nelson, "Sa darating na mga araw, hindi magiging posible na espirituwal na makaligtas kung walang patnubay, tagubilin, at [nakapagpapanatag, at palagiang] impluwensya ng Espiritu Santo."[13]

Sinabi ng Panginoon, tungkol sa mga salot na babalot sa lupa at magpapatigas sa puso ng marami: "Ang aking mga disipulo ay tatayo sa mga banal na lugar, at hindi matitinag."[14]

At ang banal na payo na ito: "Huwag kayong mabagabag, sapagkat, sa panahong ang mga bagay na ito ay mangyari, malalaman ninyo na ang mga pangakong ginawa sa inyo ay matutupad."[15]

Tumayo sa mga banal na lugar—huwag mabagabag—at matutupad ang mga pangako. Tingnan natin ang bawat isa nito at iugnay sa ating mga takot.

Una, tumayo sa mga banal na lugar. Kapag nakatayo tayo sa mga banal na lugar—ang ating mabubuting tahanan, ang inilaan na mga simbahan natin, ang inilaan na mga templo—nararamdaman natin na kasama natin ang Espiritu ng Panginoon. Nakahahanap tayo ng mga sagot sa mga tanong na bumabagabag sa atin o ng kapayapaan na isantabi muna ang mga ito. Iyan ang Espiritu na kumikilos. Ang mga sagradong lugar sa kaharian ng Diyos sa lupa ay humihingi ng ating pagpipitagan, ang ating respeto para sa iba, ang ating pinakamabuting pagsasabuhay ng ebanghelyo, at ang ating paghahangad na isantabi ang ating mga takot at hangarin ang nagpapagaling na kapangyarihan ni Jesucristo sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Walang puwang para sa takot sa mga banal na lugar na ito ng Diyos o sa puso ng Kanyang mga anak. Bakit? Dahil sa pagmamahal. Mahal tayo ng Diyos—sa tuwina—at mahal natin Siya. Ang pagmamahal natin sa Diyos ay nilalabanan ang lahat ng ating takot, at ang pagmamahal Niya ay sagana sa mga banal na lugar. Pag-isipan ito. Kapag hindi tayo lubos na tapat sa mga pangako natin sa Diyos, kapag lumalayo tayo sa Kanyang landas na patungo sa buhay na walang hanggan, kapag kinukuwestiyon o pinagdududahan natin ang ating halaga sa Kanyang banal na plano, kapag hinahayaan natin ang takot na buksan ang pinto sa lahat ng mga kasama nito—nanghihinang kalooban, galit, siphayo, kabiguan—iniiwan tayo ng Espiritu, at hindi natin kasama ang Panginoon. Kung alam ninyo iyon, alam



ninyo na hindi magandang lugar iyon. Sa kabaligtaran, kapag nakatayo tayo sa mga banal na lugar, nararamdaman natin ang pagmamahal ng Diyos, at "ang ganap na pag-ibig ay nagwawaksi ng lahat ng takot."[16]

Ang susunod na pangako ay "Huwag mangamba."[17] Kahit gaano pa katindi ang kasamaan at kaguluhan na pumupuno sa mundo, pinangakuan tayo sa pamamagitan ng araw-araw na pananampalataya kay Jesucristo ng "kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pag-iisip."[18] At kapag dumating si Cristo nang may wagas na kapangyarihan at kaluwalhatian, ang kasamaan, paghihimagsik, at kawalan ng katarungan ay magwawakas.

Matagal na panahon na ang nakalilipas, Si Apostol Pablo ay nagpropesiya para sa panahon natin, sinasabi sa batang Timoteo:

"Alamin mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib.

"Sapagka't ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungayaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan, . . .

". . . mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios."[19]

Tandaan, sila na "sumasaatin" sa magkabilang panig ng tabing, yaong mga nagmamahal sa Panginoon ng kanilang buong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas, "ay higit kay sa sumasa kanila."[20] Kung masigasig tayong nagtitiwala sa Panginoon at sa Kanyang mga paraan, kung ginagawa natin ang Kanyang gawain, hindi tayo matatakot sa kalakaran ng mundo o mababagabag ng mga ito. Nakikiusap ako sa inyo na isantabi ang mga makamundong impluwensiya at pamimilit ng iba at hangarin ang espirituwalidad sa inyong buhay sa araw-araw. Mahalin ang minamahal ng Panginoon—na kinabibilangan ng Kanyang mga kautusan, Kanyang mga banal na tahanan, ang ating mga banal na tipan sa Kanya, ang sakramento tuwing araw ng Sabbath, ang ating komunikasyon sa pamamagitan ng pagdarasal—at hindi kayo mangangamba.

Ang huling punto: magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang mga pangako. Alam ko na lahat ng Kanyang mga pangako ay matutupad. Alam ko ito na kasing tatag ng pagtayo ko sa harapan ninyo sa sagradong pulong na ito.

Inihayag ng Panginoon: "Sapagkat sila na matatalino at nakatamo ng katotohanan, at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang patnubay, at hindi mga nalinlang—katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi puputulin at itatapon sa apoy, kundi mananatili sa araw na yaon."[21]

Kaya nga hindi tayo dapat mangamba sa kaguluhan sa panahon natin, sa mga nasa malaki at maluwang na gusali, sa mga nanunuya sa matatapat na nagsisikap at masigasig na nakatuon na paglilingkod sa Panginoong Jesucristo. Ang optimismo, tapang, pati pag-ibig sa kapwa ay mula sa puso na hindi nabibigatan sa mga problema o kaguluhan. Si Pangulong Nelson, na "maganda ang pananaw sa hinaharap," ay nagpaalaala sa atin, "Kung gusto nating magkaroon ng pagkakataong masuri ang iba't ibang opinyon at mga pilosopiya ng tao na sumisira ng katotohanan, kailangan tayong matutong tumanggap ng paghahayag."[22]

Upang makatanggap ng pansariling paghahayag, kailangan nating unahin ang pagsasabuhay ng ebanghelyo at paghihikayat ng pananampalataya at espirituwalidad sa ibang tao at sa ating sarili.

Si Spencer W. Kimball ay isa sa mga propeta noong kabataan ko. Sa mga nakaraang ilang taon, matapos matawag bilang Apostol, nakahanap ako ng kapayapaan sa kanyang unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1943. Kinabahan siya sa pagtawag sa kanya; alam ko ang pakiramdam na iyon. Sinabi ni Elder Kimball: "Labis akong nag-isip at nagdasal, at nag-ayuno at nagdasal. Maraming magkasalungat na mga kaisipan ang pumasok sa isip ko—mga tinig na nagsasabing: 'Hindi mo magagawa ang gawain. Hindi ka karapat-dapat. Wala kang kakayahan'—at laging sa huli ay dumarating ang nagbubunying kaisipan: 'Kailangan mong gawin ang nakatakdang gawain—kailangan mong kayanin, gawing karapat-dapat at naaangkop ang sarili mo.' At nagpatuloy ang mas tuminding labanan."[23]

Lumakas ang loob ko mula sa taos-pusong patotoo ng Apostol na ito na magiging ika-12 Pangulo ng dakilang Simbahan na ito. Nalaman niya na kailangan niyang isantabi ang kanyang mga pangamba at "gawin ang itinakdang gawain" at kailangan niyang magtiwala sa Panginoon upang gawin ang sarili niya na "may kakayahan, karapat-dapat, at naaangkop." Kaya rin natin ito. Magpapatuloy ang mas tumitinding labanan, ngunit haharapin natin ang mga ito nang may Espiritu ng Panginoon. Tayo ay "hindi mangangamba" dahil kapag nakatayo tayong kasama ang Panginoon at naninindigan para sa Kanyang mga alituntunin at Kanyang walang hanggang plano, tumatayo tayo sa banal na lugar.

Ngayon, anong nangyari sa anak na babae at manugang na nagtanong nang taos-puso, mapanuri, at nakabatay sa takot na tanong ilang taon na ang nakalilipas? Seryoso nilang pinag-isipan ang pinag-usapan namin nang gabing iyon; nagdasal at nag-ayuno sila at nakapagpasiya sa kanilang sarili. Masaya at maligaya para sa kanila at sa amin na, mga lolo at lola, nabiyayaan na sila ngayon ng pitong magagandang anak habang sumusulong sila sa pananampalataya at pagmamahal.

Lakasan ninyo ang inyong loob, mga kapatid. Oo, nabubuhay tayo sa mapanganib na panahon, ngunit habang nananatili tayo sa landas ng tipan, hindi natin kailangang matakot. Binabasbasan ko kayo na sa paggawa nito, hindi kayo mababagabag ng panahon kung kailan tayo nabubuhay o ng mga problema na darating sa inyo. Binabasbasan ko kayo na piliing tumayo sa mga banal na lugar at huwag matinag. Binabasbasan ko kayo na maniwala sa mga pangako ni Jesucristo, na Siya ay buhay at Siya ay nagbabantay sa atin, nagmamalasakit at nakatayong kasama natin. Sa pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Marcos 4:37.
2. II Mga Hari 6:14.
3. II Mga Hari 6:15.
4. II Mga Hari 6:16.
5. II Mga Hari 6:17.
6. Doktrina at mga Tipan 68:6.
7. Doktrina at mga Tipan 6:36.
8. Doktrina at mga Tipan 6:34.
9. II Mga Hari 6:16.
10. Doktrina at mga Tipan 6:34.
11. Doktrina at mga Tipan 76:22.
12. Doktrina at mga Tipan 20:77.
13. Russell M. Nelson,“Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” *Liahona,* Mayo 2018, 96.
14. Doktrina at mga Tipan 45:32.
15. Doktrina at mga Tipan 45:35.
16. Moroni 8:16.
17. Doktrina at mga Tipan 45:35.
18. Mga Taga Filipos 4:7.
19. II Kay Timoteo 3:1–2, 4.
20. II Mga Hari 6:16.
21. Doktrina at mga Tipan 45:57.
22. Russell M. Nelson, “Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” 96.
23. Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Abr. 1943, 16–17.



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol


# Tipunin ang Lahat ng mga Bagay kay Cristo

*Ang kapangyarihan ng ebanghelyo ng Tagapagligtas na baguhin at pagpalain tayo ay nagmumula sa pag-alam at pagsasabuhay ng pagkakaugnay-ugnay ng mga doktrina, alituntunin, at gawain nito.*

Ang lubid ay isang mahalagang gamit na alam nating lahat. Ang mga lubid ay gawa sa mga hibla ng tela, halaman, alambre, o iba pang mga materyal na isa-isang iniikot o itinitirintas nang magkakasama. Kawiliwili na ang mga bagay na tila mahihina ay maaaring ibungkos o ihabi nang magkakasama at maging napakalakas. Sa gayon, ang epektibong pagdugtong at pagdikit ng karaniwang mga materyal ay maaaring makabuo ng isang hindi pangkaraniwang kasangkapan.

Tulad ng lubid na nakakakuha ng lakas nito mula sa maraming pinagsamasamang hibla nito, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagbibigay din ng pinakadakilang pananaw ng katotohanan at nagbibigay ng pinakasaganang mga biyaya habang sinusunod natin ang payo ni Pablo na “tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa.”[1] Mahalaga na ang kinakailangang pagtitipon ng katotohanan ay nakasentro at nakatuon sa Panginoong Jesucristo dahil Siya “ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay.”[2]

Dalangin ko na maliwanagan ng Espiritu Santo ang bawat isa sa atin habang isinasaalang-alang natin kung paano maisasagawa sa praktikal na paraan ang *pagtitipon ng lahat ng bagay sa isa Kay Cristo* sa pag-aaral at pamumuhay ng Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo.





### Isang Panahon ng Paghahayag

Tayo ay nabubuhay sa isang kamangha-mangha at puno ng paghahayag na panahon ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo. Ang mga makasaysayang anunsiyo ngayong araw ay may isa lamang na komprehensibong layunin: patatagin ang pananampalataya sa Ama sa Langit at sa Kanyang Plano at sa Kanyang Anak na si Jesucristo at Kanyang Pagbabayad-sala. Ang iskedyul tuwing Linggo ay hindi lamang pinaikli. Kundi, ngayon ay may karagdagang pagkakataon at responsibilidad na tayo bilang mga indibiduwal at pamilya na gamitin ang ating oras upang gawing mas kalugud-lugod ang Sabbath sa ating mga tahanan at Simbahan.

Noong nakaraang Abril, hindi lamang binago ang kaayusang pang-organisasyon ng mga korum ng priesthood. Kundi, ang pagtutuon at lakas ay ibinigay sa isang mas dakila at mas banal na paraan ng paglilingkod sa ating mga kapatid.

Tulad ng itinirintas na hibla ng isang lubid na nakagagawa ng isang malakas at matibay na gamit, lahat ng magkakaugnay na aksyong ito ay bahagi ng pinag-isang pagsisikap upang mas mahusay na iakma ang pagtutuon, mga mapagkukunan, at gawain ng ipinanumbalik na Simbahan ng Tagapagligtas sa mahalagang misyon nito: tulungan ang Diyos sa Kanyang gawain na isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao. Mangyaring huwag magtuon sa lohistikal na aspeto ng naunang inanunsiyo. Hindi natin dapat hayaan na palabuin ng mga detalye ng pamamaraan ang pangunahing espirituwal na dahilan kung bakit ginagawa ang mga pagbabagong ito.

Ang nais natin ay ang maragdagan sa mundo ang pananampalataya sa plano ng Ama at sa nagtutubos na misyon ng Tagapagligtas at mapagtibay ang walang hanggang tipan ng Diyos.[3] Ang ating mga natatanging layunin ay ang pangasiwaan ang patuloy na pagbabalik-loob sa Panginoon at mas magmahal nang lubos at maglingkod nang mas epektibo sa ating mga kapatid.

### Pagpapangkat at Paghihiwalay

Minsan bilang mga miyembro ng Simbahan, ipinapangkat, inihihiwalay, at isinasabuhay natin ang ebanghelyo sa pamamagitan ng paggawa ng mahahabang checklist ng mga indibiduwal na paksa na pag-aaralan at isasakatuparang gawain. Ngunit ang pamamaraang ito ay maaaring maglimita sa ating pag-intindi at pananaw. Dapat tayong maging maingat dahil ang mala-Fariseo na pagtuon sa mga checklist ay maaaring maglayo sa atin sa Panginoon.

Ang layunin at pagdalisay, kaligayahan at kagalakan, at patuloy na pagbabalik-loob at proteksyon na nanggagaling sa "paghahandog ng [ating] mga puso sa Diyos"[4] at "[pagtanggap ng] kanyang larawan sa [ating] mga mukha"[5] ay hindi makukuha sa pamamagitan lamang ng paggawa at pagtsek ng mga espirituwal na bagay na dapat nating gawin. Kundi, ang kapangyarihan ng ebanghelyo ng Tagapagligtas na baguhin at pagpalain tayo ay nagmumula sa pag-alam at pagsasabuhay ng pagkakaugnay-ugnay ng mga doktrina, alituntunin, at gawain nito. Ang *ating pagtitipon ng lahat ng mga bagay kay Cristo,* nang may matibay na pagtutuon sa Kanya, ang tanging paraan upang ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay sama-samang magbigay-kakayahan sa atin na maging katulad tayo ng nais ng Diyos na maging pagkatao natin[6] at magiting tayo na makapagtiis at magpatuloy hanggang sa wakas.[7]

### Pagkatuto at Pag-uugnay ng mga Katotohanan ng Ebanghelyo

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay isang kahanga-hangang tapiserya ng mga katotohanang "nakalapat na mabuti"[8] at inihabi nang magkakasama. Habang natututuhan at iniuugnay natin ang ipinahayag na mga katotohanan ng ebanghelyo, nabibiyayaan tayo na makatanggap ng mahalagang pananaw at dagdag na espirituwal na kakayahan sa pamamagitan ng mga mata na nakakakita ng impluwensiya ng Diyos sa ating buhay at mga tainga na nakaririnig ng Kanyang tinig.[9] At ang alituntunin ng *magkakasamang magtipon—maging sa Kanya* ay makatutulong sa atin na baguhin ang tradisyunal na mga checklist para maging isa, magkakasama, at kumpletong kabuuan. Hayaan ninyong magbigay ako ng isang doktrinal na halimbawa at isang halimbawa sa Simbahan ng iminumungkahi ko.

**Halimbawa 1.** Ang pang-apat na saligan ng pananampalataya ay isa sa mga pinakamagandang paglalarawan ng pagtitipon ng lahat ng bagay kay Cristo: "Naniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya

sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo."[10]

Ang tunay na pananampalataya ay nakatuon sa Panginoong Jesucristo—sa Kanya bilang banal at Bugtong na Anak ng Ama at sa Kanya at sa nagtutubos na misyon na ginawa Niya. "Sapagkat kanyang tinugon ang mga layunin ng batas, at kanyang inaangkin ang lahat ng yaong may pananampalataya sa kanya; at sila na may pananampalataya sa kanya ay kakapit sa bawat mabuting bagay; anupa't ipinagtatanggol niya ang kapakanan ng mga anak ng tao."[11] Ang pananampalataya kay Cristo ay *pagtitiwala* at pananalig sa Kanya bilang ating Tagapagligtas, sa Kanyang pangalan, at sa Kanyang mga pangako.

Ang una at natural na resulta ng pagtitiwala sa Tagapagligtas ay pagsisisi at paglayo sa kasamaan. Habang tayo ay nananampalataya sa Panginoon, natural tayong bumabaling, lumalapit, at umaasa sa Kanya. Kaya, ang pagsisisi ay *pagtitiwala* at *pag-asa* sa Manunubos na gawin para sa atin ang bagay na hindi natin kayang gawin nang mag-isa. Ang bawat isa sa atin ay dapat na "[*umasa*] nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas"[12] dahil tanging sa "pamamagitan ng kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas"[13] tayo maaaring maging mga bagong nilalang kay Cristo[14] at sa huli ay makababalik at makapaninirahan sa piling ng Diyos.

Ang ordenansa ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan ay humihingi sa atin na *magtiwala* sa Kanya, *umasa* sa Kanya, at *sundin* Siya. Ipinahayag ni Nephi, "Alam ko na kung inyong *susundin ang Anak*, nang may buong layunin ng puso, nang walang pagkukunwari at walang panlilinlang sa harapan ng Diyos, kundi may tunay na hangarin, nagsisisi sa inyong mga kasalanan, nagpapatotoo sa Ama na nahahanda kayong taglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Cristo, sa pamamagitan ng binyag—oo, sa pamamagitan ng *pagsunod sa inyong Panginoon at inyong Tagapagligtas doon* sa tubig, alinsunod sa kanyang salita, masdan, pagkatapos ay inyong tatanggapin ang Espiritu Santo; oo, at pagkatapos darating ang binyag ng apoy at ng Espiritu Santo."[15]

Ang ordenansa ng pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo ay humihingi sa atin na *magtiwala* sa Kanya, *umasa* sa Kanya, sundin Siya, at *magpatuloy* sa Kanya at nang may tulong ng Kanyang Espiritu Santo. Tulad ng sinabi ni Nephi, "At ngayon . . . nalalaman ko sa pamamagitan nito na maliban sa ang tao ay magtiis hanggang wakas, sa pagsunod sa halimbawa ng Anak ng Diyos na buhay, siya ay hindi maaaring maligtas."[16]

Ang pang-apat na saligan ng pananampalataya ay hindi lamang tumutukoy sa pangunahing mga alituntunin at ordenansa ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Kundi, ang inspiradong pahayag ng mga paniniwala na ito ay pinagtitipon ang lahat ng bagay kay Cristo: *pagtitiwala* sa Kanya, *pag-asa* sa Kanya, *pagsunod* sa Kanya, at *pagpapatuloy* kasama Siya—maging sa Kanya.



**Halimbawa 2.** Ngayon ay gusto kong ilarawan kung paano tinitipon kay Cristo ang lahat ng mga programa at inisiyatibo ng Simbahan. Maraming dagdag na paglalarawan ang maaaring ipakita; gagamit lamang ako ng ilang piling halimbawa.

Noong 1978, itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball sa mga miyembro ng Simbahan na palakasin ang Zion sa buong mundo. Pinayuhan niya ang mga Banal na manatili sa kanilang mga lupang tinubuan at magtatag ng malalakas na stake sa pamamagitan ng pagtitipon ng pamilya ng Diyos at pagtuturo sa kanila ng mga gawi ng Panginoon. Idinagdag pa niya na marami pang mga templo ang itatayo at nangako ng mga biyaya para sa mga banal saanman sila nakatira sa mundo.[17]

Sa pagdami ng bilang ng mga stake, nadagdagan ang pangangailangan na ang mga tahanan ng mga miyembro ay "maging [mga lugar] kung saan [nanaisin] ng mga miyembro ng pamilya na maparoon, kung saan mapagyayaman nila ang kanilang mga buhay at makahahanap ng pagmamahal, tulong, pagpapahalaga, at panghihikayat.[18] Kasunod nito, noong 1980, ang mga miting tuwing Linggo ay pinagsama sa isang tatlong oras na miting upang "muling bigyang tuon ang personal na responsibilidad at responsibilidad ng pamilya sa pagkatuto, pagsasabuhay, at pagtuturo ng ebanghelyo."[19] Ang pagtuon na ito sa pamilya at tahanan ay muling pinagtibay sa "Ang Pamilya: Isang Pagpapahayag sa Mundo" na ipinabatid ni Pangulong Gordon B. Hinckley noong 1995.[20]

Noong Abril ng 1998, inanunsiyo ni Pangulong Hinckley ang pagtatayo ng marami pang maliliit na templo, na mas naglapit sa mga indibiduwal at pamilyang Banal sa mga Huling Araw sa mga banal na ordenansa ng Tahanan ng Panginoon.[21] At ang pinagandang mga pagkakataon para sa espirituwal na paglago at pag-unlad ay pinag-ibayo ng karagdagan na sariling kakayahan sa temporal na bagay sa pamamagitan ng pagpapasimula ng Perpetual Education Fund noong 2001.[22]

Sa kanyang pamumuno, si Pangulong Thomas S. Monson ay paulit-ulit



na humikayat sa mga Banal na "magsagip" at binigyang-diin ang pagkalinga sa mga mahihirap at nangangailangan bilang isa sa mga banal na responsibilidad na iniatas sa Simbahan. Bilang pagpapatuloy sa pagbibigay-diin sa temporal na paghahanda, ang inisiyatibong Self-Reliance Services ay sinimulan noong 2012.

Sa mga nakalipas na taon, binigyang-diin at pinagtibay ang mahahalagang alituntunin na gawing nakalulugod ang araw ng Sabbath sa tahanan at Simbahan, na naghanda sa atin sa binagong iskedyul ng mga miting sa Linggo na inanunsiyo sa sesyon na ito ng pangkalahatang kumperensya.[23]

At sa nakalipas na anim na buwan, ang mga korum ng Melchizedek Priesthood ay pinalakas at iniakma nang mas epektibo sa mga auxiliary upang maisagawa ang mas dakila at mas banal na paraan sa ministering.

Naniniwala ako na ang pagkakasunud-sunod ng mga bagay na ito sa loob ng maraming dekada ay makatutulong sa atin na makita ang isang nagkakaisa at komprehensibong gawain at hindi lamang isang serye ng nagsasarili at hiwa-hiwalay na mga inisiyatibo. "Naghayag ang Diyos ng isang huwaran ng espirituwal na progreso para sa mga indibiduwal at pamilya sa pamamagitan ng mga ordenansa, pagtuturo, programa, at aktibidad na **nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan**. Ang mga organisasyon at programa ng Simbahan ay umiiral upang pagpalain ang mga indibiduwal at pamilya at hindi umiiral para lamang sa kapakanan ng mga ito."[24]

Dalangin ko na makita natin ang gawain ng Panginoon bilang isang dakilang gawain sa buong mundo na nagiging mas nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan. Alam ko at pinatototohanan ko na ang Panginoon ay naghahayag at "maghahayag pa . . . ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos."[25]

#### Pangako at Patotoo


Sinimulan ko ang aking mensahe sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa lakas na nalilikha kapag ang isa-isang hibla ng isang bagay ay iniikot o itinirintas upang maging lubid. Sa katulad na paraan, ipinapangako ko na ang dagdag na pananaw, layunin, at kapangyarihan ay makikita sa ating pagkatuto at pagsasabuhay ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo habang sinisikap natin na tipunin ang lahat ng bagay kay Cristo—maging sa Kanya.

Lahat ng oportunidad at biyaya na pangwalang hanggan ay nagsisimula sa, posible at may layunin dahil sa, at nagtatagal sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo. Tulad ng patotoo ni Alma: "Walang ibang daan o pamamaraan upang maligtas ang tao, tanging kay at sa pamamagitan ni Cristo. Masdan, siya ang buhay at ang ilaw ng sanlibutan."[26]

Masaya kong ipinapahayag ang aking patotoo sa kabanalan at buhay na katotohanan ng Amang Walang Hanggan at ng Kanyang Bugtong na Anak, si Jesucristo. Sa ating Tagapagligtas, makahahanap tayo ng kaligayahan. At sa Kanya, mahahanap natin ang pangakong "kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating."[27] Pinatototohanan ko ito sa banal na pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mga Taga Efeso 1:10.
2. Juan 14:6.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:21–22.
4. Helaman 3:35.
5. Alma 5:14.
6. Tingnan sa Mateo 5:48; 3 Nephi 12:48.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:29.
8. Mga Taga Efeso 2:21.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 136:32.
10. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4.
11. Moroni 7:28.
12. 2 Nephi 31:19.
13. 2 Nephi 2:8.
14. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:17.
15. 2 Nephi 31:13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
16. 2 Nephi 31:16.
17. Tingnan sa Spencer W. Kimball, "The Fruit of Our Welfare Services Labors," *Ensign,* Nob. 1978, 76.
18. Mga instruksyon para sa mga stake presidency at mga bishopric, sa "Church Consolidates Meeting Schedules," *Ensign,* Mar. 1980, 73.
19. "Church Consolidates Meeting Schedules," 73.
20. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
21. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "New Temples to Provide 'Crowning Blessings' of the Gospel," *Ensign,* Mayo 1998, 87.
22. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "Ang Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon," *Liahona,* Hulyo 2001.
23. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ang Sabbath ay Kaluguran," *Liahona,* Mayo 2015, 129–32.
24. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.4; idinagdag ang pagbibigay-diin.
25. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9.
26. Alma 38:9.
27. Doktrina at mga Tipan 59:23.



**Ni Pangulong Dallin H. Oaks**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Katotohanan at ang Plano

*Kapag naghahanap tayo ng katotohanan tungkol sa relihiyon, marapat na gumamit tayo ng mga espirituwal na paraan na akma sa paghahanap na iyon.*

Binigyang-kahulugan ng makabagong paghahayag ang katotohanan bilang "kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa" (Doktrina at mga Tipan 93:24). Iyan ang perpektong kahulugan para sa plano ng kaligtasan at "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo."

Nabubuhay tayo sa panahon ng labis na pinalawak at pinalaganap na impormasyon. Ngunit hindi lahat ng impormasyon na ito ay totoo. Kailangan tayong maging maingat kapag naghahanap ng katotohanan at namimili ng mga sanggunian para sa paghahanap na iyon. Hindi natin dapat ituring ang sekular na kasikatan o awtoridad bilang angkop na sanggunian ng katotohanan. Dapat tayong maging maingat sa pagtitiwala sa impormasyon o payo na ibinigay ng mga artista, sikat na mga atleta, o hindi kilala na mga sanggunian sa internet. Ang kahusayan sa isang larangan ay hindi dapat ituring na kahusayan sa katotohanan sa iba pang larangan.

Dapat din tayong maging maingat sa layunin ng taong nagbibigay ng impormasyon. Ito ang dahilan kaya binalaan tayo ng mga banal na kasulatan laban sa huwad na pagkasaserdote (tingnan sa 2 Nephi 26:29). Kung ang pinagmulan ng impormasyon ay hindi kilala o nakatago, maaari ring pagdudahan ang impormasyon.

Ang ating mga pansariling pasiya ay dapat ibatay sa impormasyon mula sa mga sanggunian na angkop sa pinag-uusapan at walang makasariling layunin.




I.

Kapag naghahanap tayo ng katotohanan tungkol sa relihiyon, dapat tayong gumamit ng espirituwal na mga paraan na angkop para sa paghahanap na iyon: panalangin, ang pagpapatotoo ng Espiritu Santo, at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga makabagong propeta. Nalulungkot ako kapag nakaririnig ako tungkol sa isang tao na nawawalan ng pananampalataya sa relihiyon dahil sa mga sekular na turo. Ang mga taong dating nagkaroon ng espirituwal na pananaw ay maaaring magdusa sa espirituwal na pagkabulag na ang sarili niya mismo ang may gawa. Tulad ng sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring, "Ang problema nila ay wala sa inaakala nilang nakikita nila; ito ay nasa hindi pa nila nakikita."[1]

Inaakay tayo ng pamamaraan ng agham sa tinatawag nating katotohanan ng agham. Ngunit ang "katotohanan ng agham" ay hindi ang kabuuan ng buhay. Ang mga hindi natututo "sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 88:118) ay nililimitahan ang pag-intindi nila sa katotohanan sa mga bagay na napapatunayan sa pamamagitan ng mga siyentipikong paraan. Ito ay naglalagay ng artipisyal na limitasyon sa paghahanap nila ng katotohanan.

Sinabi ni Pangulong James E. Faust: "Ang mga [nabinyagan] ay inilalagay sa peligro ang kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng hindi maingat na

paghangad lamang ng sekular na sanggunian sa pag-aaral. Naniniwala tayo na nasa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kabuuan ng ebanghelyo ni Cristo, na siyang pinakadiwa ng katotohanan at walang hanggang kaliwanagan."[2]

Nakahahanap tayo ng totoo at nagtatagal na kaligayahan sa pag-alam at pagkilos ayon sa mga katotohanan tungkol sa kung sino tayo, sa kahulugan ng mortal na buhay, at kung saan tayo pupunta matapos nating mamatay. Ang mga katotohanang iyon ay hindi matututuhan sa pamamagitan ng siyentipiko o sekular na pamamaraan.

II.

Ngayon ay magsasalita ako tungkol sa mga ipinanumbalik na katotohanan ng ebanghelyo na pangunahin sa doktrina ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Mangyaring pag-isipan ang mga katotohanang ito nang mabuti. Ipinapaliwanag nito ang karamihan sa ating doktrina at mga gawi, na maaaring kinabibilangan ng ilang mga bagay na hindi pa naiintindihan.

Mayroong Diyos, na mapagmahal na Ama ng mga espiritu ng lahat ng nabuhay o mabubuhay.

Ang kasarian ay walang hanggan. Bago tayo ipinanganak dito sa lupa, tayo ay nabuhay bilang mga lalaki o babaing espiritu sa presensya ng Diyos.

Karirinig lamang natin sa Tabernacle Choir sa Temple Square na kumanta ng "Susundin Ko ang Plano ng Diyos."[3] Iyon ang plano ng Diyos na itinatag ng Diyos upang ang lahat ng Kanyang espiritung mga anak ay umunlad nang walang hanggan. Ang planong iyon ay napakahalaga sa bawat isa sa atin.

Ayon sa planong iyon, ginawa ng Diyos ang mundo upang maging isang lugar kung saan maaaring ipanganak sa mortalidad ang Kanyang minamahal na mga espiritung anak upang tumanggap ng mortal na katawan at magkaroon ng pagkakataon na umunlad sa walang hanggan sa pamamagitan ng pagpili ng tama.

Upang maging makabuluhan, ang mortal na pagpili ay kinakailangang gawin sa pagitan ng magkasalungat na puwersa ng mabuti at masama. Kinakailangang magkaroon ng oposisyon at, samakatwid, ng kaaway, na itinakwil dahil sa paghihimagsik, at hinayaang tuksuhin ang mga anak ng Diyos na kumilos nang salungat sa plano ng Diyos.

Ang layunin ng plano ng Diyos ay bigyan ang Kanyang mga anak ng pagkakataon na piliin ang buhay na walang hanggan. Ito ay maaari lamang mangyari sa pamamagitan ng karanasan sa mortalidad at, pagkatapos ng kamatayan, sa pamamagitan ng pagunlad sa mundo ng mga espiritu.

Sa mortal na buhay, tayo ay madurumihan ng kasalanan kapag nagpatangay tayo sa masasamang panunukso ng kalaban, at kalaunan tayo ay mamamatay. Tinanggap natin ang mga pagsubok na nagtitiwala sa katiyakan ng plano na ang Diyos na ating Ama ay magpapadala ng Tagapagligtas, ang Kanyang Bugtong na Anak, na magliligtas sa atin sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli upang magkaroon ng katawan matapos ang kamatayan. Ang Tagapagligtas ay magbabayad-sala rin bilang kabayaran upang ang lahat ay malinis mula sa kasalanan batay sa mga kundisyon na ibinigay Niya. Kabilang sa mga kundisyon na ito ang pananampalataya kay Cristo, pagsisisi, binyag, ang kaloob na Espiritu Santo, at iba pang ordenansa na isinasagawa nang may awtoridad ng priesthood.

Ang dakilang plano ng kaligayahan ng Diyos ay nagtutulot ng perpektong balanse sa pagitan ng walang hanggang hustisya at awa na matatamo natin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Binibigyang-kakayahan rin tayo nito na maging mga bagong nilalang kay Cristo.

Ang isang mapagmahal na Diyos ay lumalapit sa bawat isa sa atin. Alam natin na sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal at dahil sa Pagbabayad-sala ng Kanyang Bugtong na Anak," ang *buong* sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng [Kanyang] Ebanghelyo." (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay angkop na kinikilala bilang Simbahan na nakasentro sa pamilya. Ngunit ang hindi masyadong naiintindihan ng iba ay na ang pagtuon natin sa pamilya ay hindi lamang nakatuon sa relasyon sa mortal na buhay. Ang walang hanggang mga relasyon ay napakahalaga sa ating teolohiya. "Ang mag-anak ay inorden ng Diyos."[4] Sa ilalim ng dakilang plano ng ating mapagmahal na Lumikha, ang misyon ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan ay tulungan tayong matamo ang pagpapalang mula sa Diyos na kadakilaan sa kahariang selestiyal, na maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng walang hanggang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:1–3). Pinagtitibay namin ang turo ng Panginoon na "ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan" at na "ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano."[5]

Panghuli, ang pagmamahal ng Diyos ay napakadakila na, maliban na lamang sa iilan na piniling maging mga anak na lalaki ng kapamahakan, naglaan Siya ng isang tadhana ng kaluwalhatian para sa lahat ng Kanyang anak. Kabilang sa "lahat ng Kanyang anak" ang mga namatay na. Nagsasagawa tayo ng mga ordenansa para sa kanila sa pamamagitan ng proxy sa ating mga templo. Ang layunin ng Simbahan ni Jesucristo ay gawing marapat ang Kanyang mga anak para sa pinakamataas na antas ng kaluwalhatian, na kadakilaan o buhay na walang hanggan. Para sa mga hindi nagnanais nito o di-marapat para rito, naglaan ang Diyos ng iba, bagamat mas mababang mga kaharian ng kaluwalhatian.

Sinumang nakaiintindi ng mga walang hanggang katotohanang ito ay mauunawaan kung bakit tayong mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nag-iisip at gumagawa ng mga iniisip at ginagawa natin.

III.

Ngayon ay magbabanggit ako ng ilang pagsasabuhay ng mga walang hanggang katotohanan na ito, na maaari lamang maintindihan kung isasaalang-alang ang plano ng Diyos.

*Una*, iginagalang natin ang indibiduwal na kalayaang pumili. Alam ng karamihan ang malalaking pagsisikap ng Simbahan na itaguyod ang kalayaang panrelihiyon sa Estados Unidos at sa buong mundo. Ang mga pagsisikap na ito ay hindi lamang nagtataguyod ng ating mga pansariling interes ngunit, ayon sa Kanyang plano, ay nagnanais na tumulong sa lahat ng anak ng Diyos na magkaroon ng kalayaang pumili.

*Pangalawa,* tayo ay mga taong gumagawa ng gawaing misyonero. Kung minsan ay tinatanong tayo kung bakit tayo nagpapadala ng mga missionary sa napakaraming mga bansa, kahit sa mga bansang Kristiyano. Natatanggap din natin ang kaparehas na tanong kung bakit nagbibigay tayo ng milyun-milyong dolyar na humanitarian aid sa mga hindi miyembro ng Simbahan at bakit hindi natin iniuugnay ang tulong na ito sa ating mga pagsisikap sa gawaing misyonero. Ginagawa natin ito dahil kinikilala natin ang lahat ng tao bilang mga anak ng Diyos—ang ating mga kapatid—at nais nating ibahagi ang ating espirituwal at temporal na kasaganaan sa lahat.

*Pangatlo*, ang buhay ay sagrado para sa atin. Dahil sa ating katapatan sa plano ng Diyos ay tinututulan natin ang pagpapalaglag o abortion at pagpatay dahil sa awa o euthanasia.

*Pang-apat*, ang ilan ay nababahala sa paniniwala ng Simbahan sa kasal at pag-aanak. Dahil sa ating kaalaman sa ipinahayag na plano ng kaligtasan ng Diyos ay tinututulan natin ang impluwensya at pamimilit ng lipunan at batas na iwanan ang tradisyonal na kasal o gumawa ng mga pagbabago na nanlilito o nagbabago ng kasarian o inaalis ang mga pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae. Alam natin na ang mga relasyon, pagkakakilanlan, at tungkulin ng mga lalaki at babae ay kailangan upang magawa ang dakilang plano ng Diyos.

*Panglim*a, mayroon tayong naiibang pananaw sa mga anak. Itinuturing natin ang pagdadalantao at pag-aaruga sa mga anak bilang bahagi ng plano ng Diyos at isang nakagagalak at sagradong tungkulin ng mga binigyan ng kapangyarihan na gawin ito. Sa ating pananaw, ang pinakamalaking yaman sa lupa at sa langit ay ang ating mga anak at ang ating angkan. Samakatwid, dapat nating ituro at ipaglaban ang mga alituntunin at gawi na nagbibigay ng pinakamainam na kalagayan para sa pag-unlad at kasiyahan ng mga bata—lahat ng bata.



*Panghuli*, lahat tayo ay mga minamahal na anak ng isang Ama sa Langit, na nagturo sa atin na ang pagiging lalaki at babae, ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, at ang pagdadalantao at pag-aaruga ng mga bata ay mahalaga sa Kanyang plano ng kaligayahan. Ang ating paniniwala sa mga saligang ito ay madalas na nagdudulot ng pagsalungat sa Simbahan. Nalalaman natin na hindi ito maiiwasan. Ang pagsalungat ay bahagi ng plano, at ang pinakamatinding pagsalungat ni Satanas ay nakatuon sa kung ano ang pinakamahalaga sa plano ng Diyos. Nilalayon niya na wasakin ang gawain ng Diyos. Ang pangunahing mga pamamaraan niya ay pabulaanan ang tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang banal na awtoridad, burahin ang epekto ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, hikayatin ang mga tao na huwag magsisi, gumawa ng huwad na paghahayag, at tutulan ang indibiduwal na pananagutan. Nais din niya na lituhin ang kasarian, sirain ang mga kasal, at sikaping pigilin ang pagkakaroon ng anak—lalo na ng mga magulang na magpapalaki ng mga bata sa katotohanan.

IV.

Ang gawain ng Panginoon ay patuloy na susulong sa kabila ng organisado at madalas na pagsalungat na kinakaharap natin habang sinisikap natin na gawin ang mga turo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Para sa mga nanghihina dahil sa pagsalungat na ito, iminumungkahi ko ang mga sumusunod.

Tandaan ang alituntunin ng pagsisisi na ginagawang posible ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Gaya ng panghihimok ni Elder Neal A. Maxwell, huwag maging kabilang sa mga "mas pumipiling baguhin ang Simbahan kaysa baguhin ang sarili nila."[6]

Gaya ng hinihikayat ni Elder Jeffrey R. Holland:

"*Manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman*. . . .

". . . *Sa Simbahang ito, mas mahalaga ang alam natin kaysa hindi natin alam*."[7]

Manampalataya sa Panginoong Jesucristo, na siyang unang alituntunin ng ebanghelyo.


Panghuli, humingi ng tulong. Ang mga lider ng Simbahan ay mahal kayo at naghahangad ng espirituwal na gabay upang tulungan kayo. Nagbibigay kami ng maraming sanggunian tulad ng makikita ninyo sa LDS.org.at iba pang mga tulong para sa pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan. Mayroon din tayong mga ministering brother at sister na tinawag upang magbigay ng mapagmahal na tulong.

Nais ng ating mapagmahal na Ama sa Langit na magkaroon ng kaligayahan ang Kanyang mga anak na siyang layunin ng paglikha sa atin. Ang maligayang tadhanang ito ay ang buhay na walang hanggan, na matatamo natin sa pamamagitan ng pagsulong sa madalas na tawagin ni Pangulong Russell M. Nelson na "landas ng tipan." Ito ang sinabi niya sa kanyang unang mensahe bilang Pangulo ng Simbahan: "Manatili sa landas ng tipan. Ang inyong pangako na sundin ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa Kanya at pagsunod sa mga tipan na iyon ang magbubukas ng pinto para sa bawat espirituwal na mga pagpapala at pribilehiyo para sa kalalakihan, kababaihan, at mga bata saanman."[8]

Taimtim kong pinatototohanan na ang mga bagay na sinabi ko ay totoo, at ang mga ito ay ginagawang posible ng mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na Siyang gumawa upang maging posible ang lahat ng ito sa ilalim ng dakilang plano ng Diyos, ang ating Amang Walang Hanggan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Henry B. Eyring, *To Draw Closer to God: A Collection of Discourses* (1997), 143.
2. James E. Faust, "The Abundant Life," *Ensign,* Nob. 1985, 9.
3. "Susundin Ko ang Plano ng Diyos," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 86–87.
4. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
5. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 145.
6. Neal A. Maxwell, *If Thou Endure It Well* (1996), 101.
7. Jeffrey R. Holland, "Panginoon, Nananampalataya Ako," *Liahona,* Mayo 2013, 94; ang pagbibigay-diin ay nasa orihinal.
8. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.





**Inilahad ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Mga kapatid, ilalahad ko sa inyo ngayon ang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency ng Simbahan para sa inyong pagsang-ayon.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Dallin Harris Oaks bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Henry Bennion Eyring bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di-sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Dallin Harris Oaks bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at si M. Russell Ballard bilang Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A.



Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, at Ulisses Soares.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Brook P. Hales, na tinawag na maglingkod bilang General Authority Seventy.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga di-sang-ayon, kung mayroon, ipakita lamang.

Iminumungkahi na i-release natin nang may pasasalamat sa kanilang tapat na paglilingkod sina Elder Mervyn B. Arnold, Craig A. Cardon, Larry J. Echo Hawk, C. Scott Grow, Allan F. Packer, Gregory A. Schwitzer, at Claudio D. Zivic bilang mga General Authority Seventy at ipagkaloob sa kanila ang emeritus status.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga Kapatid na ito sa mahusay nilang paglilingkod, ipakita lamang.

Iminumungkahi na i-release natin ang sumusunod bilang mga Area Seventy: B. Sergio Antunes, Alan C. Batt, R. Randall Bluth, Hans T. Boom, Fernando E. Calderón, H. Marcelo Cardus, Paul R. Coward, Marion B. De Antuñano, Robert A. Dryden, Daniel F. Dunnigan, Jeffrey D. Erekson, Mervyn C. Giddey, João Roberto Grahl, Richard K. Hansen, Todd B. Hansen, Michael R. Jensen, Daniel W. Jones, Steven O. Laing, Axel H. Leimer, Tasara Makasi, Alvin F. Meredith III, Adonay S. Obando, Katsuyuki Otahara, Fred A. Parker, José C. Pineda, Gary S. Price, Miguel A. Reyes, Alfredo L. Salas, Netzahualcoyotl Salinas, Michael L. Southward, G. Lawrence Spackman, William H. Stoddard, Stephen E. Thompson, David J. Thomson, George J. Tobias, Jacques A. Van Reenen, Raul Edgardo A. Vicencio, Keith P. Walker, at Daniel Yirenya-Tawiah.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency.


Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi ay dapat kontakin ang kanilang stake president.

Mga kapatid, nagpapasalamat kami sa inyong patuloy na pananalig at mga panalangin para sa mga pinuno ng Simbahan. ■





**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Matibay at Matatag sa Pananampalataya kay Cristo

*Upang manatiling matibay at matatag sa pananampalataya kay Cristo kailangang tumimo sa puso at kaluluwa ng isang tao ang ebanghelyo ni Jesucristo.*

Sa kasaysayan ng Lumang Tipan, nabasa natin ang tungkol sa magkakasunod na panahon kung saan tinupad ng mga anak ni Israel ang kanilang tipan kay Jehova at sumamba sa Kanya at ang mga panahong binalewala nila ang tipang iyon at sumamba sa mga diyus-diyusan o kay Baal.[1]

Ang paghahari ni Achab ay isa sa mga panahon ng apostasiya sa hilagang kaharian ng Israel. Sa isang pagkakataon ay sinabihan ng propetang si Elijah si Haring Achab na tipunin ang mga tao ng Israel gayundin ang mga propeta o mga saserdote ni Baal sa Bundok ng Carmelo. Nang magtipon na ang mga tao, sinabi sa kanila ni Elijah, "Hanggang kaylan kayo mangagaalinlangan sa dalawang isipan? [o sa madaling salita, "Ano ba talaga ang pasiya ninyo?"] kung ang Panginoon ay Dios, sumunod kayo sa kaniya: nguni't kung si Baal, sumunod nga kayo sa kaniya. At ang bayan ay hindi sumagot sa kaniya kahit isang salita."[2] Kaya't sinabi ni Elijah na siya at ang mga propeta ni Baal ay magkatay ng tig-isang baka at ilagay ito sa ibabaw ng kahoy sa kani-kanilang altar, ngunit "huwag lagyan ng apoy sa ilalim."[3] At, "Tawagan ninyo ang pangalan ng inyong dios, at tatawagan ko ang pangalan ng Panginoon: at ang Dios na sumagot sa pamamagitan ng apoy, ay siyang maging Dios. At ang buong bayan ay sumagot, at nagsabi, Mabuti ang pagkasabi."[4]

Magugunita ninyo na ang mga saserdote ni Baal ay nagsisigaw sa kanilang huwad na diyos sa loob ng maraming oras para magpadala ng apoy, ngunit "wala kahit tinig, ni sinomang sumagot, ni sinomang makinig."[5] Nang si Elijah na ang tatawag sa Diyos, inayos niya ang nasirang altar ng Panginoon, inilatag ang kahoy at ipinatong doon ang alay, at iniutos na buhusan ito ng tubig, hindi lang isang beses, kundi nang tatlong beses. Walang alinlangan na hindi siya makapagsisindi ng apoy ni hindi ito magagawa ng anumang kakayahan ng tao.

"At nangyari, sa oras ng paghahandog ng alay sa hapon, na si Elias [Elijah], na propeta ay lumapit, at nagsabi, Oh Panginoon, na Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel, pakilala ka sa araw na ito, na ikaw ay Dios sa Israel, at ako ang iyong lingkod, at aking ginawa ang lahat na bagay na ito sa iyong salita. . . .

"Nang magkagayo'y ang apoy ng Panginoon ay nalaglag, at sinupok ang handog na susunugin at ang kahoy, at ang mga bato, at ang alabok, at hinimuran ang tubig na nasa hukay.

"At nang makita ng buong bayan, sila'y nagpatirapa: at kanilang sinabi, Ang Panginoon ay siyang Dios; ang Panginoon ay siyang Dios."[6]

Ngayon maaaring sabihin ni Elijah:

- Maaaring ang Diyos, na ating Ama sa Langit, ay totoo, o hindi, ngunit kung Siya ay totoo, sambahin Siya.



- Maaaring si Jesucristo ay Anak ng Diyos, ang nabuhay na mag-uling Manunubos ng sangkatauhan, o hindi, ngunit kung Siya nga, sumunod sa Kanya.
- Maaaring ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, o hindi, ngunit kung ito ay salita ng Diyos, kung gayon "[mas lumapit] sa Diyos sa pamamagitan ng [pag-aaral at] pagsunod sa mga tuntunin nito."[7]
- Maaaring nakita at nakausap ni Joseph Smith ang Ama at ang Anak noong tagsibol ng 1820, o hindi, ngunit kung nakita niya, sundin ang balabal ng propeta, pati ang mga susi ng pagbubuklod na ako, si Elijah, ang naggawad sa kanya.



Sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson: "Hindi ninyo kailangang itanong kung ano ang totoo [tingnan sa Moroni 10:5]. Hindi na ninyo kailangang isipin kung sino ang ligtas na mapagkakatiwalaan ninyo. Sa pamamagitan ng personal na paghahayag, magkakaroon kayo ng sariling patotoo na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, na si Joseph Smith ay propeta, at ito ang Simbahan ng Panginoon. Anuman ang sabihin o gawin ng ibang tao, walang makapag-aalis ng patotoo na ikinintal sa inyong puso't isipan sa kung ano ang totoo."[8]

Nang ipangako ni Santiago na ang Diyos ay "nagbibigay ng sagana sa lahat" ng naghahangad ng Kanyang karunungan,[9] ipinayo rin niya:

"Nguni't humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan. Sapagkat yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila.

"Sapagka't huwag isipin ng taong yaon na siya'y tatanggap ng anomang bagay sa Panginoon.

"Ang taong may dalawang akala, ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad."[10]

Ang ating Tagapagligtas, sa kabilang banda, ay perpektong halimbawa ng katatagan. Sinabi Niya, "Hindi ako binayaang nagiisa [ng Ama]; sapagka't ginagawa kong *lagi* ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod."[11] Isipin ang mga paglalarawang ito mula sa mga banal na kasulatan tungkol sa kalalakihan at kababaihan na, tulad ng Tagapagligtas, ay matibay at matatag:

Sila ay "nagbalik-loob sa totoong pananampalataya; at ayaw nilang iwanan ito, sapagkat sila ay matitibay, at matatatag, at di matitinag, bukal sa loob nang may buong pagsusumigasig sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon."[12]

"Ang kanilang mga pag-iisip ay di matinag, at patuloy nilang ibinibigay ang kanilang tiwala sa Diyos."[13]

"At masdan, nalalaman ninyo sa inyong sarili, sapagkat nasaksihan ninyo ito, na kasindami ng nadadala sa kanila sa kaalaman ng katotohanan . . . ay matibay at matatag sa pananampalataya, at sa bagay kung saan sila ay ginawang malaya."[14]

"At sila'y nagsipanatiling matibay sa turo ng mga apostol at sa pagsasamasama, sa pagpuputolputol ng tinapay at sa mga pananalangin."[15]


Upang manatiling matibay at matatag sa pananampalataya kay Cristo kailangang tumimo sa puso at kaluluwa ng isang tao ang ebanghelyo ni Jesucristo, ibig sabihin ang ebanghelyo ay hindi lamang nagiging isa sa maraming impluwensya sa buhay ng isang tao kundi ang pinakamahalagang priyoridad ng kanyang buhay at pagkatao. Sinabi ng Panginoon:

"Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman.

"At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahatulan, at isasagawa.

"At . . . kayo'y magiging aking bayan, at ako'y magiging inyong Dios."[16]

Ito ang tipan na ginawa natin sa ating binyag at sa mga ordenansa sa templo. Ngunit may ilan na hindi pa lubusang tinatanggap ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kanilang buhay. Bagama't, gaya ng sinabi ni Pablo, sila ay "nangalibing [kay Cristo] sa pamamagitan ng bautismo," wala pa sa kanila ang bahaging "kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay . . . , gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay."[17] Ang ebanghelyo ay hindi pa pinakamahalaga sa kanilang buhay. Hindi pa sila nakasentro kay Cristo. Pinipili nila ang mga doktrina at kautusan na susundin nila at kung saan at kailan sila maglilingkod sa Simbahan. Sa kabilang banda, sa lubos na pagtupad sa mga tipan ng "mga hinirang alinsunod sa tipan",[18] sila ay nakakaiwas sa panlilinlang at



nananatiling matatag sa pananampalataya kay Cristo.

Karamihan sa atin ay nasa gitna ng dalawang uri ng pakikibahagi sa ebanghelyo; ang isa ay pakikibahagi sa ebanghelyo dahil sa nahikayat ng iba at, ang isa naman ay lubos at taos-pusong katapatan, tulad ni Cristo na gawin ang kalooban ng Diyos. Sa dalawang uring ito ng pakikibahagi, ang mabuting balita ng ebanghelyo ni Jesucristo ay pumapasok sa ating puso at siyang humihikayat sa ating kaluluwa. Maaaring hindi ito mangyari sa isang iglap, ngunit tayong lahat ay dapat sumulong patungo sa pinagpalang kalagayan na iyon.

Mahirap ito ngunit mahalaga upang manatiling matibay at matatag kapag natatagpuan natin ang ating sarili na dinadalisay "sa hurno ng paghihirap,"[19] isang bagay na darating sa ating lahat sa malao't madali sa mortalidad. Kung wala ang Diyos, ang mahihirap na karanasang ito ay mauuwi sa kawalan ng pag-asa, pagkasiphayo, at maging sa pagkapoot. Sa Diyos, ang kapanatagan ang kapalit ng pasakit, kapayapaan ang kapalit ng kaguluhan, at pag-asa ang kapalit ng kalungkutan. Ang pananatiling matatag sa pananampalataya kay Cristo ay maghahatid ng Kanyang nagtataguyod na biyaya at suporta.[20] Gagawin Niyang pagpapala ang pagsubok at, sa mga salita ni Isaias, "[bi]bigyan sila ng putong na bulaklak na kahalili ng mga abo."[21]

Magbabanggit ako ng tatlong halimbawa na personal kong nalaman:

May isang babae na matagal nang may karamdaman na hindi gumagaling sa kabila ng pagpapagamot, basbas ng priesthood, at pag-aayuno at mga panalangin. Gayunman, ang kanyang pananampalataya sa bisa ng panalangin at katotohanan ng pagmamahal ng Diyos para sa kanya ay hindi naglalaho. Nagsisikap siya araw-araw (at kung minsan sa bawat oras) na gawin ang kanyang tungkulin sa Simbahan at, kasama ng kanyang asawa, inaalagaan ang kanilang bata pang pamilya, ngumingiti hangga't makakaya niya. Ang pagiging mahabagin niya sa kapwa ay lalong lumalim, pinadalisay ng paghihirap na nararanasan niya, at madalas niyang kalimutan ang kanyang sarili sa paglilingkod sa iba. Siya ay nanatiling matatag, at napasasaya ang mga taong nasa paligid niya.

Isang lalaking lumaki sa Simbahan, naging full-time missionary, at pinakasalan ang isang magandang babae ang nagulat nang magsimulang magsalita nang hindi maganda ang ilan sa kanyang mga kapatid tungkol sa Simbahan at kay Propetang Joseph Smith. Makalipas ang ilang panahon umalis sila sa Simbahan at tinangkang himukin siyang sumunod. Gaya ng madalas mangyari sa gayong mga sitwasyon, lagi siyang pinadadalhan nila ng mga essay, podcast, at video na gawa ng mga kalaban ng Simbahan, na karamihan sa kanila ay mga galit na miyembro noon ng Simbahan. Nilait ng kanyang mga kapatid ang kanyang pananampalataya, sinasabi sa kanya na siya ay mapaniwalain at naliligaw. Wala siyang sagot sa lahat ng kanilang sinabi, at nagsimulang humina ang kanyang pananampalataya dahil sa walang tigil na oposisyon. Inisip niya kung dapat na siyang tumigil sa pagsisimba. Kinausap niya ang kanyang asawa. Kinausap niya ang mga taong pinagtitiwalaan niya. Nanalangin siya. Habang nagninilay siya sa mahirap na sitwasyong ito, naalala niya ang mga pagkakataon nang madama niya ang Banal na Espiritu at nakatanggap ng patotoo ng katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu. Sinabi niya sa huli, "Sa totoo lang, aminado ako na hindi lang isang beses akong inantig ng Espiritu at ang patotoo ng Espiritu ay totoo." Nakadama siya ng panibagong kaligayahan at kapayapaan kasama ang kanyang asawa at mga anak.

Isang mag-asawa na palagi at masayang sumusunod sa payo ng mga Kapatid sa kanilang buhay ang nagdalamhati sa hirap na naranasan nila sa pagkakaroon ng mga anak. Gumastos sila nang malaki sa pagpapatingin sa mahuhusay na doktor at, makalipas ang ilang panahon, ay nabiyayaan ng anak na lalaki. Gayunman, nakalulungkot na makalipas lang ang mga isang taon, ang sanggol ay hindi sinasadyang naging biktima ng isang aksidente at dahil dito halos mananatili siyang comatose, na may malaking depekto sa utak. Inalagaan siyang mabuti, ngunit hindi masabi ng mga doktor kung ano ang susunod na mangyayari. Ang batang ito na pinaghirapan at taimtim na ipinagdasal ng mag-asawang ito para maisilang sa mundo ay parang kinuha na rin, at hindi nila alam kung ibabalik pa siya sa kanila. Hirap sila ngayong tustusan ang mahahalagang pangangailangan ng kanilang sanggol habang ginagawa ang iba pa nilang mga responsibilidad. Sa napakahirap na sandaling ito, bumaling sila sa Panginoon. Umasa sila sa "pangarawaraw na kakanin" na natatanggap nila mula sa Kanya. Tinulungan sila ng maawaing mga kaibigan at pamilya at

pinalalakas ng mga basbas ng priesthood. Lalo silang naging malapit sa isa't isa, marahil ang pagsasama nila ngayon ay lalo pang tumibay at naging lubos na hindi sana nangyari.

Noong Hulyo 23, 1837, ang Panginoon ay nagbigay ng paghahayag sa dating Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na si Thomas B. Marsh. Ito ay naglalaman ng mga sumusunod:

"At manalangin para sa iyong mga kapatid na nasa Labindalawa. Paalalahanan sila nang lubos para sa kapakanan ng aking pangalan, at sila ay paalalahanan sa lahat ng kanilang kasalanan, at maging matapat ka sa harapan ko sa aking pangalan.

"At matapos ang kanilang mga tukso, at maraming pagdurusa, masdan, ako, ang Panginoon, ay maaawa sa kanila, at kung hindi nila patitigasin ang kanilang mga puso, at hindi patitigasin ang kanilang mga leeg laban sa akin, sila ay magbabalik-loob, at akin silang pagagalingin."[22]

Naniniwala ako na ang mga alituntuning ipinahayag sa mga talatang ito ay angkop sa ating lahat. Ang mga tukso at kahirapang nararanasan natin, pati na rin ang anumang pagsubok na sa tingin ng Panginoon ay kailangan nating maranasan, ay maaaring humantong sa ating lubos na pagbabalik-loob at paggaling. Ngunit mangyayari lamang ito kung hindi natin patitigasin ang ating puso o patitigasin ang ating mga leeg laban sa Kanya. Kung mananatili tayong matibay at matatag, anuman ang mangyari, matatamo natin ang pagbabalik-loob na nais ng Tagapagligtas para sa atin nang sabihin Niya kay Pedro, "Kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid,"[23] isang lubos na pagbabalik-loob na hindi na magbabago. Ang ipinangakong paggaling ay paglilinis at pagdadalisay ng ating nagkasalang kaluluwa, at gagawin tayong banal.

Naalala ko ang payo ng ating mga ina: "Kumain ka ng gulay; mabuti iyan para sa iyo." Tama ang mga nanay natin, at sa konteksto ng pagiging matatag sa pananampalataya, ang "pagkain ng gulay" ay pagdarasal sa tuwina, pagpapakabusog sa mga banal na kasulatan araw-araw, paglilingkod at pagsamba sa Simbahan, pagiging karapat-dapat na tumanggap ng sakramento bawat linggo, pagmamahal sa inyong kapwa, at pagpasan ng inyong krus sa pagsunod sa Diyos sa bawat araw.[24]



Laging alalahanin ang pangako na darating ang mabubuting bagay, ngayon at sa hinaharap, para sa mga taong matibay at matatag sa pananampalataya kay Cristo. Alalahanin ang "buhay na walang hanggan, at ang kagalakan ng mga banal."[25] "O kayong lahat na may dalisay na puso, itaas ninyo ang inyong mga ulo at tanggapin ang kasiya-siyang salita ng Diyos, at magpakabusog sa kanyang pagmamahal; sapagkat maaari ninyong gawin ito, kung matatag ang inyong mga isipan, magpakailanman."[26] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Baal."
2. I Mga Hari 18:21.
3. I Mga Hari 18:23.
4. I Mga Hari 18:24.
5. I Mga Hari 18:29.
6. I Mga Hari 18:36, 38–39.
7. Pambungad sa Aklat ni Mormon.
8. Russell M. Nelson,"Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 95.
9. Tingnan sa Santiago 1:5.
10. Santiago 1:6–8.
11. Juan 8:29; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. 3 Nephi 6:14; tingnan din sa Alma 27:27.
13. Alma 57:27.
14. Helaman 15:7–8.
15. Mga Gawa 2:42.
16. Ezekiel 36:26–28; tingnan din sa II Mga Taga Corinto 3:3.
17. Mga Taga Roma 6:4.
18. Tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:22–23; tingnan din sa Mateo 24:24–25.
19. 1 Nephi 20:10; tingnan din sa Isaias 48:10.
20. Tulad ng sinabi ng Panginoon sa 22-taong-gulang na si Joseph Smith kasunod ng pagkawala ng bahagi ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon: "Hindi mo dapat kinatakutan ang tao nang higit sa Diyos. . . . Kanya sanang iniunat ang kanyang bisig at itinaguyod ka laban sa lahat ng nag-aapoy na sibat ng kaaway; at siya sana ay nakasama mo sa bawat panahon ng kaguluhan" (Doktrina at mga Tipan 3:7–8). Nagpatotoo si Alma na pagkatapos niyang magbalik-loob, "Ako'y tinulungan sa ilalim ng mga pagsubok at suliranin ng lahat ng uri, oo, at sa lahat ng uri ng paghihirap; oo, pinalaya ako ng Diyos mula sa bilangguan, at mula sa mga gapos, at mula sa kamatayan; oo, at ibinibigay ko ang aking tiwala sa kanya, at ako'y patuloy niyang ililigtas. At nalalaman ko na ako'y kanyang ibabangon sa huling araw, upang manahanang kasama niya sa kaluwalhatian" (Alma 36:27–28).
21. Isaias 61:3.
22. Doktrina at mga Tipan 112:12–13.
23. Lucas 22:32.
24. Tingnan sa Lucas 9:23. Ipinapaalala sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson, "Walang makapagbubukas ng kalangitan nang higit sa magagawa ng pinagsama-samang kadalisayan, lubos na pagsunod, masigasig na paghahanap, araw-araw na pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo sa Aklat ni Mormon [tingnan sa 2 Nephi 32:3], at pag-uukol palagi ng oras para sa templo at gawain sa family history" ("Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," 95).
25. Enos 1:3.
26. Jacob 3:2.



**Ni Bishop Dean M. Davies**
Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

# Halina't Pakinggan ang Tinig ng Isang Propeta

*Kapag naging gawi natin sa ating buhay ang pakikinig at pagsunod sa tinig ng mga buhay na propeta, aanihin natin ang mga pagpapalang walang-hanggan.*

Patungkol sa Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ipinahayag ng Panginoon:

"At muli, ang tungkulin ng Pangulo ng katungkulan ng Mataas na Pagkasaserdote ay mamuno sa buong simbahan, at maging katulad ni Moises—

". . . Oo, ang maging isang tagakita, isang tagapaghayag, isang tagasalin, at isang propeta, *nagkaroon ng lahat ng kaloob ng Diyos na kanyang ipinagkakaloob sa ulo ng simbahan*" (Doktrina at mga Tipan 107:91–92; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Mapalad akong masaksihan ang ilan sa mga kaloob ng Diyos sa Kanyang mga propeta. Maaari ko bang ibahagi sa inyo ang isang sagradong karanasan? Bago ako matawag sa kasalukuyan kong tungkulin, tumulong ako sa paghahanap at pagrerekomenda ng mga lugar na pagtatayuan ng templo. Pagkatapos ng Setyembre 11, 2001, mas naging mahigpit ang pagtawid sa mga hangganan ng U.S. Dahil dito, inabot ng dalawa hanggang tatlong oras ang pagtawid ng maraming miyembro ng Simbahan mula sa Vancouver, Canada, papunta sa Seattle Washington Temple. Si Pangulong Gordon B. Hinckley, na Pangulo ng Simbahan noong panahong iyon, ay nagsabing pagpapalain ng isang templo sa Vancouver ang mga miyembro ng Simbahan. Pinayagan ang paghahanap ng lugar, at pagkatapos naming tingnan ang ilang pag-aari ng



Simbahan, ang iba pang mga lugar na hindi pag-aari ng Simbahan ay tiningnan din namin.

Isang magandang lugar na nasa isang pook na pinahihintulutan ang pagtatayo ng mga gusaling pangrelihiyon at katabi ng Trans-Canadian Highway ang natagpuan. Madaling puntahan ang lugar, puno ito ng magagandang Canadian pine tree, at napakaganda ng lokasyon kaya makikita ito ng libu-libong dumaraan na motorista.

Ipinakita namin ang lugar gamit ang mga retrato at mapa sa buwanang pulong ng Temple Sites Committee. Pumayag si Pangulong Hinckley na kausapin na ang may-ari nito at kumpletuhin ang kailangang mga pagsusuri sa lugar. Noong Disyembre ng taong iyon, inireport namin sa komite na tapos na ang pagsusuri, at humingi kami ng pahintulot na ituloy na ang pagbili. Matapos marinig ang aming report, sinabi ni Pangulong Hinckley, "Pakiramdam ko dapat kong makita ang lugar na ito."

Kalaunan nang buwan na iyon, dalawang araw makalipas ang Pasko, nagpunta kami sa Vancouver kasama sina Pangulong Hinckley; Pangulong Thomas S. Monson; at Bill Williams, na arkitekto ng templo. Sinalubong kami ni Paul Christensen, ang stake president doon, na naghatid sa amin sa lugar. Medyo maulan at mahamog noong araw na iyon, pero si Pangulong Hinckley ay agad bumaba ng kotse at nagsimulang maglakad sa lugar.

Matapos mag-ikot sa lugar, tinanong ko si Pangulong Hinckley kung gusto niyang makita ang iba pang mga lugar na pinagpilian. Sinabi niyang oo, na gusto niyang gawin iyon. Alam ninyo, sa pagtingin sa iba pang mga lugar, nagawa naming paghambingin ang mga katangian ng mga ito.

Inikot namin ang Vancouver at tiningnan ang iba pang mga lote, at sa huli ay bumalik kami sa unang lugar na pinuntahan namin. Sinabi ni Pangulong Hinckley, "Maganda ang lugar na ito." Pagkatapos ay itinanong niya, "Maaari ba tayong magpunta sa meetinghouse ng Simbahan na mga one-quarter mile [0.4 km] ang layo?"

“Siyempre po, President,” ang sagot namin.

Muli kaming sumakay sa mga kotse at nagpunta sa kalapit na meetinghouse. Nang makarating kami sa chapel, sinabi ni Pangulong Hinckley, “Sa kaliwa tayo.” Lumiko kami at binagtas ang kalye gaya ng kanyang sinabi. Ang kalye ay pataas.

Pagdating ng kotse sa pinakamataas na bahagi, sinabi ni Pangulong Hinckley, “Ihinto mo ang kotse, ihinto mo.” At itinuro niya ang nasa kanan na kapirasong lote at sinabing, “Ito kayang loteng ito? Dito itatayo ang templo. Dito nais ng Panginoon na itayo ang templo. Makukuha ba ninyo ito? Makukuha ba ninyo ito?”

Hindi pa namin natingnan ang loteng ito. Malayo ito sa pangunahing lansangan, at hindi ito ipinagbibili. Nang sumagot kami na hindi namin alam, itinuro ni Pangulong Hinckley ang lote at muling sinabing, “Dito itatayo ang templo.” Nagtagal pa kami roon ng ilang minuto, at nagpunta na sa airport para umuwi.

Kinabukasan, ipinatawag kami ni Brother Williams sa opisina ni Pangulong Hinckley. Iginuhit niya ang lahat sa isang papel: ang mga kalye, ang chapel, kumaliwa dito, ang *x* na marka sa pagtatayuan ng templo. Itinanong niya kung ano ang napag-alaman namin. Sinabi namin sa kanya na napakahirap ng napili niyang lote. Tatlo ang may-ari ng lote: isang taga-Canada, isang taga-India, at isang taga-China! At hindi ito nasa lugar na pinahihintulutan ang pagtatayo ng mga gusaling pangrelihiyon.

“Kung ganoon, gawin ninyo ang lahat ng makakaya ninyo,” sabi niya.

At nagkaroon nga ng mga himala. Sa loob ng ilang buwan ay pag-aari na natin ang lote, at kalaunan ang lungsod ng Langley, British Columbia, ay nagbigay ng pahintulot na itayo ang templo.

Nang pagnilayan ko ang karanasang ito, nakadama ako ng pagpapakumbaba nang matanto ko na bagama’t nakatapos kami ng pag-aaral ni Brother Williams at marami nang karanasan sa real estate at pagdisenyo ng templo, si Pangulong Hinckley ay walang gayong



pormal na training, nakahihigit ang taglay niya—ang kaloob na makita ang mga bagay-bagay bilang propeta. Nakita niya kung saan dapat itayo ang templo ng Diyos.

Nang iutos ng Panginoon sa naunang mga Banal sa dispensasyong ito na magtayo ng templo, sinabi Niya:

“Subalit isang bahay ang itatayo sa aking pangalan alinsunod sa huwarang aking ipakikita sa kanila.

“At kung itatayo ito ng aking mga tao nang hindi alinsunod sa huwaran na aking ipakikita . . . , hindi ko tatanggapin ito sa kanilang mga kamay” (Doktrina at mga Tipan 115:14–15).

Tulad sa mga Banal noong una, gayon din sa atin ngayon: ang Panginoon ay naghayag at patuloy na maghahayag sa Pangulo ng Simbahan ng mga huwaran kung paano pamamahalaan ang kaharian ng Diyos sa ating panahon. At, sa sarili nating buhay, nagbibigay siya ng gabay kung paano dapat pamahalaan ng bawat isa sa atin ang ating buhay, upang ang pag-uugali natin ay maging kalugud-lugod din sa Panginoon.

Noong Abril 2013 binanggit ko ang mga pagsisikap sa paghahanda ng pundasyon ng bawat templo para matiyak na makakayanan nito ang darating na mga bagyo at kalamidad. At ang pundasyon ay simula pa lamang. Ang templo ay binubuo ng maraming building block, na lapat na lapat ayon sa mga idinisenyong pattern. Kung ang buhay natin ay magiging mga templo na sinisikap na itayo ng bawat isa sa atin ayon sa itinuro ng Panginoon (tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16–17), makatwiran lang na itanong sa ating sarili, “Anong mga building block ang dapat ilagay para gawing maganda, maringal, at matibay ang ating buhay laban sa mga bagyo ng mundo?”

Mahahanap natin ang sagot sa tanong na ito sa Aklat ni Mormon. Hinggil sa Aklat ni Mormon, sinabi ni Propetang Joseph Smith: “Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat” (pambungad sa Aklat ni Mormon). Sa pambungad ng Aklat ni Mormon, itinuro sa atin na “yaong mga magtatamo ng banal na patotoo mula sa Banal na Espiritu [na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos] ay malalaman din sa



pamamagitan ng yaon ding kapangyarihan na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan, na si Joseph Smith ay Kanyang tagapaghayag at propeta [ng Panunumbalik], at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaharian ng Panginoon na muling itinatag sa mundo."

Kung gayon ang mga ito ay ilan sa mahahalagang building block ng sarili nating pananampalataya at patotoo:

1. Si Jesucristo ay Tagapagligtas ng sanlibutan.
2. Ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.
3. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaharian ng Diyos sa mundo.
4. Si Joseph Smith ay propeta, at mayroon tayong mga buhay na propeta sa mundo ngayon.

Sa nakalipas na mga buwan, pinakinggan ko ang lahat ng mensahe sa pangkalahatang kumperensya na ibinigay ni Pangulong Nelson simula noong tawagin siya bilang Apostol. Ang paggawa nito ay nagpabago ng aking buhay. Nang pag-aralan at pag-isipan ko ang 34 na taon ng tinipong karunungan ni Pangulong Nelson, nakita ko ang malinaw at di-nagbabagong mga tema mula sa kanyang mga turo. Bawat isa sa mga temang ito ay nauugnay sa mga building block na nabanggit o sa isa pang mahalagang building block para sa ating mga personal na templo. Kabilang dito ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, pagbibinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, ang kaloob na Espiritu Santo, pagtubos sa mga patay at gawain sa templo, pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath, pagsisimula sa isang gawain nang mayroong mithiin, pananatili sa landas ng tipan. Binanggit ni Pangulong Nelson ang lahat ng ito nang may pagmamahal at katapatan.

Ang pangunahing batong panulok at building block ng Simbahan at ng ating buhay ay si Jesucristo. Ito ang Kanyang Simbahan. Si Pangulong Nelson ay Kanyang propeta. Ang mga turo ni Pangulong Nelson ay nagpapatotoo at naghahayag sa buhay at pagkatao ni Jesucristo para sa ating kapakanan. Nagsasalita siya nang magiliw at puno ng kaalaman tungkol sa likas na pagkatao ng Tagapagligtas at sa Kanyang misyon. Madalas at marubdob din siyang nagpapatotoo tungkol sa banal na tungkulin ng mga buhay na propeta—ang mga Pangulo ng Simbahan—na kanyang pinaglingkuran.

Ngayon, pribilehiyo nating sang-ayunan *siya* bilang buhay na propeta ng Panginoon sa mundo. Nakaugalian na nating sang-ayunan ang mga lider ng Simbahan sa pamamagitan ng banal na huwaran ng pagtataas ng ating mga kamay upang ipakita ang ating pagtanggap at suporta. Ginawa natin ito ilang minuto pa lang ang nakalilipas. Ngunit ang tunay na pagsang-ayon ay higit pa sa pagtataas ng mga kamay. Tulad ng nakasaad sa Doktrina at mga Tipan 107:22, ang Unang Panguluhan ay "pinagtibay ng pagtitiwala, pananampalataya, at panalangin ng simbahan." Lubusan at tunay nating sinasang-ayunan ang buhay na propeta kapag patuloy tayong nagtitiwala sa kanyang mga salita, may pananampalataya na gawin ang mga ito, at nagdarasal sa Panginoon na patuloy siyang pagpalain.

Kapag naiisip ko si Pangulong Russell M. Nelson, napapanatag ako sa mga salita ng Tagapagligtas nang sabihin Niyang, "At kung ang aking mga tao ay makikinig sa aking tinig, at sa tinig ng aking mga tagapaglingkod na aking itinalagang aakay sa aking mga tao, masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi mapaaalis mula sa kanilang lugar" (Doktrina at mga Tipan 124:45).

Ang pakikinig at pagsunod sa mga buhay na propeta ay magkakaroon ng malaking epekto, at magpapabago rin ng ating buhay. Tayo ay napalalakas. Tayo ay higit na napapanatag at nagtitiwala sa Panginoon. Naririnig natin ang salita ng Panginoon. Dama natin ang pagmamahal ng Diyos. Malalaman natin kung paano ayusin ang ating buhay nang may layunin.

Mahal ko at sinasang-ayunan si Pangulong Russell M. Nelson at ang iba pa na tinawag bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Nagpapatotoo ako na nasa kanya ang mga kaloob ng Panginoon na iginawad sa kanyang uluhan, at nagpapatotoo ako na kapag naging gawi natin sa ating buhay ang pakikinig at pagsunod sa tinig ng mga buhay na propeta, ang ating buhay ay maitatatag ayon sa banal na huwaran ng Panginoon para sa atin, at aanihin natin ang mga pagpapala na walang-hanggan. Ang paanyaya ay para sa lahat. Halina't, pakinggan ang tinig ng isang propeta; oo, lumapit kay Cristo at mabuhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Ulisses Soares**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Iisa kay Cristo

*Mahal kong mga kasama sa gawain ng Panginoon, naniniwala akong higit pa ang ating magagawa at kinakailangang pagbutihin pa natin ang pagtanggap sa mga bagong kaibigan sa Simbahan.*


Magandang hapon, mahal kong mga kapatid. Gaya ng sinasabi namin sa Brazilian Portuguese, "Boa tarde!" Masaya ako na narito ako sa magandang pangkalahatang kumperensya na ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pamumuno ng ating mahal na propeta, si Pangulong Russell M. Nelson. Namamangha ako sa magandang pagkakataon na mapakinggan ng bawat isa sa atin ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga tagapaglingkod sa lupa sa mga huling araw na ito.

Ang bayan kong Brazil ay maraming likas na yaman. Isa sa mga ito ang bantog na Amazon River, isa sa pinakamalaki at pinakamahabang ilog sa mundo. Ito ay binubuo ng dalawang magkahiwalay na ilog, ang Solimões at Negro. Ang nakamamangha, ang dalawang ito ay dumadaloy nang magkasama nang ilang milya bago tuluyang maghalo ang mga tubig, dahil magkaiba ang pinagmulan, bilis ng pag-agos, temperatura, at chemical composition ng mga ilog. Pagkatapos ng ilang milya, ang mga tubig ay tuluyan nang maghahalo, nagiging isang ilog na naiiba sa mga indibiduwal na bahagi nito. Sa pagsasama lamang ng mga bahagi nito, nagiging napakalakas ng Amazon River na kapag nakarating ito sa Atlantic Ocean, itinutulak nito ang tubig-alat upang matagpuan pa rin ang tubig-tabang nang ilang milya patungo sa laot.

Sa ganito ring paraan ng pagdaloy nang magkasama ng Solimões River at Negro River para mabuo ang malaking Amazon River, ang mga anak ng Diyos ay nagsasama-sama sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo mula sa iba't ibang katayuan sa lipunan, tradisyon, at mga kultura, na bumubuo sa magandang komunidad na ito ng mga Banal kay Cristo. Sa huli, kapag hinihikayat, sinusuportahan, at minamahal natin ang isa't isa, nagsasama-sama tayo upang makabuo ng malakas na puwersa ng kabutihan sa mundo. Bilang mga tagasunod ni Jesucristo, sa pagdaloy bilang iisa sa ilog na ito ng kabutihan, mailalaan natin ang "tubig-tabang" ng ebanghelyo sa isang mundong nauuhaw.

Binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang mga propeta na turuan tayo kung paano natin tutulungan at mamahalin ang isa't isa upang magkaisa tayo sa pananampalataya at layunin sa pagsunod kay Jesucristo. Itinuro ni Pablo, ang Apostol sa Bagong Tipan, na ang mga "binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo . . . : sapagka't kayong lahat ay *iisa kay Cristo Jesus*."[1]

Kapag nangangako tayo sa binyag na susundin ang Tagapagligtas, sumasaksi tayo sa harap ng Ama na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo.[2] Sa pagsisikap nating magkaroon ng mga banal na katangian Niya sa ating buhay, tayo ay nagiging iba kaysa dati, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo ang Panginoon, at ang ating pagmamahal para sa lahat ng tao ay kusang nadaragdagan.[3] Nakadarama tayo ng tunay na pagmamalasakit sa walang-hanggang kapakanan at kaligayahan ng lahat. Itinuturing natin ang isa't isa bilang kapatid, bilang mga anak ng Diyos na may banal na pinagmulan, mga katangian, at potensiyal. Nais nating pangalagaan ang bawat isa at magpasan ng pasanin ng isa't isa.[4]



*Tulad ng napakalawak Amazon River, na itinutulak pabalik ang tubig-alat kapag umaabot na ito sa Atlantic Ocean, ang mga tagasunod*

Inilarawan ito ni Pablo bilang pag-ibig sa kapwa-tao.[5] Si Mormon, isang propeta ng Aklat ni Mormon, ay inilarawan ito bilang "ang dalisay na pag-ibig ni Cristo,"[6] na pinakapambihira, pinakadakila, at pinakamalakas na uri ng pag-ibig. Kamakailan inilarawan ng ating kasalukuyang propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, ang pagpapakita ng dalisay na pag-ibig na ito ni Cristo bilang ministering, na mas nakatuon at mas banal na paraan ng pagmamahal at pagmamalasakit sa ating kapwa tulad ng ginawa ng Tagapagligtas.[7]

Isaisip natin ang alituntuning ito ng pagmamahal at pagmamalasakit, tulad ng ginawa ng Tagapagligtas, sa konteksto ng paghikayat, pagtulong, at pagsuporta sa mga bagong convert at sa mga nagsisimulang magpakita ng interes sa pagdalo sa ating mga pulong sa Simbahan.

Kapag ang mga bagong kaibigan na ito ay lumabas sa mundo at tinanggap ang ebanghelyo ni Jesucristo, sumapi sa Kanyang Simbahan, sila ay nagiging Kanyang mga disipulo, na ipinanganak na muli sa pamamagitan Niya.[8] Tinalikuran nila ang mundong kilalang-kilala nila at piniling sundin si Jesucristo, nang buong layunin ng puso, sumasama sa bagong "ilog" na gaya ng malaking Amazon River—isang ilog na magiting na puwersa ng kabutihan na dumadaloy patungo sa kinaroroonan ng Diyos. Inilarawan ito ni Apostol Pedro bilang "isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios."[9] Sa pagsama ng mga bagong kaibigan na ito sa bago at di-pamilyar na ilog na ito, maaaring manibago sila sa umpisa. Matatagpuan ng mga bagong kaibigan na ito ang kanilang sarili na humahalo sa isang ilog na may kakaibang pinagmulan, temperatura, at chemical composition—isang ilog na may sariling mga tradisyon, kultura, at bokabularyo. Ang bagong buhay na ito kay Cristo ay tila napakalaking bagay para sa kanila. Isipin sandali ang madarama nila kapag narinig nila sa unang pagkakataon ang mga salitang "FHE," "BYC," "Linggo ng ayuno," "binyag para sa mga patay," "triple combination," at marami pang iba.



Madaling maunawaan kung bakit pakiramdam nila ay hindi sila kabilang. Sa gayong mga sitwasyon, maaaring itanong nila sa kanilang sarili, "May lugar ba ako rito? Kabilang ba ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw? Kailangan ba ako ng Simbahan? Magkakaroon ba ako ng mga bagong kaibigan na handang tumulong at sumuporta sa akin?"

Mahal kong mga kaibigan, sa gayong mga sandali, tayo na nasa iba't ibang bahagi na ng mahabang paglalakbay ng pagkadisipulo ay kailangang iabot ang kamay ng pakikipagkapatiran sa mga bago nating kaibigan, tanggapin sila saan man sila naroon, at tulungan, mahalin, at gawin silang bahagi ng ating buhay. Lahat ng bagong kaibigan na ito ay mahahalagang anak ng Diyos.[10] Hindi natin maaatim na mawala ang kahit isa sa kanila dahil, tulad ng Amazon River na umaasa sa maliliit na ilog na dumadaloy rito, kailangan natin sila gaya ng kailangan nila tayo, upang maging malakas na puwersa ng kabutihan sa mundo.

Ang mga bago nating kaibigan ay may taglay na mga talento, sigla, at kabutihan na bigay ng Diyos. Ang sigasig nila sa ebanghelyo ay nakakahawa, kaya natutulungan tayo na pasiglahin ang ating patotoo. Taglay din nila ang mga bagong pananaw sa pagkaunawa natin sa buhay at ebanghelyo.

Matagal nang itinuturo sa atin kung paano natin matutulungan ang mga bagong kaibigan natin na madamang tinatanggap at minamahal sila sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo. Kailangan nila ang tatlong bagay upang manatili silang matatag at tapat habambuhay:

Una, kailangan nila ng mga kapatid sa Simbahan na talagang may malasakit sa kanila, tunay at tapat na mga kaibigan na palagi nilang malalapitan, na maghihikayat at susuporta sa kanila, at sasagot sa mga tanong nila. Bilang mga miyembro, dapat lagi tayong nakamasid at hanapin ang mga bagong mukha kapag dumadalo sa mga aktibidad at pulong sa Simbahan, anuman ang ating mga responsibilidad, gawain, o alalahanin. Magagawa natin ang mga simpleng bagay para tulungan ang mga bagong kaibigan na ito na madamang mahal sila at tanggap sila sa Simbahan, gaya ng masayang pagbati, taos-pusong pagngiti sa kanila, pag-upo sa tabi nila para umawit at sumamba, pagpapakilala sa kanila sa iba pang mga miyembro, at marami pang iba. Kapag binuksan natin ang ating puso sa mga bagong kaibigan natin sa ilan sa mga paraang ito, ginagawa natin ang ministering. Kapag nag-minister tayo sa kanila tulad ng ginawa ng Tagapagligtas, hindi nila madarama na sila ay parang "mga dayuhan sa loob ng ating bakuran." Madarama nila na kabilang sila at makikipagkaibigan sila, at higit sa lahat, madarama nila ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng ating tunay na pagmamalasakit.

Pangalawa, kailangan ng mga bagong kaibigan ang gawain o tungkulin—isang pagkakataon na maglingkod sa iba. Ang paglilingkod ay isa sa pinakamagandang aspeto ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ay isang paraan kung saan mas lalakas ang ating pananampalataya. Lahat ng bagong kaibigan ay dapat bigyan ng gayong pagkakataon. Bagama't ang bishop at ward council ang may responsibilidad na magbigay ng mga gawain o tungkulin pagkatapos nilang mabinyagan, walang nagbabawal sa atin, bilang mga miyembro, na anyayahan ang mga bagong kaibigan natin na

tulungan tayong maglingkod sa iba sa mga service project.

Pangatlo, ang mga bagong kaibigan ay kailangang "mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos."[11] Matutulungan natin silang magmahal at maging pamilyar sa mga banal na kasulatan kapag binabasa at tinatalakay natin ang mga turo kasama sila, nagbibigay ng konteksto ng mga kuwento at ipinaliliwanag ang mahihirap na salita. Matuturuan din natin sila kung paano tumanggap ng gabay para sa kanilang sarili sa pamamagitan ng regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Bukod pa rito, maaari nating tulungan ang ating mga bagong kaibigan sa sarili nilang tahanan at anyayahan sila sa ating tahanan sa ibang pagkakataon, na hindi kasabay ng regular na mga pulong at aktibidad sa ating Simbahan, at tulungan sila na makasama sa malaking ilog ng komunidad ng mga Banal.

Kapag naunawaan natin ang mga pagbabago at pagsubok o hamon na naranasan ng ating mga bagong kaibigan sa pagiging miyembro ng pamilya ng Diyos, bilang mga kapatid natin, maaari nating ibahagi kung paano natin nalampasan ang gayunding mga pagsubok o hamon sa ating buhay. Tutulungan sila nito na malaman na hindi sila nag-iisa at pagpapalain sila ng Diyos sa pagtitiwala nila sa Kanyang mga pangako.[12]

Kapag naghalo ang Solimões River at Negro River, ang Amazon River ay nagiging malaki at malakas. Sa gayon ding paraan, kapag tunay na nagkaisa tayo at ang mga bago nating kaibigan, ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ay mas lumalakas at mas tumatatag. Kami ng mahal kong si Rosana ay nagpapasalamat sa lahat ng tumulong sa amin na makaagapay sa bagong ilog na ito maraming taon na ang nakalipas, noong tanggapin namin ang ebanghelyo ni Jesucristo sa aming bansang Brazil. Sa lahat ng panahon, ang mga kahanga-hangang taong ito ay tunay na nag-minister sa amin at tinulungan kaming patuloy na dumaloy sa kabutihan. Lubos kaming nagpapasalamat sa kanila.

Alam na alam ng mga propeta noon sa Western Hemisphere kung paano dadaloy nang buong katapatan ang mga bagong kaibigan sa bagong ilog na ito ng kabutihan tungo sa buhay na walang-hanggan. Halimbawa, dahil nakita ang ating panahon at batid na makakaharap natin ang gayon ding mga hamon,[13] isinama ni Moroni ang ilan sa mahahalagang paraan na iyon sa mga isinulat niya sa Aklat ni Mormon:

"At matapos na sila ay matanggap sa pagbibinyag, at nahikayat at nalinis ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sila ay napabilang sa mga tao ng simbahan ni Cristo; at ang kanilang mga pangalan ay kinuha, upang sila ay maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, upang mapanatili sila sa tamang daan, upang patuloy silang mapanatili sa mataimtim na panalangin, umaasa lamang sa mga gantimpala ni Cristo, na siyang may akda at tagatapos ng kanilang pananampalataya.

"At ang mga kasapi sa simbahan ay madalas na nagtitipun-tipon upang mag-ayuno at manalangin, at makipag-usap sa bawat isa hinggil sa kapakanan ng kanilang mga kaluluwa."[14]

Mahal kong mga kasama sa gawain ng Panginoon, naniniwala akong higit pa ang ating magagawa at kailangang pagbutihin pa natin ang pagtanggap sa mga bagong kaibigan sa Simbahan. Inaanyayahan ko kayong pag-isipan ang magagawa natin para maging mas magiliw, mapagkaibigan, at matulungin sa kanila, simula mismo sa susunod na Linggo. Huwag hayaang maging sagabal ang inyong mga gawain sa Simbahan sa pagbati sa mga bagong kaibigan sa mga pulong at aktibidad ng Simbahan. Dahil higit sa lahat, ang mga kaluluwang ito ay mahalaga sa paningin ng Diyos at mas mahalaga kaysa mga programa at aktibidad. Kung magmiminister tayo sa mga bago nating kaibigan na puspos ng dalisay na pag-ibig ang ating puso tulad ng Tagapagligtas, nangangako ako sa inyo, sa Kanyang pangalan, na tutulungan Niya tayo sa ating mga pagsisikap. Kapag kumikilos tayo bilang matatapat na minister, tulad ng Tagapagligtas, matutulungan ang mga bagong kaibigan natin na manatiling matatag, masigasig, at tapat hanggang sa wakas. Makikiisa sila sa atin at tayo ay magiging malalakas na tao ng Diyos at tutulungan tayong dalhin ang tubig-tabang sa mundong talagang nangangailangan ng mga pagpapala ng ebanghelyo ni Jesucristo. Madarama ng mga anak na ito ng Diyos na sila ay hindi na "mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi mga kababayan na kasama ng mga banal."[15] Ipinapangako ko na madarama nila ang presensya ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, sa Kanyang sariling Simbahan. Patuloy silang susulong na kasama natin tulad ng ilog na patungo sa bukal ng lahat ng kabutihan hanggang sa tanggapin sila ng ating Panginoong Jesucristo na nakaunat ang mga bisig; at maririnig nilang sasabihin ng Ama, "Kayo ay *magkakaroon* ng buhay na walang hanggan."[16]

Inaanyayahan ko kayong hingin ang tulong ng Panginoon sa pagmamahal sa ating kapwa tulad ng pagmamahal Niya sa inyo. Sundin natin ang ipinayo ni Mormon: "Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo."[17] Ang mga katotohanang ito ay pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mga Taga Galacia 3:27–28; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:37.
3. Tingnan sa Mosias 3:19.
4. Tingnan sa Mosias 18:8.
5. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 13.
6. Moroni 7:47.
7. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2018, 68–75.
8. Tingnan sa Mosias 27:25.
9. I Ni Pedro 2:9.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:10.
11. Moroni 6:4; tingnan din sa "Paano Ako Makikipagtulungan sa mga Lider ng Stake at Ward?" *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero,* binagong edisyon (2018), lds.org/manual/missionary.
12. Tingnan sa 1 Nephi 7:12.
13. Tingnan sa Mormon 8:35.
14. Moroni 6:4–5.
15. Mga Taga Efeso 2:19.
16. 2 Nephi 31:20; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Moroni 7:48.



**Ni Elder Gerrit W. Gong**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Ating Siga ng Pananampalataya

*Para sa mga naghahanap, nagpapahintulot, nagsisikap na matamo ito, ang bukang-liwayway ng pananampalataya, kung minsan ay unti-unting dumarating o maaaring bumalik.*


Mahal kong mga kapatid, hindi ba't kagila-gilalas na makatanggap ng patuloy na paghahayag mula sa langit sa pamamagitan ni Pangulong Russell M. Nelson at ng mga lider natin sa Simbahan na nag-aanyaya sa ating mamuhay sa bago at mas banal na paraan,[1] sa tahanan at sa simbahan, nang ating buong puso, pag-iisip, at lakas?

Nagkaroon na ba kayo ng pagkakataong gawin ang isang bagay at nadama ninyong hindi kayo handa o kulang ang alam ninyo para dito ngunit napagpala kayo sa pagsisikap na gawin ito?

Naranasan ko na iyan. Narito ang isang halimbawa.

Ilang taon na ang nakalipas, si Elder Richard G. Scott, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay magiliw akong inanyayahan, "Gerrit, gusto mo bang samahan ako sa pagpinta gamit ang watercolor?"

Sinabi ni Elder Scott na ang pagpipinta ay tumutulong sa kanya na magmasid at makalikha. Isinulat niya: "Sikaping maging malikhain, kahit na ang mga resulta ay karaniwan lang. . . . Ang pagkamalikhain ay humihikayat ng pasasalamat para sa buhay at sa mga ipinagkaloob ng Panginoon sa inyo. . . . Kung matalino ang pagpili ninyo, hindi ito mangangailangan ng maraming oras."[2]



Campfire at Sunset [Siga sa Paglubog ng Araw], *ni Elder Richard G. Scott*

Inilarawan ni Pangulong Henry B. Eyring na ang kanyang mga gawain sa sining ay bunsod ng "damdamin ng pagmamahal," kabilang "ang pagmamahal sa Lumikha na umaasang ang Kanyang mga anak ay matutulad sa Kanya—na lilikha at bubuo."[3] Ang mga malikhaing gawa ni Pangulong Eyring ay nagbibigay ng "kakaiba, at espirituwal na pananaw sa patotoo at pananampalataya."[4]

Inilalarawan ng gawang-sining ni Pangulong Boyd K. Packer ang isang mahalagang mensahe ng ebanghelyo: "Ang Diyos ang Lumikha ng langit at ng lupa at ng lahat ng bagay na narito, na ang buong kalikasan ay nagpapatotoo sa paglikhang iyon na may banal na patnubay, at mayroong ganap na pagkakaisa ang kalikasan, siyensya, at ang ebanghelyo ni Jesucristo."[5]

Nagpatotoo si Alma na, "lahat ng bagay ay nagpapatunay na may Diyos."[6] Inaawit ng ating mga anak sa Primary, "T'wing maririnig huni ng ibon o langit ay mamasdan, . . . Anong ligaya ako'y mapabilang sa mundong likha ng Maylalang."[7] Binigyang-diin ng awtor na si Victor Hugo ang "mga mahimalang ugnayan ng mga nilalang at mga bagay; sa maganda at malaking sansinukob na ito, mula sa araw hanggang sa pinakamaliit na insekto. . . . Bawat ibong lumilipad ay may taglay na bahagi ng Diyos sa kanilang sarili. . . . Ang isang nebula ay tila isang punso ng mga bituin."[8]

At ibinabalik tayo niyan sa paanyaya ni Elder Scott.

"Elder Scott," sagot ko, "Nais kong maging mas mapagmasid pa at malikhain. Tuwang-tuwa ako kapag naiisip ko na nagpipinta ang Ama sa Langit gamit ang balumbon ng mga ulap at bawat kulay ng langit at tubig. Ngunit"—pag-aalangan ko—"Elder Scott," sabi ko, "hindi ako marunong magpinta

gamit ang watercolor. Nag-aalala ako na baka hindi ka masiyahan kung susubukan mo akong turuan."

Ngumiti si Elder Scott at sinabing magkita kami. Sa itinakdang araw, inihanda niya ang papel, mga pintura, at pinsel. Gumuhit siya ng ilang outline at tinulungan akong basain ang papel.

Ginamit naming modelo ang kanyang magandang watercolor painting na pinamagatang *Campfire at Sunset*. Habang nagpipinta kami, nag-usap kami tungkol sa pananampalataya—kung paanong kapag nakaharap tayo sa liwanag at init ng siga, tinatatalikuran natin ang kadiliman at kawalan ng katiyakan—na sa mahaba, malungkot na mga gabi, ang ating siga ng pananampalataya ay makapagbibigay ng pag-asa at katiyakan. At dumarating ang bukang-liwayway. Ang ating siga ng pananampalataya—ating mga alaala, karanasan, at pamana ng pananampalataya sa kabutihan ng Diyos at magigiliw na awa sa ating buhay—ang nagpalakas sa atin sa buong magdamag.

Ang aking patotoo ay—para sa mga naghahanap, nagpapahintulot, nagsisikap na matamo ito—ang bukang-liwayway ng pananampalataya, kung minsan ay unti-unting dumarating o maaaring bumalik. Darating ang liwanag kapag hinangad at hinanap natin ito, kapag tayo ay matiyaga at masunurin sa mga utos ng Diyos, kapag handa nating tanggapin ang biyaya, pagpapagaling, at mga tipan ng Diyos.

Nang magsimula kaming magpinta, sinabi ni Elder Scott, "Gerrit, kahit sa isang lesson may maipipinta ka na gugustuhin mong ingatan at alalahanin." Tama si Elder Scott. Pinahahalagahan ko ang watercolor ng aming siga ng pananampalataya na ipininta ko sa tulong ni Elder Scott. Ang aking kakayahan sa pagpipinta noon at ngayon ay limitado pa rin, ngunit ang alaala ng ating siga ng pananampalataya ay makahihikayat sa atin sa limang paraan.

Una, mahihikayat tayo ng ating siga ng pananampalataya na magalak sa makabuluhang pagkamalikhain.

May kagalakan sa paglalarawan sa isipan, pag-aaral, at, paggawa ng mga kapaki-pakinabang na bagong bagay. Totoo ito lalo na kapag pinalalakas natin ang pananampalataya at tiwala sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Hindi natin maaaring mahalin nang lubos ang ating sarili para mailigtas ang ating sarili. Ngunit mas mahal at mas kilala tayo ng Ama sa Langit kaysa sa pagmamahal at pagkakilala natin sa ating sarili. Mapagkakatiwalaan natin ang Panginoon at hindi aasa sa ating sariling kaunawaan.[9]

Nangyari na ba sa inyo na kayo lang ang hindi inimbita sa birthday party ng isang tao?

Nangyari na ba sa inyo na kayo ang huling pinili, o hindi napili, kapag pumipili ng mga sasali sa team?

Nakapaghanda na ba kayo para sa test sa paaralan, sa interbyu sa trabaho, sa isang pagkakataon na talagang gusto ninyo—at nadama ninyong nabigo kayo?

Nagdasal na ba kayo para sa isang relasyon na, sa kung anong dahilan, ay hindi naayos?

Dumanas na ba kayo ng malubhang karamdaman, iniwan ng asawa, nagdalamhati para sa inyong pamilya?

Alam ng ating Tagapagligtas ang ating mga kalagayan. Kapag ginamit natin ang kalayaan na ibinigay ng Diyos at ginamit ang lahat ng ating kakayahan nang may pagpapakumbaba at pananampalataya, matutulungan tayo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo na harapin ang mga hamon at kagalakan ng buhay. Kasama sa pananampalataya ang hangarin at pagpiling maniwala. Ang pananampalataya ay nagmumula rin sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, na ibinigay para pagpalain tayo, habang tinatahak natin ang Kanyang landas ng tipan.

Kapag tayo ay nakadama, o nakadarama, ng kawalang-katiyakan, pag-iisa, kalungkutan, galit, pagkabigo, panghihina ng loob, o pagkawalay sa Diyos at sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan, kinakailangan natin ng dagdag na pagsisikap at pananampalataya para muling makapasok sa Kanyang landas ng tipan. At sulit ito! Lumapit lamang, o muling lumapit, sa Panginoong Jesucristo! Ang pag-ibig ng Diyos ay higit na matibay kaysa sa mga gapos ng kamatayan—temporal o espirituwal.[10] Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay walang katapusan at walang hanggan. Bawat isa sa atin ay nag-aalinlangan at nabibigo. Tayo, sa sandaling panahon, ay maaaring maligaw ng landas. Buong pagmamahal na tinitiyak sa atin ng Diyos, saanman tayo naroon o anuman ang ating ginawa, palagi tayong makababalik sa Kanya. Naghihintay Siya at handa tayong yakapin.[11]

Pangalawa, mahihikayat tayo ng ating siga ng pananampalataya na mag-minister sa bago, mas dakila, at mas banal na mga paraan na puspos ng Espiritu.

Ang gayong pagmiministering ay nagdudulot ng mga himala at mga pagpapala ng pagiging kabilang sa tipan—kung saan dama natin ang pag-ibig ng Diyos at naghahangad na mag-minister sa iba sa gayong diwa.

Kamakailan, nakilala namin ni Sister Gong ang isang ama at pamilya na pinagpala ng isang matapat na kapatid sa priesthood na lumapit sa kanilang bishop at nagtanong kung siya (ang kapatid sa priesthood) ay maaaring maging kompanyon ng ama sa home teaching. Ang ama ay hindi aktibo noon at di interesado sa home teaching. Ngunit nang magbago ang puso ng ama, siya at ang mapagmahal na priesthood brother na ito ay nagsimulang bumisita sa mga pamilya na "naka-assign" sa kanila. Matapos ang pagbisitang iyon, ang kanyang kabiyak—na hindi rin nagsisimba noon—ay nangumusta sa kanya. Sinabi ng ama, "May naramdaman akong kakaiba"—at pagkatapos ay nagpunta sa kusina para kumuha ng beer.[12]

Ngunit ang bawat karanasan ay nasundan pa: mga espirituwal na karanasan, serbisyo sa ministering, pagbabago ng mga puso, temple preparation class, pagsisimba, pagkabuklod bilang pamilya sa banal na templo. Isipin ninyo kung gaano ang pasasalamat ng mga anak at mga apo sa kanilang ama at ina at sa ministering brother na dumating bilang kaibigan at kasama ng kanilang ama para mahalin at mag-minister sa iba.

Ang pangatlong siga ng pananampalataya ay paghikayat: ang malikhaing kagalakan at mga pagpapala ng

ebanghelyo ay dumarating kapag hinahangad nating mahalin ang Panginoon at ang ating kapwa nang buong puso at kaluluwa natin.


Inaanyayahan tayo ng mga banal na kasulatan na ilagay ang lahat ng ating pagsisikap sa altar ng pagmamahal at paglilingkod. Sa Lumang Tipan, ipinayo sa atin na "ibigin ang Panginoon mong Dios" nang buong puso, kaluluwa, at isipan natin.[13] Ipinayo ni Josue, "Ibigin ang Panginoon ninyong Dios, . . . lumakad sa lahat niyang mga daan, . . . ingatan ang kaniyang mga utos, . . . lumakip sa kaniya, at . . . maglingkod sa kaniya ng buo ninyong puso at ng buo ninyong kaluluwa."[14]

Sa Bagong Tipan, ipinahayag ng ating Tagapagligtas ang dalawang dakilang utos: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, . . . at ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili."[15]

Sa Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo, si Haring Benjamin ay gumawa "nang buong lakas ng kanyang katawan at ng pandama ng kanyang buong kaluluwa" at nakapagtatag ng kapayapaan sa lupain.[16] Sa Doktrina at mga Tipan, gaya ng alam ng lahat ng missionary, iniuutos ng Panginoon na maglingkod tayo sa Kanya nang "buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas."[17] Nang pumasok ang mga Banal sa Jackson County, iniutos sa kanila ng Panginoon na panatilihing banal ang Sabbath, na "ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong puso, nang buo ninyong kapangyarihan, pag-iisip, at lakas; at sa pangalan ni Jesucristo paglingkuran ninyo siya."[18]

Nagagalak tayo sa paanyayang ilaan ang ating buong kaluluwa sa paghahanap ng mas dakila at mas banal na mga paraan para mahalin ang Diyos at ang mga taong nasa paligid natin at palakasin ang ating pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa ating puso at sa ating tahanan at sa simbahan.

Pang-apat, hinihikayat tayo ng ating siga ng pananampalataya na magtatag ng regular na mga huwaran ng mabuting pamumuhay na nagpapalakas ng pananampalataya at espirituwalidad.



Ang mga banal na kaugalian, mabubuting asal, o mapanalangin na huwarang ito ay maaaring kabilangan ng panalangin; pag-aaral ng banal na kasulatan; pag-aayuno; pag-alala sa ating Tagapagligtas at mga tipan sa ordenansa ng sakramento; pagbabahagi ng mga biyaya ng ebanghelyo sa pamamagitan ng missionary, gawain sa templo at family history, at iba pang serbisyo; pagsusulat ng mga espirituwal na bagay sa personal journal; at iba pa.

Kapag ang mabubuting huwaran at espirituwal na mga hangarin ay nagkaugnay, ang panahon at kawalang-hanggan ay nagkakasama. Ang espirituwal na liwanag at buhay ay dumarating kapag ang paggawa sa mga gawaing pangrelihiyon ay naglalapit sa atin sa Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Kapag mahal natin ang diwa at katuturan ng batas, ang mga bagay ng kawalang-hanggan ay dahan-dahang dadaloy sa ating kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit.[19] Sa pamamagitan ng araw-araw na pagsunod at ng tubig na buhay na nagpapasigla, nakakahanap tayo ng mga sagot, pananampalataya, at lakas upang maharap ang mga hamon at pagkakataon sa araw-araw nang may tiyaga, pananaw, at kagalakan ng ebanghelyo.

Panglima, kapag sinunod natin ang pinakamaiinam na huwaran habang naghahanap ng bago at mas banal na mga paraan na mahalin ang Diyos at matulungan tayo at ang iba pa na maghanda na makita Siya, ang ating siga ng pananampalataya ay makahihikayat sa atin na alalahanin na ang pagiging sakdal o perpekto ay na kay Cristo, wala sa ating sarili o sa pananaw ng mundo tungkol sa pagiging perpekto.

Ang mga paanyaya ng Diyos ay puno ng pagmamahal at posibilidad dahil si Jesucristo "ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay."[20] Sa mga nangabibigatan, ang paanyaya Niya ay, "Magsiparito sa akin," at sa mga lumalapit sa Kanya, nangangako Siya na, "kayo'y aking papagpapahingahin."[21] "Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, . . . ibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo."[22]

Sa katiyakang ito na "sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay [magiging] ganap kay Cristo" ay naroon din ang kapanatagan, kapayapaan, at pangako na makasusulong tayo nang may pananampalataya at tiwala sa Panginoon kahit na ang mga bagay ay hindi nangyayari tulad ng ating inaasahan, o marahil nararapat sa atin, bagama't hindi natin kasalanan, kahit ginawa natin ang lahat ng ating makakaya.

Sa iba't ibang panahon at paraan, nakadarama tayong lahat ng kakulangan, kawalan ng katiyakan, at marahil ng hindi pagiging karapat-dapat. Gayunman sa ating matapat na pagsisikap na mahalin ang Diyos at mag-minister sa ating kapwa, maaari nating madama ang pagmamahal ng Diyos at ang inspirasyong kailangan para sa kanila at sa ating buhay sa bago at mas banal na mga paraan.

Nang nahahabag, ang Tagapagligtas ay naghikayat at nangako na maaari tayong "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao."[23] Ang doktrina ni Cristo, ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas, at ang pagtahak

nang ating buong kaluluwa sa Kanyang landas ng tipan ay makatutulong para malaman natin ang Kanyang mga katotohanan at magpapalaya sa atin.[24]

Pinatototohanan ko na ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo at Kanyang plano ng kaligayahan ay ipinanumbalik at itinuturo sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sa banal na kasulatan, at ng mga propeta mula kay Propetang Joseph Smith hanggang kay Pangulong Russell M. Nelson ngayon. Nagpapatotoo ako na ang Kanyang landas ng tipan ay humahantong sa ipinangakong pinakadakilang kaloob ng ating mapagmahal na Ama sa Langit: "Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan."[25]

Nawa ang Kanyang mga pagpapala at walang hanggang kagalakan ay mapasaatin habang pinasisigla natin ang ating puso at pag-asa at pangako sa ating siga ng pananampalataya, ang dalangin ko sa sagrado at banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ministering," *Liahona,* Mayo 2018, 100.
2. Richard G. Scott, *Finding Peace, Happiness, and Joy* (2007), 162–63; sinipi sa *Elder Richard G. Scott Art Exhibit: A Self-Guided Tour* (polyeto, 2010).
3. *A Visual Journal: Artwork of Henry B. Eyring* (buklet, 2017), 2.
4. *A Visual Journal,* 28.
5. Boyd K. Packer, *The Earth Shall Teach Thee: The Lifework of an Amateur Artist* (2012), ix.
6. Alma 30:44.
7. "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 16–17.
8. Victor Hugo, *Les Misérables,* salin Julie Rose (New York: Random House, 2008), 728.
9. Tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–6.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:44.
11. Tingnan sa Lucas 15:20.
12. Ang karanasan ay ginamit nang may pahintulot.
13. Deuteronomio 6:5.
14. Josue 22:5.
15. Lucas 10:27.
16. Mga Salita ni Mormon 1:18.
17. Doktrina at mga Tipan 4:2.
18. Doktrina at mga Tipan 59:5.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:45–46.
20. Juan 14:6.
21. Mateo 11:28.
22. Moroni 10:32.
23. 2 Nephi 31:20.
24. Tingnan sa Juan 8:32.
25. 2 Nephi 31:20.



**Ni Elder Paul B. Pieper**
Ng Pitumpu

# Lahat ng Tao ay Kailangang Taglayin sa Kanilang Sarili ang Pangalang Ibinigay ng Ama

*Ang pangalan ng Tagapagligtas ay may kakaiba at napakahalagang kapangyarihan. Ito lamang ang pangalan kung saan posible ang kaligtasan.*

Ilang linggo na ang nakalipas, nakibahagi ako sa binyag ng ilang mga bata na walong taong gulang. Nagsimulang matutuhan nila ang ebanghelyo ni Jesucristo mula sa kanilang mga magulang at mga guro. Ang binhi ng kanilang pananampalataya sa Kanya ay nagsimulang lumaki. At ngayon ay nais nilang sumunod sa Kanya sa mga tubig ng binyag upang maging mga miyembro ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Habang minamasdan ko ang pananabik nila, naisip ko kung gaano nila nauunawaan ang tungkol sa isa sa mahahalagang aspeto ng tipan nila sa binyag: ang pangako nilang taglayin ang pangalan ni Jesucristo sa kanilang sarili.

Mula sa simula, ipinahayag na ng Diyos ang kahalagahan ng pangalan ni Jesucristo sa Kanyang plano para sa atin. Itinuro ng isang anghel sa ating unang ama, si Adan, "Gawin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa pangalan ng Anak, at ikaw ay magsisi at



manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak magpakailanman."[1]

Ang propeta sa Aklat ni Mormon na si Haring Benjamin ay nagturo sa kanyang mga tao, "Walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan [darating] ang kaligtasan."[2]

Inulit ng Panginoon ang katotohanan na ito kay Propetang Joseph Smith: "Masdan, Jesucristo ang pangalang ibinigay ng Ama, at wala nang iba pang pangalan na ibinigay kung saan ang tao ay maliligtas."[3]

Sa panahon natin, itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks na "ang mga sumasampalataya sa sagradong pangalan ni Jesucristo . . . at pumapasok sa kanyang tipan . . . ay may karapatan sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo."[4]

Nais ng ating Ama sa Langit na malinaw nating maunawaan na ang pangalan ng Kanyang Anak, na Jesucristo, ay hindi basta pangalan lamang tulad ng iba. Ang pangalan ng Tagapagligtas ay may kakaiba at napakahalagang kapangyarihan. Ito lamang ang pangalan kung saan posible ang kaligtasan. Sa pagbibigay-diin sa katotohanang ito sa bawat dispensasyon, tinitiyak ng ating mapagmahal na Ama sa lahat ng Kanyang mga anak na may paraan pabalik sa Kanya. Ngunit ang pagkakaroon ng tiyak na paraan ay hindi nangangahulugan na tiyak na ang pagbabalik natin. Sinasabi sa atin ng Diyos na kailangan nating kumilos: "Dahil dito, lahat ng tao ay kailangang *taglayin* sa kanilang sarili ang pangalang ibinigay ng Ama."[5]

Upang magamit ang nagliligtas na kapangyarihan na dumarating lamang sa pangalan ni Cristo, kailangan "[tayong magpakumbaba] sa harapan ng Diyos . . . at humarap nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu . . . at pumapayag na *taglayin sa [ating] sarili ang pangalan ni Jesucristo*" at sa gayon ay maging karapat-dapat, gaya ng mga kaibigan kong walong taong gulang, na "tatanggapin sa pamamagitan ng pagbibinyag sa kanyang simbahan."[6]

Lahat ng taos-pusong naghahangad na taglayin ang pangalan ng Tagapagligtas sa kanilang sarili ay kailangang maging marapat at tanggapin ang ordenansa ng binyag bilang patunay sa Diyos ng kanilang desisyon.[7] Ngunit ang binyag ay simula pa lamang.

Ang salitang *taglayin* ay hindi nangangahulugang wala kayong gagawin. Ito ay pandiwa na maraming kahulugan.[8] Gayon din naman, ang pangako nating taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo ay nangangailangan ng pagkilos at marami itong bahagi.

Halimbawa, ang isang kahulugan ng salitang *taglayin* ay *makibahagi* ng o tanggapin sa katawan, gaya nang kapag *umiinom* tayo. Sa pagtataglay natin ng pangalan ni Cristo sa ating sarili, nangangako tayong *tatanggapin* ang Kanyang mga aral, Kanyang mga katangian, at sa huli ang Kanyang pagmamahal sa kaibuturan ng ating pagkatao upang maging bahagi ito ng pagkatao natin. Ganyan ang kahalagahan ng paanyaya ni Pangulong Nelson sa mga young adult na "mapanalangin at buong sigasig na [hangaring] maunawaan kung ano ang *personal* na kahulugan para sa [kanila] ng bawat isa sa mga titulo at mga pangalan ng [Tagapagligtas]"[9] at magpakabusog sa mga salita ni Cristo na nasa mga banal na kasulatan, lalo na sa Aklat ni Mormon.[10]

Ang isa pang kahulugan ng salitang *taglayin* ay tanggapin ang isang tao sa papel na ginagampanan niya o tanggapin ang katotohanan ng isang ideya o alituntunin. Kapag tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, tinatanggap natin Siya bilang ating Tagapagligtas at patuloy na tinatanggap ang Kanyang mga turo bilang gabay sa ating buhay. Sa bawat makabuluhang desisyong ginagawa natin, maaari nating *tanggapin* na totoo ang Kanyang ebanghelyo at masunuring sundin ito ng ating buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas.

Ang salitang *taglayin* ay maaaring mangahulugan din ng iayon natin ang ating sarili sa isang pangalan o adhikain. Naranasan na ng karamihan sa atin ang *pagtupad ng* responsibilidad sa trabaho o *pagsuporta* sa isang adhikain o kilusan. Kapag tinataglay natin ang pangalan ni Cristo sa ating sarili, tinutupad natin ang mga responsibilidad ng isang tunay na disipulo, itinataguyod natin ang Kanyang adhikain, at tayo'y "[tumatayo] bilang mga saksi [Niya] sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] ay maaaring naroroon."[11] Si Pangulong Nelson ay nanawagan sa "*bawat* kabataang babae at *bawat* kabataang lalaki . . . na sumali sa hukbo ng kabataan ng Panginoon para tumulong sa pagtipon ng Israel."[12] At tayong lahat ay nagpapasalamat na tanggapin ang panawagan ng propeta na gamitin ang pangalan ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan na inihayag mismo ng Tagapagligtas: Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[13]

Sa proseso ng pagtataglay natin ng pangalan ng Tagapagligtas, kailangan nating maunawaan na ang adhikain ni Cristo at ng Kanyang Simbahan ay iisa at magkapareho. Hindi mapaghihiwalay ang mga ito. Gayundin, ang ating pagiging disipulo sa Tagapagligtas at pagiging aktibong miyembro sa Kanyang Simbahan ay hindi rin mapaghihiwalay. Kung nag-aalangan tayo na gawin ang isa, ang ating pangako sa isa pa ay mawawalan ng halaga, at ito ay tiyak na mangyayari.

Nag-aalangan ang ilan na taglayin ang pangalan ni Jesucristo at ang Kanyang adhikain dahil para sa kanila ito ay napakahigpit, naglilimita, at para silang nakakulong. Sa katunayan, ang pagtataglay natin ng pangalan ni Cristo ay nagpapalaya at nagpapaunlad. Pinupukaw nito ang hangaring nadama natin nang tanggapin natin ang plano ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa Tagapagligtas. Taglay ang tapat na hangaring ito sa ating puso, matutuklasan natin ang tunay na layunin ng mga kaloob at talentong ibinigay sa atin ng langit, mararanasan ang Kanyang pagmamahal na nagbibigay kakayahan, at mag-iibayo ang ating pagmamalasakit sa kapakanan ng iba. Sa pagtataglay natin ng pangalan ng Tagapagligtas, tunay na nananangan tayo sa bawat mabuting bagay at magiging tulad Niya.[14]

Mahalagang alalahanin na ang pagtataglay ng pangalan ng Tagapagligtas ay gaya ng isang pangako sa tipan—nagsisimula sa tipang ginawa natin sa binyag. Itinuro ni Pangulong Nelson,

"Ang [ating] pangako na sundin ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa Kanya at pagsunod sa mga tipang iyon ang magbubukas ng pinto sa bawat espirituwal na mga pagpapala at pribilehiyo na makukuha."[15] Isa sa mga banal na pribilehiyo ng pagtataglay natin ng pangalan ng Tagapagligtas sa ating sarili sa pamamagitan ng binyag ay ang pagbibigay-daan nito sa kasunod na ordenansa sa landas ng tipan, ang ating kumpirmasyon. Nang tanungin ko ang isa sa mga kaibigan kong walong taong gulang kung ano ang ibig sabihin sa kanya ng pagtataglay ng pangalan ni Cristo, ang sagot lang niya ay, "Ibig sabihin po ay mapapasaakin ang Espiritu Santo." Tama siya.

Ang kaloob na Espiritu Santo ay natatanggap sa kumpirmasyon pagkatapos nating matanggap ang ordenansa ng binyag. Ang kaloob na ito ay ang karapatan at pagkakataong makasama natin sa tuwina ang Espiritu Santo. Kung pakikinggan at susundin natin ang Kanyang marahang, bulong na tinig, pananatilihin Niya tayo sa landas ng tipan na pinasok natin sa pamamagitan ng binyag, babalaan tayo kapag natutukso tayong lumayo rito, at hihikayatin tayong magsisi at magbago kung kailangan. Ang pagtutuunan natin pagkatapos ng binyag ay ang mapanatiling kasama natin ang Espiritu Santo upang patuloy tayong sumulong sa landas ng tipan. Ang Espiritu Santo ay mapapasaatin lamang kung pananatilihin nating malinis ang ating buhay at malaya sa kasalanan.

Dahil dito, naglaan ang Panginoon ng paraan para patuloy nating panibaguhin ang nakadadalisay na epekto ng ating binyag sa pamamagitan ng isa pang ordenansa—ang sakramento. Bawat linggo maaari nating "patunayan . . . na [tayo] ay *pumapayag na taglayin [muli] sa [ating sarili] ang pangalan [ng] Anak*"[16] sa pamamagitan ng pagkuha at *pagkain* sa mga sagisag ng laman at dugo ng Panginoon—ang tinapay at tubig—at *pagtanggap* sa mga ito sa ating mismong kaluluwa. Kapalit nito, ginagawa muli ng Tagapagligtas ang Kanyang mahimalang paglilinis at



ginagawa tayong marapat na patuloy na magabayan ng Espiritu Santo. Hindi ba ito patunay ng walang hanggang awa na matatagpuan lamang sa pangalan ni Jesucristo? Tulad ng pagtataglay natin ng Kanyang pangalan sa *ating* sarili, pinapasan *Niya* ang ating mga kasalanan at kalungkutan, at ang Kanyang bisig ay "nakaunat pa rin"[17] para yakapin tayo ng Kanyang pagmamahal.[18]

Ang sakramento ay lingguhang paalala na ang *pagtataglay* natin sa ating sarili ng pangalan ni Jesucristo ay matibay at tuluy-tuloy na pangako, hindi isang kaganapan lamang na nangyari sa araw ng ating binyag.[19] Patuloy at paulit-ulit nating matatamasa ang "dakilang pag-aalay, bilang bayad-sala, dito ang sakramento ay nagsisilbing tanda."[20] Kaya hindi nakapagtataka na kapag nauunawaan ng mga anak ng Diyos ang makapangyarihan, espirituwal na mga pagpapala na maaaring magmula sa pagtataglay nila ng pangalan ni Cristo, palagi silang nagagalak at hangad nila palagi na makipagtipan sa kanilang Diyos.[21]


Sa pagtahak natin sa banal na landas ng tipan, ang ating pangako at pagsisikap na taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo ay magbibigay sa atin ng lakas na "panatilihing laging nakasulat ang [Kanyang] pangalan sa [ating] mga puso."[22] Mamahalin natin ang Diyos at ang ating kapwa at makadarama ng hangaring mag-minister sa kanila. Susundin natin ang Kanyang mga kautusan at hahangaring mas mapalapit sa Kanya sa pamamagitan ng karagdagang pakikipagtipan sa Kanya. Kapag nadama nating nanghihina tayo at hindi makakilos ayon sa ating matwid na mga hangarin, sasamo tayo na bigyan tayo ng lakas na dumarating lamang sa pamamagitan ng Kanyang pangalan, at tutulungan Niya tayo. Kapag buong katapatan tayong nakapagtiis, darating ang araw na makikita natin Siya at makakasama Siya, at makikita natin na tayo ay naging katulad Niya, na nagpamarapat sa atin na makabalik sa kinaroroonan ng Ama.

Dahil tiyak ang pangako ng Tagapagligtas: ang mga "[nani]niwala sa pangalan ni Jesucristo, at [sinasamba] ang Ama sa kanyang pangalan, at mag[ti]tiis nang may pananampalataya sa kanyang pangalan hanggang wakas"[23] ay maliligtas sa kaharian ng Diyos. Kasama ninyo, nagagalak ako na ang walang katulad na mga pagpapalang ito ay naging posible sa pamamagitan ng pagtataglay sa ating sarili ng pangalan ni Jesucristo, na sa Kanyang pangalan at sa pangalang ito ako ay nagpapatotoo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Moises 5:8.
2. Mosias 3:17.
3. Doktrina at mga Tipan 18:23.
4. Dallin H. Oaks, "Taking upon Us the Name of Jesus Christ," *Ensign,* Mayo 1985, 82.
5. Doktrina at mga Tipan 18:24; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Doktrina at mga Tipan 20:37; idinagdag ang pagbibigay-diin.
7. Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks: "Tinataglay natin ang pangalan ng ating

Tagapagligtas sa ating sarili kapag naging miyembro tayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . . Bilang mga tunay na naniniwala kay Cristo, bilang mga Kristiyano, masaya nating tinataglay ang kanyang pangalan sa ating sarili" ("Taking upon Us the Name of Jesus Christ," 80).
8. Nakalista sa Merriam-Webster online dictionary, ang 20 kahulugan ng transitive form ng pandiwang *take,* na siyang uri ng pandiwa na ginamit sa pariralang "taglayin natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo" (tingnan sa merriam-webster.com/dictionary/take).
9. Russell M. Nelson, "Mga Propeta, Pamumuno, at Batas ng Diyos" (pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Ene. 8, 2017), broadcasts.lds.org.
10. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" *Liahona,* Nob. 2017, 60–63.
11. Mosias 18:9.
12. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), hopeofisrael.lds.org.
13. "Ipinaalam sa akin ng Panginoon ang kahalagahan ng pangalang naihayag Niya para sa Kanyang Simbahan, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Marami tayong gagawin upang maiayon ang ating sarili sa Kanyang kalooban" (Russell M. Nelson, sa "The Name of the Church" [official statement, Ago. 16, 2018], mormonnewsroom.org).
14. Tingnan sa Moroni 7:19.
15. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.
16. Doktrina at mga Tipan 20:77; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. 3 Nephi 9:14; tingnan din sa Alma 5:33–34.
18. Tingnan sa 2 Nephi 1:15.
19. "Kapag ipinakita natin ang ating *pagpayag* na taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo, ipinahihiwatig natin na tutuparin natin ang ating pangako na gagawin ang lahat ng ating makakaya upang matamo ang buhay na walang hanggan sa kaharian ng ating Ama. Ipinahahayag natin ang ating kandidatura—ang ating determinasyon na magsikap na matamo ang—kadakilaan sa kahariang selestiyal. . . .
"... Ang ipinakikita natin ay hindi ang *pagtataglay* natin ng kanyang pangalan kundi ang *pagpayag* natin na gawin ito. Sa diwang ito, ang ating patotoo ay nauugnay sa mangyayari sa hinaharap o sa katayuan na nakamtan hindi lamang dahil sa sarili nating pagsisikap, kundi nakabatay sa awtoridad o inisyatibo mismo ng Tagapagligtas" (Dallin H. Oaks, "Taking upon Us the Name of Jesus Christ," 82, 83).
20. "Amang Walang Hanggan," *Mga Himno,* blg. 104.
21. Tingnan sa Mosias 5; 6; 18; 3 Nephi 19.
22. Mosias 5:12.
23. Doktrina at mga Tipan 20:29.



**Ni Elder Dieter F. Uchtdorf**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Maniwala, Magmahal, Gumawa

*Nakakamit natin ang saganang buhay sa pagiging tunay na mga disipulo ni Jesucristo—sa pagsunod sa Kanyang mga landas at paggawa ng Kanyang gawain.*

Mahal kong mga kapatid, masayang okasyong ito na makasama kayo sa napakagandang sesyong ito ng pangkalahatang kumperensya: makinig sa mga inspiradong mensahe; mapakinggan ang mahusay na koro ng mga missionary na kumakatawan sa napakaraming missionary sa buong mundo—mga anak nating babae at lalaki—at lalo na ang magkaisa sa ating pananampalataya ngayon, sinasang-ayunan muli ang ating mahal na Pangulo at propeta na si Pangulong Russell M. Nelson, ang Unang Panguluhan, at ang mga General Officer ng Simbahan. Napakasaya na kasama ko kayo sa araw na ito.



Si Haring Salomon noon ay isa sa pinakamatagumpay na tao sa kasaysayan.[1] Parang nasa kanya na ang lahat—salapi, kapangyarihan, paghanga, paggalang. Ngunit makalipas ang mga dekada ng pagpapasasa sa sarili at luho, paano inilarawan ni Haring Salomon ang kanyang buhay?

"Lahat ay walang kabuluhan,"[2] sabi niya.

Ang taong ito, na nagkaroon ng lahat, ay nawalan ng pag-asa, naging negatibo, at malungkot sa huli, sa kabila ng lahat ng kalamangan niya.[3]

May isang salita sa German na, *Weltschmerz*. Sa simpleng salita, ang ibig sabihin nito ay kalungkutan na nagmumula sa malungkot na pag-iisip kung bakit nagkagayon ang mundo.

Siguro may kaunting *Weltschmerz* sa ating lahat.

Kapag nalulungkot tayo nang hindi natin namamalayan. Kapag nakadama tayo ng lungkot sa buong maghapon at magdamag. Kapag may nangyaring

trahedya at kawalan ng hustisya sa ating buhay, at sa mga mahal natin sa buhay. Kapag nadarama natin na maraming nangyayaring hindi maganda sa buhay natin, at ang pasakit ay nagpapalungkot sa atin at pumapawi ng ating kapayapaan—maaaring matukso tayong sumang-ayon kay Salomon na ang buhay ay walang kabuluhan at walang halaga.



### Ang Malaking Pag-asa

Ang mabuting balita ay, mayroong pag-asa. May solusyon sa kahungkagan, kawalan ng kabuluhan, at *Weltschmerz* ng buhay. May solusyon maging sa pinakamatinding kawalan ng pag-asa at kalungkutan na inyong nadarama.

Ang pag-asang ito ay nasa nagpapabagong kapangyarihan ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa kapangyarihang tumubos ng Tagapagligtas upang pagalingin ang maysakit nating kaluluwa.

"Ako'y naparito," sabi ni Jesus, "upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito."[4]

Nakakamtan natin ang masaganang buhay na iyon hindi dahil sa pagtutuon sa sarili nating mga pangangailangan o sa sarili nating mga nagawa kundi sa pagiging tunay na mga disipulo ni Jesucristo—sa pagsunod sa Kanyang landas at paggawa sa Kanyang gawain. Natatagpuan natin ang masaganang buhay sa paglimot sa ating sarili at pakikibahagi sa dakilang layunin ni Cristo.

At ano ang layunin ni Cristo? Ito ay ang maniwala sa Kanya, magmahal gaya ng pagmamahal Niya, at gawin ang ginawa Niya.

Si Jesus ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti."[5] Lumakad Siyang kasama ng mga maralita, mga palaboy, mga maysakit, at nangapahiya. Nagministeryo Siya sa mga walang kakayahan, mahihina, at walang kaibigan. Nag-ukol Siya ng panahon sa kanila; kinausap Niya sila. "At kaniyang pinagaling silang lahat."[6]

Saan man Siya magpunta, itinuro ng Tagapagligtas ang "mabuting balita"[7] ng ebanghelyo. Ibinahagi Niya ang mga walang hanggang katotohanan na espirituwal na nagpapalaya sa tao gayundin sa temporal.

Matutuklasan ng mga tao na naglaan ng kanilang sarili sa layunin ni Cristo ang katotohanan ng pangako ng Tagapagligtas: "Sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon."[8]

Mali si Salomon, mahal kong mga kapatid—ang buhay ay hindi "walang kabuluhan." Sa kabilang banda, ito ay maaaring mapuno ng layunin, kahulugan, at kapayapaan.

Ang nakapagpapagaling na mga kamay ni Jesucristo ay nakaunat sa lahat ng naghahanap sa Kanya. Nalaman ko nang walang alinlangan na ang paniniwala at pagmamahal sa Diyos at pagsisikap na sundin si Cristo ay makapagpapabago sa ating puso,[9] makapagpapagaan sa ating pasakit, at pupunuin ang ating kaluluwa ng "labis na kagalakan."[10]

### Maniwala, Magmahal, Gumawa

Mangyari pa kailangang may gawin pa tayo bukod sa pagkakaroon ng kahusayan sa pag-unawa ng ebanghelyo upang mapagaling nito ang ating buhay. Kailangan natin itong ilakip sa ating buhay—gawin itong bahagi ng pagkatao natin at ng ginagawa natin.

Iminumungkahi ko na ang pagkadisipulo ay nagsisimula sa tatlong simpleng salita:

*Maniwala, magmahal,* at *gumawa.*

Ang paniniwala sa Diyos ay humahantong sa pananampalataya sa Kanya at pagtitiwala sa Kanyang salita. Dahil sa pananampalataya nadaragdagan ang pagmamahal sa ating puso para sa Diyos at sa ating kapwa. Kapag lumaki ang pagmamahal na iyan, mahihikayat tayo na tularan ang Tagapagligtas habang patuloy nating tinatahak ang landas ng pagkadisipulo.

"Ngunit," sasabihin ninyo, "parang napakasimple niyan. Ang mga problema sa buhay, lalo na ang mga problema ko, ay napakakumplikado para sa ganyan kasimpleng payo. Hindi ninyo malulunasan ang *Weltschmerz* sa tatlong simpleng salitang ito: *Maniwala, magmahal, gumawa.*"

Hindi ang kasabihan ang nagpapagaling. Ang pag-ibig ng Diyos ang sumasagip, nagpapanumbalik, at bumubuhay muli.

Kilala kayo ng Diyos. Kayo ay Kanyang anak. Mahal Niya kayo.

Kahit pa iniisip ninyong hindi kayo kaibig-ibig, tinutulungan Niya kayo.

Sa araw na ito mismo—sa bawat araw—tinutulungan Niya kayo, ninanais na pagalingin kayo, iangat kayo, at palitan ang kahungkagan sa puso ninyo ng walang hanggang kagalakan. Nais Niyang pawiin ang anumang kadiliman na lumalambong sa buhay ninyo at punuin ito ng sagrado at maningning na liwanag ng Kanyang walang katapusang kaluwalhatian.

Naranasan ko ito mismo.

At pinatototohanan ko bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo na lahat ng lumalapit sa Diyos—lahat ng tunay na *naniniwala, nagmamahal,* at *gumagawa*—ay mararanasan ang gayon din.

### Tayo ay Naniniwala

Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na "kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa [Dios]; sapagka't ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios."[11]

Para sa ilan, mahirap ang maniwala. Kung minsan pinipigilan tayo ng kapalaluan. Siguro iniisip natin na dahil tayo ay matalino, nakapag-aral, o maraming karanasan, hindi natin magagawang maniwala sa Diyos. At sinisimulan nating ituring ang relihiyon na isang hangal na tradisyon.[12]

Sa karanasan ko, ang paniniwala ay hindi lamang isang ipinintang larawan na tinitingnan natin at hinahangaan at pinag-uusapan at pinag-iisipan ngunit hindi naman totoo para sa atin. Ito ay mas nahahalintulad sa isang araro na dadalhin natin sa bukid at, sa pagpapawis natin, lumilikha ng mga tudling sa lupa na tumatanggap ng mga binhi at nagbubunga.[13]

Magsilapit kayo sa Dios, at Siya'y lalapit sa inyo.[14] Ito ang pangako sa lahat ng naghahangad na maniwala.

### Tayo ay Nagmamahal

Inihahayag ng mga banal na kasulatan na kapag mas minamahal natin ang Diyos at ang Kanyang mga anak, nagiging mas maligaya tayo.[15] Ang pagmamahal na binanggit ni Jesus, gayunman, ay hindi isang bagay na gagamitin lang kapag kailangan, itatapon pagkatapos, at magtutuon na sa ibang bagay. Hindi ito pag-ibig na binibigkas at pagkatapos ay kinalilimutan. Hindi ito ang "pakunwaring pagmamahal na wala namang ginagawa para ipakita ang tunay na malasakit."

Ang pagmamahal na sinasabi ng Diyos ay ang uri ng pagmamahal na pumapasok sa ating puso paggising natin sa umaga, taglay natin sa maghapon, at lumalaki sa ating puso kapag nagdarasal tayo para magpasalamat sa gabi.

Ito ay hindi maaarok na pagmamahal ng Ama sa Langit para sa atin.

Ito ay walang katapusang awa na nagtutulot na makita natin nang mas malinaw ang ibang tao sa kung sino sila. Sa pamamagitan ng lente ng dalisay na pagmamahal, nakikita natin ang mga imortal na nilalang na walang hanggan ang potensyal at kahalagahan at minamahal na mga anak ng Makapangyarihang Diyos.

Kapag tumingin tayo sa pamamagitan ng lenteng iyon, hindi natin mamaliitin, babalewalain, o huhusgahan ang iba.

### Tayo ay Gumagawa

Sa gawain ng Tagapagligtas, kadalasan ay sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang paraan "naisasakatuparan ang mga dakilang bagay."[16]

Alam nating kailangan ang paulit-ulit na paggawa upang maging mahusay sa anumang bagay. Ito man ay pagtugtog ng clarinet, pagsipa ng bola papunta sa net, pagkumpuni ng kotse, o pagpapalipad ng eroplano, sa pamamagitan ng pagpapraktis tayo mas humuhusay.[17]

Ang organisasyon na itinatag ng ating Tagapagligtas sa lupa—Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—ay tumutulong sa atin para magawa ito. Nagbibigay ito ng lugar para mapraktis na maipamuhay ang paraang itinuro Niya at matulungan ang iba ayon sa paraang ginawa Niya.

Bilang mga miyembro ng Simbahan, binibigyan tayo ng mga tungkulin, responsibilidad, at pagkakataon na tumulong nang may awa at mag-minister sa iba.

Kailan lang, muling binigyang-diin ng Simbahan ang ministering, o paglilingkod o pagmamahal sa iba. Pinag-isipang mabuti kung ano ang itatawag sa espesyal na paraang ito.

Isa sa mga pangalang isinaalang-alang ay ang *shepherding,* na angkop na tumutukoy sa paanyaya ni Cristo na: "Pakainin ang aking mga tupa."[18] Gayunman, may isang problema dito: sa paggamit sa katagang ito ako'y magiging *German shepherd.* Kaya, kuntento na ako sa *ministering.*

### Ang Gawaing Ito ay para sa Lahat

Mangyari pa, ang paraang ito ay hindi na bago. Nagbibigay lamang ito ng panibago at pinadalisay na pagkakataon para masunod natin ang kautusan ng Tagapagligtas na "kayo'y mangagibigan sa isa't isa,"[19] isang mas dinalisay na paraan para maipatupad at magawa ang layunin ng Simbahan.



Isipin lamang ang gawaing misyonero; ang matapang, mapagkumbaba, at may tiwalang pagbabahagi ng ebanghelyo ay nakapagandang halimbawa ng ministering sa espirituwal na mga pangangailangan ng iba, sinuman sila.

O paggawa ng gawain sa templo—na hinahanap ang pangalan ng ating mga ninuno at ibinibigay sa kanila ang mga pagpapala ng kawalang-hanggan. Ito ay napakabanal na paraan ng pagmiministering.

Isipin ang paghahanap sa mga maralita at nangangailangan, pag-aangat ng mga kamay na nakababa, o pagbasbas sa maysakit at nahihirapan. Hindi ba't ito ang mismong mga gawa ng dalisay na ministering ng Panginoon na ginawa Niya noong narito Siya sa lupa?

Kung hindi kayo miyembro ng Simbahan, inaanyayahan ko kayo na "magsiparito kayo, at inyong makikita."[20] Halina't makiisa sa amin. Kung kayo ay miyembro ng Simbahan pero hindi kayo aktibo sa ngayon, inaanyayahan ko kayo: pakiusap, bumalik kayo. Kailangan namin kayo!

Halina't idagdag ang inyong lakas sa aming lakas.

Dahil sa kakaiba ninyong mga talento, kakayahan, at personalidad, matutulungan ninyo kaming maging mas mabuti at mas maligaya. Kung gagawin ninyo ito, tutulungan rin namin kayo na maging mas mabuti at mas maligaya.

Halina't tulungan kaming patatagin at palakasin ang kultura na puno ng pagpapagaling, kabaitan, at awa sa lahat ng anak ng Diyos. Dahil tayong lahat ay nagsisikap na maging mga bagong nilalang kung saan "ang mga dating bagay ay nagsilipas na" at "sila'y pawang naging mga bago."[21] Ipinapakita sa atin ng Diyos ang direksyong tatahakin natin—pasulong at pataas. Sinabi Niya, "Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos."[22] Magtulungan tayo para maging mga tao na nais ng Diyos na kahinatnan natin.

Ito ang uri ng kultura ng ebanghelyo na nais naming linangin sa buong Simbahan ni Jesucristo. Hangad naming palakasin ang Simbahan bilang isang lugar kung saan pinapatawad natin ang bawat isa. Kung saan pinaglalabanan natin ang tuksong humanap ng mali, magtsismisan, at maliitin ang iba. Kung saan, sa halip na pagtuunan ang mga pagkakamali, iniaangat natin at tinutulungan ang bawat isa na maging pinakamabuti sa abot ng ating makakaya.

Inaanyayahan ko kayong muli. Magsiparito kayo, at inyong makikita. Makiisa sa amin. Kailangan namin kayo.

### Mga Taong Hind Perpekto

Makikita ninyo na ang Simbahang ito ay puno ng ilan sa mga pinakamahuhusay na tao sa mundong ito. Sila ay magiliw, mapagmahal, mabait, at tapat. Sila ay masisipag, handang magsakripisyo, at minsan ay mga bayani rin.

At sila ay hindi rin mga perpekto.

Nagkakamali sila.

Paminsan-minsan nakapagsasalita sila ng mga bagay na hindi dapat. Nakagagawa ng mga bagay na iniisip nila na sana ay hindi nila ginawa.

Ngunit ito ang karaniwan sa kanila—gusto nilang mas bumuti at mas mapalapit sa Panginoon, na ating Tagapagligtas, na si Jesucristo.

Sinisikap nilang gawin ito nang tama.

Sila ay *naniniwala.* Sila ay *nagmamahal.* Sila ay *gumagawa.*

Nais nilang maging di-makasarili, mas mahabagin, mas dalisay, mas katulad ni Jesus.

### Ang Blueprint para sa Kaligayahan

Oo, kung minsan ay mahirap ang buhay. Talagang lahat tayo ay mayroong mga panahon ng kalungkutan at panghihina ng loob.

Ngunit ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagbibigay ng pag-asa. At, sa Simbahan ni Jesucristo, kaisa tayo ng mga naghahanap ng lugar na kung saan ay mapapanatag tayo—isang lugar ng pag-unlad kung saan, magkakasama tayong *maniniwala, magmamahal,* at *gagawa.*

Anuman ang ating mga pagkakaiba, nais nating tanggapin ang isa't isa bilang mga anak ng ating minamahal na Ama sa Langit.

Labis akong nagpapasalamat na naging miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at nalaman ko na lubos ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak kaya binigyan Niya sila ng blueprint para sa kaligayahan at magkaroon ng kabuluhan ang buhay na ito at ng isang paraan para maranasan ang walang hanggang kagalakan sa mga bulwagan ng kaluwalhatian sa buhay na darating.

Nagpapasalamat ako na ibinigay ng Diyos sa atin ang paraan para mapagaling ang maysakit na kaluluwa at ang *Weltschmerz* ng buhay.

Nagpapatotoo ako at iniiwan ko sa inyo ang aking basbas na kapag *naniniwala* tayo sa Diyos, kapag *minamahal* natin Siya at *minamahal* ang Kanyang mga anak nang buong puso natin, at sinisikap *gawin* ang iniutos ng Diyos sa atin, matatagpuan natin ang paggaling at kapayapaan, kaligayahan at kahulugan ng buhay. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Nakatala sa isang msn.com poll na si Salomon ang panglimang pinakamayamang tao na nabuhay sa mundo. "Ayon sa Biblia, si Haring Salomon ay naghari mula 970 BC hanggang 931 BC, at noong kanyang panahon sinasabing tumanggap siya ng 25 toneladang ginto para sa bawat taon ng 39 na taon ng kanyang paghahari, na nagkakahalaga ng bilyun-bilyong dolyar noong 2016. Kasama ng napakalaking yaman na nakolekta mula sa buwis at kalakal, ang sariling kayamanan ng pinunong ito sa Biblia ay maaaring lampas sa $2 trilyon sa pera ngayon" ("The 20 Richest People of All Time," Abr. 25, 2017, msn.com).
2. Tingnan sa Eclesiastes 1:1–2.
3. Tingnan sa Eclesiastes 2:17.
4. Juan 10:10.
5. Mga Gawa 10:38.
6. Mateo 12:15; tingnan din sa Mateo 15:30.
7. Ang salitang *gospel* ay nagmula sa salitang-ugat ng salitang Griyego na ang literal na kahulugan ay "mabuting balita" (tingnan sa Bible Dictionary, "Gospels").
8. Mateo 16:25.
9. Tingnan sa Ezekiel 36:26; Jeremias 24:7.
10. 1 Nephi 8:12.
11. Sa Mga Hebreo 11:6.
12. Tingnan sa 2 Nephi 9:28.
13. Tingnan sa Juan 15:16.
14. Tingnan sa Santiago 4:8.
15. Tingnan sa 4 Nephi 1:15–16.
16. Alma 37:6.
17. Naniwala si Aristotle na "sa paggawa nang matwid nalilikha ang taong matwid" (*The Nicomachean Ethics,* trans. David Ross, rev. Lesley Brown [2009], 28).
18. Tingnan sa Juan 21:15–17.
19. Juan 15:12.
20. Juan 1:39.
21. II Mga Taga Corinto 5:17.
22. Juan 14:15.





**Ni Joy D. Jones**
Primary General President

# Para sa Kanya

*Ang pagkaalam kung kanino at bakit tayo naglilingkod ay nagpapaunawa sa atin na ang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal ay katapatan sa Diyos.*

Sa mahalagang gabing ito, gusto kong ipahayag ang aking pagmamahal at pagpapahalaga sa bawat isa sa inyo, mahal kong mga kababaihan. Anuman ang ating edad, kinaroroonan, o kalagayan, nagtitipon tayo ngayong gabi nang may pagkakaisa, lakas, layunin, at patotoo na tayo ay mahal at ginagabayan ng ating Ama sa Langit; ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo; at ng ating buhay na propetang si Pangulong Russell M. Nelson.

Noong bagong kasal kaming mag-asawa, inatasan kami ng aming bishop na bumisita at mag-minister sa isang pamilya na maraming taon nang hindi nagsisimba. Masaya naming tinanggap ang assignment at binisita namin sila sa bahay pagkaraan ng ilang araw. Naramdaman namin agad na ayaw nilang tumanggap ng mga bisitang mula sa Simbahan.

Kaya nang bumisita kaming muli, dinalhan namin sila ng cookies, sa pag-aakalang mas magugustuhan nila kami dahil sa chocolate chips. Hindi pala. Kinausap lang kami ng mag-asawa sa may screen door, kaya naging mas malinaw pa na ayaw nila sa amin. Habang nasa sasakyan kami pauwi, naisip namin na baka tinanggap pa nila kami kung Rice Krispies Treats ang dinala namin.

Dahil sa kawalan namin ng espiritwal na pananaw, wala pa ring nangyari sa sumunod na mga pagbisita namin. Mabigat sa pakiramdam ang matanggihan. Kalaunan itinanong namin sa aming sarili, "*Bakit* ba natin ginagawa ito? Ano ang layunin natin?"

Ito ang sabi ni Elder Carl B. Cook: "Ang paglilingkod sa Simbahan . . . ay maaaring maging mahirap kung ang ipinagagawa sa atin ay isang bagay na kinatatakutan natin, kung napapagod na tayong maglingkod, o kung pinagagawa tayo ng isang bagay na sa una ay hindi natin gusto."[1] Nararanasan namin noon ang katotohanan ng sinabi ni Elder Cook nang ipasiya namin na dapat naming hingin ang patnubay ng Ama sa Langit na may mas malawak na pananaw kaysa sa amin.

Kaya, matapos ang taimtim na panalangin at pag-aaral, natanggap namin ang sagot kung *bakit* kami naglilingkod. Nagbago ang aming pang-unawa, nagbago ang aming damdamin, ang totoo'y isa iyong paghahayag.[2] Nang maghanap kami ng patnubay mula sa mga banal na kasulatan, itinuro sa amin ng Panginoon kung paano gawing mas madali at mas makahulugan ang paglilingkod sa iba. Narito ang talatang binasa namin na nagpabago sa aming damdamin at pamamaraan: "Ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong puso, nang buo ninyong kapangyarihan, pag-iisip, at lakas; at sa pangalan ni Jesucristo *paglingkuran ninyo siya*."[3] Bagama't napakapamilyar ng talatang ito, tila nangusap ito sa amin sa bago at mahalagang paraan.

Natanto namin na tapat naming sinisikap noon na paglingkuran ang pamilyang ito at ang aming bishop, ngunit kinailangan naming itanong sa aming sarili kung talaga bang naglilingkod kami dahil mahal namin ang Panginoon. Nilinaw ni Haring Benjamin ang pagkakaibang ito sa pagsasabing, "Masdan, sinasabi ko sa inyo na dahil sa sinabi ko sa inyo na ginugol ko ang aking panahon sa paglilingkod sa inyo, hindi ko ninanais na magmalaki, sapagkat *ako ay nasa paglilingkod lamang ng Diyos*."[4]

Kung gayon kanino talaga naglilingkod noon si Haring Benjamin? Sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas. Ang pagkaalam kung *kanino* at *bakit* tayo naglilingkod ay nagpapaunawa sa atin na ang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal ay katapatan sa Diyos.

Nang unti-unting magbago ang aming tuon, gayon din ang aming mga dalangin. Inasam na naming mabisita ang mahal na pamilyang ito dahil sa pagmamahal namin sa Panginoon.[5] Ginagawa namin ito para sa Kanya. Pinagaan Niya ang dating mabigat na gawain. Makalipas ang maraming buwan ng pagtayo sa may pintuan, pinapasok na kami ng pamilya sa bahay nila. Sa huli, palagi na kaming magkakasamang nagdarasal at nag-uusap tungkol sa ebanghelyo. Naging matalik kaming magkakaibigan. Sinasamba at minamahal namin Siya sa pamamagitan ng pagmamahal sa Kanyang mga anak.

May naaalala ba kayong pangyayari na mapagmahal ninyong sinikap na tapat na matulungan ang isang nangangailangan at nadama ninyo na hindi pinansin o marahil ay hindi pinahahalagahan o kaya'y tinanggihan pa ang mga pagsisikap ninyo? Nang mangyari iyon, pinagdudahan ba ninyo ang halaga ng inyong paglilingkod? Kung gayon, sana'y mawala ang pagdududa at maging ang sakit na nadama ninyo

sa mga salitang ito ni Haring Benjamin: "Kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."[6]

Sa halip na maghinanakit, makabubuo tayo, sa pamamagitan ng paglilingkod, ng mas perpektong kaugnayan sa ating Ama sa Langit. Dahil sa ating pagmamahal at katapatan sa Kanya, hindi na natin kailangan ng pagkilala o pagpapahalaga at tinutulutan nating dumaloy ang Kanyang pagmamahal sa atin at sa pamamagitan natin.

Kung minsan maaaring sa una ay naglilingkod tayo dahil sa tungkulin o obligasyon, ngunit maging ang paglilingkod na iyon ay maaaring umakay sa atin na gumamit ng isang bagay na higit pa sa nasasaloob natin, na maghihikayat sa atin na maglingkod sa "higit na mabuting paraan"[7]—tulad ng pag-anyaya ni Pangulong Nelson sa "mas bago at mas banal na pamamaraan sa pangangalaga at paglilingkod sa iba."[8]

Kapag nakatuon tayo sa lahat ng nagawa ng Diyos para sa atin, ang ating paglilingkod ay nagaganyak ng damdamin ng pasasalamat. Kapag hindi na tayo gaanong nag-aalala kung paano tayo makikinabang mula sa ating paglilingkod, matatanto na natin na ang tuon ng ating paglilingkod ay ang unahin ang Diyos.[9]

Itinuro ni Pangulong M. Russell Ballard, "Kapag minahal natin ang Diyos at si Cristo nang ating buong puso, kaluluwa, at isipan, saka lamang natin maibabahagi ang pagmamahal na ito sa ating kapwa sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabaitan at paglilingkod."[10]

Inulit sa una sa Sampung Utos ang dakilang karunungang ito: "Ako ang Panginoon mong Dios. . . . Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko."[11] Ang pag-una sa utos na ito ay nagpapaunawa sa atin na *kung* Siya ang ating uunahin, lahat ng iba pang bagay ay malalagay sa wasto nilang kalalagyan—maging ang paglilingkod natin sa iba. Kapag sadya natin Siyang ginagawang pinakamahalaga sa ating buhay, napagpapala Niya ang ating mga ginagawa para sa kabutihan natin at ng iba.



Ipinayo ng Panginoon, "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip."[12] At bawat linggo ay nakikipagtipan tayong gawin iyan mismo—na "lagi siyang alalahanin."[13] Angkop ba sa lahat ng ginagawa natin ang gayong pagtutuon sa Diyos? Maaari bang maging oportunidad ang paggawa kahit ng isang simpleng gawain para maipakita ang ating pagmamahal at katapatan sa Kanya? Naniniwala ako na naipapakita at maipapakita nga nito.

Bawat bagay na nakalista sa ating mga gagawin ay maaari nating gawing isang paraan para luwalhatiin Siya. Maituturing ba nating isang pribilehiyo at pagkakataong maglingkod sa Kanya ang bawat bagay na gagawin natin, kahit marami tayong dapat tapusin, gawin, o linisin?

Sabi nga ni Ammon, "Nalalaman kong ako'y walang halaga; kung sa akin lamang lakas ay mahina ako, kaya nga hindi ako nagmamalaki sa aking sarili, kundi ipagmamalaki ko ang aking Diyos, sapagkat sa kanyang lakas ay maaari kong magawa ang lahat ng bagay."[14]

Kapag paglilingkod sa Diyos ang inuna natin sa buhay, kinalilimutan natin ang ating sarili, at sa huli'y mas nakikilala natin ang ating sarili.[15]

Itinuro ng Tagapagligtas ang alituntuning ito nang napakasimple at tuwiran: "Samakatwid hayaan na ang inyong ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at *luwalhatiin nila ang inyong Ama* na nasa langit."[16]

Ibabahagi ko sa inyo ang ilang salita ng karunungan na natagpuan sa dingding ng isang ampunan sa Calcutta, India: "Kung mabait ka, maaari kang paratangan ng mga tao na may makasarili at lihim kang mga motibo. Magkagayunman, maging mabait pa rin. Ang itinayo mo nang maraming taon, kayang wasakin ng sinuman sa isang iglap. Magkagayunman, magtayo ka pa rin. Ang kabutihang ginagawa mo ngayon, kadalasa'y malilimutan na ng mga tao kinabukasan. Magkagayunman, gumawa ka pa rin ng kabutihan. Ibigay mo sa mundo ang lahat ng magagawa mo, at maaaring hindi pa ito maging sapat kailanman. Magkagayunman, ibigay mo pa rin sa mundo ang lahat ng magagawa mo. Alam mo, sa bandang huli, kaugnayan mo pa rin sa Diyos . . . ang mahalaga."[17]

Mga kababaihan, noon pa man ay kaugnayan na natin sa Panginoon ang mahalaga. Sabi nga ni Pangulong James E. Faust: "'Ano ang pinakamatinding pangangailangan sa mundo?' . . . 'Hindi ba ang pinakamatinding pangangailangan sa buong mundo ay ang magkaroon ang bawat tao ng personal, patuloy, at araw-araw na kaugnayan sa Tagapagligtas?' Ang pagkakaroon ng gayong kaugnayan ay maghahayag ng ating angking kabanalan, at walang ibang makagagawa ng mas malaking kaibhan sa ating buhay kapag nalaman at naunawaan natin ang ating banal na kaugnayan sa Diyos."[18]

Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Alma sa kanyang anak: "Oo, hayaang ang lahat ng iyong gawain ay para sa Panginoon, at saan ka man magtungo ay hayaang sa Panginoon; oo, lahat ng iyong nasasaisip ay ituon sa Panginoon; oo, ang pagmamahal sa iyong puso ay mapasa-Panginoon magpakailanman."[19]

At itinuro din sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson "Kapag nauunawaan natin ang Kanyang kusang-loob na Pagbabayad-sala, anumang sakripisyo natin ay lubos na nadaraig ng malaking pasasalamat para sa pribilehiyong mapaglingkuran Siya."[20]

Mga kapatid, pinatototohanan ko na kapag si Jesucristo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala, ay umiimpluwensya *sa* atin at kumilos *sa* atin, nagsisimula Siyang kumilos *sa pamamagitan* natin para pagpalain ang iba. Naglilingkod tayo sa kanila, ngunit ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod sa Kanya. Nagiging katulad tayo ng inilalarawan sa banal na kasulatan: "Bawat taong hinahangad ang kapakanan ng kanyang kapwa, at ginagawa ang lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos."[21]

Siguro alam ng bishop namin na iyon ang aral na matututuhan naming mag-asawa mula sa mga nauna at matapat ngunit hindi pa lubos na perpektong mga pagsisikap na magminister sa minamahal na mga anak ng Diyos. Ibinabahagi ko ang aking personal at tiyak na patotoo tungkol sa kabutihan at pagmamahal na Kanyang ipinadarama sa atin habang nagsisikap tayong maglingkod para sa Kanya. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**


1. Carl B. Cook, "Maglingkod," *Liahona,* Nob. 2016, 110.
2. Tingnan sa Mosias 5:2.
3. Doktrina at mga Tipan 59:5; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Mosias 2:16; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Tingnan sa 1 Nephi 11:22.
6. Mosias 2:17.
7. Eter 12:11.
8. Russell M. Nelson, "Ministering," *Liahona,* Mayo 2018, 100.
9. Tingnan sa Mateo 6:1–4, 33.
10. M. Russell Ballard,"Pagkakaroon ng Kagalakan sa Mapagmahal na Paglilingkod," *Liahona,* Mayo 2011, 47.
11. Exodo 20:2–3.
12. Doktrina at mga Tipan 6:36.
13. Doktrina at mga Tipan 20:77, 79.
14. Alma 26:12.
15. Tingnan sa Mateo 16:24–25.
16. 3 Nephi 12:16; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Kadalasang iniuugnay kay Mother Teresa; tingnan sa Kent M. Keith, *The Paradoxical Commandments* (1968).
18. James E. Faust, "A Personal Relationship with the Savior," *Ensign,* Nob. 1976, 58.
19. Alma 37:36.
20. Russell M. Nelson, "The Atonement," *Liahona,* Nob. 1996, 35.
21. Doktrina at mga Tipan 82:19.





**Ni Michelle D. Craig**
Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency


# Hindi Pagiging Kuntento sa Ating Espirituwalidad

*Ang hindi pagiging kuntento sa ating espirituwalidad ay magtutulak sa atin na kumilos nang may pananampalataya, sumunod sa paanyaya ng Tagapagligtas na gumawa ng kabutihan, at mapagkumbabang ilaan ang ating buhay sa Kanya.*

Noong nasa elementarya ako, naglalakad kami pauwi sa aspaltadong bulaos na paliku-liko sa itaas ng gilid ng burol. May isa pang bulaos, na hindi aspaltado, na tinatawag na "boys' trail." Ang boys' trail ay isang daanan sa lupa na hindi aspaltado na dire-diretso paakyat ng burol. Mas maikli iyon pero mas matarik. Noong bata pa ako, alam ko na kaya kong lakarin ang anumang bulaos na kayang lakarin ng mga batang lalaki. Ang mas mahalaga, alam ko na nabubuhay ako sa mga huling araw at na kailangan kong gumawa ng mahihirap na bagay, tulad ng ginawa ng mga pioneer—at gusto kong maging handa. Kaya paminsan-minsan, nagpapahuli ako sa mga kaibigan ko sa aspaltadong bulaos, naghuhubad ng sapatos, at naglalakad nang nakapaa paakyat ng boys' trail. Sinubukan kong palakasin ang mga paa ko.

Noong nasa Primary ako, iyan ang inakala kong kaya kong gawin upang makapaghanda. Ngayo'y iba na ang alam ko! Sa halip na maglakad nang nakapaa paakyat ng mga bulaos sa bundok, alam ko na maihahanda ko ang mga paa ko sa pagtahak sa landas ng tipan sa pamamagitan ng pagtugon sa mga paanyaya ng Espiritu Santo. Sapagkat tinatawag ng Panginoon ang bawat isa sa atin, sa pamamagitan ng Kanyang propeta, na mamuhay at mangalaga sa "mas dakila at mas banal na paraan" at "magpakabuti pa nang kaunti."[1]

Ang mga panawagang ito ng propeta na kumilos, na sinamahan ng ating likas na pakiramdam na may mas magagawa at mas kahihinatnan pa tayo, ay nagpapadama sa atin kung minsan ng tinatawag ni Elder Neal A. Maxwell na "hindi pagiging kuntento sa ating espirituwalidad."[2] Hindi tayo nakukuntento sa ating espirituwalidad kapag ikinukumpara natin "kung *sino* tayo [sa] kung ano ang ating *maaabot.*"[3] Nadarama ng bawat isa sa atin, kung tayo ay matapat, na may kaibhan ang ating kasalukuyang kakayahan at espirituwalidad sa kung sino tayo, at ang ating kasalukuyang kakayahan at espirituwalidad sa kung ano ang nais nating kahinatnan. Hinahangad nating maragdagan pa ang ating kakayahan. Nadarama natin ito dahil tayo ay mga

anak ng Diyos, na isinilang na may Liwanag ni Cristo ngunit nabubuhay sa mundong puno ng kasamaan. Ang mga damdaming ito ay mula sa Diyos at nagbubunsod ng agarang pagkilos.

Dapat nating tanggapin ang pakiramdam na hindi tayo kuntento sa ating espirituwalidad na naghihikayat sa atin na piliin ang mas mataas na landas, habang inaalam at iniiwasan natin ang panlilinlang ni Satanas—ang nakapaparalisang panghihina ng loob. Ito ay isang pagkakataong gustung-gustong samantalahin ni Satanas. Maaari nating piliing lumakad sa mas mataas na landas na umaakay sa atin na hanapin ang Diyos at ang Kanyang kapayapaan at biyaya, o maaari tayong makinig kay Satanas, na walang tigil sa pagsasabi sa atin na kailanma'y hindi tayo magiging sapat: sa yaman, sa talino, sa ganda, o sa anupaman. Ang hindi natin pagiging kuntento ay maaaring maging banal—o manghina.



#### Kumilos nang May Pananampalataya

Ang isang paraan para makilala ang kaibhan sa pagitan ng hindi pagiging kuntento sa ating espirituwalidad at ng panlilinlang ni Satanas ay na ang hindi pagiging kuntento sa ating espirituwalidad ay hihikayatin tayong kumilos nang may pananampalataya. Ang hindi pagiging kuntento sa ating espirituwalidad ay hindi isang paanyaya na gawin lang natin ang mga bagay na komportable na tayong gawin, ni hindi tayo uudyukan nito na mawalan ng pag-asa. Nalaman ko na kapag lagi kong iniisip ang mga bagay na *hindi* akma sa akin, hindi ako umuunlad at mas nahihirapan akong madama at masunod ang Espiritu.[4]

Noong binatilyo na si Joseph Smith, alam na alam na niya ang kanyang mga kahinaan at nag-alala siya sa "kapakanan ng imortal [niyang] kaluluwa." Sinabi niya, "Nababagabag nang husto ang aking isipan, sapagkat nadama ko ang bigat ng aking mga kasalanan at . . . nagdalamhati ako dahil sa sarili kong mga kasalanan at sa mga kasalanan ng mundo."[5] Inakay siya nito sa "matamang pagmumuni-muni at malaking pagkabahala."[6] Pamilyar ba sa inyo iyan? Nababahala ba kayo o nababagabag sa inyong mga pagkukulang?

May *ginawa* si Joseph tungkol diyan. Sabi niya, "Madalas kong sabihin sa aking sarili: Ano ang nararapat *gawin*?"[7] Kumilos si Joseph nang may pananampalataya. Bumaling siya sa mga banal na kasulatan, binasa niya ang paanyaya sa Santiago 1:5, at humingi siya ng tulong sa Diyos. Ang ibinungang pangitain ang nagpasimula sa Panunumbalik. Nagpapasalamat ako na ang hindi pagiging kuntento ni Joseph sa kanyang espirituwalidad, ang kanyang pagkabahala at pagkalito, ay nagtulak sa kanya na kumilos nang may pananampalataya.

#### Sundin ang mga Pahiwatig na Gumawa ng Kabutihan

Kadalasa'y idinadahilan ng mundo ang hindi pagiging kuntento para magtuon tayo sa sarili, mabaling ang ating isipan sa nakaraan at lagi nating pag-isipan kung sino *ako*, ano ang hindi *ako*, at ano ang gusto *ko*. Ang hindi pagiging kuntento ay naggaganyak sa atin na sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas, na "naglilibot na gumagawa ng mabuti."[8] Habang tinatahak natin ang landas ng pagkadisipulo, tumatanggap tayo ng mga espirituwal na panghihikayat na tumulong sa iba.

Nakatulong sa akin ang isang kuwentong narinig ko maraming taon na ang nakararaan para matukoy ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo at kumilos ayon dito. Ibinahagi ni Sister Bonnie D. Parkin, dating Relief Society General President ang sumusunod:

"Si Susan . . . ay isang napakahusay na mananahi. Kamiyembro niya sa ward si Pangulong [Spencer W.] Kimball. Isang araw ng Linggo, napansin ni Susan na bago ang suot nitong amerikana. Ang kanyang ama kamakailan . . . ay binilhan siya ng napakagandang telang seda. Naisip ni Susan na bagay na bagay ang telang iyon na gawing kurbata para iterno sa bagong amerikana ni Pangulong Kimball. Kaya pagsapit ng Lunes tinahi niya ang kurbata. Ibinalot niya ito sa papel at pumunta sa tahanan ni Pangulong Kimball.

"Nang malapit na siya sa pintuan, bigla siyang huminto at nag-isip, 'Sino ako para gumawa ng kurbata para sa propeta? Siguro marami na siyang kurbata.' Nang maisip niya na nagkamali siya, humanda na siya sa pag-alis.

"Nagkataon namang binuksan ni Sister Kimball ang pinto at nagsabi, 'O, Susan!'

"Natataranta at nahihiya, sinabi ni Susan, 'Nakita ko po si Pangulong Kimball na nakasuot ng bagong amerikana noong Linggo. Kabibili lang sa akin ni itay ng seda mula sa New York . . . kaya ginawan ko siya ng kurbata.'

"Bago pa naituloy ni Susan ang sasabihin niya, pinigilan na siya ni Sister Kimball, hinawakan siya sa balikat, at sinabi: 'Susan, kahit kailan huwag mong pigilan ang isang mabuting ideya.'"[9]

Gusto ko iyon! "Kahit kailan huwag mong pigilan ang isang mabuting ideya." Kung minsan kapag may naisip akong gawin para sa isang tao, iniisip ko kung pahiwatig ba iyon o sariling impresyon ko. Ngunit naalala ko na "yaong sa Diyos ay nag-aanyaya at nang-aakit na patuloy na gumawa ng mabuti; kaya nga, bawat bagay na nag-aanyaya at nang-aakit na gumawa ng mabuti, at ibigin ang Diyos, at maglingkod sa kanya ay pinapatnubayan ng Diyos."[10]

Direktang mga pahiwatig man ito o mga pakiramdam lang na tumulong,

ang mabuting gawa ay hindi kailanman nasasayang; sapagkat "ang pagibig ay hindi nagkukulang kailan man"[11]—at hindi kailanman maling pagtugon.

Kadalasa'y hindi madali para sa atin ang tumulong, at bihira nating malaman ang epekto ng ating mga munting paglilingkod. Ngunit paminsan-minsan, malalaman natin na naging kasangkapan tayo sa mga kamay ng Diyos at magpapasalamat tayong malaman na ang pagkilos ng Espiritu Santo sa pamamagitan natin ay pagpapakita ng pagsang-ayon ng Diyos.

Mga kapatid, maaari tayong magsumamo sa Espiritu Santo na ipakita sa atin ang "lahat ng bagay na nararapat [nating] gawin,"[12] kahit mukhang puno na ang listahan natin ng mga gagawin. Kapag pinahiwatigan, maaari nating iwanan muna ang mga hugasin sa lababo o ipagpaliban ang iba pang mga bagay na ipinagagawa sa atin ng iba para basahan ng aklat ang isang bata, kausapin ang isang kaibigan, alagaan ang mga anak ng kapitbahay, o maglingkod sa templo. Huwag kayong magkamali sa pag-unawa sa akin—mahilig akong maglista; mahilig akong magmarka sa mga bagay na tapos ko na. Ngunit dumarating ang kapayapaan sa pagkaalam na ang *pagiging* mas mabuti ay hindi nangangahulugan ng *paggawa* ng mas marami. Ang pagtugon sa hindi pagiging kuntento sa pamamagitan ng pagtalima sa mga pahiwatig ay binabago ang aking palagay tungkol sa "oras ko," at hindi ko itinuturing na sagabal ang mga tao kundi layunin ng buhay ko.

#### Ang Hindi Pagiging Kuntento ay Umaakay sa Atin kay Cristo

Ang hindi pagiging kuntento sa ating espirituwalidad ay humahantong sa kapakumbabaan, hindi sa awa sa sarili o pagkasira ng loob na nagmumula sa pagkukumpara ng sarili sa iba na tila nakahihigit sa atin. Ang kababaihang tumutupad ng tipan ay may kanya-kanyang personalidad; ang kanilang pamilya, mga karanasan sa buhay, at sitwasyon ay magkakaiba.

Siyempre, lahat tayo ay hindi sapat na makakaabot sa ating banal na potensyal, at may bahid ng katotohanan ang



pagkatanto na hindi tayo sapat kapag tayo'y *nag-iisa*. Ngunit ang mabuting balita ng ebanghelyo ay na sa biyaya ng Diyos, tayo *ay* sapat na. Sa tulong ni Cristo, magagawa natin ang lahat ng bagay.[13] Ipinangako sa banal na kasulatan na tayo ay "mangaka[su]sumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan."[14]

Ang nakakagulat ay totoo na ang ating mga kahinaan ay maaaring maging pagpapala kapag napapakumbaba tayo nito at bumabaling tayo kay Cristo.[15] Ang hindi natin pagiging kuntento ay nagiging espirituwal kapag mapagkumbaba nating iniluluhog kay Jesucristo ang ating kakulangan, sa halip na maawa lang tayo sa sarili.

Sa katunayan, ang mga himala ni Jesus ay kadalasang nagsisimula sa pagkilala sa kakulangan, pangangailangan, kabiguan, o kahinaan. Naaalala ba ninyo ang kuwento tungkol sa mga tinapay at mga isda? Ikinuwento ng bawat manunulat ng Ebanghelyo kung paano mahimalang pinakain ni Jesus ang libu-libong taong sumunod sa Kanya.[16] Ngunit ang kuwento ay nagsisimula sa pagkilala ng mga disipulo sa kanilang kakulangan; nalaman nila na mayroon lang silang "limang tinapay na sebada, at dalawang isda: datapuwa't gaano na ang mga ito sa ganyang karamihan?"[17] Tama ang mga disipulo: *wala* silang sapat na pagkain, ngunit ibinigay nila kay Jesus kung ano ang mayroon sila, at pagkatapos ay gumawa *Siya* ng himala.

Nadama na ba ninyo na hindi sapat ang mga talento at kaloob ninyo para magawa ang isang gawain? Nadama ko na iyan. Ngunit maibibigay natin kay Cristo kung ano ang mayroon tayo, at gagawin Niyang mas epektibo ang ating mga pagsisikap. Sapat na ang maibibigay ninyo—kahit na may mga kamalian at kahinaan kayo—*kung* aasa kayo sa biyaya ng Diyos.

Ang totoo ay na bawat isa sa atin ay isang henerasyon ang layo mula sa Ama sa Langit—bawat isa ay anak ng Diyos.[18] At tulad ng Kanyang ginawa kapwa sa mga propeta at sa ordinaryong kalalakihan at kababaihan sa paglipas ng mga panahon, layon din ng Ama sa Langit na baguhin tayo.

Ganito ang paliwanag ni C. S. Lewis sa kapangyarihan ng Diyos na magpabago: "Kunwari'y isa kang bahay na may buhay. Dumating ang Diyos para muling itayo ang bahay na iyan. Noong una, siguro, nauunawaan mo ang ginagawa Niya. Inaayos Niya ang mga alulod at tinatapalan ang mga butas sa bubong at kung anu-ano pa; alam mo na kailangang gawin ang mga iyon kaya hindi ka nagulat. Pero sa ngayon marami na Siyang binabago sa bahay kaya nasasaktan ka nang husto. . . . [Alam mo,] ibang-iba na ang itinatayo Niyang bahay kaysa sa naisip mo. . . . Akala mo ginagawa ka Niyang isang disenteng maliit na kubo: pero nagtatatayo pala Siya ng palasyo. Plano Niyang pumunta at tumira doon mismo."[19]

Dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ng ating Tagapagligtas, makakaya natin ang mga gawaing darating. Itinuro na ng mga propeta na habang tumatahak tayo sa landas ng pagkadisipulo, mapapabanal tayo sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo. Ang hindi pagiging kuntento sa ating espirituwalidad ay

magtutulak sa atin na kumilos nang may pananampalataya, sumunod sa paanyaya ng Tagapagligtas na gumawa ng kabutihan, at mapagkumbabang ilaan ang ating buhay sa Kanya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, sa Tad Walch, "'The Lord's Message Is for Everyone': President Nelson Talks about Global Tour," *Deseret News,* Abr. 12, 2018, deseretnews.com.
2. Neal A. Maxwell, "Becoming a Disciple," *Ensign,* Hunyo 1996, 18.
3. Neal A. Maxwell, "Becoming a Disciple," 16; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. "Ang panghihina ng kalooban ay makapagpapahina sa iyong pananampalataya. Kung bababaan mo ang ekspektasyon mo, mababawasan ang pagiging epektibo mo, hindi ka na masyadong maghahangad, at mas mahihirapan kang sumunod sa Espiritu" ("What Is My Purpose as a Missionary?" *Preach My Gospel: A Guide to Missionary Service,* rev. ed. [2018], lds.org/manual/missionary).
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 32.
6. Joseph Smith—Kasaysayan 1:8.
7. Joseph Smith—Kasaysayan1:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
8. Mga Gawa 10:38.
9. Bonnie D. Parkin, "Personal Ministry: Sacred and Precious" (Brigham Young University devotional, Peb. 13, 2007), 1, speeches.byu.edu.
10. Moroni 7:13.
11. I Mga Taga Corinto 13:8.
12. 2 Nephi 32:5.
13. "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan ni Cristo na nagpapalakas sa akin" (Mga Taga Filipos 4:13).
14. Sa Mga Hebreo 4:16.
15. "At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking *biyaya* ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27; idinagdag ang pagbibigay-diin).
16. Tingnan sa Mateo 14:13–21; Marcos 6:31–44; Lucas 9:10–17; Juan 6:1–14.
17. Juan 6:9.
18. Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: "Gaano man karami ang mga henerasyon sa iyong mortal na mga ninuno, ano mang lahi o mga tao ang kinakatawan mo, ang tala ng angkang pinagmulan ng iyong espiritu ay maisusulat sa iisang taludtod. Ikaw ay anak ng Diyos!" ("To Young Women and Men," *Ensign,* Mayo 1989, 54).
19. C. S. Lewis, *Mere Christianity* (1960), 160.



**Ni Cristina B. Franco**
Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency

# Ang Galak sa Di-Makasariling Paglilingkod

*Nangako tayo sa ating Ama sa Langit na paglilingkuran natin Siya at ang iba nang may pagmamahal at gagawin ang Kanyang kalooban sa lahat ng bagay.*

Pagkaraan ng huling pangkalahatang kumperensya, maraming lumapit sa akin na iisa ang tanong: "Komportable bang umupo sa mga silyang iyon?" Iisa lang ang sagot ko sa tuwina: "Napakakomportableng umupo sa mga silyang iyon kung hindi mo kailangang magsalita." Totoo naman, 'di ba? Hindi pa rin komportableng umupo sa silya ko sa kumperensyang ito, ngunit talagang nagpapasalamat ako sa pagpapala at karangalang magsalita sa inyo ngayong gabi.



Kung minsan habang naglilingkod tayo, iba-iba ang ating inuupuan. Ang ilan ay medyo komportable at ang iba naman ay hindi, ngunit nangako tayo sa ating Ama sa Langit na paglilingkuran natin Siya at ang iba nang may pagmamahal at gagawin ang Kanyang kalooban sa lahat ng bagay.

Ilang taon na ang nakararaan, nalaman ng mga kabataan sa Simbahan na "kapag kayo ay 'humaharap sa paglilingkod sa Diyos' [Doktrina at mga Tipan 4:2], nakikiisa kayo sa pinakadakilang paglalakbay sa lahat. Tinutulungan ninyo ang Diyos na mapabilis ang Kanyang gawain, at ito'y isang dakila, masaya, at kagila-gilalas na karanasan."[1] Ito ay isang paglalakbay na para sa lahat—anuman ang edad—at isa ring



paglalakbay na nag-aakay sa atin sa sinabi ng ating pinakamamahal na propeta na "landas ng tipan."[2]

Gayunman, ang malungkot, nabubuhay tayo sa isang makasariling mundo kung saan laging nagtatanong ang mga tao ng, "Ano ang mapapala ko riyan?" sa halip na magtanong ng, "Sino ang matutulungan ko ngayon?" o "Paano ko mas mapaglilingkuran ang Panginoon sa tungkulin ko?" o "Ibinibigay ko ba ang lahat sa Panginoon?"

Isang magandang halimbawa sa buhay ko ng di-makasariling paglilingkod si Sister Victoria Antonietti. Si Victoria ay isa sa mga guro sa Primary sa branch namin noong nasa Argentina ako. Tuwing Martes ng hapon, kapag nagtitipon kami sa Primary, dinadalhan niya kami ng chocolate cake. Gusto ng lahat ang cake—lahat maliban sa akin. Ayoko ng chocolate cake! At kahit sinusubukan niya akong hatian ng cake, lagi ko siyang tinatanggihan.

Isang araw pagkatapos niyang hatian ng chocolate cake ang ibang mga bata, tinanong ko siya, "Bakit hindi po kayo magdala ng ibang flavor—gaya ng orange o vanilla?"

Natawa siya sandali, pagkatapos ay tinanong niya ako, "Bakit hindi *ka* tumikim ng kapiraso? Espesyal ang sangkap ng cake na ito, at sigurado ako na kapag natikman mo ito, magugustuhan mo ito!"

Tumingin ako sa paligid, at nagulat ako dahil parang gustung-gusto ng lahat ang cake. Pumayag akong tikman ito. Alam ba ninyo kung ano ang nangyari? Nagustuhan ko ito! Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na nagustuhan kong kumain ng chocolate cake.

Maraming taon muna ang lumipas bago ko natuklasan ang sekretong sangkap ng chocolate cake ni Sister Antonietti. Binisita namin ng mga anak ko ang nanay ko bawat linggo. Sa isa sa mga pagbisitang iyon, kumain kami ni Inay ng isang hiwa ng chocolate cake, at ikinuwento ko sa kanya kung paano ko nagustuhang kumain ng cake na iyon sa kauna-unahang pagkakataon. Pagkatapos ay ikinuwento niya sa akin ang iba pang mga detalye ng karanasan ko na hindi ko alam.

"Alam mo, Cris," sabi ni Inay, "mahirap lang ang pamilya ni Victoria, at bawat linggo kinailangan niyang pumili kung mamamasahe sila ng apat na anak niya sa bus papunta sa Primary o bibili siya ng mga sangkap ng chocolate cake para sa klase niya sa Primary. Lagi niyang pinipili ang chocolate cake kaysa mamasahe sa bus, at naglalakad sila ng mga anak niya nang mahigit dalawang milya [3 km], papunta at pabalik, anuman ang lagay ng panahon."

Noong araw na iyon mas napahalagahan ko ang kanyang chocolate cake. Ang mas mahalaga, nalaman ko na ang sekretong sangkap ng cake ni Victoria ay ang pagmamahal niya sa mga pinaglilingkuran niya at ang di-makasariling sakripisyo niya para sa amin.

Kapag naaalala ko ang cake ni Victoria, naaalala ko ang di-makasariling sakripisyo sa mga walang-hanggang aral na itinuro ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo habang naglalakad Siya papunta sa kabang-yaman ng templo. Pamilyar na sa inyo ang kuwento. Itinuro ni Elder James E. Talmage na may 13 kaban, "at dito inihulog ng mga tao ang kanilang mga ambag para sa [iba't ibang] layuning nakasaad sa [mga] nakasulat sa mga kahon." Tiningnan ni Jesus ang mga nakapilang mag-aambag, na binubuo ng lahat ng uri ng tao. Ang ilan ay nagbigay ng kanilang mga handog nang may "tapat na layunin" samantalang ang iba ay naghulog ng "malalaking halaga ng pilak at ginto," na umaasang makita, mapansin, at mapuri sila dahil sa kanilang mga donasyon.

"Kasama ng marami ang isang dukhang babaeng balo, na . . . naghulog sa isa sa mga kabang-yaman ng dalawang maliit na baryang tanso na tinatawag na lepta; ang halaga ng kanyang ambag ay wala pa sa kalahating sentimo sa pera ng Amerikano. Pinalapit ng Panginoon sa Kanya ang Kanyang mga disipulo, itinuon ang kanilang pansin sa dukhang balo at sa ginawa nito, at sinabi: 'Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dukhang baong babaing ito, ay naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-yaman: Sapagka't silang lahat ay nagsipaghulog ng sa kanila'y labis; datapuwa't siya sa kaniyang kasalatan ay inihulog ang buong nasa kaniya, samakatuwid baga'y ang buong kaniyang ikabubuhay' [Marcos 12:43–44]."[3]

Mukhang wala namang mahalagang katayuan sa lipunan ang balo noong panahon niya. Ang totoo'y mas mahalaga ang kanyang taglay: dalisay ang kanyang mga layunin, at ibinigay niya ang lahat ng mayroon siya. Marahil ay mas maliit ang ibinigay niya kaysa iba, mas aba kaysa iba, naiiba kaysa iba. Sa tingin ng ilan, walang halaga ang ibinigay niya, ngunit sa tingin ng Tagapagligtas, ang "taga-unawa ng mga saloobin at layunin ng puso,"[4] ibinigay niya ang lahat.

Mga kapatid, ibinibigay ba natin ang lahat sa Panginoon nang walang pag-aalinlangan? Isinasakripisyo ba natin ang ating oras at mga talento para matuto

ang bagong henerasyon na mahalin ang Panginoon at sundin ang Kanyang mga utos? Nagmiministeryo ba tayo sa mga nakapalibot sa atin at sa lahat ng nakatalaga sa atin nang may malasakit at kasigasigan—nagsasakripisyo ng oras at lakas na magagamit sana sa ibang paraan? Ipinamumuhay ba natin ang dalawang dakilang utos—na mahalin ang Diyos at ang Kanyang mga anak?[5] Kadalasan makikita ang pagmamahal na iyan sa paglilingkod.

Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks: "Ibinigay ng ating Tagapagligtas ang kanyang sarili sa di-makasariling paglilingkod. Itinuro Niya sa bawat isa na dapat natin Siyang sundin sa pamamagitan ng pagwawaksi sa ating sarili ng makasariling interes upang makapaglingkod sa iba."

Sabi pa niya:

"Ang isang pamilyar na halimbawa ng pagbibigay ng ating mga sarili sa paglilingkod sa iba . . . ay ang sakripisyong ginagawa ng mga magulang para sa kanilang mga anak. Nararanasan ng mga ina ang hirap at kawalan ng mga personal na priyoridad at ginhawa para isilang at arugain ang bawat anak. Iniaakma ng mga ama ang kanilang mga buhay at priyoridad para masuportahan ang pamilya. . . .

". . . Natutuwa din kami sa kanila na nagmamalasakit sa mga may kapansanan at matatandang magulang. Ang ganitong paglilingkod ay hindi nagtatanong ng, anong mapapala ko rito? Lahat ng ito ay nangangailangan ng pagsasaisantabi ng mga personal na kaginhawahan para sa di-makasariling paglilingkod. . . .

"[At] lahat ng ito ay naglalarawan ng walang hanggang alituntunin na mas maligaya tayo at mas nasisiyahan kapag tayo ay gumagawa at naglilingkod dahil sa ating maibibigay, hindi dahil sa matatanggap natin.

"Itinuturo sa atin ng ating Tagapagligtas na sundin Siya sa pamamagitan ng paggawa ng sakripisyong kailangan para maibigay ang ating sarili sa di-makasariling paglilingkod sa iba."[6]

Itinuro din ni Pangulong Thomas S. Monson na "marahil kapag nakaharap natin ang ating Lumikha, hindi tayo tatanungin ng, 'Ilang tungkulin ang nahawakan mo,' kundi sa halip ay, 'Ilang tao ang natulungan mo?' Ang totoo, hindi mo maaaring mahalin ang Panginoon kailanman hangga't hindi mo Siya pinaglilingkuran sa pamamagitan ng paglilingkod sa Kanyang mga tao."[7]




Sa madaling salita, mga kapatid, hindi mahalaga kung nakaupo tayo sa mga komportableng silya o nahirapan tayong makinig sa pulong habang nakaupo sa makalawang na silyang de-tiklop sa bandang likuran. Ni hindi mahalaga kung kinailangan tayong lumabas sa pasilyo para patahanin ang isang umiiyak na sanggol. Ang mahalaga ay dumalo tayo na may hangaring maglingkod, na pinansin natin ang mga taong pinaglilingkuran natin at masaya silang binati, at nakipagkilala tayo sa mga katabi natin sa mga silyang de-tiklop—nakikipagkaibigan kahit sa mga taong *hindi* itinalagang paglingkuran natin. At talagang mahalagang gawin natin ang lahat ng ginagawa natin na may espesyal na sangkap na paglilingkod na may kasamang pagmamahal at sakripisyo.

Nalaman ko na hindi kailangang gumawa tayo ng chocolate cake para maging matagumpay o dedikadong guro sa Primary, dahil hindi ito tungkol sa cake. Bunsod iyon ng pagmamahal.

Pinatototohanan ko na ang pagmamahal na iyon ay nagiging sagrado sa pamamagitan ng sakripisyo—sakripisyo ng isang guro at lalo na sa pamamagitan ng tunay at walang-hanggang sakripisyo ng Anak ng Diyos. Pinatototohanan ko na Siya ay buhay! Mahal ko Siya at hangad kong iwaksi ang mga makasariling hangarin para magmahal at magministeryo ako na katulad Niya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Young Men General Presidency, "Ang Kagila-gilalas na Gawaing Ito," *Liahona,* Ene. 2015, 49.
2. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.
3. James E. Talmage, *Jesus the Christ* (1916), 561.
4. Doktrina at mga Tipan 33:1.
5. Tingnan sa Mateo 22:37, 39.
6. Dallin H. Oaks, "Hindi Makasariling Paglilingkod," *Liahona,* Mayo 2009, 93, 96.
7. Thomas S. Monson, "Great Expectations" (Brigham Young University devotional, Ene. 11, 2009), 6, speeches.byu.edu.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Kababaihan at ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan

*Ang Tagapagligtas ang inyong perpektong halimbawa kung paano kayo lubos na makakatulong sa Kanyang layunin na mas bigyang-diin ang pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan.*

Mahal kong mga kapatid, nagagalak akong makasama kayo. Kapana-panabik ang panahong ito sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nagbubuhos ng kaalaman ang Panginoon sa Kanyang Simbahan tulad ng ipinangako Niyang gawin.

Maaalala ninyo ang sinabi Niya: "Hanggang kailan mananatiling marumi ang mga umaagos na tubig? Anong kapangyarihan ang pipigil sa kalangitan? Gayon din maaaring iunat ng tao ang kanyang maliit na bisig upang pigilin ang ilog ng Missouri sa kanyang nakatalagang daan, o ibaling ang daloy nitong paitaas, upang hadlangan ang Pinakamakapangyarihan sa pagbubuhos ng kaalaman mula sa langit sa mga ulo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[1]

May bahagi ang kasalukuyang pagbibigay ng kaalaman ng Panginoon na nauugnay sa pagpapaibayo ng pagbubuhos Niya ng walang-hanggang katotohanan sa puso't isipan ng Kanyang mga tao. Niliwanag Niya na ang mga anak na babae ng Ama sa Langit ay may pangunahing tungkulin sa mahimalang pagpapaibayong iyon. Ang isang katibayan ng himala ay nang gabayan Niya ang Kanyang buhay na propeta na mas bigyang-diin ang pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan at sa pamilya.

Maitatanong ninyo, "Paano niyan ginagawang pangunahing lakas ang matatapat na kababaihan sa pagtulong sa Panginoon na magbuhos ng kaalaman sa Kanyang mga Banal?" Ibinigay ng Panginoon ang sagot sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Maaalala ninyo ang mga salita, ngunit maaaring may makita kayong bagong kahulugan at matukoy ninyo na nakinita ng Panginoon ang kapana-panabik na mga pagbabagong ito, na nangyayari ngayon. Sa paghahayag, inutusan Niya ang kababaihan na maging pangunahing tagapagturo ng ebanghelyo sa pamilya sa mga salitang ito: "Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga sa kanilang mga anak."[2] Kabilang dito ang pag-aaruga ng katotohanan at kaalaman tungkol sa ebanghelyo.

Sabi pa sa paghahayag: "Ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan."[3] Pantay sila sa kanilang pananagutan, pantay sa potensyal na espirituwal na lumago at magtamo ng kaalaman, kaya nga nagkakaisa sila sa pamamagitan ng pagtutulungan. Pantay sila sa kanilang banal na tadhana na magkasamang dakilain. Sa katunayan, hindi dadakilain ang kalalakihan at kababaihan nang nag-iisa.

Kung gayon, bakit ang isang anak na babae ng Diyos sa isang nagkakaisa at pantay na ugnayan ang tumatanggap ng pangunahing responsibilidad na mag-aruga na may pinakamahalagang sangkap na kailangang matanggap ng lahat, ang kaalaman tungkol sa katotohanan na nagmumula sa langit? Sa pagkaunawa ko, iyan na ang paraan ng Panginoon noon pa mang likhain ang mga pamilya sa mundong ito.

Halimbawa, si Eva ang nakaalam na kailangan ni Adan na kumain ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman para masunod nila ang lahat ng utos ng Diyos at makabuo sila ng pamilya. Hindi ko alam kung bakit si Eva ang unang nakaalam niyon, ngunit ganap na nagkakaisa sina Adan at Eva nang ibuhos ang kaalamang ito kay Adan.

Ang isa pang halimbawa ng paggamit ng Panginoon ng mga kaloob ng kababaihan na mag-aruga ay ang paraan ng pagpapalakas Niya sa mga anak na lalaki ni Helaman. Naiiyak ako kapag binabasa ko ang kuwento at naaalala ko ang nakapapanatag na mga salita ni Inay nang umalis ako para magserbisyo sa militar.

Itinala ni Helaman:

"Sila ay tinuruan ng kanilang mga ina, na kung hindi sila mag-aalinlangan, sila ay ililigtas ng Diyos.

"At inilahad nila sa akin ang mga salita ng kanilang mga ina, sinasabing: Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina."[4]

Kahit hindi ko alam ang lahat ng dahilan ng Panginoon sa pagbibigay sa matatapat na kababaihan ng Simbahan ng pangunahing responsibilidad

na mag-aruga sa pamilya, naniniwala ako na may kinalaman ito sa kakayahan ninyong magmahal. Kailangan ang malaking pagmamahal para madama ang mga pangangailangan ng ibang tao nang higit kaysa sa sarili ninyo. Iyan ang dalisay na pag-ibig ni Cristo para sa taong inyong inaaruga. Ang pagmamahal na iyon sa kapwa ay nagmumula sa taong napiling maging tagapag-aruga matapos maging marapat sa mga bunga ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang motto ng Relief Society, na ipinamuhay ng aking ina, para sa akin ay tila inspirado: "Ang pagibig ay hindi nagkukulang kailan man."



Bilang mga anak na babae ng Diyos, likas at malaki ang inyong kakayahan na madama ang mga pangangailangan ng iba at magmahal. Dahil diyan, mas sensitibo kayo sa mga bulong ng Espiritu. Sa gayon ay magagabayan ng Espiritu ang inyong iniisip, sinasabi, at ginagawa para maaruga ang mga tao upang maibuhos sa kanila ng Panginoon ang kaalaman, katotohanan, at katapangan.

Kayong kababaihan na nakaririnig ng aking tinig ay nasa kanya-kanyang natatanging lugar sa inyong paglalakbay sa buhay. Ang ilan sa inyo ay mga dalagita na ngayon lang nakadalo sa pangkalahatang sesyon ng kababaihan. Ang ilan ay mga dalaga na naghahandang maging tagapag-aruga na nais ng Diyos na kahinatnan nila. Ang ilan ay mga bagong kasal na wala pang anak; ang iba ay mga bata pang ina na may isa o mahigit pang anak. Ang ilan ay mga ina ng mga tinedyer at ang iba naman ay may mga anak sa misyon. Ang ilan ay may mga anak na humina ang pananampalataya at malayo sa tahanan. Ang ilan ay mag-isang namumuhay at walang tapat na kasama. Ang ilan ay mga lola.

Subalit, anuman ang inyong personal na kalagayan, kayo ay bahagi—mahalagang bahagi—ng pamilya ng Diyos at ng sarili ninyong pamilya, sa hinaharap man, sa mundong ito, o sa daigdig ng mga espiritu. Ang responsibilidad ninyo sa Diyos ay arugain ang marami sa Kanya at sa inyong mga kapamilya hangga't kaya ninyo nang may pagmamahal at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

Ang karaniwang hamon sa inyo ay alamin kung sino ang aarugain, paano, at kailan. Kailangan ninyo ang tulong ng Panginoon. Alam Niya ang nasa puso ng iba, at alam Niya kung kailan sila handang tumanggap ng inyong pag-aaruga. Ang inyong panalangin nang may pananampalataya ang magiging susi sa inyong tagumpay. Makakaasa kayong tumanggap ng Kanyang patnubay.

Ibinigay Niya ang panghihikayat na ito: "Humingi sa Ama sa aking pangalan, nang may pananampalataya na naniniwalang kayo ay makatatanggap, at mapapasainyo ang Espiritu Santo, na nagpapahayag ng lahat ng bagay na kinakailangan ng mga anak ng tao."[5]

Bukod sa panalangin, ang seryosong pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay magiging bahagi ng pag-ibayo ng inyong kakayahang mag-aruga. Narito ang pangako: "Ni huwag kayong mabalisa kung ano ang inyong sasabihin; kundi papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao."[6]

Kaya mas tatagalan ninyo ang pagdarasal, pagninilay, at pagbubulay tungkol sa mga espirituwal na bagay. Magkakaroon kayo ng kaalaman tungkol sa katotohanang ibinuhos sa inyo at mag-iibayo ang inyong kakayahang arugain ang iba sa inyong pamilya.

Magkakaroon ng mga pagkakataon na pakiramdam ninyo ay mabagal kayong matuto kung paano mas mainam na mag-aruga. Kailangan ng pananampalataya para makatagal. Ipinadala sa inyo ng Tagapagligtas ang paghihikayat na ito:

"Dahil dito, huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila.

"Masdan, hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan; at ang may pagkukusa at ang masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito."[7]

Ang pagdalo ninyo ngayong gabi ay katibayan na handa kayong tanggapin ang paanyaya ng Panginoon na arugain ang iba. Totoo iyan maging sa pinakabatang narito. Malalaman ninyo kung sino ang aarugain sa inyong pamilya. Kung magdarasal kayo nang may tunay na layunin, may maiisip kayong isang pangalan o mukha. Kung ipagdarasal ninyong malaman kung ano ang gagawin o sasabihin, mararamdaman ninyo ang sagot. Tuwing sumusunod kayo, mag-iibayo ang kakayahan



ninyong mag-aruga. Paghahandaan ninyo ang araw na aarugain ninyo ang sarili ninyong mga anak.

Maaaring ipagdasal ng mga ina ng mga tinedyer kung paano mag-aruga ng isang anak na lalaki o babae na tila hindi tumutugon sa pag-aaruga. Maaari ninyong ipagdasal na malaman kung sino ang maaaring may espirituwal na impluwensya sa mga pangangailangan ng inyong anak at tatanggapin ito. Pinakikinggan at sinasagot ng Diyos ang gayong taos-pusong mga dalangin ng nag-aalalang mga ina, at nagpapadala Siya ng tulong.

Gayundin, maaaring may isang lola rito ngayon na namimighati dahil sa mga hirap at alalahanin ng kanyang mga anak at apo. Maaari kayong kumuha ng tapang at patnubay mula sa mga karanasan ng mga pamilya sa mga banal na kasulatan.

Mula noong panahon nina Adan at Eva, hanggang kay Amang Israel, at hanggang sa bawat pamilya sa Aklat ni Mormon, may isang tiyak na aral kung ano ang gagawin tungkol sa mga kalungkutan sa mga anak na hindi tumutugon: huwag huminto sa pagmamahal.

Nariyan ang nakahihikayat na halimbawa ng Tagapagligtas nang alagaan Niya ang mapanghimagsik na mga espiritung anak ng Kanyang Ama sa Langit. Kahit nagdudulot sila at tayo ng pasakit, nakaunat pa rin ang kamay ng Tagapagligtas.[8] Binanggit niya sa 3 Nephi ang Kanyang mga kapatid sa espiritu na pinagsikapan Niyang arugain ngunit hindi Siya nagtagumpay: "O kayong mga tao . . . na kabilang sa sambahayan ni Israel, kaydalas ko kayong tinipon tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, at inalagaan kayo."[9]

Sa kababaihan sa bawat yugto ng paglalakbay sa buhay, sa bawat sitwasyon ng pamilya, at lahat ng kultura, ang Tagapagligtas ang inyong perpektong halimbawa kung paano kayo lubos na makakatulong sa Kanyang layunin na mas bigyang-diin ang pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan.

Ipadarama ninyo ang likas na pagmamahal ninyo sa kapwa sa mga pagbabago sa mga aktibidad at gawi ng inyong pamilya. Lalong magpapalago iyan ng espirituwalidad. Kapag nagdarasal kayo ng inyong pamilya o ipinagdarasal ninyo sila, madarama ninyo ang pagmamahal ninyo at ng Tagapagligtas para sa kanila. Lalo itong magiging espirituwal na kaloob ninyo kapag hinangad ninyo ito. Madarama ito ng inyong mga kapamilya kapag nagdasal kayo nang may higit na pananampalataya.


Kapag nagtipon ang pamilya para magbasa nang malakas ng mga banal na kasulatan, nabasa at naipagdasal na ninyo ang mga ito para ihanda ang inyong sarili. Nakasumpong na kayo ng mga sandali para ipagdasal na liwanagin ng Espiritu ang inyong isipan. Sa gayon, kapag kayo na ang magbabasa, madarama ng inyong mga kapamilya na mahal ninyo ang Diyos at ang Kanyang salita. Sila ay aarugain Niya at ng Kanyang Espiritu.

Madarama rin iyon sa alinmang pagtitipon ng pamilya kung ipagdarasal at paplanuhin ninyo ito. Maaaring kailanganin ang pagsisikap at panahon, ngunit maghahatid ito ng mga himala. Naaalala ko ang itinuro sa akin ng aking ina noong maliit pa ako. Malinaw pa sa isipan ko ang kinulayan niyang mapa ng mga lugar na nilakbay ni Apostol Pablo. Inisip ko kung paano siya nagkaroon ng oras at lakas para gawin iyon. At hanggang ngayon ay pinagpapapala ako ng kanyang pagmamahal para sa matapat na Apostol na iyon.

Makakahanap ang bawat isa sa inyo ng mga paraan para makatulong sa pagbabahagi ng katotohanan sa inyong mga pamilya sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon. Bawat isa sa inyo ay ipagdarasal, pag-aaralan, at pagninilayan na malaman kung ano ang natatanging maiaambag ninyo. Ngunit ito ang alam ko: bawat isa sa inyo, na pantay na kaagapay ng mga anak na lalaki ng Diyos, ay magiging pinakamahalagang bahagi ng himala ng pag-aaral at pamumuhay ng ebanghelyo na magpapabilis sa pagtitipon ng Israel at maghahanda sa pamilya ng Diyos para sa maluwalhating pagbalik ng Panginoong Jesucristo. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 121:33.
2. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
3. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 145.
4. Alma 56:47–48.
5. Doktrina at mga Tipan 18:18.
6. Doktrina at mga Tipan 84:85.
7. Doktrina at mga Tipan 64:33–34.
8. Tingnan sa 2 Nephi 19:12, 21.
9. 3 Nephi 10:4.



**Ni Pangulong Dallin H. Oaks**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Mga Magulang at mga Anak

*Inihahayag sa inyo ng dakilang plano ng kaligayahan ng ating Ama sa langit kung sino kayo at ang layunin ng inyong buhay.*

Mahal kong mga kapatid, nakakatuwa na mayroon tayo nitong bagong pangkalahatang sesyon ng kababaihan ng Simbahan na walong taong gulang pataas. Narinig na natin ang nakaaantig na mga mensahe mula sa kababaihang pinuno at kay Pangulong Henry B. Eyring. Masaya kami ni Pangulong Eyring na maglingkod sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong Russell M. Nelson, at nasasabik kaming marinig ang kanyang mensahe bilang propeta.

I.

Ang ating mga anak ang pinakamahalagang regalo sa atin ng Diyos—ang ating walang-hanggang pag-unlad. Subalit nabubuhay tayo sa isang panahon na maraming babaeng ayaw magkaroon at mag-aruga ng mga anak. Maraming young adult ang nagpapaliban na magpakasal hangga't hindi pa sila sapat sa mga temporal na pangangailangan. Tumaas nang mahigit dalawang taon ang karaniwang edad ng mga miyembro ng ating Simbahan na nagpapakasal, at bumababa ang bilang ng mga isinisilang sa mga miyembro ng Simbahan. Ang Estados Unidos at ilang iba pang mga bansa ay nahaharap sa isang kinabukasang kakaunti na ang mga batang nagsisitanda para sumuporta sa nagreretirong matatanda.[1] Mahigit 40 porsiyento ng mga isinilang sa Estados Unidos ay sa mga dalagang-ina. Ang mga batang iyon ay mahihina. Bawat isa sa mga kasalukuyang pagbabagong ito sa lipunan ay salungat sa banal na plano ng kaligtasan ng ating Ama.

II.

Nauunawaan ng mga babaeng Banal sa mga Huling Araw na pagiging ina ang kanilang pinakamataas na prayoridad, ang kanilang tunay na kagalakan. Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Karaniwang nakikita ng kababaihan ang kanilang pinakadakilang katuparan, ang kanilang pinakamalaking kaligayahan sa tahanan at pamilya. May isang banal na bagay na itinanim ang Diyos sa kababaihan na nakikita sa kapakumbabaan, sa kahinhinan, sa kapayapaan, sa kabutihan, sa kabanalan, sa katotohanan, sa pagmamahal. Lahat ng pambihirang katangiang ito ay naipapahayag sa pinakatotoo at pinaka-nakasisiyang paraan sa pagiging ina."

Sabi pa niya, "Ang pinakadakilang gawaing gagawin ng sinumang babae ay arugain at turuan at buhayin at hikayatin at palakihin ang kanyang mga anak sa kabutihan at katotohanan. Wala nang iba pang bagay na makakahambing diyan, anuman ang kanyang ginagawa."[2]

Mga ina, mahal na mga kapatid, mahal namin kayo sino man kayo at ano man ang ginagawa ninyo para sa aming lahat.

Sa kanyang mahalagang mensahe noong 2015 na may pamagat na "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson:

"Hindi kumpleto ang kaharian ng Diyos at hindi makukumpleto kung walang kababaihang gumagawa ng mga sagradong tipan at tumutupad sa mga ito, kababaihang nangungusap nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos!

"Ngayon, . . . kailangan namin ng kababaihang alam kung paano magagawa ang mahahalagang bagay sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya at matatapang na tagapagtanggol ng moralidad at mga pamilya sa mundong ito na puno ng kasalanan. Kailangan namin ng kababaihang tapat na gumagabay sa mga anak ng Diyos sa pagtahak sa landas ng tipan tungo sa kadakilaan; kababaihang nakakaalam kung paano tumanggap ng personal na paghahayag, na nauunawaan ang kapangyarihan at kapayapaang nagmumula sa endowment sa templo; kababaihang nakakaalam kung paano manawagan sa mga





kapangyarihan ng langit na pangalagaan at palakasin ang mga anak at pamilya; kababaihang hindi takot magturo."[3]

Ang mga inspiradong turong ito ay batay lahat sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," kung saan pinagtibay ng ipinanumbalik na Simbahang ito ang doktrina at mga gawi na mahalaga sa plano ng Lumikha bago Niya nilikha ang daigdig.

III.

Ngayon magsasalita ako sa nakababatang grupong nakikinig ngayon. Mahal kong mga kabataang babae, dahil sa kaalaman ninyo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, kayo ay natatangi. Ang inyong kaalaman ay tutulong sa inyo na matiis at makayanan ang mga paghihirap na kaakibat ng inyong paglaki. Mula sa murang edad, nakibahagi na kayo sa mga proyekto at programang nagpaunlad sa inyong mga talento, tulad ng pagsusulat, pagsasalita, at pagpaplano. Natuto kayong kumilos nang responsable at labanan ang mga tuksong magsinungaling, mandaya, magnakaw, o gumamit ng alak o droga.

Ang pagiging natatatangi ninyo ay kinilala sa pag-aaral na ginawa ng University of North Carolina tungkol sa mga Amerikanong tinedyer at relihiyon. Isang artikulo sa *Charlotte Observer* ang may pamagat na "Mormon teens cope best: Study finds they top peers at handling adolescence [Pinakamahusay umakma ang mga tinedyer na Mormon: Natuklasan sa pag-aaral na nangunguna sila sa kanilang mga kaedad sa pagharap sa mga hamon ng kabataan]." Nagtapos ang artikulong ito sa pagsasabi na "Mga Mormon ang pinakamagaling umiwas sa mga mapanganib na pag-uugali, mahusay sa pag-aaral at may positibong pananaw tungkol sa hinaharap." Sabi ng isa sa mga mananaliksik sa pag-aaral na ito, na nag-interbyu sa karamihan ng ating mga kabataan, "Sa lahat halos ng kategoryang tiningnan namin, may malinaw na pattern: nangunguna ang mga Mormon."[4]

Bakit napakagaling ninyong umakma sa mga pagsubok na kaakibat ng paglaki? Mga kabataang babae, iyan ay dahil nauunawaan ninyo ang dakilang plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit. Sinasabi nito kung sino kayo at ang layunin ng inyong buhay. Ang mga kabataan na ganyan ang pang-unawa ang nangunguna sa paglutas ng problema at pagpili ng tama. Alam ninyo na tutulungan kayo ng Panginoon na madaig ang mga pagsubok na kaakibat ng paglaki.

Ang isa pang dahilan kaya napakagaling ninyo ay nauunawaan ninyo na kayo ay mga anak ng isang Ama sa Langit na nagmamahal sa inyo. Tiyak ko na pamilyar kayo sa ating magandang himnong "Mga Bata, Diyos ay Malapit." Narito ang unang talatang kinanta at pinaniwalaan na nating lahat:

*Mga bata, Diyos ay malapit,*
*Tumatanod sa t'wina,*
*Magbiyaya'y Kanyang nais,*
*Kung gawi'y laging tama.*[5]

May dalawang aral sa talatang iyan: Una, ang ating Ama sa Langit ay malapit sa atin at binabantayan tayo gabi't araw. Isipin ninyo iyan! Mahal tayo ng Diyos, malapit Siya sa atin, at binabantayan Niya tayo. Pangalawa, nalulugod Siyang pagpalain tayo kung ang ating "gawi'y laging tama." Nakakapanatag ito sa gitna ng ating mga agam-agam at paghihirap!

Oo, mga kabataang babae, kayo ay pinagpala at kayo ay kahanga-hanga, ngunit tulad ng lahat ng anak ng Ama sa Langit, kailangan ninyong sikaping "gawi'y laging tama."

Mapapayuhan ko kayo rito tungkol sa iba't ibang bagay, ngunit ipinasiya ko na dalawa lamang ang talakayin.


Ang unang payo ko ay tungkol sa mga cell phone. Natuklasan kamakailan sa isang pambansang survey na sinabi ng mahigit kalahati ng mga tinedyer sa Estados Unidos na maraming oras ang ginugugol nila sa kanilang cell phone. Mahigit 40 porsiyento ang nagsabi na nababalisa sila kapag nawalay sila sa kanilang cell phone.[6] Mas karaniwan ito sa mga babae kaysa mga lalaki. Mga kapatid kong dalagita—at mga dalaga rin—pagpapalain nito ang inyong buhay kung lilimitahan ninyo ang paggamit at pagdepende sa mga cell phone.


Ang pangalawang payo ko ay mas mahalaga pa. Maging mabait sa iba. Ang kabaitan ay ginagawa na ng marami sa ating mga kabataan. Naipakita na sa ating lahat ng ilang grupo ng mga kabataan sa ilang komunidad ang gagawin. Naantig na tayo sa kabaitan ng ating mga kabataan sa mga taong nangangailangan ng pagmamahal at tulong. Sa maraming paraan, ibinibigay ninyo ang tulong na iyon at ipinapakita ang pagmamahal na iyon sa isa't isa. Sana'y tularan ng lahat ang inyong halimbawa.




# Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

## ANG UNANG PANGULUHAN


Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo



Russell M. Nelson
Pangulo



Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



M. Russell Ballard


Jeffrey R. Holland


Dieter F. Uchtdorf



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen


Ronald A. Rasband



Gary E. Stevenson



Dale G. Renlund



Gerrit W. Gong


Ulisses Soares

## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



L. Whitney Clayton



Patrick Kearon


Carl B. Cook


Robert C. Gay


Terence M. Vinson


José A. Teixeira


Carlos A. Godoy

# MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY

(inayos nang paalpabetiko)




Marcos A. Aidukaitis, Jose L. Alonso, Wilford W. Andersen, Ian S. Ardern, Steven R. Bangerter, W. Mark Bassett, David S. Baxter, Randall K. Bennett, Shayne M. Bowen, Mark A. Bragg, Matthew L. Carpenter, Yoon Hwan Choi, Craig C. Christensen, Kim B. Clark, Weatherford T. Clayton, Lawrence E. Corbridge

Valeri V. Cordón, J. Devn Cornish, Claudio R. M. Costa, Joaquin E. Costa, LeGrand R. Curtis Jr., Massimo De Feo, Benjamín De Hoyos, Edward Dube, Kevin R. Duncan, Timothy J. Dyches, David F. Evans, Enrique R. Falabella, Bradley D. Foster, Randy D. Funk, Eduardo Gavarret, Jack N. Gerard

Taylor G. Godoy, Christoffel Golden, Walter F. González, O. Vincent Haleck, Brook P. Hales, Donald L. Hallstrom, Kevin S. Hamilton, Allen D. Haynie, Matthias Held, David P. Homer, Paul V. Johnson, Larry S. Kacher, Jörg Klebingat, Joni L. Koch, Erich W. Kopischke, Hugo E. Martinez


James B. Martino, Richard J. Maynes, Kyle S. McKay, Peter F. Meurs, Hugo Montoya, Marcus B. Nash, K. Brett Nattress, S. Gifford Nielsen, Brent H. Nielson, Adrián Ochoa, S. Mark Palmer, Adilson de Paula Parrella, Kevin W. Pearson, Anthony D. Perkins, Paul B. Pieper, John C. Pingree Jr.

Rafael E. Pino, Michael T. Ringwood, Lynn G. Robbins, Gary B. Sabin, Evan A. Schmutz, Joseph W. Sitati, Steven E. Snow, Vern P. Stanfill, Brian K. Taylor, Michael John U. Teh, Juan A. Uceda, Arnulfo Valenzuela, Juan Pablo Villar, Takashi Wada, Taniela B. Wakolo, Scott D. Whiting



Larry Y. Wilson, Chi Hong (Sam) Wong, Kazuhiko Yamashita, Jorge F. Zeballos

## ANG PRESIDING BISHOPRIC



Dean M. Davies, Unang Tagapayo; Gérald Caussé, Presiding Bishop; W. Christopher Waddell, Pangalawang Tagapayo

## MGA PANGKALAHATANG PINUNO



### SUNDAY SCHOOL

Devin G. Durrant, Unang Tagapayo; Tad R. Callister, Pangulo; Brian K. Ashton, Pangalawang Tagapayo

### YOUNG WOMEN

Michelle D. Craig, Unang Tagapayo; Bonnie H. Cordon, Pangulo; Becky Craven, Pangalawang Tagapayo

### RELIEF SOCIETY

Sharon Eubank, Unang Tagapayo; Jean B. Bingham, Pangulo; Reyna I. Aburto, Pangalawang Tagapayo

### PRIMARY

Lisa L. Harkness, Unang Tagapayo; Joy D. Jones, Pangulo; Cristina B. Franco, Pangalawang Tagapayo

### YOUNG MEN

Douglas D. Holmes, Unang Tagapayo; Stephen W. Owen, Pangulo; M. Joseph Brough, Pangalawang Tagapayo



Kasabay nito, alam natin na tinutukso tayong lahat ng kaaway na maging masungit, at marami pang halimbawa nito, maging sa mga bata at kabataan. Maraming tawag sa walang-humpay na kasungitan, tulad ng mam-bully, pagtulungan ang isang tao, o pagkaisahang iwaksi ang iba. Ang mga halimbawang ito ay sadyang nagpapahirap sa mga kaklase o kaibigan. Mga kapatid kong dalagita, hindi nalulugod ang Panginoon kapag malupit o mapanakit tayo sa iba.

Narito ang isang halimbawa. May kilala akong binatilyo, isang refugee rito sa Utah, na biniro dahil kakaiba siya, at kung minsa'y nagsasalita sa sarili niyang wika. Inapi siya ng isang barkada ng mga nakaririwasang kabataan hanggang sa gumanti siya na naging dahilan para makulong siya nang 70 araw habang iniisip ng pamahalaan na i-deport siya. Hindi ko alam kung ano ang nag-udyok sa grupong ito ng mga kabataan, at marami sa kanila ay mga Banal sa mga Huling Araw na katulad ninyo, ngunit nakikita ko ang epekto ng pananakit nila, isang nakalulunos na karanasan at kapahamakan sa isa sa mga anak ng Diyos. Kaunti mang kasungitan ay may nakasisirang epekto.

Nang marinig ko ang kuwentong iyon, ikinumpara ko iyon sa sinabi ng ating propetang si Pangulong Nelson sa kanyang pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan kamakailan. Sa panawagan sa inyo at sa lahat ng iba pang kabataan na tumulong na tipunin ang Israel, sinabi niya: "Mamukod-tangi. Alam natin na dapat kayong maging liwanag sa mundo. Kaya, kailangan kayo ng Panginoon na magmukha, magsalitang tulad, kumilos na tulad, at manamit na tulad ng isang tunay na disipulo ni Jesucristo."[7]

Ang hukbo ng mga kabataan na hinihikayat ni Pangulong Nelson na salihan ninyo ay hindi *mananakit* sa isa't isa. Susundin nila ang turo ng Tagapagligtas na tulungan at mahalin at pagbigyan ang iba, kahit iharap pa natin ang kabila nating pisngi kapag nadarama natin na nagkasala sa atin ang isang tao.

Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong panahon na



ipinanganak ang marami sa inyo, pinuri ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang "magagandang kabataang babaeng sinisikap ipamuhay ang ebanghelyo." Inilarawan niya sila, tulad ng naiisip kong paglalarawan sa inyo:


"Mapagbigay sila sa isa't isa. Hangad nilang palakasin ang isa't isa. Karangalan sila ng kanilang mga magulang at tahanang kinalakhan nila. Malapit na silang magdalaga, at dadalhin sa buong buhay nila ang mga halimbawang humihikayat sa kanila ngayon."[8]

Bilang lingkod ng Panginoon, sinasabi ko sa inyo mga kabataang babae, kailangan ng ating mundo ang inyong kabutihan at pagmamahal. Maging mabait sa isa't isa. Itinuro sa atin ni Jesus na mahalin ang isa't isa at pakitunguhan ang iba tulad ng nais nating pakikitungo sa atin. Kapag sinisikap nating maging mabait, mas napapalapit tayo sa Kanya at sa Kanyang mapagmahal na impluwensya.

Mahal kong mga kapatid, kung nakikisali kayo sa anumang pananakit o panghahamak—nag-iisa man kayo o isang grupo—magpasiya na ngayon na magbago at hikayatin ang iba na magbago. Iyan ang payo ko, at ibinibigay ko ito sa inyo bilang lingkod ng Panginoong Jesucristo dahil ipinadama sa akin ng Kanyang Espiritu na magsalita sa inyo tungkol sa mahalagang paksang ito. Pinatototohanan ko si Jesucristo, ang ating Tagapagligtas, na nagturo sa atin na mahalin ang isa't isa tulad ng pagmamahal Niya sa atin. Dalangin ko na nawa'y gawin natin ito, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Sara Berg, "Nation's Latest Challenge: Too Few Children," AMA Wire, Hunyo 18, 2018, wire.ama-assn.org.
2. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 387, 390; tingnan din sa M. Russell Ballard, "Mga Ina at mga Anak na Babae," *Liahona,* Mayo 2010, 18 (sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kaysaysayan at Gawain ng Relief Society* [2011], 156).
3. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 96; tingnan din sa Russell M. Nelson, "Children of the Covenant," *Ensign,* Mayo 1995, 33.
4. Ang pag-aaral na ito ay inilathala ng Oxford University Press bilang Christian Smith at Melinda Lundquist Denton, *Soul Searching: The Religious and Spiritual Lives of American Teenagers* (2005).
5. "Mga Bata, Diyos ay Malapit," *Mga Himno,* blg. 44.
6. Tingnan sa "In Our Opinion: You Don't Need to Be Captured by Screen Time," *Deseret News,* Ago. 31, 2018, deseretnews.com.
7. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), 8, HopeofIsrael.lds.org.
8. Gordon B. Hinckley, "Ang Pangangailangan sa Malaking Kabutihan," *Liahona,* Mayo 2006, 60–61.



Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel

*Bilang propeta, nakikiusap ako sa inyo, na kababaihan ng Simbahan, na hubugin ang hinaharap sa pagtulong na tipunin ang nakalat na Israel.*

Napakasaya ko na makasama kayo, mahal at itinatangi kong mga kapatid. Marahil ang naranasan ko kamakailan ay magbibigay sa inyo ng ideya sa nadarama ko para sa inyo at sa mga kakayahang ipinagkaloob sa inyo ng langit.

Isang araw habang nagsasalita ako sa isang kongregasyon sa South America, masyado akong nasabik na ibahagi ang aking paksa, at sa isang iglap, nasabi kong, "Bilang *ina* ng 10 anak, masasabi ko na . . ." At itinuloy ko na ang mensahe ko.

Hindi ko napansin na nasabi ko ang salitang *ina.* Ang aking tagapagsalin, sa pag-aakalang nagkamali lang ako ng sinabi, ay ginawang *ama* ang *ina,* kaya hindi nalaman ng kongregasyon na tinukoy ko ang sarili ko na *ina.* Pero narinig iyon ng asawa kong si Wendy, at natuwa siya sa dulas ng dila ko.

Sa sandaling iyon, ang matinding pag-asam ng puso ko na makagawa ng kaibhan sa mundo—sa paraang ina lamang ang gumagawa—ay nag-umapaw sa puso ko. Sa paglipas ng mga taon, tuwing tatanungin ako kung bakit *pinili* kong maging doktor, iisa ang sagot ko: "Dahil hindi ko puwedeng *piliin* na maging ina."

Pansinin na tuwing ginagamit ko ang salitang *ina,* hindi lang kababaihang nagsilang o nag-ampon ng mga anak sa buhay na ito ang tinutukoy ko. Ang tinutukoy ko ay *lahat* ng nasa hustong gulang na anak na babae ng ating mga Magulang sa Langit. *Bawat* babae ay isang ina dahil sa kanyang walang-hanggan at banal na tadhana.



Kaya ngayong gabi, bilang *ama* ng 10 anak—*siyam* na babae at isang lalaki—at bilang Pangulo ng Simbahan, dalangin ko na madama ninyo kung gaano katindi ang nadarama ko tungkol sa inyo—tungkol sa kung sino kayo at lahat ng kabutihang magagawa ninyo. Hindi magagawa ninuman ang magagawa ng isang matwid na babae. Hindi matutularan ninuman ang impluwensya ng isang ina.

Kaya at madalas gawin ng kalalakihan na ipadama ang pagmamahal ng Ama sa Langit at ng Tagapagligtas sa iba. Ngunit may espesyal na kaloob ang kababaihan pagdating dito—isang banal na kaloob. May kakayahan kayong madama ang pangangailangan ng isang tao—at kung *kailan* niya ito kailangan. Matutulungan, mapapanatag, matuturuan, at mapapalakas ninyo ang isang tao sa mismong oras ng kanyang pangangailangan.

Iba ang pananaw ng kababaihan kaysa kalalakihan, at ah, kailangang-kailangan namin ang inyong pananaw! Likas sa inyo ang *unahin* ang iba, ang isipin ang magiging epekto ng anumang gagawin ninyo sa iba.

Tulad ng itinuro ni Pangulong Eyring, ang ating dakilang Inang Eva—na may malawak na pananaw sa plano ng ating Ama sa Langit—ang nagpasimula sa tinatawag nating "Pagkahulog." Ang kanyang matalino at matapang na pagpili at ang pagsuporta ni Adan sa desisyong iyon ang nagsulong sa plano ng kaligayahan ng Diyos. Ginawa nilang posible para sa bawat isa sa atin na pumarito sa lupa, tumanggap ng katawan, at patunayan na pipiliin nating suportahan si Jesucristo *ngayon,* tulad ng ginawa natin bago tayo isinilang.

Mahal kong mga kapatid, mayroon kayong espesyal na mga espirituwal na kaloob at likas na katangian. Ngayong gabi hinihimok ko kayo, nang may buong pag-asa sa puso ko, na ipagdasal na maunawaan ninyo ang *inyong mga*

*espirituwal na kaloob*—na linangin, gamitin, at palawakin ang mga ito, nang higit pa kaysa rati. Mababago ninyo ang mundo kapag ginawa ninyo ito.

Bilang kababaihan, binibigyang-inspirasyon ninyo ang iba at nagpapakita kayo ng isang pamantayang nararapat pamarisan. Bibigyan ko kayo ng kaunting impormasyon tungkol sa dalawa sa mga pangunahing pahayag sa ating huling pangkalahatang kumperensya. Kayo, mahal kong mga kapatid, ay mahalaga para sa bawat isa.

Una, ministering. Ang pinakamataas na pamantayan para sa ministering ay ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Karaniwan, ang kababaihan ngayon, at noon pa man, ay mas malapit-lapit na sa pamantayang iyan kaysa kalalakihan. Kapag talagang nagmi-minister kayo, sumusunod kayo sa inyong pakiramdam na tulungan ang iba na higit pang maranasan ang pagmamahal ng Tagapagligtas. Ang hilig na mag-minister ay likas sa matwid na kababaihan. May kilala akong kababaihan na ang ipinagdarasal araw-araw ay, "Sino ang gusto Ninyong tulungan ko ngayon?"

Bago ipinahayag noong Abril 2018 ang tungkol sa mas mainam at mas banal na paraan ng pangangalaga sa iba, nakagawian ng ilang kalalakihan na markahan ng "tapos na" ang kanilang home teaching assignment at tumuloy na sa susunod na gawain.

Ngunit nang madama *ninyo* na kailangan ng tulong ng isang kapatid na binibisita ninyo, tumugon kayo kaagad at hanggang sa matapos ang buong buwan. Kaya nga, ang inyong *paraan* ng pagbisita ang inspirasyon namin na gawin ang ministering na ito.

Pangalawa, sa huling pangkalahatang kumperensya, binago rin namin ang organisasyon ng mga korum ng Melchizedek Priesthood. Nang ipagdasal namin nang taimtim kung paano tutulungan ang kalalakihan ng Simbahan na maging mas epektibo sa kanilang mga responsibilidad, pinag-aralan naming mabuti ang halimbawa ng Relief Society.

Sa Relief Society, nagtitipun-tipon ang kababaihan na iba't iba ang edad at yugto ng buhay. Bawat yugto ng buhay ay may hatid na kakaibang mga hamon, at magkagayunman, naroon pa rin *kayo*, Linggu-Linggo, sama-samang nagpupulong, lumalago at nagtuturo ng ebanghelyo, at gumagawa ng tunay na kaibhan sa mundo.



Ngayon, sa pagsunod sa inyong halimbawa, ang mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay mga miyembro ng elders quorum. Ang kalalakihang ito ay nasa edad 18 hanggang 98 (o baka higit pa), na iba't iba rin ang mga karanasan sa priesthood at Simbahan. Ang mga kapatid na ito ay makabubuo na ngayon ng mas matatag na kapatiran, sama-samang matututo, at mapagpapala ang iba nang mas epektibo.

Maaalala ninyo na noong Hunyo, nagsalita kami ni Sister Nelson sa mga kabataan ng Simbahan. Inanyayahan namin silang sumali sa grupo ng mga kabataan ng Panginoon para tumulong na matipon ang Israel sa magkabilang panig ng tabing. Ang pagtitipong ito ang "*pinakamalaking* hamon, *pinakamagiting* na layunin, at *pinakadakilang* gawain sa mundo ngayon!"[1]

Ito ay isang layunin na lubos na nangangailangan ng kababaihan, dahil ang kababaihan ang humuhubog sa hinaharap. Kaya ngayong gabi bilang propeta, nakikiusap ako sa inyo, na kababaihan ng Simbahan, na hubugin ang hinaharap sa pagtulong na tipunin ang nakalat na Israel.

Saan kayo maaaring magsimula?

Magbibigay ako ng *apat na paanyaya:*

Una, inaanyayahan ko kayo na makibahagi sa 10-araw na hindi paggamit ng social media at sa anumang iba pang media na naghahatid ng negatibo at maruruming ideya sa inyong isipan. Ipagdasal na malaman kung aling mga impluwensya ang aalisin habang hindi kayo gumagamit nito. Mabibigla kayo sa epekto ng 10-araw na hindi ninyo paggamit ng social media. Ano ang napansin ninyo matapos tumigil sa pagtingin sa mga pananaw ng mundo na matagal nang sumusugat sa inyong kaluluwa? May nabago ba sa kung saan ninyo gustong gugulin *ngayon* ang inyong panahon at lakas? Nagbago ba ang anuman sa inyong mga priyoridad—kahit bahagya lang? Hinihimok ko kayong itala at isagawa ang bawat impresyong natanggap ninyo.

Pangalawa, inaanyayahan ko kayong basahin ang Aklat ni Mormon mula ngayon hanggang sa katapusan ng taon. Imposible man iyon sa lahat ng sinisikap ninyong gawin sa buhay, kung tatanggapin ninyo ang paanyayang ito nang may buong layunin ng puso, tutulungan kayo ng Panginoon na makahanap ng paraan para magawa ito. At, kapag nag-aral kayo nang may panalangin, ipinapangako ko na pagpapalain kayo ng langit. Bibiyayaan

kayo ng Panginoon ng dagdag na inspirasyon at paghahayag.

Sa inyong pagbabasa, hinihikayat ko kayong markahan ang bawat talatang bumabanggit o tumutukoy sa Tagapagligtas. Pagkatapos, sadya kayong magsalita tungkol kay Cristo, magalak kay Cristo, at mangaral tungkol kay Cristo sa inyong mga pamilya at kaibigan.[2] Mas mapapalapit kayo at sila sa Tagapagligtas sa prosesong ito. At ang mga pagbabago, pati na mga himala, ay magsisimulang mangyari.

Ipinahayag ngayong umaga ang bagong iskedyul sa araw ng Linggo at ang kurikulum na nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan. Kayo, mahal kong mga kapatid, ay lubhang kailangan sa pagtatagumpay ng bago, balanse, at magkakatugmang pagsisikap na ito sa pagtuturo ng ebanghelyo. Pakituro sa inyong mga minamahal ang natututuhan ninyo mula sa mga banal na kasulatan. Ituro sa kanila kung paano bumaling sa Tagapagligtas para sa Kanyang kapangyarihang magpagaling at maglinis kapag sila ay nagkakasala. At ituro sa kanila kung paano gamitin ang Kanyang nagpapalakas na kapangyarihan sa bawat araw ng kanilang buhay.

Pangatlo, ugaliing regular na magpunta sa templo. Maaaring mangailangan ito ng kaunti pang sakripisyo sa buhay ninyo. Ang mas regular na pagpunta sa templo ay magtutulot sa Panginoon na ituro sa inyo kung paano gamitin ang kapangyarihan ng Kanyang priesthood na ipinagkaloob sa inyo sa Kanyang templo. Sa inyo na malayo ang tirahan sa templo, inaanyayahan ko kayong pag-aralan nang may panalangin ang tungkol sa mga templo sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga buhay na propeta. Hangaring *malaman* pa, *maunawaan* pa, *madama* pa ang kahalagahan ng mga templo kaysa rati.

Sa ating pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan noong Hunyo, ikinuwento ko ang isang binatilyo na nagbago ang buhay nang palitan ng kanyang mga magulang ng flip phone ang kanyang smartphone. Ang ina ng binatilyong ito ay isang walang takot na babae na may pananampalataya. Nakita niya na unti-unting gumagawa ng mga pagpili ang kanyang anak na maaaring makahadlang sa kanyang pagmimisyon. Nagsumamo siya sa loob ng templo para malaman kung ano ang pinakamainam na gawin para matulungan ang kanyang anak. Pagkatapos ay isinagawa niya ang bawat impresyong natanggap niya.

Sabi niya: "Nadama ko na ginagabayan ako ng Espiritu na tingnan ang telepono ng anak ko sa partikular na mga oras para makita ko ang mga bagay na dapat kong makita. Hindi ko alam kung paano gamitin ang mga smartphone na ito, pero ginabayan ako ng Espiritu sa lahat ng social media na ni hindi ko ginagamit! Alam ko na tinutulungan ng Espiritu ang mga magulang na naghahangad ng patnubay para protektahan ang kanilang mga anak. [Sa umpisa], nagalit sa akin ang anak ko. . . . Pero pagkaraan lang ng tatlong araw, pinasalamatan niya ako! Naramdaman niya ang kaibhan."

Ang laki ng ipinagbago ng ugali at kilos ng kanyang anak. Naging mas matulungin siya sa bahay, mas palangiti, at mas nakikinig na sa Simbahan. Masaya siyang naglingkod sa temple baptistry at naghanda sa pagpunta niya sa misyon.

Ang pang-apat kong paanyaya, sa inyo na nasa hustong gulang, ay makibahagi nang lubusan sa Relief Society. Hinihimok ko kayong pag-aralan ang kasalukuyang pahayag ng layunin ng Relief Society. Nagbibigay ito ng inspirasyon. Maaari kayong gabayan nito sa pagkakaroon ng sarili ninyong pahayag ng layunin sa buhay. Isinasamo ko rin na lasapin ninyo ang mga katotohanan sa pahayag ng Relief Society na inilathala halos 20 taon na ang nakararaan.[3] May nakakuwadrong kopya ng pahayag na ito na nakasabit sa dingding sa tanggapan ng Unang Panguluhan. Natutuwa ako *tuwing* binabasa ko ito. Inilalarawan nito kung sino kayo at kung ano ang nais ng Panginoon na kahinatnan ninyo sa panahong ito *mismo* habang ginagawa ninyo ang *inyong* bahagi na tumulong sa pagtitipon sa nakalat na Israel.

Mahal kong mga kapatid, kailangan namin *kayo!* Kailangan namin ang "*inyong* lakas, *inyong* katatagan, *inyong* pananalig, *inyong* kakayahang mamuno, *inyong* karunungan, at *inyong* mga tinig."[4] Hindi talaga namin matitipon ang Israel nang wala kayo.

Mahal ko kayo at pinasasalamatan at ngayo'y binabasbasan ko kayo ng kakayahang talikdan ang mundo habang tumutulong kayo sa napakahalaga at apurahang gawaing ito. Magagawa natin nang sama-sama ang lahat ng kailangang ipagawa sa atin ng ating Ama sa Langit upang maihanda ang mundo sa Ikalawang Pagparito ng Kanyang Pinakamamahal na Anak.

Si Jesus ang Cristo. Ito ang Kanyang Simbahan. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

## Ang Layunin ng Relief Society

Ang Relief Society ay tumutulong na ihanda ang kababaihan para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan habang:

- Pinag-iibayo nila ang pananampalataya nila sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala.
- Pinalalakas nila ang mga indibiduwal, pamilya, at tahanan sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan.
- Nagkakaisa sila sa pagtulong sa mga nangangailangan.

*Maaaring makakuha ng mga kopya sa lds.org/callings/relief-society/purposes o sa store.lds.org.*

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 03, 2018), HopeofIsrael.lds.org.
2. Tingnan sa 2 Nephi 25:26.
3. Ang mga dokumentong ito ay makukuha online. Para sa pahayag ng layunin ng Relief Society, tingnan sa lds.org/callings/relief-society. Para sa pagpapahayag ng Relief Society, tingnan sa Mary Ellen Smoot, "Rejoice, Daughters of Zion," *Liahona,* Ene. 2000, 111–14.
4. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 96; idinagdag ang pagbibigay-diin.





**Ni Pangulong M. Russell Ballard**
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Pangitain ng Pagtubos sa mga Patay

*Pinatototohanan ko na ang pangitaing natanggap ni Pangulong Joseph F. Smith ay totoo. Pinatototohanan ko na maaaring malaman ng bawat tao na ito ay totoo.*

Mga kapatid, ang mensahe ko ay naihanda ko bago pumanaw ang mahal kong asawang si Barbara. Kami ng pamilya ko ay nagpapasalamat sa inyong pananampalataya at sa buong kabaitang pagtulong ninyo. Dalangin kong pagpalain ako ng Panginoon sa pagsasalita ko sa inyo ngayong umaga.

Noong Oktubre 1918, 100 taon na ang nakalipas, tumanggap ng isang dakilang pangitain si Pangulong Joseph F. Smith. Makalipas ang halos 65 taon ng tapat na paglilingkod sa Panginoon sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ilang linggo lang bago siya pumanaw noong Nobyembre 19, 1918, nakaupo siya sa kanyang silid na iniisip ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Cristo at binabasa ang paglalarawan ni Apostol Pedro sa ministeryo ng Tagapagligtas sa daigdig ng mga espiritu matapos Siyang Ipako sa Krus.

Itinala niya: "Habang ako ay nagbabasa ako ay labis na napukaw. . . . Habang aking pinagbubulay-bulay ang mga bagay na ito . . . , ang mga mata ng aking pang-unawa ay nabuksan, at ang Espiritu ng Panginoon ay nanahan sa akin, at aking nakita ang mga hukbo ng mga patay."[1] Ang buong teksto ng pangitain ay nakatala sa Doktrina at mga Tipan bahagi 138.

Magbibigay ako ng ilang impormasyon para mas mapahalagahan natin ang habambuhay na paghahanda ni Joseph F. para matanggap ang kagilagilalas na paghahayag na ito.

Noong siya ang Pangulo ng Simbahan, binisita niya ang Nauvoo noong 1906 at pinagnilayan ang isang alaala noong limang taong gulang pa lang siya. Sabi niya: "Dito ako mismo nakatayo nang dumating na sakay ng kabayo [si Joseph, ang tito ko, at ang tatay kong si Hyrum] papunta sa Carthage. Dumukwang si Itay mula sa kanyang kabayo at binuhat ako mula sa lupa. Hinagkan niya ako at nagpaalam at ibinaba akong muli at minasdan ko ang kanyang paglayo."[2]


Nang makita silang muli ni Joseph F., binuhat siya ng kanyang inang si Mary Fielding Smith, para makita niya ang mga martir na magkakatabing nakahiga matapos silang malupit na paslangin sa Piitan ng Carthage noong Hunyo 27, 1844.

Pagkaraan ng dalawang taon, nilisan ni Joseph F., kasama ang kanyang pamilya at tapat na inang si Mary Fielding Smith, ang kanyang tahanan sa Nauvoo at nagtungo sa Winter Quarters. Bagama't wala pa siyang 8 anyos, kinailangan ni Joseph F. na patakbuhin ang isang grupo ng mga baka mula Montrose, Iowa, hanggang Winter Quarters at kalaunan ay papunta sa Salt Lake Valley, at dumating doon nang halos 10 taong gulang na siya. Sana nakikinig kayong mga bata at kabataang lalaki at matanto ninyo ang responsibilidad at inaasahan na binalikat ni Joseph F. noong kabataan niya.

Pagkaraan lang ng apat na taon, noong 1852, nang 13 anyos siya, pumanaw ang kanyang pinakamamahal na ina—at naulila si Joseph at ang kanyang mga kapatid.[3]

Tinawag si Joseph F. na magmisyon sa Hawaiian Islands noong 1854 nang siya ay 15 anyos. Ang misyong ito, na tumagal nang mahigit tatlong taon, ang naging simula ng habambuhay na paglilingkod sa Simbahan.

Pagbalik niya sa Utah, nag-asawa si Joseph F. noong 1859.[4] Nang sumunod na ilang taon, ang buhay niya ay puno ng trabaho, mga tungkulin sa pamilya, at dalawa pang misyon. Noong Hulyo 1, 1866, sa edad na 27, tuluyang nagbago ang buhay ni Joseph F. nang iorden siya ni Pangulong Brigham Young bilang Apostol. Noong Oktubre ng sumunod





*Sa maluwalhating pangitain na natanggap noong Oktubre 1918, nakita ni Pangulong Joseph F. Smith ang kanyang amang si Hyrum, at si Propetang Joseph Smith.*

na taon, pinunan niya ang isang bakante sa Kapulungan ng Labindalawa.[5] Naglingkod siya bilang tagapayo kina Brigham Young, John Taylor, Wilford Woodruff, at Lorenzo Snow bago naging Pangulo mismo noong 1901.[6]

Isinilang kay Joseph F. at sa kanyang asawang si Julina ang kanilang panganay na si Mercy Josephine.[7] Dalawa't kalahating taon pa lang ito nang pumanaw. Di-nagtagal, itinala ni Joseph F.: "Isang buwan na kahapon buhat nang pumanaw ang mahal kong . . . si Josephine. Ah! sana nailigtas ko siya hanggang sa magdalaga. Nangungulila ako sa kanya at nalulungkot ako. . . . Patawarin ako ng Diyos sa aking kahinaan kung maling mahalin ang maliliit kong anak nang ganito."[8]

Noong nabubuhay pa siya, si Pangulong Smith ay nawalan ng ama, ina, isang kapatid na lalaki at dalawang kapatid na babae, dalawang asawa, at labintatlong anak. Alam na alam niya kung gaano kalungkot ang mawalan ng mahal sa buhay.

Nang mamatay ang anak niyang si Albert Jesse, isinulat ni Joseph F. sa kapatid niyang si Martha Ann na nakiusap siya sa Panginoon na iligtas ito at nagtanong, "Bakit po? Diyos ko, bakit nangyari 'to?"[9]

Sa kabila ng kanyang mga dalangin noon, walang natanggap na sagot si Joseph F. tungkol dito.[10] Sinabi niya kay Martha Ann na "[parang] ayaw sumagot ng Panginoon" tungkol sa kamatayan at daigdig ng mga espiritu. Gayon pa man, matibay at matatag ang pananampalataya niya sa mga walang-hanggang pangako ng Panginoon.

Sa takdang oras ng Panginoon, dumating kay Pangulong Smith ang iba pang mga sagot, pag-aliw, at pag-unawa tungkol sa daigdig ng mga espiritu dahil sa kagila-gilalas na pangitaing natanggap niya noong Oktubre 1918.

Lalong masakit para sa kanya ang taon na iyon. Nagdalamhati siya sa dami ng mga namatay sa Unang Digmaang Pandaigdig na patuloy na dumami hanggang sa umabot ng mahigit 20 milyong tao. Bukod pa riyan, lumalaganap noon ang trangkaso sa buong mundo na kumitil sa buhay ng mga 100 milyong tao.

Sa taong iyon, namatay din ang tatlo pang pinakamamahal na mga kapamilya ni Pangulong Smith. Biglang namatay si Elder Hyrum Mack Smith ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang panganay niyang anak at lolo ko, nang pumutok ang apendiks nito.

Isinulat ni Pangulong Smith: "Wala akong masabi—[napipi] sa dalamhati! . . . Lungkot na lungkot ako; at parang hindi ako makahinga! . . . Ah! Minahal ko siya! . . . Mamahalin ko siya magpakailanman. At iyon nga ang nangyari at siyang mangyayari sa lahat ng anak ko, pero siya ang panganay ko, na siyang unang naghatid sa akin ng galak at pag-asa ng isang walang-katapusan at marangal na pangalan sa mga tao. . . . Mula sa kaibuturan ng aking kaluluwa nagpapasalamat ako sa Diyos para sa kanya! Pero . . . Ah! Kinailangan ko siya! Siya ay kinailangan nating lahat! Napakalaking tulong niya sa Simbahan. . . . At ngayon . . . O! ano ang puwede kong gawin! . . . O! Diyos ko tulungan Mo po ako!"[11]

Nang sumunod na buwan, namatay ang manugang ni Pangulong Smith na si Alonzo Kesler sa isang malagim na aksidente.[12] Isinulat ni Pangulong Smith sa kanyang journal, "Muling binalot ng lungkot ang buong pamilya ko dahil sa napakalagim at makabagbag-damdaming aksidenteng ito."[13]

Makalipas ang pitong buwan, noong Setyembre 1918, namatay ang manugang ni Pangulong Smith at lola ko na si Ida Bowman Smith, matapos isilang ang kanyang ikalimang anak, ang tiyo kong si Hyrum.[14]

Kaya nga, noong Oktubre 3, 1918, matapos dumanas ng matinding kalungkutan sa milyun-milyong nangamatay sa mundo dahil sa digmaan at sakit pati na sa pagkamatay ng sarili niyang mga kapamilya, natanggap ni Pangulong Smith ang paghahayag ng langit na kilala bilang "pangitain ng pagtubos sa mga patay."

Binanggit niya ang paghahayag kinabukasan sa pagbubukas ng sesyon ng pangkalahatang kumperensya ng Oktubre. Mahina na noon ni Pangulong Smith, subalit nagsalita siya nang kaunti: "Hindi ko tatangkaing talakayin ang maraming bagay na nasa isip ko ngayong umaga, at ipagpapaliban ko para sa ibang araw, kung loobin ng Panginoon, ang pagtatangka kong

sabihin sa inyo ang ilan sa mga bagay na nasa puso't isipan ko. Hindi ako nabubuhay na mag-isa nitong [nakaraang] limang buwan. Palagi akong nagdarasal, sumasamo, sumasampalataya at may determinasyon; at patuloy ang komunikasyon ko sa Espiritu ng Panginoon."[15]

Ang paghahayag na natanggap niya noong Oktubre 3 ay umaliw sa kanyang puso at sumagot sa marami sa kanyang mga tanong. Tayo rin ay maaaliw at matututo pa tungkol sa sarili nating kahihinatnan kapag namatay tayo at nagpunta sa daigdig ng mga espiritu sa pag-aaral sa paghahayag na ito at pagninilay tungkol sa kahalagahan nito sa paraan ng ating pamumuhay bawat araw.

Kabilang sa maraming bagay na nakita ni Pangulong Smith ang pagdalaw ng Tagapagligtas sa mga mananampalataya sa daigdig ng mga espiritu matapos Siyang mamatay sa krus. Babanggit ako mula sa pangitain:

"Ngunit masdan, mula sa mabubuti, kanyang binuo ang kanyang lakas at nagtalaga ng mga sugo, na nadaramitan ng kapangyarihan at karapatan, at inatasan silang humayo at dalhin ang liwanag ng ebanghelyo sa kanila na nasa kadiliman, maging sa lahat ng espiritu ng tao;[16] at sa gayon ang ebanghelyo ay naipangaral sa mga patay. . . .

"Sa kanila ay itinuro ang pananampalataya sa Diyos, pagsisisi mula sa kasalanan, pagbibinyag alang-alang sa iba para sa kapatawaran ng mga kasalanan, ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay,

"At lahat ng iba pang alituntunin ng ebanghelyo na kinakailangan nilang malaman upang maging karapat-dapat ang kanilang sarili upang sila alinsunod sa mga tao sa laman ay mahatulan, subalit mangabuhay alinsunod sa Diyos sa espiritu. . . .

"Sapagkat ang mga patay ay tumingin sa matagal na pagkawala ng kanilang mga espiritu mula sa kanilang mga katawan bilang isang pagkagapos.

"Sila ang tinuruan ng Panginoon, at binigyan sila ng kapangyarihang magbangon, matapos ang kanyang



pagkabuhay na mag-uli mula sa patay, upang pumasok sa kaharian ng kanyang Ama, upang doon ay maputungan ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan,

"At magpatuloy simula roon sa kanilang gawain gaya ng ipinangako ng Panginoon, at kabahagi sa lahat ng pagpapalang inilaan para sa kanila na nagmamahal sa kanya."[17]

Sa pangitain, nakita ni Pangulong Smith ang kanyang amang si Hyrum, at si Propetang Joseph Smith. Noon ay 74 na taon na mula nang huli niya silang nakita nang maliit na bata pa siya sa Nauvoo. Maiisip lang natin ang kagalakan niyang makita ang kanyang pinakamamahal na ama at tito. Malamang ay sumigla siya at naaliw na malaman na nananatili sa lahat ng espiritu ang anyo ng kanilang mortal na katawan at na sabik silang naghihintay sa araw ng ipinangakong pagkabuhay na mag-uli sa kanila. Inihayag nang mas lubusan ng pangitain ang lalim at lawak ng plano ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak at ang mapagtubos na pag-ibig ni Cristo at ang walang-kapantay na kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala.[18]

Sa espesyal na ika-100 anibersaryong ito, inaanyayahan ko kayo na basahing mabuti at pakaisipin ang paghahayag na ito. Sa paggawa nito, nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon na mas lubusang maunawaan at mapahalagahan ang pagmamahal ng Diyos at ang Kanyang plano ng kaligtasan at kaligayahan para sa Kanyang mga anak.


Pinatototohanan ko na ang pangitaing natanggap ni Pangulong Joseph F. Smith ay totoo. Pinatototohanan ko na maaari itong basahin ng bawat tao at malalaman niya na ito ay totoo. Yaong mga hindi tatanggap sa kaalamang ito sa buhay na ito ay tiyak na malalaman ang katotohanan nito kapag nakarating na ang lahat ng tao sa daigdig ng mga espiritu. Doon, mamahalin at pupurihin ng lahat ang Diyos at ang Panginoong Jesucristo para sa dakilang plano ng kaligtasan at sa pagpapala ng ipinangakong pagkabuhay na mag-uli kapag muling nagsama at hindi na muling naghiwalay ang katawan at espiritu.[19]

Nagpapasalamat akong malaman kung saan naroon ang mahal kong si Barbara at na muli kaming magkakasama, at ang aming pamilya, magpakailanman. Nawa'y tulungan tayo ng kapayapaan ng Panginoon ngayon at sa tuwina ang aba kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 138:6, 11.
2. Joseph F. Smith, sa Preston Nibley, *The Presidents of the Church* (1959), 228.
3. Tingnan sa Joseph Fielding Smith, *Life of Joseph F. Smith* (1938), 13.
4. Pinakasalan niya si Levira Clark noong 1859, si Julina Lambson noong 1866, si Sarah Richards noong 1868, si Edna Lambson noong 1871, si Alice Kimball noong 1883, at si Mary Schwartz noong 1884.
5. Si Joseph F. Smith ay tinawag bilang karagdagang tagapayo sa Unang Panguluhan (Brigham Young, Heber C. Kimball, at Daniel H. Wells). Naglingkod din siya bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan sa tatlong Pangulo ng Simbahan: sina Pangulong John Taylor, Wilford Woodruff, at Lorenzo Snow.

6. Si Joseph F. Smith ay naglingkod bilang tagapayo sa Unang Panguluhan noong pamamahala ni Brigham Young at naging Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan noong pamamahala nina John Taylor, Wilford Woodruff, at Lorenzo Snow. Siya ang unang Pangulo ng Simbahan na naglingkod sa Unang Panguluhan bago tinawag bilang Pangulo.
7. Si Mercy Josephine, ang panganay ni Joseph F., ay isinilang noong Agosto 14, 1867, at namatay noong Hunyo 6, 1870.
8. Joseph F. Smith, journal, July 7, 1870, Church History Library, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Salt Lake City, Utah.
9. Joseph F. Smith kay Martha Ann Smith Harris, Ago. 26, 1883, Church History Library; tingnan sa Richard Neitzel Holzapfel at David M. Whitchurch, *My Dear Sister: The Letters between Joseph F. Smith and His Sister Martha Ann* (2018), 290–91.
10. Sa maraming pagkakataon, ginabayan ng Panginoon si Joseph F. Smith sa kanyang personal na buhay at sa kanyang ministeryo bilang Apostol at Pangulo ng Simbahan sa pamamagitan ng mga inspiradong panaginip, paghahayag, at pangitain. Kadalasan ang mahahalagang kaloob na ito mula sa Panginoon ay itinala sa kanyang mga journal, sermon, mga paggunita, at mga opisyal na talaan ng Simbahan.
11. Joseph F. Smith, journal, Ene. 23, 1918, Church History Library; ginawang makabago ang ispeling at kapitalisasyon; tingnan sa Joseph Fielding Smith, *Life of Joseph F. Smith,* 473–74.
12. Tingnan sa "A. [P.] Kesler Is Killed in Fall from a Building," *Ogden Standard,* Peb. 5, 1918, 5.
13. Joseph F. Smith, journal, Peb. 4, 1918, Church History Library.
14. Tingnan sa "Ida Bowman Smith," *Salt Lake Herald-Republican*, Set. 26, 1918, 4.
15. Joseph F. Smith, sa Conference Report, Okt. 1918, 2.
16. Tingnan ang reperensya sa "ating maluwalhating inang Eva" at ang "matatapat na anak na babae na . . . sumamba sa tunay at buhay na Diyos" (Doktrina at mga Tipan 138:39).
17. Doktrina at mga Tipan 138:30, 33–34, 50–52.
18. Ang teksto ng pangitain ay unang lumitaw sa edisyon noong Nobyembre 30, 1918 ng *Deseret News,* 11 araw matapos pumanaw si Pangulong Smith, noong Nobyembre 19. Inilimbag ito sa *Improvement Era* sa buwan ng Disyembre at sa mga edisyon noong Enero 1919 ng *Relief Society Magazine,* ng *Utah Genealogical and Historical Magazine,* ng *Young Women's Journal,* at ng *Millennial Star*.
19. Bagama't ang mga anak ng kapahamakan ay mabubuhay na mag-uli, maaaring hindi nila mahalin at purihin ang Ama sa Langit at si Jesucristo na tulad ng mga tatanggap ng isang kaharian ng kaluwalhatian. Tingnan sa Alma 11:41; Doktrina at mga Tipan 88:32–35.



**Ni Bonnie H. Cordon**
Young Women General President

# Pagiging Isang Pastol

*Sana'y ituring kayong kaibigan ng mga pinaglilingkuran ninyo at matanto nila na, sa inyo, mayroon silang kakampi at mapagtatapatan.*

Isang taon na ang nakalipas, napangiti ako ng isang batang Primary na nakilala ko sa Chile. "Hello po," sabi nito, "Ako po si David. Babanggitin n'yo po ba ako sa pangkalahatang kumperensya?"

Sa tahimik na mga sandali, napagnilayan ko ang di-inaasahang pagbati ni David. Gusto nating lahat na makilala. Gusto nating magkaroon ng halaga, maalala, at madama na minamahal tayo.

Mga kapatid, bawat isa sa inyo ay mahalaga. Kahit hindi kayo mabanggit sa pangkalahatang kumperensya, kilala at mahal kayo ng Tagapagligtas. Kung iniisip ninyo kung totoo iyan, kailangan lang ninyong pagnilayan na Kanyang "inanyuan [kayo] sa mga palad ng [Kanyang] mga kamay."[1]



Batid na mahal tayo ng Tagapagligtas, maaaring isipin natin, paano natin pinakamainam na maipapakita ang pagmamahal natin sa Kanya?

Tinanong ng Tagapagligtas si Pedro, "Iniibig mo baga ako . . . ?"

Sumagot si Pedro, "Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi niya sa kaniya, Pakanin mo ang aking mga kordero."

Nang itanong sa kanya ito sa ikalawa at ikatlong pagkakataon, "Iniibig mo baga ako?" Nalungkot si Pedro subalit pinagtibay ang kanyang pagmamahal: "Panginoon, nalalaman mo ang lahat ng mga bagay; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi sa kaniya ni Jesus, *Pakanin mo ang aking mga tupa.*"[2]

Hindi ba napatunayan na ni Pedro na isa siyang mapagmahal na alagad ni Cristo? Sa unang pagkikita pa lang nila sa dalampasigan, "pagdaka'y" iniwan na niya ang kanyang mga lambat para sumunod sa Tagapagligtas.[3] Si Pedro ay naging tunay na mamamalakaya ng mga tao. Sinamahan niya ang Tagapagligtas sa Kanyang personal na

ministeryo at tumulong na ituro sa iba ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Ngunit ngayo'y alam na ng nabuhay na mag-uling Panginoon na wala na Siya sa tabi ni Pedro, at ipinakita rito kung paano at kailan siya nararapat maglingkod. Sa pagkawala ng Tagapagligtas, kakailanganin ni Pedro na humingi ng patnubay mula sa Espiritu, mag-isang tumanggap ng paghahayag, at magkaroon ng pananampalataya at tapang na kumilos. Nakatuon sa Kanyang mga tupa, hangad ng Tagapagligtas na gawin ni Pedro ang gagawin Niya kung Siya ay narito. Hiniling niya kay Pedro na maging isang pastol.

Noong Abril, inanyayahan din tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na pakainin ang mga tupa ng ating Ama sa mas banal na paraan at gawin ito sa pamamagitan ng ministering.[4]

Para magbunga ang pagtanggap sa paanyayang ito, kailangang magkaroon tayo ng puso ng isang pastol at maunawaan natin ang mga pangangailangan ng mga tupa ng Panginoon. Paano tayo magiging mga pastol na kailangan ng Panginoon at ng Kanyang propeta?

Tulad sa lahat ng tanong, makakaasa tayo sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo—ang Mabuting Pastol. Kilala at bilang noon ng Tagapagligtas ang Kanyang mga tupa, binantayan sila, at tinipon sila sa kawan ng Diyos.

### Kilala at Bilang

Sa pagsisikap nating sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas, kailangan muna nating kilalanin at bilangin ang Kanyang mga tupa. Inatasan na tayo ng partikular na mga indibiduwal at pamilyang aalagaan kaya sigurado tayo na bilang ang buong kawan ng Panginoon at walang nakalimutan. Gayunman, ang pagbilang ay hindi talaga tungkol sa dami; ito ay pagtiyak na nadarama ng *bawat* tao ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng isang taong naglilingkod *para sa* Kanya. Sa gayong paraan, malalaman ng lahat na kilala sila ng mapagmahal na Ama sa Langit.

Kamakailan ay nakilala ko ang isang dalaga na naatasang maglingkod sa isang sister na halos limang beses ang tanda sa kanya. Magkasama nilang natuklasan na pareho silang mahilig sa musika. Kapag bumibisita ang dalagang ito, sabay silang kumakanta at nagbabahaginan ng mga paborito nilang awitin. Pinatitibay nila ang isang pagkakaibigan na nagpapala sa buhay nilang dalawa.

Sana'y ituring kayong kaibigan ng mga pinaglilingkuran ninyo at matanto nila na, sa inyo, mayroon silang kakampi at mapagtatapatan—isang taong nababatid ang kanilang sitwasyon at sinusuportahan ang kanilang mga inaasam at pangarap.

Kailan lang ay tumanggap ako ng atas na maglingkod sa isang sister na pareho naming hindi kilala ng kompanyon ko. Nang makausap ko si Jess, ang 16-anyos na ministering companion ko, matalino nitong iminungkahi, "Kailangan po natin siyang kilalanin."

Kaagad kaming nagpasiya na tama lang na magpadala kami ng selfie at magpakilala sa text. Hawak ko ang telepono, at si Jess ang pumindot para kumuha ng larawan. Pareho kaming nagtrabaho sa unang pagkakataon naming maglingkod.

Noong una naming pagbisita, tinanong namin ang aming sister kung may gusto siyang ipagdasal namin para sa kanya. Nagsabi siya ng isang personal na problema at nagsabing pasasalamatan niya kung ipagdarasal namin siya. Nagkalapit agad ang aming kalooban dahil sa kanyang katapatan at tiwala. Napakatamis na pribilehiyo ang alalahanin siya sa aking araw-araw na mga dalangin.

Habang nagdarasal kayo, madarama ninyo ang pagmamahal ni Jesucristo para sa inyong mga pinaglilingkuran. Ibahagi ang pagmamahal na iyon sa kanila. May mas mainam pa bang paraan para mapakain ang Kanyang mga tupa kaysa tulungan silang madama ang Kanyang pagmamahal—*sa pamamagitan ninyo*?

### Binabantayan

Ang ikalawang paraan para magkaroon ng puso ng isang pastol ay bantayan ang Kanyang mga tupa. Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kaya nating kumilos, mag-ayos, magkumpuni, at muling magtayo ng halos kahit anong bagay. Mabilis tayong tumutugon sa isang pangangailangan sa pamamagitan ng pagtulong o sa isang plato ng cookies. Pero may iba pa ba?

Alam ba ng ating mga tupa na binabantayan natin sila nang may pagmamahal at tutulong tayo?

Sa Mateo 25 mababasa natin:

"Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo . . . :

"Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy. . . .

"Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin *nakitang* nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka?

"Kailan ka namin *nakitang* isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka?"[5]

Mga kapatid, ang mahalagang salita ay *nakita*. Nakita ng mabubuti ang mga nangangailangan dahil nakabantay sila at napapansin nila. Tayo man ay maaaring maging mapagbantay para tumulong at umaliw, para ipagdiwang at makita ang potensyal ng iba. At sa ating pagkilos, makatitiyak tayo sa pangako sa Mateo: "Yamang inyong ginawa sa isa . . . sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa."[6]

Ibinahagi ng isang kaibigan—tatawagin natin siyang John—ang maaaring mangyari kapag nakita natin ang di-gaanong napapansing pangangailangan ng iba: "Isang sister sa ward ko ang nagtangkang magpakamatay. Makalipas ang dalawang buwan, natuklasan ko na walang isa man sa korum ko ang lumapit sa asawa niya para tugunan ang masakit na karanasang ito. Ang malungkot, hindi rin ako kumilos. Sa huli, niyaya kong mananghalian ang asawa niya. Mahiyain ito, madalas ay tahimik. Gayunman nang sabihin kong, 'Nagtangkang magpakamatay ang asawa mo. Mabigat siguro iyan para sa iyo. Gusto mo bang ikuwento ang tungkol dito?' hayagan siyang tumangis. Magiliw at masinsinan ang naging pag-uusap



namin at ilang minuto lang ay naging malapit na kami at nagtiwala sa isa't isa."

Dagdag pa ni John, "Palagay ko mahilig lang tayong magdala ng brownies sa halip na mag-isip kung paano harapin ang sandaling iyon nang may katapatan at pagmamahal."[7]

Maaaring nasasaktan, nawawala, o sadya pang gumagala ang ating mga tupa; bilang kanilang pastol, maaari tayong mapabilang sa mga unang makakakita sa kanilang pangangailangan. Maaari tayong makinig at magmahal nang hindi nanghuhusga at magbigay ng pag-asa at tulong sa patnubay ng Espiritu Santo.

Mga kapatid, ang mundo ay mas puno ng pag-asa at galak dahil sa mumunting inspiradong kabaitang ipinapakita ninyo. Habang hinahangad ninyo ang patnubay ng Panginoon kung paano ipadama ang Kanyang pagmamahal at tugunan ang mga pangangailangan ng mga taong inyong pinaglilingkuran, mabubuksan ang inyong mga mata. Ang sagradong tungkulin ninyo sa ministering ay nagbibigay sa inyo ng banal na karapatan para sa inspirasyon. Maaari ninyong hangarin ang inspirasyong iyon nang may tiwala.

### Nakatipon sa Kawan ng Diyos

Ikatlo, gusto nating tipunin ang ating mga tupa sa kawan ng Diyos. Para magawa ito, alamin natin ang kanilang espirituwal na paglago at sabayan sila sa pagtahak sa landas ng pananampalataya. Sagradong pribilehiyo natin ang malaman ang nilalaman ng kanilang puso at ituro sila sa kanilang Tagapagligtas.

Si Sister Josivini sa Fiji ay nahirapang makita ang kanyang daan sa landas ng tipan—nang literal. Nakita ng kaibigan niya na nahihirapan si Josivini na makita nang malinaw ang mga banal na kasulatan para mabasa ito. Binigyan niya si Josivini ng bagong salamin sa mata at ng lapis na matingkad na dilaw ang sulat para markahan ang bawat pagbanggit kay Jesucristo sa Aklat ni Mormon. Ang nagsimula bilang simpleng hangaring maglingkod at tumulong sa pag-aaral ng banal na kasulatan ay humantong sa pagdalo ni Josivini sa templo sa unang pagkakataon 28 taon matapos siyang mabinyagan.

Malakas man ang ating mga tupa o mahina, masaya o malungkot, matitiyak natin na walang sinumang nag-iisa. Maaari natin silang mahalin anuman ang kanilang espirituwalidad at suportahan at hikayatin para sa kanilang pag-unlad. Kapag nanalangin at nagsikap tayong unawain ang nilalaman ng kanilang puso, pinatototohanan ko na gagabayan tayo ng Ama sa Langit at papatnubayan tayo ng Kanyang Espiritu. May pagkakataon tayong maging "mga anghel [sa] paligid [nila]" habang Siya ay nagpapauna sa kanilang harapan.[8]

Inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na pakainin ang Kanyang mga tupa, na alagaan ang Kanyang kawan tulad ng gagawin Niya. Inaanyayahan Niya tayong maging mga pastol sa bawat bansa, bawat bayan. (At oo, Elder Uchtdorf, mahal at kailangan natin ang mga German shepherd.) At nais Niyang makiisa ang Kanyang mga kabataan sa adhikain.

Maaaring ang ating mga kabataan ay ilan sa pinakamalalakas nating mga pastol. Ayon kay Pangulong Russell M. Nelson, sila ay "kabilang sa pinakamahuhusay na *naisugo* ng Panginoon sa mundong ito." Sila ay "magigiting na espiritu," ang ating "pinakamagagaling na manlalaro," na sumusunod sa Tagapagligtas.[9] Nakikinita ba ninyo ang kapangyarihang dadalhin ng gayong mga pastol kapag inalagaan nila ang Kanyang mga tupa? Sa paglilingkod na kasama ang mga kabataang ito, nakakakita tayo ng mga hiwaga.

Mga kabataang babae at lalaki, kailangan namin kayo! Kung wala kayong tungkulin sa ministering, kausapin ang inyong Relief Society o elders quorum president. Matutuwa sila sa kahandaan ninyong tiyakin na ang Kanyang mga tupa ay kilala at bilang, binabantayan, at nakatipon sa kawan ng Diyos.

Pagdating ng araw na luluhod tayo sa paanan ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas, na naaruga ang Kanyang kawan, dalangin ko na makasagot tayo gaya ni Pedro ng: "Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig."[10] Sila, na Inyong mga tupa, ay *minamahal,* sila ay *ligtas,* at sila ay *nasa kawan.* Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. 1 Nephi 21:16.
2. Tingnan sa Juan 21:15–17; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Tingnan sa Mateo 4:20.
4. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ministering," *Liahona,* Mayo 2018, 100.
5. Mateo 25:34–35, 37–38; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Mateo 25:40.
7. Personal na liham.
8. Doktrina at mga Tipan 84:88.
9. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.lds.org.
10. Juan 21:15.



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Ministeryo ng Pakikipagkasundo

*Pinatototohanan ko ang kapayapaan sa kaluluwa na ihahatid ng pakikipagkasundo sa Diyos at sa isa't isa kung tayo ay mapagpakumbaba at may lakas ng loob na gawin iyon.*

Noong Abril, pinasimulan ni Pangulong Russell M. Nelson ang konsepto ng ministering, binigyang-diin niya na ito ay paraan para masunod ang mga dakilang utos na mahalin ang Diyos at mahalin ang isa't isa.[1] Kami, bilang mga opisyal ng Simbahan, ay hayagan kayong binabati at pinapalakpakan sa kamangha-mangha ninyong pagtugon hinggil dito. Salamat sa inyo sa pagsunod sa ating minamahal na propeta sa napakagandang adhikaing ito at iminumungkahi naming huwag na kayong maghintay para sa marami pang tagubilin. Basta tumulong lang kayo sa mga nangangailangan. Puntahan ninyo ang mga nangangailangan. Huwag kayong urong-sulong sa kaiisip kung anong klaseng paglilingkod ang dapat ninyong ibigay. Kung susunod tayo sa mga pangunahing alituntuning naituro na, mananatiling nakaayon sa mga susi ng priesthood, at hahangarin ang paggabay ng Espiritu Santo, hindi tayo mabibigo.

Ngayong umaga nais kong magsalita tungkol sa isang mas personal na aspeto ng ministering na hindi ayon sa assignment, walang nakaiskedyul na interbyu, at walang pag-uulatan maliban sa Diyos. Hayaang ibahagi ko ang isang simpleng halimbawa ng gayong uri ng ministering o paglilingkod.

Si Grant Morrell Bowen ay isang masipag at tapat na asawa't ama na naghirap, gaya ng maraming magsasaka, noong panahon na hindi sapat ang naaaning patatas sa lugar. Tumanggap sila ng asawa niyang si Norma ng ibang trabaho, kalaunan ay lumipat sa ibang lunsod, at nagsimulang kumita ng sapat para sa kanilang mga pangangailangan. Gayunman, sa isang napakalungkot na pangyayari, labis na nasaktan si Brother Bowen nang magduda ang bishop, sa isang temple recommend interview, sa pahayag ni Morrell na nagbabayad siya ng buong ikapu.

Hindi ko alam kung sino sa kanilang dalawa ang may mas tumpak na impormasyon noong araw na iyon, ngunit alam ko na lumabas si Sister Bowen sa interbyung iyon na may bagong temple recommend, samantalang galit na lumabas si Brother Bowen na magiging dahilan para lumayo siya sa Simbahan nang 15 taon.

Sinuman sa kanila ang tama tungkol sa ikapu, malinaw na nalimutan kapwa ni Morrell at ng bishop ang utos ng Tagapagligtas na "makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit"[2] at ang payo ni Pablo na "huwag lumubog ang araw sa inyong galit."[3] Ang katotohanan na *hindi* sila nagkasundo at lumubog *nga* ang araw sa galit ni Brother Bowen nang maraming araw, linggo, at taon, ay nagpatunay sa punto ng isa sa pinakamatatalinong Romano noong araw, na nagsabing, "Ang galit, kung hindi pipigilan, ay kadalasang mas [nakakasira] kaysa sa pinsalang nag-udyok nito."[4] Ngunit nariyan palagi ang himala ng pagkakasundo para sa atin, at dahil sa pagmamahal sa kanyang pamilya at sa Simbahan na alam niyang totoo, naging aktibong muli si Morrell Bowen sa Simbahan. Ikukuwento ko sa inyo sandali kung paano nangyari iyon.

Ang anak ni Brother Bowen na si Brad ay mabuting kaibigan namin at isang matapat na Area Seventy na naglilingkod sa katimugang bahagi ng Idaho.






Si Brad ay 11 anyos nang mangyari ito, at 15 taon niyang minasdan ang paghina ng debosyon ng kanyang ama sa relihiyon, isang saksi sa mga negatibong epekto sa kanilang pamilya dahil sa galit at di-pagkakaunawaan tungkol sa ikapu. May isang bagay na kinailangang gawin. Kaya nang malapit na ang Thanksgiving holiday noong 1977, sumakay si Brad, isang 26-anyos na estudyante sa Brigham Young University; ang kanyang asawang si Valerie; at ang anak nilang si Mic, sa mumurahin nilang kotse at nagbiyahe, kahit masama ang panahon, patungong Billings, Montana. Bumangga man sila sa santambak na niyebe malapit sa West Yellowstone, hindi iyon nakahadlang sa tatlong ito na puntahan si Brother Bowen Sr.

Pagdating, hiniling ni Brad at ng kapatid niyang si Pam na makausap nang sarilinan ang kanilang ama. "Napakabuti n'yong ama," madamdaming pagsisimula ni Brad, "at noon pa namin alam na mahal na mahal n'yo kami. Pero may mali, at nanatili itong gayon sa loob ng mahabang panahon. Dahil minsan kayong nasaktan, ilang taon nang nasasaktan ang pamilyang ito. Nasira tayo, at kayo lang ang makakapag-ayos nito. Puwede po ba, pagkaraan ng mahabang panahong ito, kalimutan n'yo na ang malungkot na pangyayaring iyon sa bishop at muling akayin ang pamilyang ito sa ebanghelyo tulad noon?"

Nagkaroon ng katahimikan. Pagkatapos ay tiningala ni Brother Bowen ang dalawang ito, na kanyang mga anak, na buto ng kanyang buto at laman ng kanyang laman,[5] at mahinang sinabing, "Oo. Gagawin ko."

Tuwang-tuwa ngunit nagulat sa di-inaasahang sagot, minasdan ni Brad Bowen at ng kanyang pamilya ang kanilang asawa at ama nang puntahan nito ang kanyang kasalukuyang bishop para makipagkasundo at itama ang kanyang buhay. Sa isang perpektong tugon sa lakas-loob ngunit lubos na di-inaasahang pagbisitang ito, ang bishop, na paulit-ulit na inanyayahan si Brother Bowen na bumalik, ay niyakap si Morrell —nang matagal.

Sa loob lang ng ilang linggo—hindi ganoon katagal—lubos nang naging aktibong muli si Brother Bowen sa Simbahan at naging karapat-dapat na bumalik sa templo. Hindi nagtagal tinanggap niya ang tawag na mamuno sa isang maliit na branch na nagsisimula pa lamang na may 25 miyembro at ginawa itong maunlad na kongregasyon na may mahigit 100 miyembro. Lahat ng ito ay nangyari halos kalahating siglo na ang nakararaan, ngunit ang pakiusap ng anak na lalaki at anak na babae sa sarili nilang ama at ang kahandaan ng ama na magpatawad at sumulong sa kabila ng mga pagkakamali ng iba ay naghatid ng mga pagpapalang dumarating pa rin—at habampanahong daraling—sa pamilya Bowen.


Mga kapatid, hiniling ni Jesus na tayo ay "mamuhay nang magkakasama sa pag-ibig"[6] nang "[walang] pagtatalu-talo sa inyo."[7] "Siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin," babala Niya sa mga Nephita.[8] Ang totoo, ang relasyon natin kay Cristo ay matutukoy—o kahit paano ay maaapektuhan—ng relasyon natin sa isa't isa.

"Kung kayo ay . . . magnanais na lumapit sa akin," sabi Niya, "at naalaala ninyo na ang inyong kapatid ay may anumang laban sa inyo—

"Magtungo kayo sa inyong kapatid, at *makipagkasundo muna kayo sa [kanya], at pagkatapos kayo ay lumapit sa akin nang may buong layunin ng puso, tatanggapin ko kayo.*"[9]

Tiyak na bawat isa sa atin ay may mababanggit na maraming iba't ibang uri ng nakaraan at masasakit at malulungkot na alaala na sa sandaling ito mismo ay sumisira sa kapayapaan ng puso o pamilya o komunidad. Nakasakit man tayo o nasaktan, kailangang mapagaling ang mga sugat na iyon para maging kapaki-pakinabang ang buhay sa paraang nilayon ng Diyos. Gaya ng pagkain sa refrigerator ninyo na maingat na sinusuri ng inyong mga apo para sa inyo, ang mga hinanakit noon ay lampas na sa kanilang expiration date. Huwag na sana ninyong isipin ang mga ito. Tulad ng sabi ni Prospero sa nagsisising si Alonso sa *The Tempest*, "Huwag na tayong malungkot sa nakaraan dahil wala nang dahilan para malungkot pa tayo."[10]

"[Magpatawad, at kayo'y patatawarin],"[11] pagtuturo ni Cristo sa Sermon



sa Bundok. At sa ating panahon: "Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao."[12] Gayunman, mahalaga para sa sinuman sa inyo na tunay na nagdadalamhati na pansinin ang *hindi* Niya sinabi. *Hindi* Niya sinabing, "Hindi ka puwedeng makadama ng totoong sakit o kalungkutan sa masasakit na karanasan mo sa kamay ng iba." *Hindi* rin Niya sinabing, "Para magpatawad nang lubusan kailangan mong magpatuloy sa di-kanais-nais na relasyon o bumalik sa mapang-abuso, at mapaminsalang kalagayan." Ngunit kahit sa kabila ng pinakamabibigat na pagkakasalang maaaring mangyari sa atin, mapaglalabanan lamang natin ang sakit kapag tinahak natin ang landas tungo sa tunay na paggaling. Ang landas na iyan ay ang maging mapagpatawad na tulad ni Jesus ng Nazaret, na nananawagan sa bawat isa sa atin, "Sumunod ka sa akin."[13]

Sa paanyayang ito na maging disipulo Niya at sikaping gawin ang Kanyang ginawa, inuutusan tayo ni Jesus na maging mga kasangkapan ng Kanyang biyaya—na maging "mga sugo sa pangalan ni Cristo" sa "ministerio sa pagkakasundo," ayon sa paglalarawan ni Pablo sa mga Taga-Corinto.[14] Inuutusan tayo ng Manggagamot ng lahat ng sugat, Siya na nagtatama sa bawat pagkakamali, na maglingkod na kasama Niya sa mahirap na tungkulin na payapain ang isang mundong puno ng kaguluhan.

Kaya, tulad ng isinulat ni Phillips Brooks: "Kayo na hinahayaang tumagal ang malulungkot na di-pagkakaunawaan, na planong lunasan ang mga ito balang-araw; kayo na patuloy na nagtatalu-talo dahil hindi kayo makapagdesisyon na panahon na para isakripisyo ang inyong kayabangan at [tapusin] na iyon; kayo na mainit ang ulo at nilalagpasan ang mga tao sa lansangan, na hindi sila kinakausap para masaktan sila . . . ; kayo na ayaw magpadama ng pagpapahalaga o pakikiramay . . . sa [isang taong] nagdurusa, na plano ninyong gawin . . . balang-araw, . . . humayo kaagad at gawin ninyo ang mga bagay na maaaring hindi na kayo magkaroon ng pagkakataong gawin kailanman."[15]



Mahal kong mga kapatid, pinatototohanan ko na ang pagpapatawad at pagtalikod sa mga pagkakasala, noon at ngayon, ay mahalaga sa kadakilaan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Pinatototohanan ko na sa huli ay darating lamang ang gayong espirituwal na paggaling mula sa ating banal na Manunubos, Siya na humahangos para tulungan tayo "na may pagpapagaling sa kanyang mga bagwis."[16] Nagpapasalamat tayo sa Kanya, at sa ating Ama sa Langit na nagsugo sa Kanya, na ang pagpapanibago at muling pagsilang na iyon, ang isang kinabukasang malaya sa mga kalungkutan at pagkakamali ng nakaraan, ay hindi lamang posible kundi binili at binayaran na ng isang napakasakit na halaga na isinasagisag ng dugo ng Cordero na nagbuhos nito.

Sa awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Tagapagligtas ng mundo bilang apostol, pinatototohanan ko ang kapayapaan sa kaluluwa na ihahatid ng pakikipagkasundo sa Diyos at sa isa't isa kung tayo ay mapagpakumbaba at may lakas ng loob na gawin iyon. "Tumigil sa pakikipagtalo sa isa't isa," ang pakiusap ng Tagapagligtas.[17] Kung may alam kayong isang nakaraang pinsala, ayusin ito. Pangalagaan ang isa't isa nang may pagmamahal.

Mahal kong mga kaibigan, sa ating nagkakaisang ministeryo ng pagkakasundo hinihiling ko na maging tagapamayapa kayo—na mahalin ang kapayapaan, hangarin ang kapayapaan, lumikha ng kapayapaan, pahalagahan ang kapayapaan. Isinasamo ko iyan sa pangalan ng Prinsipe ng Kapayapaan, na nakaaalam ng lahat tungkol sa pagiging "[sugatan] sa bahay ng [Kanyang] mga kaibigan,"[18] ngunit nagkaroon pa rin ng lakas na magpatawad at lumimot—at magpagaling—at maging maligaya. Iyan ang dalangin ko, para sa inyo at sa akin, sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mateo 22:36–40; Lucas 10:25–28.
2. Mateo 5:25.
3. Mga Taga Efeso 4:26.
4. Seneca, sa Tryon Edwards, *A Dictionary of Thoughts* (1891), 21.
5. Tingnan sa Genesis 2:23.
6. Doktrina at mga Tipan 42:45.
7. 3 Nephi 11:22; tingnan din sa 3 Nephi 11:28.
8. 3 Nephi 11:29.
9. 3 Nephi 12:23–24; idinagdag ang pagbibigay-diin.
10. William Shakespeare, *The Tempest,* act 5, scene 1, line 199–200.
11. Lucas 6:37.
12. Doktrina at mga Tipan 64:10.
13. Lucas 18:22.
14. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:18–20.
15. Phillips Brooks, *The Purpose and Use of Comfort* (1906), 329.
16. Malakias 4:2; tingnan din sa 2 Nephi 25:13; 3 Nephi 25:2.
17. Doktrina at mga Tipan 136:23.
18. Zacarias 13:6; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:52.



**Ni Elder Shayne M. Bowen**
Ng Pitumpu

# Ang Papel na Ginagampanan ng Aklat ni Mormon sa Pagbabalik-loob

*Tinitipon natin ang Israel sa huling pagkakataon at ginagawa ito sa tulong ng Aklat ni Mormon, isa sa mga pinakamabisang kasangkapan sa pagbabalik-loob.*

Maraming tao ang nag-iisip ngayon tungkol sa katotohanan ng Diyos at sa ating kaugnayan sa Kanya. Marami ang kakaunti o ni walang alam tungkol sa Kanyang dakilang plano ng kaligayahan. Mahigit 30 taon na ang nakararaan, napansin ni Pangulong Ezra Taft Benson na "karamihan sa . . . mundo ngayon ay hindi tinatanggap ang pagiging Diyos o ang kabanalan ng Tagapagligtas. Pinag-aalinlanganan nila ang Kanyang mahimalang pagsilang, ang Kanyang perpektong buhay, at ang katotohanan ng Kanyang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli."[1]

Sa ating panahon, ang mga tanong ay nakatuon hindi lamang sa ating Tagapagligtas kundi maging sa Kanyang Simbahan—Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—na Kanyang ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Kadalasa'y nakatuon ang mga tanong na ito sa kasaysayan, mga turo, o mga gawi ng Simbahan ng Tagapagligtas.




**Tinutulungan Tayo ng Aklat ni Mormon na Palaguin ang Ating Patotoo**

Mula sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, mababasa natin: "Tandaan na ang pang-unawa natin [tungkol sa Ama sa Langit at sa Kanyang plano ng kaligayahan] ay nagmumula sa mga makabagong propeta—kay Joseph Smith at mga sumunod sa kanya—na tumatanggap ng direktang paghahayag mula sa Diyos. Dahil dito, ang unang tanong na sasagutin ng isang investigator ay kung propeta ba si Joseph Smith, at masasagot niya ang tanong na ito sa pagbabasa at pagdarasal tungkol sa Aklat ni Mormon."[2]

Napalakas ang aking patotoo tungkol sa banal na tungkulin ni Propetang Joseph Smith nang pag-aralan ko nang may panalangin ang Aklat ni Mormon: Isa pang Tipan ni Jesucristo. Tinanggap ko ang paanyaya ni Moroni na "itanong . . . sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo," para malaman ang katotohanan ng Aklat ni Mormon.[3] Pinatototohanan ko na alam ko na ito ay totoo. Sumaakin na ang kaalamang iyon, at sasainyo rin iyon, "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo."[4]

Nakasaad sa pambungad sa Aklat ni Mormon: "Yaong mga magtatamo ng banal na patotoong ito mula sa Banal na Espiritu ay malalaman din sa pamamagitan ng yaon ding kapangyarihan na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan, na si Joseph Smith ang kanyang tagapaghayag at propeta nitong mga huling araw, at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaharian ng Panginoon na muling itinatag sa mundo bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito ng Mesiyas."[5]

Noong ako ay binatang missionary na papuntang Chile, may natutuhan akong isang malaking aral tungkol sa kapangyarihang magpabalik-loob ng Aklat ni Mormon. Si G. Gonzalez ay naglingkod sa isang respetadong posisyon sa kanyang simbahan nang maraming taon. Malawak ang pinag-aralan niya sa relihiyon, at may degree din siya sa teolohiya. Ipinagmamalaki niya ang kahusayan niya sa Biblia. Halata namin na maalam siya sa relihiyon.

Alam na alam niyang may mga missionary ng Ang Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw habang ginagawa nila ang kanilang gawain sa kanyang bayang sinilangan sa Lima, Peru. Noon pa niya gustong makaharap ang mga ito para maturuan sila tungkol sa Biblia.

Isang araw, halos parang hulog ng langit, sa isip niya, pinigil siya ng dalawang missionary sa kalsada at tinanong kung puwedeng magpunta sila sa bahay niya at pag-usapan nila ang mga banal na kasulatan. Natupad ang kanyang pangarap! Nasagot ang kanyang mga dalangin. Sa wakas, maitatama na niya ang maling turo ng mga binatang ito. Sinabi niya sa kanila na masaya siyang magpunta sila sa bahay niya para talakayin ang mga banal na kasulatan.

Sabik na sabik na siya sa appointment niya. Handa na siyang gamitin ang Biblia para pabulaanan ang mga paniniwala nila. Tiwala siya na malinaw at maliwanag na maipapakita ng Biblia na mali ang kanilang ginagawa. Sumapit ang itinakdang gabi, at kumatok ang mga missionary sa kanyang pinto. Natuwa siya. Sa wakas ay dumating na ang kanyang pinakahihintay.

Binuksan niya ang pinto at pinapasok ang mga missionary sa bahay niya. Inabutan siya ng isa sa mga missionary ng isang aklat na kulay asul at taos-pusong nagpatotoo na alam niyang nasa aklat na iyon ang salita ng Diyos. Idinagdag ang pangalawang missionary ang kanyang malakas na patotoo tungkol sa aklat, na ito ay isinalin ng isang makabagong propeta ng Diyos na si Joseph Smith, at itinuturo nito ang tungkol kay Cristo. Nagpaalam na ang mga missionary at umalis.

Dismayado si G. Gonzalez. Pero binuklat niya ang mga pahina ng aklat, at nagsimulang magbasa. Binasa niya ang unang pahina. Binasa niya ang bawat pahina at hindi tumigil hanggang kinabukasan ng hapon. Binasa niya ang buong aklat at nalaman na ito ay totoo. Alam na niya kung ano ang dapat niyang gawin. Tinawagan niya ang mga missionary, nagpaturo, at tinalikuran ang dati niyang buhay para maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.



Ang butihing lalaking iyon ay ang MTC teacher ko sa Provo, Utah. Ang kuwento ng pagbabalik-loob ni Brother Gonzalez at ang kapangyarihan ng Aklat ni Mormon ay natatak nang husto sa akin.

Pagdating ko sa Chile, inanyayahan kami ng mission president ko na si President Royden J. Glade na basahin ang patotoo ni Propetang Joseph Smith na nasa Joseph Smith—Kasaysayan linggu-linggo. Itinuro niya sa amin na may tuwirang koneksyon ang patotoo tungkol sa Unang Pangitain sa aming patotoo tungkol sa ebanghelyo at sa Aklat ni Mormon.

Sineryoso ko ang kanyang paanyaya. Nabasa ko na ang mga salaysay tungkol sa Unang Pangitain; nabasa ko na ang Aklat ni Mormon. Nagdasal na ako tulad ng bilin ni Moroni at nagtanong sa "Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo"[6] kung ang Aklat ni Mormon ay totoo. Pinatotohanan ko ngayon na alam ko na ang Aklat ni Mormon, tulad ng sabi ni Propetang Joseph Smith, "ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."[7] Ipinahayag din ni Propetang Joseph: "Alisin ninyo ang Aklat ni Mormon at ang mga paghahayag, at nasaan ang ating relihiyon? Wala."[8]

#### Personal na Pagbabalik-loob

Habang mas nauunawaan natin kung sino tayo at ang mga layunin ng Aklat ni Mormon, tumatatag at nagiging mas tiyak ang ating pagbabalik-loob. Tumatatag tayo sa pangako nating sundin ang mga tipang ginawa natin sa Diyos.

Ang isang pangunahing layunin ng Aklat ni Mormon ay tipunin ang nakakalat na Israel. Ang pagtitipong ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng anak ng Diyos na pumasok sa landas ng tipan at makabalik, sa pagtupad sa mga tipang iyon, sa piling ng Ama. Habang nagtuturo tayo ng pagsisisi at nagbibinyag ng mga convert, natitipon natin ang nakakalat na Israel.

Ang Aklat ni Mormon ay may 108 reperensya sa sambahayan ni Israel. Sa simula ng Aklat ni Mormon, itinuro ni Nephi, "Sapagkat ang kaganapan ng aking hangarin ay mahikayat ko ang mga tao na lumapit sa Diyos ni Abraham, at sa Diyos ni Isaac, at sa Diyos ni Jacob, at maligtas."[9] Ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob ay si Jesucristo, ang Diyos ng Lumang Tipan. Naliligtas tayo kapag lumapit tayo kay Jesucristo sa pamamagitan ng pamumuhay ng Kanyang ebanghelyo.



Kalaunan, isinulat ni Nephi:

"Oo, maging ang aking ama ay maraming sinabi hinggil sa mga Gentil, at hinggil din sa sambahayan ni Israel, na sila ay ihahalintulad sa isang punong olibo, na babaliin ang mga sanga at ikakalat sa lahat ng dako ng mundo. . . .

"At matapos na ikalat ang sambahayan ni Israel, sila ay muling sama-samang titipunin; o, sa lalong maliwanag, matapos matanggap ng mga Gentil ang kabuuan ng Ebanghelyo, ang mga likas na sanga ng punong olibo, o ang mga labi ng sambahayan ni Israel, ay ihuhugpong, o darating sa kaalaman ng tunay na Mesiyas, na kanilang Panginoon at kanilang Manunubos."[10]

Gayundin, sa bandang dulo ng Aklat ni Mormon, ipinapaalala sa atin ng propetang si Moroni ang ating mga tipan, at nagsabing, "Upang ikaw ay hindi na malito pa, upang ang mga tipan ng Amang Walang Hanggan na kanyang ginawa sa iyo, O sambahayan ni Israel, ay matupad."[11]

#### Ang mga Tipan ng Amang Walang Hanggan

Ano ang "mga tipan ng Amang Walang Hanggan" na binanggit ni Moroni? Mababasa natin sa aklat ni Abraham:

"Ang pangalan ko ay Jehova, at nalalaman ko ang wakas mula sa simula; samakatwid, ang aking kamay ang gagabay sa iyo.

"At gagawin ko mula sa iyo ang isang dakilang bansa, at ikaw ay pagpapalain ko nang hindi masusukat, at padadakilain ang iyong pangalan sa lahat ng bansa, at ikaw ay magiging isang pagpapala sa iyong mga binhi na susunod sa iyo, na sa kanilang mga kamay ay dadalhin nila ang pangangaral na ito at Pagkasaserdote sa lahat ng bansa."[12]

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson sa isang pandaigdigang brodkast kamakailan na "*ito* na talaga ang mga huling araw, at ang Panginoon ay binibilisan ang Kanyang gawain na tipunin ang Israel. Ang pagtitipon na ito ang pinakamahalagang nangyayari sa mundo ngayon. Walang maikukumpara sa laki, walang maikukumpara sa halaga, at sa kadakilaan nito. At kung pipiliin ninyo, kung gusto ninyo, maaari kayong maging malaking bahagi nito. Maaari kayong maging bahagi ng isang bagay na malaki, maringal, at dakila!

"Kapag pinag-uusapan natin ang *pagtitipon*, ang sinasabi natin ay ang katotohanang ito: bawat isa sa mga anak ng Ama sa Langit, sa parehong panig ng tabing, ay dapat marinig ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Sila ang nagdedesisyon sa sarili nila kung nais nilang matuto pa."[13]

Iyan ang ginagawa natin bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw: hangad nating dalhin ang mundo sa pagkaunawa—at pagbabalik-loob—sa ebanghelyo ni Jesucristo. Tayo ang "mga tagapagtipon sa mga huling araw."[14] Malinaw ang ating misyon. Mga kapatid, magpakilala tayo bilang mga tao na nagseryoso sa pangako ni Moroni, nagdasal at tumanggap ng sagot upang malaman na ang Aklat ni Mormon ay totoo, at nagbahagi ng kaalamang iyon sa iba sa salita at, higit sa lahat, sa gawa.

#### Ang Papel na Ginagampanan ng Aklat ni Mormon sa Pagbabalik-loob

Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo.[15] Inaakay tayo nito sa mga tipan ng Ama, na kung tutuparin ay titiyakin sa atin ang Kanyang pinakadakilang kaloob—ang buhay na walang hanggan.[16] Ang Aklat ni Mormon ang saligang bato sa pagbabalik-loob ng lahat ng anak na lalaki at babae ng Ama sa Langit.

Sabi pa ni Pangulong Nelson: "Sa araw-araw na pagbabasa ninyo ng Aklat ni Mormon, matututunan ninyo ang doktrina ng pagtitipon, mga katotohanan tungkol kay Jesucristo, Kanyang Pagbabayad-sala, at ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo na hindi makikita sa Biblia. Ang Aklat ni Mormon ay sentro o mahalaga sa pagtitipon ng Israel. Sa katunayan, kung wala ang Aklat ni Mormon, ang pangakong pagtitipon ng Israel ay hindi magaganap."[17]


Magtatapos ako sa mga salita ng Tagapagligtas nang ituro Niya sa mga Nephita ang mga ipinangakong pagpapala: "Kayo ang mga anak ng mga propeta; at kayo ay sa sambahayan ni Israel; kayo ay sakop ng tipang ginawa ng Ama sa inyong mga ama, na sinasabi kay Abraham: At sa iyong binhi lahat

ng magkakamag-anak sa lupa ay pagpapalain."[18]

Pinatototohanan ko na tayo ay mga anak ng Diyos, ang mga binhi ni Abraham, ang sambahayan ni Israel. Tinitipon natin ang Israel sa huling pagkakataon at ginagawa ito sa tulong ng Aklat ni Mormon—isang aklat na, kapag sinamahan ng Espiritu ng Panginoon, ay siyang pinakamabisang kasangkapan sa pagbabalik-loob. Pinamumunuan tayo ng propeta ng Diyos, si Pangulong Russell M. Nelson, na namamahala sa pagtitipon ng Israel sa ating panahon. Ang Aklat ni Mormon ay totoo. Nabago nito ang buhay ko. Ipinapangako ko, tulad ni Moroni at ng maraming propeta sa paglipas ng mga panahon, na mababago nito ang buhay ninyo.[19] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (2014), 152.
2. "Ano ang Papel na Ginagampanan ng Aklat ni Mormon?" *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero,* binagong edisyon (2018), lds.org/manual/missionary.
3. Moroni 10:4.
4. Moroni 10:4.
5. Pambungad sa Aklat ni Mormon.
6. Moroni 10:4.
7. Pambungad sa Aklat ni Mormon.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 227.
9. 1 Nephi 6:4.
10. 1 Nephi 10:12, 14.
11. Moroni 10:31.
12. Abraham 2:8–9.
13. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), 4, HopeofIsrael.lds.org.
14. Tingnan sa Jacob 5:72.
15. Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Ipinahayag mismo ng Panginoon na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng 'kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo' (D at T 20:9). Hindi ibig sabihin niyan na naglalaman ito ng lahat ng turo, lahat ng doktrina na ipinahayag. Sa halip, ang ibig sabihin nito ay makikita natin sa Aklat ni Mormon ang kabuuan ng mga doktrinang iyon na kailangan sa ating kaligtasan. At ang mga ito ay itinuturo nang malinaw at simple nang sa gayon matututuhan maging ng mga bata ang paraan ng kaligtasan at kadakilaan" (*Mga Turo: Ezra Taft Benson,* 153).
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
17. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel," 7.
18. 3 Nephi 20:25.
19. Tingnan, halimbawa, sa Henry B. Eyring, "Babaguhin ng Aklat ni Mormon ang Inyong Buhay," *Liahona,* Peb. 2004, 12–16.



**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Sugatan

*Sa matitinding pagsubok sa lupa, habang matiyaga tayong nagpapakatatag, ang nagpapagaling na kapangyarihan ng Tagapagligtas ay maghahatid sa inyo ng liwanag, pang-unawa, kapayapaan, at pag-asa.*

Noong Marso 22, 2016, bago lang mag-alas-8 ng umaga, dalawang bomba ng terorista ang sumabog sa Brussels Airport. Naihatid na nina Elder Richard Norby, Elder Mason Wells, at Elder Joseph Empey si Sister Fanny Clain sa airport para isakay ng eroplano patungo sa kanyang mission sa Cleveland, Ohio. Tatlumpu't dalawang tao ang namatay, at lahat ng mga missionary ay nasugatan.

Ang pinakamalubhang nasugatan ay si Elder Richard Norby, edad 66, na naglilingkod na kasama ang kanyang asawang si Sister Pam Norby.

Ikinuwento ni Elder Norby ang sandaling iyon:



*Si Richard Norby ay nagpapagaling sa ospital.*

"Nalaman ko kaagad ang nangyari.

"Tinangka kong tumakbo para makaligtas, pero nadapa ako kaagad. . . . Nakita ko na malubha ang pinsala ng kaliwang binti ko. [Napansin] ko ang maitim at parang sapot ng gagambang uling na nakalaylay mula sa dalawang kamay ko. Maingat ko iyong hinila, pero natanto ko na hindi pala iyon uling kundi balat kong nasunog. Pumupula sa dugo ang puting polo ko dahil sa sugat na nasa likod ko.

"Nang mamalayan ko ang nangyari, [pumasok] sa isip ko ang napakatinding ideya: . . . alam ng Tagapagligtas kung nasaan ako, kung ano ang nangyari, at [kung ano] ang nararanasan ko sa sandaling iyon."[1]

Sumunod ang mahihirap na araw para kay Richard Norby at sa kanyang asawang si Pam. Inilagay siya sa induced coma, na sinundan ng mga operasyon, impeksyon, at malaking kawalan ng katiyakan.

Nabuhay si Richard Norby, pero ang buhay niya ay hindi na magiging katulad ng dati. Pagkaraan ng dalawa't kalahating taon, patuloy pa rin sa paggaling ang mga sugat niya; brace ang ipinalit sa nawalang parte ng kanyang binti; bawat hakbang ay kaiba kaysa noong bago nangyari iyon sa Brussels Airport.



*Richard at Pam Norby.*

Bakit ito nangyari kina Richard at Pam Norby?[2] Naging tapat sila sa kanilang mga tipan, nagmisyon na sila dati sa Ivory Coast, at nagkaroon ng magandang pamilya. Natural na sabihin ng isang tao na, "Hindi ito makatarungan! Hindi ito tama! Ibinigay nila ang buhay nila para sa ebanghelyo ni Jesucristo; paano nangyari ito?"

#### Ito ang Mortalidad

Bagama't maiiba ang mga detalye, dumarating sa ating lahat ang mga trahedya, di-inaasahang mga hamon at pagsubok, kapwa sa pisikal at sa espirituwal dahil ito ang mortalidad.

Habang iniisip ko ngayong umaga ang mga tagapagsalita sa sesyong ito lamang ng kumperensya, naisip ko na dalawa ang may mga anak at tatlo ang may mga apo na namatay nang di-inaasahan. Walang hindi nagkasakit at nalungkot, at sa linggong ito mismo, isang anghel sa lupa na minamahal nating lahat, si Sister Barbara Ballard, ang sumakabilang-buhay. Pangulong Ballard, hindi namin malilimutan ang iyong patotoo sa umagang ito.

Naghahanap tayo ng kaligayahan. Nangangarap tayo ng kapayapaan. Umaasam tayo ng pagmamahal. At binubuhusan tayo ng Panginoon ng kamangha-mangha at saganang mga pagpapala. Ngunit kasabay ng kagalakan at kaligayahan, isang bagay ang tiyak: magkakaroon ng mga sandali, oras, araw, kung minsa'y taon na masusugatan ang inyong kaluluwa.

Itinuturo sa mga banal na kasulatan na matitikman natin ang pait at tamis[3] at magkakaroon ng "pagsalungat sa lahat ng bagay."[4] Sabi ni Jesus, "Pinasisikat [ng inyong Ama] ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap."[5]

Ang mga sugat ng kaluluwa ay hindi natatangi sa mayaman o mahirap, sa isang kultura, isang bansa, o isang henerasyon. Dumarating ito sa lahat at bahagi ito ng pagkatutong natatanggap natin mula sa karanasan sa buhay na ito.

#### Ang mga Matuwid ay Tinatablan

Ang mensahe ko ngayon higit sa lahat ay para sa mga sumusunod sa mga utos ng Diyos, tumutupad sa kanilang mga pangako sa Diyos, at, gaya ng mga Norby o iba pang mga lalaki, babae, at bata sa pandaigdigang grupong ito, ay nahaharap sa mga pagsubok at hamon na di-inaasahan at napakasakit.

Ang ating mga sugat ay maaaring magmula sa kalamidad na dulot ng kalikasan o sa isang aksidente. Maaari itong magmula sa isang taksil na asawa, na sumisira sa buhay ng isang tapat na asawa't mga anak. Ang mga sugat ay maaaring magmula sa kadiliman at kalungkutang dulot ng pighati, di-inaasahang pagkakasakit, pagdurusa o maagang pagkamatay ng isang mahal sa buhay, kalungkutan sa pagkawala ng pananampalataya ng isang kapamilya, lumbay kapag hindi makapag-asawa, o maraming iba pang makabagbag-damdamin at masakit na mga "[kalumbayang] hindi nakikita ng mata."[6]

Nauunawaan natin na ang mga paghihirap ay bahagi ng buhay, ngunit kapag sa atin mismo dumating ang mga ito, maaari tayong masindak. Kailangan nating maging handa, nang hindi natatakot. Sabi ni Apostol Pedro, "Huwag kayong mangagtaka, tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay."[7] Kasama ng kaligayahan at kagalakan, ang mga pagsubok at trahedya ay nakalangkap sa plano ng ating Ama. Ang mga pakikibakang ito, bagama't mahirap, ang nagtuturo sa atin kadalasan ng pinakamagagandang aral.[8]

Kapag ibinabahagi ang mahimalang kuwento ng 2,060 na mga batang mandirigma ni Helaman, gustung-gusto natin ang talatang ito: "Alinsunod sa kabutihan ng Diyos, at sa aming labis na panggigilalas, at sa kagalakan din ng aming buong hukbo, wala ni isa mang katao sa kanila ang nasawi."

Ngunit sabi pa sa talata: "At wala ni isang katao sa kanila ang hindi nakatanggap ng maraming sugat."[9] Bawat isa sa 2,060 ay nagkaroon ng maraming sugat, at bawat isa sa atin ay masusugatan sa pakikibaka sa buhay, ito man ay pisikal, espirituwal, o pareho.

#### Si Jesucristo ang Ating Mabuting Pastol

Huwag sumuko kailanman—gaano man kalalim ang mga sugat ng inyong kaluluwa, anuman ang pinagmulan nito, saan man o kailan man ito nangyari, at gaano man kabilis o katagal ito manatili, hindi kayo nakatadhanang mapahamak sa espirituwal. Nakatadhana kayong makaligtas sa espirituwal at



lumago sa pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos.

Hindi nilikha ng Diyos ang ating mga espiritu para mahiwalay sa Kanya. Ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, sa pamamagitan ng Kanyang di-masukat na kaloob na Pagbabayad-sala, ay hindi lamang tayo inililigtas mula sa kamatayan at inaalok tayo, sa pamamagitan ng pagsisisi, ng kapatawaran para sa ating mga kasalanan, kundi handa rin Siyang iligtas tayo mula sa mga kalungkutan at sakit ng ating sugatang kaluluwa.[10]

Ang Tagapagligtas ang ating Mabuting Samaritano,[11] na isinugo "upang magpagaling ng mga bagbag na puso."[12] Lumalapit Siya sa atin samantalang nilalampasan lamang tayo ng iba. Mahabagin Niyang inilalagay ang Kanyang nagpapagaling na balsamo sa ating mga sugat at binebendahan ang mga ito. Binubuhat Niya tayo. Inaalagaan Niya tayo. Sinasabihan Niya tayong, "[Lumapit] sa akin . . . at pagagalingin ko [kayo]."[13]

"At [si Jesus] ay . . . magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; . . . upang . . . [dalhin] sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao. . . . [na dinadala sa Kanyang sarili ang ating] mga kahinaan, [dahil siya ay puspos] ng awa."[14]

*Mga nalulumbay, magsipaglapit;*
*Sa Diyos ay dumulog, at magpugay.*
*Dito inyong dalhin, ang dalamhati;*
*Langit ay lunas sa bawat lumbay.*[15]

Sa panahon ng malaking pagdurusa, sinabi ng Panginoon kay Propetang Joseph, "Lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti."[16] Paano magiging para sa ating ikabubuti ang masasakit na sugat? Sa matitinding pagsubok sa lupa, habang matiyaga tayong nagpapakatatag, ang nagpapagaling na kapangyarihan ng Tagapagligtas ay maghahatid sa inyo ng liwanag, pang-unawa, kapayapaan, at pag-asa.[17]

#### Huwag na Huwag Sumuko

Manalangin nang buong puso. Palakasin ang inyong pananampalataya kay Jesucristo, sa Kanyang realidad, sa Kanyang biyaya. Panghawakan ang Kanyang mga salita: "Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan."[18]


Tandaan, ang pagsisisi ay mabisang espirituwal na gamot.[19] Sundin ang mga kautusan at maging marapat sa Mang-aaliw, na inaalala na nangako ang Tagapagligtas, "Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo."[20]

Ang kapayapaan ng templo ay isang nakagiginhawang balsamo sa sugatang kaluluwa. Bumalik sa bahay ng Panginoon taglay ang iyong pusong sugatan at dala ang pangalan ng inyong mga kapamilya nang madalas hangga't maaari. Ipinapakita sa atin ng templo ang ating maikling buhay sa mundo mula sa walang-hanggang pananaw.[21]

Balikan ninyo ang nakaraan, at alalahanin na napatunayan ninyo ang inyong pagkamarapat bago kayo isinilang. Kayo ay magiting na anak ng Diyos, at sa tulong Niya, maaari kayong magtagumpay sa mga pakikibaka ninyo sa masamang mundong ito. Nagawa na ninyo ito noon, at magagawa ninyo itong muli.

Isipin ninyo ang hinaharap. Totoong-totoo ang inyong mga problema at kalungkutan, ngunit hindi magtatagal ang mga ito magpakailanman.[22] Ang iyong madilim na gabi ay lilipas, dahil "ang Anak ay bumangon nang may kagalingan sa Kanyang mga pakpak."[23]

Sabi sa akin ng mga Norby, "Dumarating ang mga kabiguan paminsan-minsan pero hindi namin hinahayaang mamalagi ang mga ito."[24] Sabi ni Apostol Pablo, "Nangagigipit kami, gayon ma'y



*Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1995, sa kanyang mensahe tungkol sa pagpanaw kamakailan ng kanyang anak na si Emily, nagpatotoo si Pangulong Russell M. Nelson na hawak ni Jesucristo ang mga susi ng Pagkabuhay na Mag-uli.*

hindi nangaghihinagpis; nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pagasa; pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi nangasisira."[25] Maaaring pagod na kayo, ngunit huwag na huwag kayong susuko.[26]

Kahit may sarili kayong masasakit na sugat, likas kayong tutulong sa iba, na nagtitiwala sa pangako ng Tagapagligtas: "Sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon."[27] Ang mga sugatang gumagamot sa mga sugat ng iba ay mga anghel ng Diyos sa lupa.

Sa loob lang ng ilang sandali, makikinig tayo sa ating pinakamamahal na propetang si Pangulong Russell M. Nelson, isang taong matibay ang pananampalataya kay Jesucristo, may pag-asa at kapayapaan, mahal ng Diyos ngunit nasugatan din ang kaluluwa.



*"Sa pagsunod sa mga utos ng Diyos," sinabi ni Pangulong Nelson sa mga Banal sa Puerto Rico, "makadarama tayo ng kagalakan kahit sa gitna ng ating pinakamatitinding sitwasyon."*

Noong 1995 ang anak niyang si Emily, habang nagdadalantao, ay nasuring may kanser. May mga araw ng pag-asa at kaligayahan nang isilang ang malusog na sanggol nito. Ngunit nagbalik ang kanser, at namatay ang pinakamamahal nilang si Emily dalawang linggo lang pagkaraan ng kanyang ika-37 kaarawan, at naiwan ang kanyang mahal na asawa at limang bata pang mga anak.

Sa pangkalahatang kumperensya, di-nagtagal matapos siyang pumanaw, ipinagtapat ni Elder Nelson: "Tumulo ang aking mga luha ng kalungkutan na hinihiling na sana'y may magawa pa ako para sa aming anak. . . . Kung mayroon lang akong kapangyarihang buhayin ang patay, natukso sana akong ibalik ang [kanyang] buhay. . . . [Ngunit] hawak ni Jesucristo ang mga susing iyon at gagamitin iyon kay Emily . . . at sa lahat ng tao sa takdang oras ng Panginoon."[28]

Noong isang buwan, habang bumibisita kami sa mga Banal sa Puerto Rico at sa paggunita sa mapangwasak na bagyo noong isang taon, nagsalita si Pangulong Nelson nang may pagmamahal at habag:

"[Ito] ay bahagi ng buhay. Ito ang dahilan kaya tayo narito. Narito tayo para magkaroon ng katawan at masubukan at mapatunayan. Ang ilan sa mga pagsubok na iyon ay pisikal; ang ilan ay espirituwal, at ang inyong mga pagsubok dito ay kapwa pisikal at espirituwal."[29]

"Hindi pa kayo sumusuko. Ipinagmamalaki namin kayo. Malaki na ang nawawala sa inyo, matatapat na Banal, ngunit sa kabila ng lahat, napalakas ninyo ang inyong pananampalataya sa Panginoong Jesucristo."[30]


"Sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, makasusumpong tayo ng kagalakan kahit sa gitna ng ating pinakamalalang kalagayan."[31]

### Lahat ng Luha ay Papahirin

Mga kapatid, ipinapangako ko sa inyo na ang pagpapalakas ng inyong pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ay magbibigay sa inyo ng dagdag na katatagan at pag-asa. Para sa inyo, na matwid, ang Manggagamot ng ating kaluluwa, sa Kanyang panahon at paraan, ay pagagalingin ang lahat ng inyong sugat.[32] Walang kaapihan, walang pag-uusig, walang pagsubok, walang kalungkutan, walang pighati, walang pagdurusa, walang sugat—gaano man kalalim, gaano man kalawak, gaano man kasakit—na hindi bibigyan ng kapanatagan, kapayapaan, at walang-hanggang pag-asa Niya na ang bukas na mga bisig at sugatang mga kamay ay tatanggapin tayo sa Kanyang kinaroroonan. Sa araw na iyon, pagpapatotoo ni Apostol Juan, ang matwid na "[nanggagaling] sa malaking kapighatian"[33] ay tatayo na "nangadaramtan ng mapuputing damit . . . sa harapan ng luklukan ng Diyos." Ang Cordero ay "lulukuban sila . . . at papahirin ng Dios ang bawa't luha ng kanilang mga mata."[34] Darating ang araw na ito. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Personal na pag-uusap, Ene. 26, 2018.
2. Sa isang pag-uusap noong mga unang buwan ng taong ito, sinabi sa akin ni Richard Norby, "Tumutugon kami sa kung ano ang ibinigay sa amin." Ibinahagi niya ito mula sa kanyang journal: "Ang mga pagpapatunay at pagsubok na dumarating sa bawat isa sa atin ay nagbibigay ng pagkakataon at pribilehiyong mas makilala ang Tagapagligtas at maunawaan nang mas detalyado ang kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Siya ang ating sinasandigan. Siya ang ating hinahanap. Siya ang ating inaasahan. Siya ang ating pinagtitiwalaan. Siya ang minamahal natin nang buong-puso, nang walang pag-aatubili. Napapagaling ng Tagapagligtas ang lahat ng pisikal at emosyonal na pasakit na bahagi ng mortalidad. Inaalis Niya ang sakit sa atin. Dinadala Niya ang ating mga kapanglawan."
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:39.
4. 2 Nephi 2:11.
5. Mateo 5:45.
6. "Panginoon, Kayo'y Laging Susundin," *Mga Himno,* blg. 164.
7. I Ni Pedro 4:12.
8. "At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos" (Abraham 3:25; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 101:4–5).
9. Alma 57:25.
10. Sumulat sa akin ang isang kaibigan: "Ang halos limang-taong pakikibaka sa emosyonal na 'kadiliman at kalungkutan' na iba't iba ang katindihan ay sinasagad ang iyong mga kakayahan, determinasyon, pananampalataya, at pasensya. Makalipas ang mga araw ng 'pagdurusa,' pagod ka na. Makalipas ang mga linggo ng 'pagdurusa,' pagod na pagod ka na. Makalipas ang mga buwan ng 'pagdurusa,' nagsisimula ka nang manghina. Makalipas ang mga taon ng 'pagdurusa,' bumibigay ka na sa posibilidad na hinding-hindi ka na gagaling. Ang pag-asa ang nagiging pinakamahalaga, at pinakamailap, sa mga kaloob. Sa madaling salita, hindi ko siguradong alam ko kung paano ko nalagpasan ang pagsubok na ito, kundi [ang Tagapagligtas] lamang. Iyon lang ang paliwanag. Hindi ko maipaliwanag kung paano ko ito nalaman, maliban sa alam ko ito. Dahil sa Kanya, nalagpasan ko ito."
11. Tingnan sa Lucas 10:30–35.
12. Lucas 4:18; tingnan din sa Isaias 61:1.
13. 3 Nephi 18:32.
14. Alma 7:11–12. "Nagpakababa-baba [siya] sa lahat ng bagay, sa gayon kanyang nauunawaan ang lahat ng bagay" (Doktrina at mga Tipan 88:6).
15. "Halina, mga Nalulumbay," *Mga Himno,* blg. 70.
16. Doktrina at mga Tipan 122:7.
17. "Nalalaman mo ang kadakilaan ng Diyos; at kanyang ilalaan ang iyong mga paghihirap para sa iyong kapakinabangan" (2 Nephi 2:2). "Nalalaman ko na sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw" (Alma 36:3).
18. II Mga Taga Corinto 12:9.
19. Tingnan sa Neil L. Andersen, "The Joy of Becoming Clean," *Ensign,* Abr. 1995, 50–53.
20. Juan 14:18.
21. "Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag" (I Mga Taga Corinto 15:19).
22. Sa unang talata ng Aklat ni Mormon, ipinaliwanag ni Nephi, "Nakita ko ang maraming paghihirap sa paglipas ng aking mga araw" (1 Nephi 1:1). Kalaunan, sinabi ni Nephi, "Gayunpaman, ako ay umasa sa aking Diyos, at pinapurihan siya sa buong maghapon; at hindi ako bumulung-bulong laban sa Panginoon dahil sa aking mga paghihirap" (1 Nephi 18:16).
23. 3 Nephi 25:2.
24. Personal na pag-uusap, Ene. 26, 2018.
25. II Mga Taga Corinto 4:8–9.
26. Si Pangulong Hugh B. Brown, samantalang bumibisita sa Israel, ay tinanong kung bakit inutusan si Abraham na ialay ang kanyang anak. Sumagot siya, "Kinailangang malaman ni Abraham ang isang bagay tungkol kay Abraham" (sa Truman G. Madsen, *Joseph Smith the Prophet* [1989], 93).
27. Mateo 16:25.
28. Russell M. Nelson, "Children of the Covenant," *Ensign,* Mayo 1995, 32.
29. Russell M. Nelson, sa Jason Swensen, "Better Days Are Ahead for the People of Puerto Rico," *Church News,* Set. 9, 2018, 4.
30. Russell M. Nelson, sa Swensen, "Better Days Are Ahead," 3.
31. Russell M. Nelson, sa Swensen, "Better Days Are Ahead," 4.
32. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Jesucristo—ang Dalubhasang Manggagamot," *Liahona,* Nob. 2005, 85–88.
33. Apocalipsis 7:14.
34. Tingnan sa Apocalipsis 7:13, 15, 17.



Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Ang Tamang Pangalan ng Simbahan

*Inutusan tayo ni Jesucristo na tawagin ang Simbahan sa Kanyang pangalan dahil Kanya ang Simbahang ito, puspos ng Kanyang kapangyarihan.*

Mahal kong mga kapatid, sa magandang araw na ito ng Sabbath sama-sama tayong nagagalak sa maraming pagpapala ng Panginoon sa atin. Nagpapasalamat kami sa inyong patotoo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, sa mga sakripisyong ginawa ninyo para magpatuloy o bumalik sa landas ng Kanyang tipan, at sa inyong buong-pusong paglilingkod sa Kanyang Simbahan.

Ngayon pakiramdam ko kailangan kong talakayin sa inyo ang isang napakahalagang paksa. Ilang linggo na ang nakararaan, naglabas ako ng isang pahayag tungkol sa pagtawag sa Simbahan gamit ang tamang pangalan.[1] Ginawa ko ito dahil ipinaalam sa akin ng Panginoon ang kahalagahan ng pangalang ibinigay Niya para sa Kanyang Simbahan, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[2]

Tulad ng inaasahan ninyo, ang mga tugon sa pahayag na ito at sa binagong style guide[3] ay kapwa positibo at negatibo. Itinama kaagad ng maraming miyembro ang pangalan ng Simbahan sa kanilang mga blog at social media page. Nagtaka ang ilan kung bakit kinailangan, sa dami ng nangyayari sa mundo, na bigyang-diin ang isang bagay na tila "walang halaga." At sabi ng ilan hindi ito posible, kaya bakit pa susubukan? Ipapaliwanag ko kung bakit napakahalaga ng isyung ito sa atin. Ngunit sasabihin ko muna kung ano ang *hindi* sa pagsisikap na ito:

- Ito'y hindi pagbabago ng pangalan.
- Ito'y hindi pagbabago ng brand.
- Ito'y hindi paimbabaw.
- Ito'y hindi isang kapritso.
- At ito'y hindi walang halaga.

Sa halip, ito *ay* isang pagtatama. Ito *ay* utos ng Panginoon. Hindi si Joseph Smith ang nagbigay ng pangalan sa Simbahang ipinanumbalik sa pamamagitan niya; hindi rin si Mormon. Ang Tagapagligtas mismo ang nagsabing, "Sapagkat sa ganito tatawagin ang aking simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[4]

Kahit bago pa iyon, noong AD 34, iyon din ang bilin ng ating nabuhay na mag-uling Panginoon sa mga miyembro ng Kanyang Simbahan nang dalawin Niya sila sa mga lupain ng Amerika. Noo'y sinabi Niya:

"Kaya nga tatawagin ninyo ang simbahan sa aking pangalan. . . .

"At paano ito magiging simbahan ko maliban kung ito ay tinatawag sa aking pangalan? Sapagkat kung ang isang simbahan ay tinatawag sa pangalan ni Moises, kung gayon iyon ay simbahan ni Moises; o kung iyon ay tatawagin sa pangalan ng isang tao kung gayon iyon ay simbahan ng isang tao; ngunit kung ito ay tinatawag sa aking pangalan kung gayon ito ay aking simbahan."[5]

Samakatwid, ang pangalan ng Simbahan ay hindi pinag-uusapan. Kapag malinaw na ipinapahayag ng Tagapagligtas ang dapat ipangalan sa Kanyang Simbahan, at inuunahan pa Niya ng pahayag na, "Sa ganito tatawagin ang aking simbahan," seryoso Siya. At kung






ginagamit at hinihiram o kinukunsinti pa natin ang mga palayaw na iyon, nasasaktan Siya.

Ano ang nakapaloob sa isang pangalan, o sa kasong ito, sa isang palayaw? Pagdating sa mga palayaw ng Simbahan, tulad ng "Simbahan ng LDS," ang "Simbahan ni Mormon," o ang "Simbahan ng mga Banal sa mga Huling Araw," ang pinakamalinaw na *nawawala* ay ang pangalan ng Tagapagligtas. Malaking tagumpay para kay Satanas ang maalis ang pangalan ng Panginoon sa Simbahan ng Panginoon. Kapag *inaalis* natin ang pangalan ng Tagapagligtas, unti-unti nating *binabalewala* ang lahat ng ginawa ni Jesucristo para sa atin—maging ang Kanyang Pagbabayad-sala.

Isipin ito ayon sa Kanyang pananaw: Bago Siya isinilang, Siya si Jehova, ang Diyos ng Lumang Tipan. Sa utos ng Kanyang Ama, Siya ang Lumikha ng daigdig na ito at ng iba pang mga daigdig.[6] Pinili Niyang sundin ang kalooban ng Kanyang Ama at gawin ang isang bagay para sa lahat ng anak ng Diyos na wala nang ibang makagagawa! Nagpakababang pumarito sa lupa bilang Bugtong na Anak ng Ama sa laman, Siya ay buong lupit na nilait, kinutya, dinuraan, at hinagupit. Sa Halamanan ng Getsemani, inako ng ating Tagapagligtas ang *bawat* pasakit, *bawat* sala, at *lahat* ng sakit at pagdurusang naranasan natin at ng lahat ng nabuhay o mabubuhay pa *kailanman*. Sa bigat ng napakasakit na pasaning iyan, nilabasan Siya ng dugo sa bawat butas ng balat.[7] Lahat ng pagdurusang ito ay tumindi nang Siya ay malupit na ipinako sa krus ng Kalbaryo.

Sa napakasakit na mga karanasang ito at sa Kanyang sumunod na Pagkabuhay na Mag-uli—ang Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala—pinagkalooban Niya ng imortalidad ang lahat, at tinubos ang bawat isa sa atin mula sa mga epekto ng kasalanan basta't nagsisi tayo.

Kasunod ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas at ng pagkamatay ng Kanyang mga Apostol, dumanas ng daan-daang taon ng kadiliman ang daigdig. Pagkatapos noong 1820, nagpakita ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo kay Propetang Joseph Smith para pasimulan ang Pagpapanumbalik ng Simbahan ng Panginoon.

Pagkatapos ng lahat ng tiniis Niya—pagkatapos ng lahat ng ginawa Niya para sa sangkatauhan—sising-sisi ako nang matanto ko na pumayag tayo nang hindi namamalayan na tawagin ang ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon sa ibang mga pangalan, na bawat isa'y nag-aalis sa sagradong pangalan ni Jesucristo!

Tuwing Linggo habang marapat tayong tumatanggap ng sakramento, nagpapanibago tayo ng sagradong pangako sa ating Ama sa Langit na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Kanyang Anak na si Jesucristo.[8] Nangangako tayong susundin Siya, magsisisi, susundin ang Kanyang mga utos, at *lagi* Siyang aalalahanin.

Kapag inaalis natin ang Kanyang pangalan sa Kanyang Simbahan, sadyang inaalis natin *Siya* bilang pinakamahalagang pinagtutuunan ng ating buhay.

Kasama sa pagtataglay natin ng pangalan ng Tagapagligtas ang pagpapahayag at pagsaksi sa iba—sa ating mga salita at gawa—na si Jesus ang Cristo. Sobra na ba ang takot nating *magalit* ang isang tao na ang tawag sa atin ay "mga Mormon" kaya hindi natin *maipagtanggol* ang Tagapagligtas mismo, para manindigan para sa Kanya maging sa pangalang itinatawag sa Kanyang Simbahan?

Kung gusto natin bilang isang grupo at bilang mga indibiduwal na magkaroon ng bisa sa atin ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo—para linisin at pagalingin tayo, palakasin at luwalhatiin tayo, at sa huli ay dakilain tayo—malinaw nating kilalanin na Siya ang pinagmumulan ng kapangyarihang iyon. Makapagsisimula tayo sa pamamagitan ng pagtawag sa Kanyang Simbahan sa pangalang ibinigay Niya.

Halos sa buong mundo, ang Simbahan ng Panginoon ay kasalukuyang tinatawag na "Simbahan ni Mormon." Ngunit alam natin bilang mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon kung sino ang namumuno rito: si Jesucristo mismo. Sa kasamaang-palad, maaaring isipin ng maraming nakaririnig sa katagang *Mormon* na sinasamba natin si Mormon. Hindi totoo iyan! Pinupuri at iginagalang natin ang dakilang sinaunang propetang iyon na taga-Amerika.[9] Ngunit *hindi* tayo mga disipulo ni Mormon. Tayo ay mga disipulo ng Panginoon.

Noong mga unang araw ng ipinanumbalik na Simbahan, ang mga katagang *Simbahan ni Mormon* at *mga Mormon*[10] ay madalas gamitin bilang mga bansag—bilang mga katagang malupit at mapang-insulto—para maitago ang impluwensya ng Diyos sa pagpapanumbalik ng Simbahan ni Jesucristo sa mga huling araw na ito.[11]

Mga kapatid, maraming makamundong argumento laban sa pagpapanumbalik ng tamang pangalan ng Simbahan. Dahil digital na ang mundong ginagalawan natin at sa search engine optimization na tumutulong sa ating lahat na mahanap ang impormasyong kailangan

natin halos sa isang iglap—pati na ang impormasyon tungkol sa Simbahan ng Panginoon—sinasabi ng mga kritiko na hindi mabuting gumawa ng pagtatama sa ngayon. Iniisip ng iba na dahil kilala na tayo ng lahat bilang "mga Mormon" at bilang "Simbahan ni Mormon," tanggapin na lang natin iyon.

Kung ito ay isang talakayan tungkol sa pagbibigay ng brand sa isang organisasyong gawa ng tao, maaaring manaig ang mga argumentong iyon. Ngunit sa napakahalagang bagay na ito, umaasa tayo sa Kanya na nagmamay-ari ng Simbahang ito at kinikilala natin na ang mga paraan ng Panginoon ay hindi, at kailanma'y hindi, katulad ng mga paraan ng tao. Kung magtitiyaga tayo at mahusay nating gagawin ang ating tungkulin, papatnubayan tayo ng Panginoon sa mahalagang gawaing ito. Sa huli, alam nating tinutulungan ng Panginoon ang mga naghahangad na gawin ang Kanyang kalooban, tulad noong tulungan Niya si Nephi na buuin ang barko para matawid ang dagat.[12]

Nanaisin nating maging magalang at matiyaga sa ating mga pagsisikap na itama ang mga pagkakamaling ito. Makikiisa ang responsableng media sa pagtugon sa ating kahilingan.

Sa isang pangkalahatang kumperensya, binanggit ni Elder Benjamín De Hoyos ang isang gayong pangyayari. Sabi niya:

"Ilang taon na ang nakalilipas habang naglilingkod pa ako sa tanggapan ng public affairs ng Simbahan sa Mexico, inanyayahan kaming [magkompanyon na] lumahok sa isang programa sa radyo. . . . [Isa sa mga direktor ng programa ang] nagtanong [sa amin], 'Bakit ang haba ng pangalan ng Simbahan ninyo? . . .

"Ngumiti kami ng kompanyon ko sa makabuluhang tanong na iyon at ipinaliwanag na ang pangalan ng Simbahan ay hindi pinili ng tao. Ibinigay ito ng Tagapagligtas. . . . Kaagad at magalang na tumugon ang direktor ng programa, 'Kung gayon ay malugod naming uulitng sabihin ito.'"[13]

Ang ulat na iyon ay naglalaan ng isang huwaran. Isa-isa, kakailanganin ang pinakamalalaking pagsisikap natin bilang mga indibiduwal na itama ang mga kamaliang unti-unting natanggap sa paglipas ng mga taon.[14] Maaaring sumunod o hindi sumunod ang buong mundo na tawagin tayo sa tamang pangalan. Ngunit hindi matapat ang mainis tayo kung tinatawag ng halos buong mundo ang Simbahan at mga miyembro nito sa mga maling pangalan kung gayon din ang ginagawa natin.

Nakakatulong ang ating binagong style guide. Sabi roon: "Sa unang pagtukoy, ang buong pangalan ng Simbahan ang mas gusto: 'Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.' Kapag kailangan ng pinaikling [pangalawa] pagtukoy, hinihikayat na gamitin ang mga katagang 'ang Simbahan' o ang 'Simbahan ni Jesucristo.' Tumpak at hinihikayat din ang 'ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo.'"[15]

Kung may magtanong ng, "Mormon ka ba?" maaari kang sumagot ng, "Kung itinatanong mo kung miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, oo, miyembro ako!"

Kung may magtanong ng, "LDS ka ba?"[16] maaari kang sumagot ng, "Oo, LDS ako. Naniniwala ako kay Jesucristo at miyembro ako ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan."

Mahal kong mga kapatid, ipinapangako ko na kung gagawin natin ang lahat para ipanumbalik ang tamang pangalan ng Simbahan ng Panginoon, ibubuhos Niya na nagmamay-ari ng Simbahang ito ang Kanyang kapangyarihan at mga pagpapala sa mga Banal sa mga Huling Araw,[17] sa mga paraang hindi pa natin nakita kailanman. Magkakaroon tayo ng kaalaman at kapangyarihan ng Diyos para tulungan tayong dalhin ang mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao at ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

Kaya, ano ang nakapaloob sa isang pangalan? Pagdating sa pangalan ng Simbahan ng Panginoon, ang sagot ay "Lahat!" Inutusan tayo ni Jesucristo na tawagin ang Simbahan sa Kanyang pangalan dahil Kanya ang Simbahang ito, puspos ng Kanyang kapangyarihan.


Alam ko na ang Diyos ay buhay. Si Jesus ang Cristo. Pinamumunuan Niya ang Kanyang Simbahan ngayon. Pinatototohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**MGA TALA**

1. "Ipinaalam sa akin ng Panginoon ang kahalagahan ng pangalang inihayag Niya para sa Kanyang Simbahan, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. May gawain tayo sa ating harapan na iayon ang ating sarili sa Kanyang kalooban. Nitong mga nakaraang linggo, pinasimulan na ng iba't ibang pinuno at departamento ng Simbahan ang mga hakbang na kailangan para magawa ito. Ipapaalam ang iba pang impormasyon tungkol sa mahalagang bagay na ito sa mga buwang darating" (Russell M. Nelson, "The Name of the Church" [opisyal na pahayag, Ago. 16, 2018], mormonnewsroom.org).
2. Gayon din ang kahilingan ng naunang mga Pangulo ng Simbahan. Halimbawa, sinabi ni Pangulong George Albert Smith: "Huwag ninyong biguin ang Panginoon sa pagtawag dito na Simbahan ni Mormon. Hindi Niya ito tinawag na Simbahan ni Mormon" (sa Conference Report, Abr. 1948, 160–61).
3. Tingnan sa "Style Guide—The Name of the Church," mormonnewsroom.org.

4. Doktrina at mga Tipan 115:4.
5. 3 Nephi 27:7–8.
6. Tingnan sa Moises 1:33.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:18.
8. Tingnan sa Moroni 4:3; Doktrina at mga Tipan 20:37, 77.
9. Si Mormon ay isa sa apat na pangunahing manunulat ng Aklat ni Mormon, at ang iba pa ay sina Nephi, Jacob, at Moroni. Lahat ay mga saksi ng Panginoon, tulad ng inspiradong tagapagsalin nito na si Propetang Joseph Smith.
10. Kahit ang salitang *Mormonites* ay kabilang sa ginamit na mga katagang nanunuya (tingnan sa *History of the Church,* 2:62–63, 126).
11. Mukhang may iba pang ginamit na mga katagang mapang-insulto sa panahon ng Bagong Tipan. Sa paglilitis kay Apostol Pablo sa harap ni Felix, si Pablo raw ang "[pasimuno] ng sekta ng mga Nazareno" (Mga Gawa 24:5). Tungkol sa paggamit ng pariralang "ng mga Nazareno," isinulat ng isang komentarista: "Ito ang karaniwang tawag sa mga Kristiyano para laitin sila. Gayon ang tawag sa kanila dahil si Jesus ay taga-Nazaret" (Albert Barnes, *Notes, Explanatory and Practical, on the Acts of the Apostles* [1937], 313).
    Sabi rin ng isa pang komentarista: "Dahil mapanlait na tinawag ang ating Panginoon na 'Ang Nazareno' (Mateo 26:71), tinawag ng mga Judio ang kanyang mga disipulo na 'mga Nazareno.' Ayaw nilang aminin na mga Kristiyano sila, ibig sabihin, mga disipulo ng Mesiyas" (*The Pulpit Commentary: The Acts of the Apostles*, inedit nina H. D. M. Spence at Joseph S. Exell [1884], 2:231).
    Gayundin, pinuna ni Elder Neal A. Maxwell: "Sa buong kasaysayan ng banal na kasulatan, nakikita natin ang paulit-ulit na mga pagsisikap na hamakin ang mga propeta para paalisin sila—na bansagan sila para maliitin sila. Gayunpaman, karaniwa'y binabalewala lang sila ng kanilang mga kaedad at ng sekular na kasaysayan. Tutal naman, ang mga Kristiyano noong araw ay tinawag lang na 'sekta ng mga Nazareno.' (Mga Gawa 24:5.)" ("Out of Obscurity," *Ensign,* Nob. 1984, 10).
12. Tingnan sa 1 Nephi 18:1–2.
13. Benjamín De Hoyos, "Tinawag na mga Banal," *Liahona,* Mayo 2011, 106.
14. Bagama't wala tayong kontrol sa itatawag sa atin ng ibang mga tao, lubos nating makokontrol kung paano natin tutukuyin ang ating sarili. Paano natin maaasahan ang iba na igalang ang tamang pangalan ng Simbahan kung hindi natin nagagawa ito bilang mga miyembro?
15. "Style Guide—The Name of the Church," mormonnewsroom.org.
16. Ang katagang *banal* ay madalas gamitin sa Banal na Biblia. Sa Sulat ni Pablo sa mga Taga Efeso, halimbawa, ginamit niya ang salitang *banal* kahit minsan lang sa bawat kabanata. Ang isang banal ay isang taong naniniwala kay Jesucristo at nagsisikap na sundin Siya.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:33.



**Sesyon sa Linggo ng Hapon** | Oktubre 7, 2018

**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Sikapin, Sikapin, Sikapin

*Inilalagay ng Tagapagligtas ang Kanyang pangalan sa inyong mga puso. At nadarama ninyo ang dalisay na pag-ibig ni Cristo para sa iba at sa inyong sarili.*

Mahal kong mga kapatid, nagpapasalamat ako sa pagkakataong magsalita sa inyo. Ang kumperensyang ito ay nagpasigla at nagpalakas sa akin. Ang musikang inawit at mga salitang sinambit ay dinala ng Espiritu Santo sa ating puso. Dalangin ko na maiparating sa inyo ng Espiritu ring iyon ang sasabihin ko.

Maraming taon na ang nakalipas, naging unang tagapayo ako sa district president sa silangang Estados Unidos. Hindi lang minsan, habang papunta kami sa aming maliit na mga branch, na sinabi niya sa akin, "Hal, kapag may tao kang kausap, isipin mo na parang may matindi siyang problema, at kadalasan ay magiging tama ka." Hindi lang siya tama, ngunit nalaman ko sa nakaraang mga taon na masyadong mababa ang kanyang kalkulasyon. Ngayon, nais kong palakasin ang loob ninyo sa mga problemang kinakaharap ninyo.

Nilayon ng ating mapagmahal na Diyos na ang ating mortal na buhay ay maging pagsubok at pagmulan ng pag-unlad ng bawat isa sa atin. Alalahanin ang mga salita ng Diyos hinggil sa Kanyang mga anak sa Paglikha ng daigdig: "At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos"[1]

Noon pa man, ang mga pagsubok ay hindi naging madali. Dumaranas tayo ng mga pagsubok sa pagkakaroon ng mortal na katawan. Tayong lahat ay nabubuhay sa mundo kung saan lalo pang tumitindi ang pakikidigma ni Satanas laban sa katotohanan at laban sa ating personal na kaligayahan. Ang mundo at ang buhay ninyo ay tila lalo pang gumugulo para sa inyo.

Ito ang tinitiyak ko: ang mapagmahal na Diyos na nagtutulot na maranasan ninyo ang mga pagsubok na ito ay naglaan din ng tiyak na paraan para makayanan ninyo ang mga ito. Lubos na minamahal ng Ama sa Langit ang sanlibutan kaya isinugo Niya ang Kanyang Bugtong na Anak upang matulungan tayo.[2] Ibinigay ng Kanyang Anak na si Jesucristo ang Kanyang buhay para sa atin. Pinagdusahan ni Jesucristo sa Getsemani at sa krus ang bigat ng lahat ng ating mga kasalanan. Naranasan Niya ang lahat ng kalungkutan, pasakit, at mga epekto ng ating mga kasalanan upang mapanatag at mapalakas Niya tayo sa lahat ng pagsubok sa buhay.[3]

Alalahanin na sinabi ng Panginoon sa Kanyang mga tagapaglingkod:

"Ang Ama at ako ay isa. Ako ay nasa Ama at ang Ama ay nasa akin; at yayamang inyong tinanggap ako, kayo ay nasa akin at ako ay nasa inyo.

"Samakatwid, ako ay nasa inyong gitna, at ako ang mabuting pastol, at ang bato ng Israel. Siya na nakatayo sa ibabaw ng batong ito ay hindi kailanman babagsak."[4]

Ang ating propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, ay nagbigay din ng gayong katiyakan. Bukod pa rito, inilarawan niya ang isang paraan na makatatayo tayo sa ibabaw ng batong iyon at mailagay sa ating puso ang pangalan ng Panginoon na gagabay sa pagharap natin sa mga pagsubok.

Sinabi niya: "Maaaring pansamantalang panghinaan kayo ng loob, alalahanin, ang buhay ay hindi madali. Kinakailangang maranasan ang mga pagsubok at matiis ang mga pighati. Alalahanin na 'walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan' (Lucas 1:37), alam ninyong Siya ang inyong Ama. Kayo ay mga anak na lalaki o babae na nilikha ayon sa Kanyang larawan, at dahil sa inyong pagiging karapat-dapat ay tatanggap kayo ng paghahayag na tutulong sa inyong matwid na pagsisikap. Maaari ninyong taglayin ang banal na pangalan ng Panginoon. Maaaring maging karapat-dapat kayo na magsalita sa sagradong pangalan ng Diyos (tingnan sa D at T 1:20)."[5]

Ang mga salita ni Pangulong Nelson ay nagpapaalala sa atin ng pangakong matatagpuan sa panalangin sa sakramento, isang pangako na tinutupad ng ating Ama sa Langit kapag tinutupad rin natin ang ipinangako natin.

Pakinggan ang mga salita: "O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang tinapay na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na kakain nito, nang sila ay makakain bilang pagalaala sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang



sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen."[6]

Tuwing sinasambit natin ang salitang *amen* kapag iniaalay ang panalanging iyan para sa atin, nangangako tayo na sa pagtanggap ng tinapay ay pumapayag tayo na taglayin sa ating sarili ang banal na pangalan ni Jesucristo, lagi Siyang alalahanin, at susundin ang Kanyang mga kautusan. At ipinangako naman sa atin na mapapasaatin ang Kanyang Espiritu upang makasama natin. Dahil sa mga pangakong ito, ang Tagapagligtas ang bato na matatayuan natin nang ligtas at walang takot sa lahat ng unos na makakaharap natin.

Habang pinagninilayan ko ang mga salita ng tipan at ang kalakip na mga pagpapala na ipinangako, inisip ko kung ano ang kahulugan ng pumapayag na taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo.

Ipinaliwanag ni Pangulong Dallin H. Oaks: "Napakahalaga na kapag tumatanggap tayo ng sakramento hindi natin pinatutunayan na *tinataglay natin sa ating sarili* ang pangalan ni Jesucristo. Ipinapakita natin na *pumapayag* tayo na gawin ito. (Tingnan sa D at T 20:77.) Ang katotohanan na pinatutunayan lang natin na pumapayag tayo ay nagpapahiwatig na may iba pang bagay na dapat gawin bago natin talaga taglayin sa ating sarili ang sagradong pangalang iyon ayon sa pinakamahalagang kahulugan nito."[7]

Ang pahayag na tayo ay "pumapayag na taglayin sa [ating] sarili" ang Kanyang pangalan ay nagsasabi sa atin na bagama't tinaglay natin ang pangalan ng Tagapagligtas nang binyagan tayo, ang pagtataglay ng Kanyang pangalan ay hindi natatapos sa binyag. Kinakailangang patuloy tayong magsikap na taglayin ang Kanyang pangalan sa buong buhay natin, pati sa pagpapanibago ng ating mga tipan sa oras ng sakramento at gumawa ng mga tipan sa mga banal na templo ng Panginoon.

Kaya ang dalawang mahalagang tanong sa bawat isa sa atin ay "Ano ang dapat kong gawin para taglayin ko sa aking sarili ang Kanyang pangalan?" at "Paano ko malalaman kung umuunlad ako?"

Ang pahayag ni Pangulong Nelson ay nagmumungkahi ng isang sagot na makatutulong. Sinabi niya na maaari nating taglayin sa ating sarili ang pangalan ng Tagapagligtas at magsalita para sa Kanya. Kapag nagsasalita tayo para sa Kanya, naglilingkod tayo sa Kanya. "Sapagkat paano makikilala ng isang tao ang panginoon na hindi niya pinaglingkuran, at kung sino ay dayuhan sa kanya, at malayo sa pag-iisip at mga hangarin ng kanyang puso?"[8]

Ang pagsasalita para sa Kanya ay nangangailangan ng dasal ng pananampalataya. Kinakailangan ang taimtim na panalangin sa Ama sa Langit upang malaman kung anong mga salita ang sasambitin natin para matulungan ang Tagapagligtas sa Kanyang gawain. Dapat maging karapat-dapat tayo sa pangako: "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa."[9]

Gayunpaman, higit pa sa pagsasalita para sa Kanya ang kinakailangang gawin

para taglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan. Mayroong mga damdamin sa ating puso na dapat maging karapat-dapat bilang Kanyang mga tagapaglingkod.

Inilarawan ng propetang si Mormon ang mga damdaming magpapamarapat sa atin na taglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan. Kabilang sa mga damdaming ito ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao, na siyang dalisay na pag-ibig ni Cristo.

Ipinaliwanag ni Mormon:

"Sapagkat hinahatulan ko kayo na kayo ay may pananampalataya kay Cristo dahil sa inyong kababaang-loob; sapagkat kung wala kayong pananampalataya sa kanya, kung gayon, hindi kayo karapat-dapat na mabilang sa mga tao ng kanyang simbahan.

"At muli, mga minamahal kong kapatid, ako ay mangungusap sa inyo hinggil sa pag-asa. Paanong kayo ay makaaabot sa pananampalataya, maliban kung kayo ay magkakaroon ng pag-asa?

"At ano ito na inyong aasahan? Masdan, sinasabi ko sa inyo na kayo ay magkakaroon ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, na ibabangon tungo sa buhay na walang hanggan, at ito ay dahil sa inyong pananampalataya sa kanya alinsunod sa pangako.

"Kaya nga, kung ang isang tao ay may pananampalataya siya ay kinakailangang magkaroon ng pag-asa; sapagkat kung walang pananampalataya ay hindi magkakaroon ng kahit na anong pag-asa.

"At muli, masdan, sinasabi ko sa inyo, na hindi siya maaaring magkaroon ng pananampalataya at pag-asa, maliban kung siya ay maging maamo at may mapagpakumbabang puso.

"Kung sakali man, ang kanyang pananampalataya at pag-asa ay walang saysay, sapagkat walang isa mang katanggap-tanggap sa Diyos, maliban sa mababang-loob at may mapagpakumbabang puso; at kung ang isang tao ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at kinikilala sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo, kailangang magkaroon siya ng pag-ibig sa kapwa-tao;



sapagkat kung wala siyang pag-ibig sa kapwa-tao ay wala siyang kabuluhan; anupa't kailangan niyang magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao."

Pagkatapos ilarawan ang pag-ibig sa kapwa-tao, nagpatuloy si Mormon sa pagsasabing:

"Datapwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya.

"Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa; upang tayo ay mapadalisay maging katulad niya na dalisay. Amen."[10]

Pinatototohanan ko na inilalagay ng Tagapagligtas ang Kanyang pangalan sa inyong puso. Para sa marami sa inyo, lumalakas ang inyong pananampalataya sa Kanya. Nakadarama kayo ng higit na pag-asa at positibo ang inyong pananaw. At nadarama ninyo ang dalisay na pag-ibig ni Cristo para sa iba at sa inyong sarili.

Nakikita ko ito sa mga missionary na naglilingkod sa iba't ibang dako ng mundo. Nakikita ko ito sa mga miyembro na nagkukuwento sa kanilang mga kaibigan at kapamilya ng tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Naglilingkod ang kalalakihan, kababaihan, kabataan, at pati na rin ang mga bata dahil sa pagmamahal nila sa Tagapagligtas at sa kanilang kapwa.

Sa unang balita tungkol sa mga pinsala sa iba't ibang dako ng mundo, nagpaplano ang mga miyembro na tumulong, kung minsan sa kabilang ibayo ng mga karagatan, nang hindi hinihingan na gawin ito. Kung minsan ay naiinip sila sa paghihintay na mapuntahan ang mga napinsalang lugar.

Natatanto ko na nadarama ng ilan sa nakikinig sa inyo ngayon na ang inyong pananampalataya at pag-asa ay nadaraig ng inyong mga problema. At nais ninyong makadama ng pagmamahal.

Mga kapatid, ang Panginoon ay may inilaang mga oportunidad na malapit sa inyo upang madama at maibahagi ninyo ang Kanyang pagmamahal. Makapagdarasal kayo nang may pagtitiwala na aakayin kayo ng Panginoon na mahalin ang isang tao para sa Kanya. Sinasagot Niya ang mga panalangin ng mga mapagkumbabang boluntaryong tulad ninyo. Madarama ninyo ang pagmamahal ng Diyos para inyo at para sa taong pinaglilingkuran ninyo para sa Kanya. Kapag tinulungan ninyo ang mga anak ng Diyos sa kanilang mga problema, magiging magaan ang inyong sariling problema. Ang inyong pananampalataya at pag-asa ay mapapalakas.

Saksi ako sa katotohanang iyan. Sa buong buhay ng aking asawa, siya ay nagsalita para sa Panginoon at naglingkod sa mga tao para sa Kanya. Nabanggit ko na noon, na isa sa mga bishop namin ang nagsabing: "Talagang namangha ako. Sa tuwing mababalitan ko na may isang taong nangangailangan, nagmamadali ako sa pagpunta roon para tumulong. Subalit pagdating ko roon, tila laging nauuna na roon ang iyong asawa." Totoo iyan sa lahat ng lugar na tinirhan namin sa loob ng 56 na taon.

Ngayon iilang salita na lamang ang nabibigkas niya kada araw. Dinadalaw siya ng mga taong minahal niya para sa Panginoon. Tuwing umaga at gabi kinakantahan ko siya ng mga himno at

nagdarasal kami. Ako ang nagdarasal at kumakanta. Kung minsan nakikita kong sinasambit niya nang walang tunog ang mga titik ng mga himno. Mas gusto niya ang mga awiting pambata. Ang hangaring tila pinakagusto niya ay ibinuod sa awiting "Sinisikap Kong Tularan si Jesus."[11]

Noong isang araw, pagkatapos kantahin ang koro na: "Magmahal ka nang tulad ni Jesus. Ang kabutiha'y 'pakitang lubos," mahina ngunit malinaw niyang sinabi, "Sikapin, sikapin, sikapin." Sa palagay ko malalaman niya, kapag nakita niya Siya, na inilagay ng ating Tagapagligtas ang Kanyang pangalan sa kanyang puso at siya ay naging katulad Niya. Tinutulungan siya ng Tagapagligtas sa kanyang mga paghihirap ngayon, tulad rin ninyo na tutulungan Niya.

Pinatototohanan ko na kilala at mahal kayo ng Tagapagligtas. Alam Niya ang inyong pangalan tulad ng alam ninyo ang Kanyang pangalan. Alam Niya ang inyong mga problema. Naranasan na Niya ang mga ito. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, nadaig Niya ang sanlibutan. Sa pagpayag ninyong taglayin sa inyong sarili ang Kanyang pangalan, mapapagaan ninyo ang mga pasanin ng marami pang tao. At balang-araw ay malalaman ninyo na mas kilala ninyo ang Tagapagligtas at mas mahal ninyo Siya. Ang Kanyang pangalan ay mapapasapuso ninyo at mananatili sa inyong isipan. Ito ang pangalan kung saan kayo tatawagin. Pinatototohanan ko ito, nang may pasasalamat sa Kanyang kabutihan sa akin, sa mga mahal ko sa buhay, at sa inyo, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Abraham 3:25.
2. Tingnan sa Juan 3:16–17.
3. Tingnan sa Alma 7:11–12.
4. Doktrina at mga Tipan 50:43–44.
5. Russell M. Nelson, "With God Nothing Shall Be Impossible," *Ensign,* Mayo 1988, 35.
6. Doktrina at mga Tipan 20:77.
7. Dallin H. Oaks, "Taking upon Us the Name of Jesus Christ," *Ensign,* Mayo, 1985, 81.
8. Mosias 5:13.
9. Doktrina at mga Tipan 1:38.
10. Moroni 7:39–44, 47–48.
11. Tingnan sa "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 40–41.



**Ni Brian K. Ashton**
Pangalawang Tagapayo sa Sunday School General Presidency

# Ang Ama

*Ang bawat isa sa atin ay may potensyal na maging katulad ng Ama. Upang magawa ito, dapat nating sambahin ang Ama sa pangalan ng Anak.*

Sa buong buhay niya, pinagsikapan nang buong puso ng aking asawang si Melinda na maging tapat na disipulo ni Jesucristo. Gayunman, simula noong kabataan niya, nadama niya na hindi siya karapat-dapat sa pagmamahal at mga pagpapala ng Ama sa Langit dahil sa maling pagkaunawa niya sa likas na pagkatao ng Ama sa Langit. Mabuti na lamang, patuloy na sinunod ni Melinda ang mga kautusan sa kabila ng kalungkutang nadama niya. Ilang taon na ang nakararaan, nagkaroon siya ng mga karanasan na nakatulong sa kanya na mas maunawaan ang likas na pagkatao ng Diyos, pati na ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak at pagkalugod sa ating pagsisikap na gawin ang Kanyang gawain bagama't hindi ito perpekto.

Ipinaliwanag niya kung paano ito nakaimpluwensya sa kanya: "Natitiyak ko na ngayon na nangyayari ang plano ng Ama, na tumutulong Siya sa ating mga tagumpay, at binibigyan Niya tayo ng mga aral at karanasan na kailangan natin para makabalik sa Kanyang piling. Nakikita ko ang aking sarili at ang iba gaya ng pagkakita sa atin ng Diyos. Nagawa kong magpalaki ng anak, magturo, at maglingkod nang may higit na pagmamahal at kaunting



takot. Nakadarama ako ng kapayapaan at kumpiyansa sa halip na pagkabalisa at pangamba. Sa halip na madamang hinuhusgahan ako, nadarama kong sinusuportahan ako. Mas tumibay ang pananampalataya ko. Ang pagmamahal ng aking Ama ay nararamdaman ko nang mas madalas at mas malalim."[1]

Ang pagkakaroon ng "*wastong* ideya tungkol sa likas na pagkatao, kasakdalan, at mga katangian [ng Ama sa Langit]" ay kinakailangan sa pagsampalataya na sapat sa pagtatamo ng kadakilaan.[2] Ang wastong pagkaunawa sa likas na pagkatao ng Ama sa Langit ay nagpapabago sa paraan ng pagtingin natin sa ating sarili at sa iba at tumutulong sa atin na maunawaan ang napakalaking pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga anak at ang Kanyang matinding hangarin na tulungan tayo na maging katulad Niya. Ang maling pagkaunawa sa Kanyang tunay na katangian ay magdudulot ng pakiramdam na hindi natin kayang makabalik sa Kanyang piling.

Ang layunin ko ngayon ay magturo ng mahahalagang doktrina tungkol sa Ama na magtutulot sa bawat isa sa atin, at lalo na sa mga nag-iisip kung mahal sila ng Diyos, na mas maunawaan ang Kanyang likas na pagkatao at lalong manampalataya sa Kanya, sa Kanyang Anak, at sa Kanyang plano para sa atin.

#### Ang Premortal na Buhay

Sa premortal na buhay, isinilang tayo bilang mga espiritu ng mga Magulang sa Langit at namuhay sa piling Nila bilang isang pamilya.[3] Tayo ay kilala Nila, tinuruan, at minahal.[4] Gustung-gusto natin na maging katulad ng ating Ama sa Langit. Gayunpaman, para magawa ito, naunawaan natin na dapat tayong:

1. Magkaroon ng niluwalhati, imortal, at pisikal na katawan;[5]
2. Mag-asawa at bumuo ng pamilya sa pamamagitan ng kapangyarihang magbuklod ng priesthood;[6] at
3. Magtamo ng lahat ng kaalaman, kapangyarihan, at mga banal na katangian.[7]

Bunga nito, gumawa ang Ama ng isang plano na magtutulot sa atin, kung makatutugon tayo sa mga partikular na kundisyon,[8] na magtamo ng pisikal na katawan na magiging imortal at niluwalhati sa Pagkabuhay na Mag-uli; mag-asawa at bumuo ng pamilya sa buhay na ito o, para sa matatapat na hindi nagkaroon ng pagkakataon na ito, pagkatapos ng mortalidad;[9] sumulong tungo sa pagiging perpekto; at sa huli ay makabalik sa ating mga Magulang sa Langit at mamuhay kasama nila sa kalagayang dinakila at walang hanggang kaligayahan.[10]

Tinatawag ito sa mga banal na kasulatan na plano ng kaligtasan.[11] Lubos ang pasasalamat natin para sa planong ito nang ilahad ito sa atin, kaya't naghiyawan tayo sa kagalakan.[12] Tinanggap ng bawat isa sa atin ang mga kundisyon ng plano, pati na ang mga karanasan at mga hamon sa buhay na ito na tutulong sa atin na magkaroon ng mga banal na katangian.[13]

#### Mortal na Buhay

Sa mortal na buhay, nagbigay ang Ama sa Langit ng mga kundisyon na kinakailangan natin upang sumulong sa Kanyang plano. Si Jesucristo ay Anak ng Ama sa laman[14] at nagkaloob ng tulong sa Kanya upang maisagawa ang Kanyang misyon sa lupa. Tutulungan din ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin kung sisikapin nating sundin ang Kanyang mga kautusan.[15] Binigyan tayo ng Ama ng kalayaang pumili.[16] Ang ating buhay ay nasa Kanyang mga kamay, at ang ating "mga araw ay nababatid" at "hindi nababawasan ng bilang."[17] At tinitiyak Niya na kalaunan ang lahat ng bagay ay gagawa sa ikabubuti ng mga yaong nagmamahal sa Kanya.[18]

Ang Ama sa Langit ang siyang nagbibigay sa atin ng kakainin natin sa araw-araw,[19] hindi lamang pagkain pati na rin ng lakas na kinakailangan natin para masunod ang Kanyang mga kautusan.[20] Ang Ama ay nagbibigay ng mabubuting kaloob.[21] Dinirinig at sinasagot Niya ang ating mga panalangin.[22] Inililigtas tayo ng Ama sa Langit mula sa masasama kapag tinulutan natin Siya.[23] Tumatangis Siya para sa atin kapag nagdurusa tayo.[24] Lahat ng mga pagpapala natin ay nagmumula sa Ama.[25]

Ginagabayan tayo ng Ama sa Langit at binibigyan tayo ng mga karanasan na kinakailangan natin batay sa ating mga kalakasan, kahinaan, at mga pinili upang magbunga tayo ng mabuting bunga.[26] Pinarurusahan tayo ng Ama kung kinakailangan dahil mahal Niya tayo.[27] Siya ay "Taong Tagapayo,"[28] na magpapayo sa atin kung hihingi tayo.[29]

Ang Ama sa Langit ang siyang nagpapadala ng impluwensya at kaloob na Espiritu Santo sa ating buhay.[30] Sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo, ang kaluwalhatian—o katalinuhan, liwanag, at kapangyarihan—ng Ama ay maaaring manahan sa atin.[31] Kung sisikapin nating umunlad sa liwanag at katotohanan hanggang matuon ang ating mga mata sa kaluwalhatian ng Diyos, ipadadala ng Ama sa Langit ang Banal na Espiritu ng Pangako upang ibuklod tayo sa buhay na walang hanggan at ipapakita Niya ang Kanyang mukha sa atin—sa buhay na ito o sa kabilang-buhay.[32]

#### Kabilang Buhay

Sa daigdig ng mga espiritu sa kabilang buhay, patuloy na ipinagkakaloob ng Ama sa Langit ang Espiritu Santo at nagpapadala ng mga missionary sa mga nangangailangan ng ebanghelyo. Sinasagot Niya ang mga panalangin at tinutulungan ang mga hindi nakatanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa na matanggap nila ang mga ito.[33]

Ibinangon ng Ama si Jesucristo at binigyan Siya ng kapangyarihan upang isakatuparan ang Pagkabuhay na Mag-uli,[34] na siyang paraan para magkaroon ang tao ng imortal na katawan. Ang Pagtubos at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ay magdadala sa atin sa harapan ng Ama, at doon ay hahatulan tayo ni Jesucristo.[35]

Yaong aasa sa "kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas"[36] ay tatanggap ng niluwalhating katawan katulad ng sa Ama[37] at mananahang kasama Niya "sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan."[38] Doon, papahirin ng Ama ang ating mga luha[39] at tutulungan tayo na magpatuloy sa ating paglalakbay upang maging katulad Niya.

Talagang laging naririyan ang Ama sa Langit para sa atin.[40]

#### Ang Likas na Pagkatao ng Ama

Upang maging katulad ng Ama, dapat magkaroon tayo ng mga katangian Niya. Kasama sa pagiging perpekto at mga katangian ng Ama sa Langit ang sumusunod:

- Ang Ama ay "Walang Wakas at Walang Hanggan."[41]
- Siya ay lubos na makatwiran, maawain, mabait, banayad sa pagkagalit, at hangad lamang Niya ang pinakamainam para sa atin.[42]
- Ang Ama sa Langit ay pag-ibig.[43]
- Tinutupad Niya ang Kanyang mga tipan.[44]
- Hindi Siya pabagu-bago.[45]
- Hindi Siya nagsisinungaling.[46]
- Ang Ama ay hindi nagtatangi ng mga tao.[47]
- Nalalaman Niya ang lahat ng bagay—nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap—mula pa sa simula.[48]
- Ang Ama sa Langit ay pinakamatalino[49] sa ating lahat.[50]
- Taglay ng Ama ang lahat ng kapangyarihan[51] at ginagawa ang lahat ng naisin ng Kanyang puso.[52]

Mga kapatid, mapagkakatiwalaan at makaaasa tayo sa Ama. Dahil taglay Niya ang walang hanggang pananaw, nakikita ng Ama sa Langit ang mga bagay na hindi natin nakikita. Ang Kanyang kagalakan, gawain, at kaluwalhatian ay ang isakatuparan ang ating kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.[53] Lahat ng ginagawa Niya ay para sa ating ikabubuti. Kanyang "hinahangad ang [ating] walang hanggang kaligayahan nang higit pa sa paghahangad [natin]."[54] At "hindi [Niya] ipararanas sa [atin] ang isang bagay na mas mahirap kung hindi talaga kinakailangan para sa [ating] kabutihan o para sa mga mahal [natin] sa buhay."[55] Dahil dito, nakatuon Siya sa pagtulong sa atin na umunlad, hindi ang husgahan at ikundena tayo.[56]

#### Pagiging Katulad ng Ating Ama

Bilang mga espiritung anak na lalaki at babae ng Diyos, bawat isa sa atin ay may potensyal na maging katulad ng Ama. Upang magawa ito, dapat



nating sambahin ang Ama sa pangalan ng Anak.[57] Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagsisikap na maging masunurin sa kalooban ng Ama, tulad ng Tagapagligtas,[58] at sa patuloy na pagsisisi.[59] Kapag ginawa natin ang mga bagay na ito, tayo ay "makatatanggap nang biyaya sa biyaya" hanggang matanggap natin ang kaganapan ng Ama[60] at mapagkalooban ng "kanyang likas na pagkatao, pagiging perpekto, at mga katangian."[61]

Kung iisipin ang pagkakaiba ng kung ano tayo bilang mga mortal at ng kung ano ang narating ng Ama, hindi nakapagtataka na nadarama ng ilang tao na imposibleng maging katulad ng Ama. Gayunpaman, malinaw ang nakasaad sa mga banal na kasulatan. Kung tayo ay mangungunyapit nang may pananampalataya kay Cristo, magsisisi, at maghahangad ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod, kalaunan ay magiging katulad tayo ng Ama. Natutuwa ako na malaman na yaong nagsisikap na maging masunurin ay "*makatatanggap* nang biyaya sa biyaya" at sa huli ay "*tatanggapin* ang kanyang kaganapan."[62] Sa madaling salita, hindi tayo magiging katulad ng Ama sa sariling pagsisikap lamang natin.[63] Sa halip, magagawa ito sa pamamagitan ng mga kaloob na biyaya, minsan malaki ngunit kadalasan ay maliit, na magdudugtung-dugtong hanggang sa matamo natin ang kaganapan. Ngunit mga kapatid, darating ito!

Inaanyayahan ko kayo na magtiwala na nalalaman ng Ama kung paano kayo dadakilain; hingin ang Kanyang tulong sa araw-araw; at magpatuloy sa paglakad nang may pananampalataya kay Cristo kahit tila hindi ninyo maramdaman ang pagmamahal ng Diyos.

Napakarami nating hindi nauunawaan tungkol sa pagiging katulad ng Ama.[64] Ngunit pinatototohanan ko nang may katiyakan na ang pagsisikap na maging katulad ng Ama ay sulit sa lahat ng ating sakripisyo.[65] Ang mga sakripisyong ginagawa natin sa buhay na ito, gaano man kalaki, ay hindi maikukumpara sa hindi masusukat na kagalakan, kaligayahan, at pagmamahal na madarama natin sa piling ng Diyos.[66] Kung nahihirapan kayong maniwala na sulit ang mga sakripisyong ipinagagawa sa inyo, tinatawag kayo ng Tagapagligtas, sinasabing, "Hindi pa ninyo nauunawaan kung gaano kadakila ang mga pagpapala na mayroon ang Ama [na] inihanda para sa inyo; . . . hindi ninyo mababata ang lahat ng bagay ngayon; gayunpaman, magalak, sapagkat akin kayong aakayin."[67]

Pinatototohanan ko na mahal *kayo* ng Ama sa Langit at gusto Niya *kayong* makapiling muli. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mga tala na hawak ng may-akda; tingnan din sa D. Melinda Ashton, "The Holy Ghost: Direction, Correction, and Warning" (Brigham Young University Women's Conference, Abr. 28, 2016), byutv.org.
2. *Lectures on Faith* (1985), 38.
3. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145; "Mother in Heaven," Gospel Topics, topics.lds.org.
4. Ipinahiwatig ni Apostol Pablo na kilalang-kilala natin ang Ama kaya't nasasabik ang ating kaluluwa na tawagin siyang *Abba,* na ibig sabihin ay "Itay," isang katagang para lamang sa mga ama na nakikilala natin nang lubos (tingnan sa Mga Taga Roma 8:15).
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:22.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:19–20.
7. Tingnan sa Mateo 5:48; tingnan din sa II Ni Pedro 1:3–8.
8. Kabilang sa mga kundisyong ito ang panatilihin ang ating unang kalagayan (tingnan sa Abraham 3:26) at pagkatapos sa mortal na buhay na ito ay manampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang

Pagbabayad-sala, magsisi, mabinyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig ng isang taong may priesthood ng Diyos, matanggap ang kaloob na Espiritu Sabto, at magtiis hanggang wakas (tingnan sa 3 Nephi 27:16–20).
9. Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks: "Malamang na sabihin ng ilan sa mga nakikinig sa mensaheng ito, 'Pero paano ako?' Alam natin na maraming karapat-dapat at mabubuting Banal sa mga Huling Araw ang kasalukuyang walang magandang pagkakataon at mga bagay na kinakailangan para umunlad. Hindi pagkakaroon ng asawa, hindi pagkakaroon ng mga anak, kamatayan, diborsyo na humahadlang at nagpapaliban sa katuparan ng mga pagpapalang ipinangako. . . . Ngunit ang mga kabiguang ito ay pansamantala lamang. Nangako ang Panginoon na sa mga kawalang-hanggan walang pagpapalang ipagkakait sa kanyang mga anak na sumusunod sa mga kautusan, tapat sa kanilang mga tipan, at hinahangad ang tama" ("The Great Plan of Happiness," *Ensign,* Nob. 1993, 75).
10. Tingnan sa Mosias 2:41.
11. Tingnan sa Alma 42:5; tinatawag din itong plano ng pagtubos (tingnan, halimbawa, sa, Jacob 6:8) at plano ng kaligayahan (tingnan sa Alma 42:8, 16).
12. Tingnan sa Job 38:4–7.
13. Tingnan, halimbawa, sa, Sa Mga Hebreo 5:8; 12:11; Eter 12:27. Sa una, ang ilan sa mga hamong nararanasan natin sa mortalidad ay tila sa ating limitadong pang-unawa ay makahahadlang sa pagtatamo natin ng ilan sa pinakaaasam nating mga pagpapala na ipinangako sa atin. Bagama't ang mga bagay na ito ay salungat sa isa't isa, ipagkakaloob sa atin ng Diyos ang lahat ng ipinangakong pagpapala kung mananatili tayong tapat.
14. Tingnan sa Lucas 1:31–35; Juan 1:14; 1 Nephi 11:18–21; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Jesucristo," scriptures.lds.org.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:4–5, 16–17, 19–20.
16. Tingnan sa Moises 7:32.
17. Doktrina at mga Tipan 122:9.
18. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:28.
19. Tingnan sa Mateo 6:11.
20. Tingnan sa N. Eldon Tanner, "The Importance of Prayer," *Ensign,* Mayo 1974, 50-53.
21. Tingnan sa Lucas 11:10–13; Santiago 1:17.
22. Tingnan sa Lucas 11:5–10; Joseph Smith Translation, Luke 11:5–6 (sa Luke 11:5, footnote *a*); 3 Nephi 13:6.
23. Tingnan sa Mateo 6:13.
24. Tingnan sa Moises 7:31–40.
25. Tingnan sa Santiago 1:17.
26. Tingnan sa Juan 15:1–2; Doktrina at mga Tipan 122:6–7.
27. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 12:5–11; Doktrina at mga Tipan 95:1.
28. Moises 7:35.
29. Tingnan sa Alma 37:12, 37.
30. Tingnan sa Juan 14:26; 2 Nephi 31:12.
31. Tingnan sa Juan 17:21–23, 26; Doktrina at mga Tipan 93:36.
32. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:53; 88:67–68.



33. Tingnan sa I Ni Pedro 4:6. Si Elder Melvin J. Ballard, na nagkuwento tungkol sa dahilan kung bakit sumapi sa Simbahan ang lalaking bininyagan niya, ay nagsabing, "Nalaman ko na tinanggap ng kanyang mga ninuno sa daigdig ng mga espiritu ang Ebanghelyo maraming taon na ang nakararaan at nanalangin na isa sa kanilang pamilya ang magbukas ng pintuan para sa kanila, at nasagot ang kanilang mga panalangin at ginabayan ng Panginoon ang mga missionary sa tahanan ng lalaking ito" (sa Melvin R. Ballard, *Melvin J. Ballard, Crusader for Righteousness* [1966], 250).
34. Tingnan sa Mormon 7:5–6; tingnan din sa Juan 5:21, 26; I Mga Taga Corinto 6:14; 2 Nephi 9:11–12; Alma 40:2–3; 3 Nephi 27:14.
35. Tingnan sa Juan 5:22; Jacob 6:9; Alma 11:44; Helaman 14:15–18. Nadaig ng Pagbabayad-sala ni Cristo ang lahat ng epekto ng Pagkahulog ni Adan, kabilang na ang pisikal at espirituwal na kamatayan, na kapwa kailangang madaig upang makabalik tayo sa piling ng Ama sa Langit. Ang mga nagsisi ng kanilang mga kasalanan ay mananahan kasama ng Ama at ng Anak sa kawalang-hanggan. Gayunman, yaong mga hindi nagsisi ay daranas ng ikalawang kamatayan, na bunga ng kanilang sariling mga kasalanan (tingnan sa Helaman 14:15–18).
36. 2 Nephi 2:8.
37. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:56; 88:28-29.
38. Mosias 2:41.
39. Tingnan sa Apocalipsis 7:17.
40. Tingnan sa Moises 7:30. Patuloy pa ring tutunghayan ng Ama sa Langit ang mga yaong sa kahariang terestriyal sa pamamagitan ng paglilingkod ni Jesucristo at ng iba pang mga nilalang mula sa selestiyal na kaharian (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:77, 87) at yaong nasa kahariang telestiyal sa pamamagitan ng paglilingkod ng Espiritu Santo at ng mga anghel (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:86, 88).
41. Moises 7:35; tingnan din sa Mga Awit 90:2.
42. Tingnan sa Mga Awit 103:6–8; Lucas 6:36; Moises 7:30.
43. Tingnan sa I Ni Juan 4:16.
44. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:40.
45. Tingnan sa Santiago 1:17.
46. Tingnan sa Mga Bilang 23:19.
47. Tingnan sa Mga Gawa 10:34–35.
48. Tingnan sa 1 Nephi 9:6; Doktrina at mga Tipan 130:7.
49. Sa Dictionary.com ang kahulugan ng *katalinuhan* ay "kakayahang matuto, mag-isip, makaunawa, at mga kahalintulad na aktibidad na ginagamitan ng pag-iisip; kakayahan na maunawaan ang mga katotohanan, pagkakaugnay, kahulugan, atbp." at "kaalaman."
50. Tingnan sa Abraham 3:19. Si Jesucristo bilang isang niluwalhati, perpektong nilalang ay higit na matalino rin kaysa sa ating lahat.
51. Tingnan sa Apocalipsis 21:22.
52. Tingnan sa Abraham 3:17.
53. Tingnan sa Moises 1:39.
54. Richard G. Scott, "Trust in the Lord," *Ensign,* Nob. 1995, 17.
55. Richard G. Scott, "Trust in the Lord," 17.
56. Tingnan sa Juan 5:22; Moises 1:39. Si Satanas at ang ating sarili ang siyang kumukundena sa atin (tingnan sa Apocalipsis 12:10; Alma 12:14).
57. Tingnan sa Juan 4:23; Doktrina at mga Tipan 18:40; 20:29.
58. Tingnan sa 3 Nephi 11:11; Doktrina at mga Tipan 93:11–19.
59. Ang pagsisisi ay isang proseso kung saan nababago natin ang ating pagiging likas na tao upang maging katulad ng Diyos. Dahil dito, dapat tayong patuloy na magsisi, hindi lamang basta magsisi kapag "nakagawa tayo ng mali."
60. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:19–20.
61. *Lectures on Faith,* 38; tingnan din sa Moroni 7:48; 10:32–33; Doktrina at mga Tipan 76:56, 94–95; 84:33–38.
62. Doktrina at mga Tipan 93:20; idinagdag ang pagbibigay-diin.
63. Tingnan sa Moroni 10:32–33; Doktrina at mga Tipan 76:69, 94–95.
64. Bakit hindi maaaring ihayag o hindi ihahayag ng Diyos ang iba pa tungkol sa proseso ng pagiging katulad Niya? Hindi ko talaga alam ang lahat ng dahilan. Ngunit dalawang bagay ang nauunawaan ko. Ang una ay may ilang mga bagay na talagang hindi kayang maunawaan sa ating mortal na kalagayan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 78:17). Maaaring maihalintulad ito sa pagsisikap na maipaliwanag ang Internet sa isang taong nabuhay sa Middle Ages. Ang konteksto at ideya ay sadyang wala roon. At ang pangalawa ay madalas na dumarating sa atin ang mga kaloob na biyaya dahil dapat tayong subukan at magsumigasig.
65. Ang mga sakripisyong ipinagagawa sa atin ay kinakailangan para matamo ang kasakdalan o maging perpekto (tingnan sa Joseph Smith Translation, Hebrews 11:40 [sa Hebrews 11:40, footnote *a*]).
66. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:18.
67. Doktrina at mga Tipan 78:17–18.



**Ni Elder Robert C. Gay**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Taglayin sa Ating Sarili ang Pangalan ni Jesucristo

*Nawa'y tapat nating taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo—sa pamamagitan ng pagtingin sa ating kapwa gaya ng pagtingin Niya sa kanila, paglilingkod na tulad sa paglilingkod Niya, at pagtitiwala na sapat ang Kanyang biyaya.*

Mga kapatid, kamakailan, habang iniisip ko ang tagubilin ni Pangulong Russell M. Nelson na tawagin ang Simbahan sa inihayag na pangalan nito, binuklat ko ang talata kung saan nagtagubilin ang Tagapagligtas sa mga Nephita tungkol sa pangalan ng Simbahan.[1] Habang binabasa ko ang mga salita ng Tagapagligtas, nadama ko ang kahalagahan kung paano Niya rin iniutos sa mga tao na "inyong taglayin ang pangalan ni Cristo."[2] Naging dahilan ito para suriin ko ang aking sarili at itanong, "Tinataglay ko ba sa aking sarili ang pangalan ng Tagapagligtas sa paraang nais Niya na gawin ko?"[3] Ngayon nais kong ibahagi ang ilan sa mga impresyon na natanggap ko bilang sagot sa tanong ko.

**Una,** ang ibig sabihin ng taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo ay taos-puso nating sikapin na tingnan ang ating kapwa gaya ng pagtingin sa kanila ng Diyos.[4] Paano tinitingnan ng Diyos ang tao? Sinabi ni Joseph Smith, "Habang ang isang panig ng sangkatauhan ay hinahatulan at isinusumpa ang iba nang walang awa, ang Dakilang Magulang ng sansinukob ay nakatunghay sa buong sangkatauhan nang may pagmamahal at pagmamalasakit ng isang ama" dahil "ang Kanyang pag-ibig ay hindi maarok."[5]



Ilang taon na ang nakaraan pumanaw ang aking ate. Mahirap ang buhay niya. Nahirapan siyang ipamuhay ang ebanghelyo at hindi kailanman naging aktibo sa Simbahan. Iniwan siya ng kanyang asawa at naiwan sa kanyang pangangalaga ang apat na anak na mga bata pa. Noong gabi ng kanyang pagpanaw, sa isang silid kasama ang kanyang mga anak, binigyan ko siya ng basbas na lumisan nang payapa. Sa sandaling iyon natanto ko na madalas ko ring tingnan ang buhay ng ate ko na ang iniisip lamang ay ang kanyang mga pagsubok at hindi pagiging aktibo sa Simbahan. Nang ipatong ko ang aking mga kamay sa kanyang ulo, nakatanggap ako ng matinding pangaral mula sa Espiritu. Lubos kong natanto ang kanyang kabutihan at nakita siya gaya ng pagkakita ng Diyos sa kanya—hindi bilang isang taong nahirapang ipamuhay ang ebanghelyo at nahirapan sa buhay kundi bilang isang tao na dumanas ng mahihirap na problema na hindi ko dinanas. Nakita ko na siya ay isang kahanga-hangang ina na, sa kabila ng maraming balakid, ay napalaki ang kanyang apat na mababait na anak. Nakita ko siya bilang kaibigan ng aming ina na nag-ukol ng panahon na alagaan at samahan siya pagkatapos pumanaw ang aming ama.

Noong huling gabing iyon na kasama ko ang aking ate, naniniwala ako na itinanong ng Diyos sa akin, "Hindi mo ba nakikita na lahat ng tao sa paligid mo ay mga banal na nilalang?"

Itinuro ni Brigham Young:

"Nais kong hikayatin ang mga Banal . . . na unawain ang kalalakihan at kababaihan kung ano sila at hindi ang unawain sila ayon sa kung ano kayo."[6]

"Madalas sabihin ng tao—'Ang taong ito ay nakagawa ng mali at hindi siya maaaring maging Banal.' . . . Naririnig natin ang ilan na nagsasalita ng masama o nagsisinungaling . . . [o] nilalabag ang araw ng Sabbath. . . . Huwag husgahan ang mga taong iyan, dahil hindi ninyo nalalaman ang plano ng Panginoon para sa kanila. . . . [Sa halip,] maging matiyaga sa kanila."[7]



Iniisip ba ng sinuman sa inyo na hindi kayo napapansin ng Tagapagligtas at ang mga pasanin ninyo? Kinahahabagan ng Tagapagligtas ang Samaritana, ang nangalunya, ang maniningil ng buwis, ang ketongin, ang may kapansanan sa pag-iisip, at ang makasalanan. Ang lahat ay mga anak ng Kanyang Ama. Ang lahat ay maaaring matubos.

Nakikinita ba ninyong tinatalikuran Niya ang taong nagdududa tungkol sa kanilang lugar sa kaharian ng Diyos o ang sinumang nahihirapan?[8] Hindi ko maiisip iyan. Sa paningin ni Cristo, ang bawat kaluluwa ay walang hanggan ang kahalagahan. Walang taong itinakdang mabigo. Ang buhay na walang hanggan ay posible para sa lahat.[9]

Sa pangaral ng Espiritu sa akin noong naroon ako sa tabi ng higaan ng aking ate, may magandang aral akong natutuhan: na kapag tiningnan natin ang ating kapwa gaya ng pagtingin Niya sa kanila, dalawang bagay ang maisasagawa natin —katubusan ng mga taong nakaugnayan natin at katubusan ng ating sarili.

**Pangalawa,** upang mataglay sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, hindi lang natin dapat tingnan ang ating kapwa gaya ng pagtingin sa kanila ng Diyos, kundi dapat nating gawin ang Kanyang gawain at maglingkod tulad ng paglilingkod Niya. Ipinamumuhay natin ang dalawang dakilang utos, magpasakop sa kalooban ng Diyos, tipunin ang Israel, at "[paliwanagin ang ating ilaw] sa harap ng mga tao."[10] Tanggapin at tuparin ang mga tipan at mga ordenansa ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan.[11] Kapag ginawa natin ito, pagkakalooban tayo ng Diyos ng kakayahan na matulungan ang ating sarili, ang ating mga pamilya, at ang buhay ng iba.[12] Itanong sa inyong sarili, "May kilala ba akong tao na hindi nangangailangan ng mga kapangyarihan ng langit sa kanilang buhay?"

Ang Diyos ay gagawa ng mga himala sa atin kapag pinababanal natin ang ating sarili.[13] Pinababanal natin ang ating sarili sa pamamagitan ng pagpapadalisay ng ating puso.[14] Pinadadalisay natin ang ating puso kapag pinakikinggan natin Siya,[15] nagsisisi ng ating mga kasalanan,[16] nagbabalik-loob,[17] at nagmamahal tulad ng pagmamahal Niya.[18] Itinanong ng Tagapagligtas, "Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin?"[19]

Nalaman ko kamakailan ang isang karanasan sa buhay ni Elder James E. Talmage na naging dahilan para tumigil ako sandali at pag-isipan kung paano mahalin at paglingkuran ang mga taong nasa paligid ko. Noong siya ay isang batang propesor, bago siya naging Apostol, sa paglaganap ng nakamamatay na sakit na dipterya noong 1892, nalaman ni Elder Talmage ang tungkol sa isang dayuhang pamilya, hindi mga miyembro ng Simbahan, na nakatira malapit sa bahay niya at tinamaan ng sakit na ito. Walang sinuman ang gustong pumasok sa bahay ng mga maysakit. Gayunpaman, kaagad pinuntahan ni Elder Talmage ang bahay. Nakita niya roon ang apat na bata: isang dalawa't kalahating taong gulang na bata na nasa kama at patay na, isang limang taong gulang at sampung taong gulang na nahihirapan sa sobrang sakit, at isang labing-tatlong taong gulang na bata na nanghihina. Ang mga magulang ay nagdadalamhati at pagod na pagod.

Binihisan ni Elder Talmage ang patay at ang mga buhay, nilinis ang mga silid, inilabas ang maruruming damit, at sinunog ang maruruming basahan na may bakterya. Maghapon siyang gumawa roon at bumalik kinabukasan. Namatay ang sampung taong gulang pagsapit ng gabi. Kinarga niya ang batang limang taong gulang. Naubuhan siya nito ng plemang may dugo sa kanyang buong mukha at damit. Isinulat niya, "Hindi ko siya maibaba," at karga siya hanggang sa pumanaw ito. Tumulong siya sa paglilibing sa tatlong anak at naghanda ng pagkain at malinis na kasuotan para sa nagdadalamhating pamilya. Nang makauwi na, itinapon ni Brother Talmage ang kanyang mga damit, naligo sa tubig na may zinc solution, inihiwalay ang kanyang sarili sa kanyang pamilya, at hindi gaanong tinamaan ng sakit na iyon.[20]

Maraming buhay sa paligid natin ang nanganganib. Tinataglay ng mga Banal ang pangalan ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagiging banal at paglilingkod sa lahat sinuman sila—ang mga buhay ay naililigtas kapag ginagawa natin ito.[21]

**Ang huli,** naniniwala ako na upang taglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan dapat tayong magtiwala sa Kanya. Sa isang pulong na dinaluhan ko noong isang araw ng Linggo, nagtanong

ang isang kabataang babae nang ganito: “Nag-break na kami ng boyfriend ko, at pinili niyang lisanin ang Simbahan. Sinabi niya sa akin na ngayon lang siya naging masaya. Paano nangyari iyon?”

Sinagot ng Tagapagligtas ang tanong na ito nang sabihin Niya sa mga Nephita, “Ngunit kung hindi nakatayo [ang inyong buhay] sa aking ebanghelyo, at nakatayo sa mga gawa ng tao, o sa mga gawa ng diyablo, katotohanang sinasabi ko sa inyo na [magkakaroon kayo ng] kagalakan sa [inyong] mga gawa nang kaunting panahon, at maya-maya ang wakas ay darating.”[22] Walang nagtatagal na kagalakan sa labas ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa pulong na iyon, gayunman, naisip ko ang maraming mababait na tao na kilala ko na dumaranas ng mabibigat na pasanin at mga kautusan na napakahirap para sa kanila. Itinanong ko sa aking sarili, “Ano pa kaya ang sasabihin ng Tagapagligtas sa kanila?”[23] Naniniwala ako na itatanong Niya, “Nagtitiwala ba kayo sa akin?”[24] Sa babaeng inaagasan ng dugo, sinabi Niya, “Pinagaling ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa.”[25]

Isa sa mga paborito kong banal na kasulatan ang Juan 4:4, at mababasa rito, “At kinakailangang magdaan siya sa Samaria.”

Bakit paborito ko ang banal na kasulatang ito? Dahil hindi *kinakailangang* dumaan si Jesus sa Samaria. Ang mga Judio sa Kanyang panahon ay namumuhi sa mga Samaritano at naglalakbay sa daan na nakapalibot sa Samaria. Ngunit pinili ni Jesus na pumunta roon upang ipahayag sa buong mundo sa unang pagkakataon na Siya ang ipinangakong Mesiyas. Sa mensaheng ito, pinili Niya hindi lamang ang mga taong itinaboy, kundi ang isa ring babae—at hindi lamang basta babae kundi isang babaeng nabubuhay sa kasalanan—na isang taong itinuturing noon na pinakamababa sa lahat. Naniniwala ako na ginawa ito ni Jesus upang maunawaan ng bawat isa sa atin na ang Kanyang pagmamahal ay higit kaysa sa nadarama nating takot, sugat, adiksyon, pag-aalinlangan, mga tukso, mga kasalanan, ating wasak ng mga pamilya, depresyon at pagkabalisa, paulit-ulit na sakit, kahirapan, pang-aabuso, kawalan ng pag-asa, at kalungkutan.[26] Nais Niyang malaman ng lahat na walang sinuman ang hindi Niya mapapagaling at mapagkakalooban ng walang hanggang kagalakan.[27]

Ang Kanyang biyaya ay sapat.[28] Siya ay nagpakababa-baba sa lahat ng bagay. Ang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay kapangyarihang daraig sa anumang pasanin sa ating buhay.[29] Ang mensahe ng tala tungkol sa babae sa may balon ay na alam ng Panginoon ang mga sitwasyon natin sa buhay[30] at lagi tayong makakalakad kasama Niya anuman ang kalagayan natin. Sa babae at sa bawat isa sa atin, sinasabi Niya, “Datapuwa't ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; nguni't [magkakaroon ng] isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan.”[31]



Sa anumang paglalakbay sa buhay, bakit ninyo tatalikuran ang nag-iisang Tagapagligtas na nagtataglay ng lahat ng kapangyarihang magpagaling at magligtas sa inyo? Sulit ang anumang sakripisyo ninyo na magtiwala sa Kanya. Mga kapatid, piliin nating dagdagan ang ating pananampalataya sa Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Mula sa pinakakaibuturan ng aking kaluluwa, nagpapatotoo ako na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang Simbahan ng Tagapagligtas, ginagabayan ng buhay na Cristo sa pamamagitan ng totoong propeta. Dalangin ko na tapat nating taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo—sa pamamagitan ng pagtingin sa ating kapwa gaya ng pagtingin Niya sa kanila, paglilingkod na tulad sa paglilingkod Niya, at pagtitiwala na sapat ang Kanyang biyaya para madala tayo pauwi at sa walang hanggang kaligayahan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa 3 Nephi 27:3–8.
2. Tingnan sa 3 Nephi 27:5–6; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 20:77 at ang tipan ng sakramento.
3. Tingnan sa Dallin H. Oaks, *His Holy Name* (1998) para sa masusing talakayan tungkol sa pagtataglay sa ating sarili ng pangalan ni Jesucristo at maging saksi nito.
4. Tingnan sa Mosias 5:2–3. Bahagi ng malaking pagbabago sa puso ng mga tao ni Haring Benjamin, na tinaglay sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo, ay naunawaan nila ang “mga dakilang pananaw.” Yaong magmamana ng kahariang selestiyal ay ang mga indibiduwal na “nakikita ang gaya ng pagkakakita sa kanila” (Doktrina at mga Tipan 76:94).
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 32.
6. Brigham Young, sa *Journal of Discourses,* 8:37.
7. *Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe (1954), 278.



8. Tingnan sa 3 Nephi 17:7.
9. Tingnan sa Juan 3:14–17; Mga Gawa 10:34; 1 Nephi 17:35; 2 Nephi 26:33; Doktrina at mga Tipan 50:41–42; Moises 1:39. Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson: "Buong pananalig naming pinatototohanan na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nakinita ang lahat ng ito at pupunan, sa huli, ang lahat ng kasalatan at kawalan ng mga taong bumabaling sa Kanya. Walang sinuman [ang] nakatadhanang tumanggap ng mas kakaunti kaysa lahat ng mayroon ang Ama para sa Kanyang mga anak" ("Bakit Dapat Mag-asawa at Bumuo ng Pamilya," *Liahona,* Mayo 2015, 52).
10. Tingnan sa Mateo 5:14–16; 22:35–40; Mosias 3:19; Doktrina at mga Tipan 50:13–14; 133:5; tingnan din sa Russell M. Nelson, "Ang Pagtitipon ng Ikinalat na Israel," *Liahona,* Nob. 2006, 79–81.
11. Tingnan sa Levitico 18:4; 2 Nephi 31:5–12; Doktrina at mga Tipan 1:12–16; 136:4; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3–4.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:20–21; 110:9.
13. Tingnan sa Josue 3:5; Doktrina at mga Tipan 43:16; tingnan din sa Juan 17:19. Pinabanal ng Tagapagligtas ang Kanyang sarili upang magkaroon ng kapangyarihan na pagpalain tayo.
14. Tingnan sa Helaman 3:35; Doktrina at mga Tipan 12:6–9; 88:74.
15. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17, ang unang kautusang ibinigay ng Diyos kay Propetang Joseph Smith sa pamamagitan ng pangitain; tingnan din sa 2 Nephi 9:29; 3 Nephi 28:34.
16. Tingnan sa Marcos 1:15; Mga Gawa 3:19; Alma 5:33; 42:22–23; Doktrina at mga Tipan 19:4–20. Pag-isipan din ang dalawang saloobin na ito tungkol sa kasalanan. Una, isinulat ni Hugh Nibley: "Ang kasalanan ay basura. Ito ay paggawa ng isang bagay na di-marapat sa halip na paggawa ng mas mabubuting bagay na kaya ninyong gawin" (*Approaching Zion,* ed. Don E. Norton [1989], 66). Ang ina ni John Wesley, si Susanna Wesley, ay sumulat sa kanyang anak: "Sundin ang tuntuning ito. Anumang bagay na nagpapahina ng iyong pangangatwiran ay nagpapamanhid sa iyong konsensya, nag-aalis ng takot sa Diyos, o pumapawi sa pagkalugod mo sa mga espirituwal na bagay; . . . anumang bagay na nagpapatindi . . . sa iyong pisikal na mga hangarin na dumaraig sa iyong espirituwal na hangarin; ang bagay na iyan ay kasalanan sa iyo, ituring man ito na tila hindi masama" *(Susanna Wesley: The Complete Writings, ed. Charles Wallace Jr. [1997], 109).*
17. Tingnan sa Lucas 22:32; 3 Nephi 9:11, 20.
18. Tingnan sa Juan 13:2–15, 34. Noong gabi bago ang Kanyang Pagbabayad-sala, hinugasan ng Tagapagligtas ang mga paa ng taong nagkanulo sa Kanya, ng taong nagkaila sa Kanya, at ng iba pa na nakatulog sa sandaling kailangan Niya sila. Pagkatapos ay itinuro Niya, "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo."
19. Mateo 5:46.
20. Tingnan sa John R. Talmage, *The Talmage Story: Life of James E. Talmage—Educator, Scientist, Apostle* (1972), 112–14.
21. Tingnan sa Alma 10:22–23; 62:40.
22. 3 Nephi 27:11.
23. Sa Mateo 11:28, 30, sinabi ng Panginoon: "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin. . . . Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan." Isaalang-alang din ang II Mga Taga Corinto 12:7–9: Inilarawan ni Pablo ang hirap na dulot ng "tinik sa laman," na ipinagdasal niyang maalis. Sinabi ni Cristo sa kanya, "Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan." Tingnan din sa Eter 12:27.
24. Tingnan sa Mosias 7:33; 29:20; Helaman 12:1; Doktrina at mga Tipan 124:87.
25. Tingnan sa Lucas 8:43–48; Marcos 5:25–34. Ang babaeng inaagasan ng dugo ay lubhang nangangailangan ng tulong at wala nang iba pang opsiyon. Nahirapan siya sa sakit na ito sa loob ng 12 taon, naubos ang lahat ng kanyang pera sa mga doktor, at lalo pang lumala. Itinaboy mula sa kanyang mga tao at pamilya, sumiksik siya sa maraming tao at kumilos nang mabilis para makalapit sa Tagapagligtas. Lubos ang pagtitiwala at pananampalataya niya sa Tagapagligtas, at nadama ng Tagapagligtas na may humipo sa laylayan ng Kanyang damit. Dahil sa pananampalatayang iyon kaagad at lubusan Niyang pinagaling ang babae. Pagkatapos ay tinawag Niya itong "anak." Hindi na siya isang palaboy kundi isang miyembro ng pamilya ng Diyos. Ang paggaling niya ay pisikal, sosyal, emosyonal, at espirituwal. Ang mga problema ay maaaring magtagal ng ilang taon o ng habambuhay, ngunit ang Kanyang pangako ng pagpapagaling ay tiyak at lubos.
26. Tingnan sa Lucas 4:21; Juan 4:6–26. Si Lucas, at hindi si Juan, ang nagtala na sa unang bahagi ng ministeryo ni Jesus, nagtungo Siya sa Kanyang sariling sinagoga sa Nazaret, nagbasa ng isang scripture passage mula sa ipinropesiya ni Isaias tungkol sa Mesiyas, at pagkatapos ay inihayag, "Ngayo'y naganap ang kasulatang ito sa inyong mga pakinig." Ito ang unang nakatalang pagkakataon na nagsalita ang Tagapagligtas tungkol sa Kanyang sarili bilang Mesiyas. Gayunman, sa tabi ng balon ni Jacob, itinala ni Juan ang unang pagkakataon na ipinahayag ni Jesus na Siya ang Mesiyas sa isang pampublikong lugar. Sa tagpong ito, dahil ang mga Samaritano ay itinuturing na hindi Judio, itinuro din ni Jesus na ang Kanyang ebanghelyo ay para sa lahat, kapwa sa mga Judio at mga Gentil. Ang pahayag na ito ay nangyari noong "magiikaanim na nga ang oras," o sa katanghaliang-tapat, kung saan tirik na tirik ang sikat ng araw. Ang balon ni Jacob ay naroon din sa lambak malapit sa eksaktong lugar kung saan nagkaroon ng seremonya ng pakikipagtipan sa Panginoon ang sinaunang Israel pagkatapos makapasok sa lupang pangako. Ang nakamamangha, sa isang panig ng lambak ay naroon ang isang tuyong bundok at sa kabilang panig naman ay naroon ang isang bundok na puno ng mga bukal ng tubig na nagbibigay-buhay.
27. Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell: "Kapag naroon tayo sa mga sitwasyong nahihirapan tayo, iniisip natin kung makakaya pa natin ito, mapapanatag tayo sa kaalamang ang Diyos, na lubos na nakaaalam ng ating kakayahan, ay inilagay tayo sa mundong ito para magtagumpay. Walang taong itinakdang mabigo o maging masama. . . . Kapag nadarama nating naigugupo tayo, alalahanin natin na hindi tayo bibigyan ng Diyos ng pagsubok na hindi natin makakaya" ("Meeting the Challenges of Today" [Brigham Young University devotional, Okt. 10, 1978], 9, speeches.byu.edu).
28. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson:

    "Pagdating ng araw, haharap kayo sa Tagapagligtas. Mag-uumapaw ang inyong galak at mapapaluha kayo sa Kanyang harapan. Maghahagilap kayo ng mga salita para pasalamatan Siya sa pagbabayad para sa inyong mga kasalanan, sa pagpapatawad sa mga kasamaang ginawa ninyo sa iba, sa pagpapagaling sa inyo mula sa mga kasamaan at kaapihan ng buhay na ito.

    "Pasasalamatan ninyo na pinalakas Niya kayo para gawin ang imposible, na ginawa Niyang mga kalakasan ang inyong mga kahinaan, at pinapangyari Niyang mabuhay kayo sa piling Niya at ng inyong pamilya magpakailanman. Ang Kanyang identidad, Kanyang Pagbabayad-sala, at Kanyang mga katangian ay magiging personal at totoo sa inyo" ("Mga Propeta, Pamumuno, at Batas ng Diyos" [pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Ene. 8, 2017], broadcasts.lds.org).
29. Tingnan sa Isaias 53:3–5; Alma 7:11–13; Doktrina at mga Tipan 122:5–9.
30. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17; Elaine S. Dalton, "Kilala Niya Kayo sa Pangalan," *Liahona,* Mayo 2005, 109–11.
31. Juan 4:14.



**Ni Elder Matthew L. Carpenter**
Ng Pitumpu

# Ibig Mo Bagang Gumaling?

*Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kung pipiliin nating magsisi at ituon nang lubos ang ating puso sa Tagapagligtas, mapapagaling Niya ang ating espiritu.*

Noong ilang buwan pa lamang sa kanyang misyon, tinatapos ng aming bunsong anak na lalaki at ng kanyang missionary companion ang pag-aaral nila nang bahagyang sumakit ang kanyang ulo. Kakaiba ang nadama niya; sa una ay hindi niya makontrol ang kanyang kaliwang braso; at pagkatapos ay namanhid ang kanyang dila. Ang kaliwang bahagi ng kanyang mukha ay tumabingi. Hirap siyang magsalita. Alam niya na may masamang nangyayari. Ang hindi niya alam ay dumaranas siya ng matinding stroke sa tatlong bahagi ng kanyang utak. Natakot siya nang bahagya siyang maparalisa. Kung maaagapan ang taong na-stroke, malaki ang magiging epekto nito sa mabilis niyang paggaling. Mabilis at may katatagan na kumilos ang kanyang tapat na kompanyon. Pagkatapos tumawag sa 911, binigyan niya ng basbas ang aking anak. Himalang limang minuto lamang ang layo ng ambulansya.

Pagkatapos maisugod ang aming anak sa hospital, agad na pinag-aralan ng mga doktor ang sitwasyon at nagpasiyang magbibigay sila ng gamot sa aming anak na posible at unti-unting magpapagaling sa pagkaparalisa na sanhi ng stroke.[1] Gayunman, kung hindi na-stroke ang aming anak, magkakaroon ng matitinding epekto ang gamot, tulad ng pagdurugo sa utak. Kinailangang pumili ng aming anak. Pinili niyang tanggapin ang gamot. Bagama't ang lubos na paggaling ay nangangailangan ng maraming operasyon at maraming buwan, nakabalik ang aming anak sa misyon at tinapos ito nang gumaling siya mula sa mga epektong dulot ng stroke.

Ang ating Ama sa Langit ay makapangyarihan at nalalaman ang lahat ng bagay. Alam Niya ang pisikal na mga paghihirap natin. Alam Niya ang mga paghihirap ng ating katawan dahil sa karamdaman, sakit, katandaan, aksidente, o kapansanan mula nang isinilang. Alam Niya ang mga paghihirap ng ating damdamin dahil sa pagaalala, kalungkutan, depresyon, o sakit sa pag-iisip. Kilala Niya ang bawat tao na dumanas ng kawalang-katarungan o ng pang-abuso. Alam Niya ang ating mga kahinaan at hilig at mga tukso na pinaglalabanan natin.

Sa buhay na ito sinusubukan tayo na maipakita natin kung pipiliin natin ang mabuti kaysa sa masama. Para sa mga taong sumusunod sa Kanyang mga kautusan, sila ay mananahang kasama Siya "sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan."[2] Upang matulungan tayo na umunlad katulad Niya, ipinagkaloob ng Ama sa Langit ang lahat ng kapangyarihan at kaalaman sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Walang pisikal, emosyonal, o espirituwal na karamdaman na hindi mapapagaling ni Cristo.[3]

Mula sa mortal na ministeryo ng Tagapagligtas, isinalaysay sa mga banal na kasulatan ang maraming himalang nangyari nang gamitin ni Jesucristo ang Kanyang banal na kapangyarihan upang pagalingin ang mga taong pisikal na nagdurusa.





Ang Ebanghelyo ayon kay Juan ay nagsasalaysay ng kuwento tungkol sa isang lalaki na 38 taon nang maysakit na nagpahina ng kanyang katawan.

"Nang makita ni Jesus na siya'y nakahandusay, at mapagkilalang siya'y malaon nang panahong maysakit, ay sinabi niya sa kaniya, Ibig mo bagang gumaling?"

Tumugon ang mahinang lalaki na walang taong tumutulong sa kanya sa sandaling kailangan niya ito.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.

"At *pagdaka'y* gumaling ang lalake, at binuhat ang kaniyang higaan at lumakad."[4]

Mangyaring pansinin ang dalawang bagay tungkol sa kung gaano katagal nagdusa ang lalaking ito nang walang tulong—38 taon—at kung gaano kabilis ang kanyang paggaling nang tumulong ang Tagapagligtas. Ang paggaling ay "*pagdaka*" o kaagad nangyari.

Sa isa pang pangyayari, isang babae na may 12 taon nang inaagasan ng dugo, na "ginugol sa mga manggagamot ang lahat niyang pagkabuhay, . . . ay lumapit sa kaniyang likuran, at hinipo ang laylayan ng kaniyang damit at *pagdaka'y naampat* ang kaniyang agas. . . .

"[At] sinabi ni Jesus, May humipo sa akin, sapagka't naramdaman ko na may umalis na bisa sa akin.

"At nang makita ng babae na siya'y hindi nalingid, . . . isinasaysay [niya] sa harapan ng buong bayan . . . kung paanong gumaling siya *kapagdaka*."[5]

Sa Kanyang buong ministeryo, itinuro ni Cristo na may kapangyarihan Siya na pagalingin ang pisikal na katawan. Hindi natin matutukoy ang panahon kung kailan magaganap ang pagpapagaling ni Cristo sa ating mga pisikal na karamdaman. Ang paggaling ay nangyayari ayon sa Kanyang kalooban at karunungan. Sa mga banal na kasulatan, may mga taong maraming taon nang nahihirapan dahil sa sakit; ang iba sa buong buhay nila. Ang mga karamdaman sa buhay na ito ay magdadalisay sa atin at magpapalalim sa ating pananalig sa Diyos. At kapag tinulutan natin si Cristo na pagalingin tayo, palagi Niya tayong palalakasin sa espirituwal upang maaari tayong magkaroon ng mas malaking kakayahan na matiis ang ating mga pasanin.

Sa huli, alam natin na lahat ng pisikal na sakit, karamdaman, o kapansanan ay mapapagaling sa Pagkabuhay na Mag-uli. Iyan ang kaloob sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.[6]

Mapapagaling ni Jesucristo hindi lamang ang ating pisikal na katawan. Mapapagaling din Niya ang ating espiritu. Sa buong banal na kasulatan nalaman natin kung paano tinulungan ni Cristo ang mga nanghihina ang espiritu at pinagaling sila.[7] Kapag inisip natin ang mga karanasang ito, nadaragdagan ang ating pag-asa at pananampalataya sa kapangyarihan ng Tagapagligtas na pagpalain ang ating buhay. Mababago ni Jesucristo ang ating puso, mapapagaling tayo sa mga epekto ng kawalang-katarungan o pang-aabuso, at mapapalakas ang ating kakayahan na makayanan ang kawalan at kapighatian, na nagdadala sa atin ng kapayapaan na tumutulong sa atin na matiis ang mga pagsubok sa ating buhay, pinagagaling ang ating nasaktang damdamin.

Mapapagaling din tayo ni Cristo kapag nagkasala tayo. Nagkakasala tayo kapag kusa nating nilabag ang mga batas ng Diyos.[8] Kapag nagkakasala tayo, ang ating mga kaluluwa ay nagiging marumi. Walang maruming bagay ang makatatahan sa kinaroroonan ng Diyos.[9] "Ang pagiging malinis mula sa kasalanan ay ang mapagaling sa espirituwal."[10]

Alam ng Diyos Ama na magkakasala tayo, at naghanda Siya ng paraan para matubos tayo. Itinuro ni Elder Lynn G. Robbins: "Ang pagsisisi ay hindi alternatibong plano [ng Diyos] sakali mang mabigo tayo. Pagsisisi *ang* Kanyang plano, batid na gagawin natin ito."[11] Kapag nagkasala tayo, mayroon pa rin tayong pagkakataon na piliin ang mabuti kaysa sa masama. Pinipili natin ang mabuti kapag nagsisi tayo pagkatapos nating magkasala. Sa pamamagitan ni Jesucristo at ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, matutubos tayo mula sa ating mga kasalanan at maibabalik sa kinaroroonan ng Diyos Ama kung magsisisi tayo. Ang espirituwal na paggaling ay hindi mula sa isang panig lamang—nangangailangan ito ng kapangyarihang tumubos ng Tagapagligtas at taos-pusong pagsisisi ng nagkasala. Para sa mga taong pinili ang hindi magsisi, tinatanggihan nila ang pagpapagaling na ibinibigay ni Cristo. Para sa kanila, parang walang pagtubos na ginawa.[12]

Kapag nagpapayo ako sa ibang mga tao na naghahangad na magsisi, nagugulat ako sa napansin ko na ang mga taong nabubuhay sa kasalanan ay nahihirapang gumawa ng tamang mga desisyon. Lilisan sa kanila ang Espiritu Santo, at madalas ay nahihirapan silang piliin ang mga bagay na maglalapit sa kanila sa Diyos. Mahihirapan sila sa loob ng maraming buwan o mga taon, nahihiya o natatakot sa mga bunga ng kanilang mga kasalanan. Madalas nilang madama na hindi na

sila magbabago pa o mapapatawad. Madalas kong marinig na natatakot sila na kung malalaman ng mga mahal nila sa buhay ang kanilang ginawa, hindi na sila mamahalin o iiwanan sila. Kapag ganito ang inisip nila, magpapasiya sila na manahimik na lang at ipagpaliban ang kanilang pagsisisi. Mali ang nadama nila na mas makabubuti pang hindi magsisi sa ngayon nang sa gayon ay hindi na nila masaktan pa ang mga mahal nila sa buhay. Sa kanilang isipan ay mas mabuti pang magdusa sa kabilang-buhay kaysa dumaan sa proseso ng pagsisisi ngayon. Mga kapatid, *hindi kailanman* mabuting ideya na ipagpaliban ang inyong pagsisisi. Madalas gamitin ng kaaway ang takot para hadlangan tayo na kumilos agad sa ating pananampalataya kay Jesucristo.

Kapag nalaman ng mga mahal sa buhay ang nagawang kasalanan, bagama't nasaktan sila nang labis, madalas ay gusto nilang tulungan ang nagkasala na tunay na nagsisi na magbago at na makipagkasundo sa Diyos. Katunayan, mabilis ang espirituwal na paggaling kapag ang mga nagkasala ay nagtapat at napalilibutan ng mga taong nagmamahal sa kanila at tumutulong sa kanila na talikdan ang kanilang mga kasalanan. Mangyaring alalahanin na makapangyarihan si Jesucristo dahil napagagaling Niya rin ang mga inosenteng biktima na sumasamo sa Kanya.[13]

Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer: "Ang ating mga espiritu ay napipinsala kapag tayo ay nagkakamali at nagkakasala. Ngunit hindi tulad ng nangyayari sa ating mortal na katawan, kapag ganap na nagsisi, walang pilat na maiiwan dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang pangako ay: 'Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito' [Doktrina at mga Tipan 58:42]."[14]

Kapag nagsisi tayo "nang may buong layunin ng puso,"[15] "*kapagdaka* ang dakilang plano ng pagtubos ay madadala" sa ating buhay.[16] Pagagalingin tayo ng Tagapagligtas.

Ang missionary companion at ang mga doktor na tumulong sa aming na-stroke na anak sa misyon ay kaagad kumilos. Pinili ng aming anak na tanggapin ang gamot na magpapagaling sa mga epektong sanhi ng stroke. Napagaling ang pagkaparalisa niya na maaari sanang nakaapekto sa buong buhay niya. Tulad nito, kapag nagsisi agad tayo at dinala ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa ating buhay, mabilis tayong mapagagaling mula sa mga epekto ng kasalanan.

Narito ang paanyaya ni Pangulong Russell M. Nelson:"Kung umalis kayo sa landas, inaanyayahan ko kayo . . . na bumalik. Anumang problema, anumang hamon ang inyong hinaharap, may lugar para sa inyo dito, sa Simbahan ng Panginoon. Kayo at ang mga henerasyong hindi pa isinisilang ay mapagpapala ng inyong mga kilos ngayon na bumalik sa landas ng tipan."[17]


Kinakailangan sa ating espirituwal na paggaling ang pagsunod sa mga kundisyong ibinigay ng ating Tagapagligtas. Huwag tayong magpaliban! Kumilos na tayo ngayon! Kumilos ngayon para ang espirituwal na pagkaparalisa ay hindi makahadlang sa inyong walang hanggang pag-unlad. Habang nagsasalita ako, kung nadama ninyong humingi ng kapatawaran sa taong nagawan ninyo ng mali, inaanyayahan ko kayong kumilos. Sabihin sa kanila ang nagawa ninyo. Humingi ng kapatawaran sa kanila. Kung nakagawa kayo ng isang kasalanan na nakaapekto sa pagiging karapat-dapat ninyo sa templo, inaanyayahan ko kayo na kausapin ang inyong bishop—ngayon. Huwag magpaliban.

Mga kapatid, ang Diyos ay ating mapagmahal na Ama sa Langit. Ipinagkaloob Niya ang lahat ng kapangyarihan at kaalaman sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Dahil sa Kanya, ang buong sangkatauhan ay mapagagaling balang-araw sa lahat ng pisikal na karamdaman magpakailanman. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kung pipiliin nating magsisi at ituon nang lubos ang ating puso sa Tagapagligtas, mapagagaling Niya ang ating espiritu. Maaaring magsimula agad ang paggaling na iyan. Nasa atin ang pagpapasiya. *Ibig ba nating gumaling?*

Pinatototohanan ko na binayaran ni Jesucristo ang halaga upang tayo ay mapagaling. Ngunit kailangan nating piliing tanggapin ang gamot na iyon na magpapagaling sa atin na ibinibigay Niya. Tanggapin ito ngayon. Huwag magpaliban. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Ang gamot ay tinatawag na tPA (tissue plasminogen activator).
2. Mosias 2:41.
3. Tingnan sa Mateo 4:24. Naglibot si Jesucristo na pinagagaling ang lahat ng taong maysakit, maging yaong lahat ng mga may karamdaman, maging ang mayroong "sarisaring sakit," "pahirap," "mga inaalihan ng mga demonio," at "mga himatayin."
4. Tingnan sa Juan 5:5–9; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Tingnan sa Lucas 8:43-47; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Tingnan sa Alma 40:23; Helaman 14:17.
7. Tingnan sa Lucas 5:20, 23–25; tingnan din sa Joseph Smith Translation, Lucase 5:23 (sa Lukas 5:23, footnote *a*): "Alin baga ang lalong magaang sabihin, Ipinatatawad sa iyo ang iyong mga kasalanan; o sabihin, Magtindig ka at lumakad ka?"
8. Tingnan sa I Ni Juan 3:4.
9. Tingnan sa 3 Nephi 27:19.
10. "The Gospel of Jesus Christ," *Preach My Gospel: A Guide to Missionary Service*, binagong edisyon (2018), lds.org/manual/missionary.
11. Lynn G. Robbins, "Hanggang sa Makapitongpung Pito," *Liahona,* Mayo 2018, 22.
12. Tingnan sa Mosias 16:5.
13. Sa maraming pagkakataon nasaksihan ko ang mabilis na paggaling ng mga indibiduwal kapag tinutulungan ng pamilya ang mga taong sumira sa pangakong maging tapat at mapagkakatiwalaan, tinutulungan sila na lubos na bumaling sa Tagapagligtas dahil sa Kanyang kapangyarihang mapagaling ang kanilang buhay. Kung talagang taos-pusong sinisikap ng mga taong nagsisisi na magbago, ang mga kapamilya na tumutulong sa kanila sa pag-aaral ng ebanghelyo, taimtim na panalangin, at paglilingkod na katulad ng kay Cristo ay hindi lamang natulungan ang nagkasala na magbago kundi nakikita rin nila ang mabilis na pagpapagaling ng Tagapagligtas sa kanilang buhay. Kung nararapat, ang mga inosenteng biktima ay makatutulong sa nagkasala sa pamamagitan ng paghingi ng banal na tulong tungkol sa kung ano ang dapat pag-aralan nang magkasama, kung paano maglilingkod, at kung paano isasali ang pamilya sa pagsuporta at pagpapalakas sa taong nagsisisi para magbago at makinabang sa nakatutubos na kapangyarihan ni Jesucristo.
14. Boyd K. Packer, "Ang Plano ng Kaligayahan," *Liahona,* Mayo 2015, 28.
15. 3 Nephi 18:32.
16. Alma 34:31; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.



**Ni Elder Dale G. Renlund**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Piliin Ninyo sa Araw na Ito

*Ang kalakhan ng ating walang hanggang kaligayahan ay nakadepende sa pagpili sa buhay na Diyos at pakikiisa sa Kanya sa Kanyang gawain.*

Ang piksyunal na karakter na si Mary Poppins ay tipikal na English nanny—na nagtataglay ng kapangyarihan.[1] Naglakbay siya gamit ang hangin upang tulungan ang problemadong pamilya Banks na nakatira sa Number 17, Cherry Tree Lane, sa Edwardian London. Binigyan siya ng responsibilidad na alagaan ang mga anak na sina Jane at Michael. Sa mahigpit ngunit magiliw na paraan, sinimulan niyang turuan sila ng mahahalagang aral sa paraang naiiba at may madyik.

Malaki na ang progreso nina Jane at Michael, at nagpasiya si Mary na panahon na para lisanin sila. Sa dula sa entablado, ang kaibigan ni Mary na si Bert, na tagawalis ng tsimenea, ay hinikayat siya na huwag nang umalis. Sinabi niya, "Pero mababait silang bata, Mary."

Sumagot si Mary, "Tuturuan ko ba sila kung hindi sila mababait? Pero hindi ko sila matutulungan kung hindi nila ako pahihintulutan, at walang taong mas mahirap turuan kaysa sa batang nag-aakala na alam na niya ang lahat."

Tanong ni Bert, "Eh, paano na?"

Sumagot si Mary, "Kailangan nilang gawin ang susunod na hakbang nang mag-isa."[2]

Mga kapatid, tulad nina Jane at Michael Banks, tayo ay "mababait na bata" na nararapat turuan. Nais ng Ama sa Langit na tulungan at pagpalain tayo, ngunit hindi natin Siya palaging tinutulutan. Kung minsan, pakiramdam natin ay alam na natin ang lahat. At kinakailangan din nating gawin ang "susunod na hakbang" nang mag-isa. Iyan ang dahilan kaya tayo naparito sa lupa mula sa premortal na tahanan sa langit. Ang susunod na "hakbang" natin ay kinapapalooban ng pagpili.



Ang mithiin ng ating Ama sa Langit bilang magulang ay hindi ang iutos sa Kanyang mga anak na *gawin* kung ano ang tama; kundi ang *piliin* na gawin kung ano ang tama at sa huli ay maging katulad Niya. Kung ang nais lang Niya ay maging masunurin tayo, bibigyan Niya kaagad tayo ng mga gantimpala o kaparusahan para maimpluwensyahan ang ating pag-uugali.

Ngunit hindi nais ng Diyos na maging parang mahusay at masunuring "alagang hayop" lang ang Kanyang mga anak na hindi naninira ng Kanyang mga tsinelas sa salas ng selestiyal na kaharian.[3] Hindi ito ganoon, nais ng Diyos na espirituwal na umunlad ang Kanyang mga anak at makiisa sa Kanya sa gawain ng pamilya.

Ang Diyos ay gumawa ng plano at sa planong iyan magiging mga tagapagmana tayo sa Kanyang kaharian, isang landas ng tipan na hahantong sa pagiging katulad Niya, magkaroon ng uri ng buhay na katulad ng buhay Niya, at mabuhay magpakailanman bilang mga pamilya sa Kanyang kinaroroonan.[4] Ang pagpili para sa sarili ay kinakailangan noon—at ngayon—sa planong ito, na nalaman natin sa ating premortal na buhay. Tinanggap natin ang plano at piniling pumarito sa lupa.

Upang matiyak na mananampalataya tayo at matututuhang gamitin nang tama ang ating kalayaan, isang tabing ng pagkalimot ang lumambong sa ating isipan para hindi natin maalaala ang plano ng Diyos. Kung wala ang tabing na iyan, hindi maisasakatuparan ang mga layunin ng Diyos dahil hindi tayo uunlad at magiging mapagkakatiwalaang tapagmana na siyang nais Niya.

Sinabi ng propetang si Lehi: "Anupa't ipinagkaloob ng Panginoong Diyos sa tao na siya ay kumilos para sa kanyang sarili. Samakatwid, ang tao ay hindi makakikilos para sa kanyang sarili maliban kung siya ay nahikayat ng isa o ng iba."[5] Sa simula, isang pagpipilian ang kinatawan ni Jesucristo, ang Panganay ng Ama. Ang isa pang pagpipilian ay kinatawan ni Satanas, si Lucifer, na naghangad na wasakin ang kalayaan at agawin ang kapangyarihan.[6]

Kay Jesucristo, "may Tagapamagitan tayo sa Ama."[7] Pagkatapos magawa ang

Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, si Jesus ay "umakyat na sa langit . . . upang angkinin sa Ama ang kanyang mga karapatan ng awa na mayroon siya sa mga anak ng tao." At, dahil naangkin ang mga karapatan ng awa "ipinagtatanggol niya ang kapakanan ng mga anak ng tao."[8]

Ang pagtatanggol ni Cristo para sa ating kapakanan ay hindi pagsalungat sa plano ng Ama. Si Jesucristo, na pinasakop ang Kanyang kalooban sa kalooban ng Ama,[9] ay hindi susuportahan ang anumang bagay maliban sa yaong ninanais ng Ama noon pa man. Walang alinlangang natutuwa at sinasang-ayunan ng ating Ama sa Langit ang ating mga tagumpay.

Bahagi ng pagtatanggol sa atin ni Cristo ang ipaalala sa atin na nagbayad Siya para sa ating mga kasalanan at ibinigay sa lahat ng tao ang awa ng Diyos.[10] Para sa mga taong naniniwala kay Jesucristo, nagsisi, nabinyagan, at nagtitiis hanggang wakas—isang proseso na humahantong sa pakikipagkasundo[11] —ang Tagapagligtas ay nagpapatawad, nagpapagaling, at nagtatanggol. Siya ay ating katuwang, mang-aaliw, at tagapamagitan—nagpapatunay at sumusuporta sa ating pakikipagkasundo sa Diyos.[12]

Kabaliktaran nito, si Lucifer ay tagapagsumbong o tagapag-usig. Inilarawan ni Juan ang Tagapaghayag ang pagkagapi ni Lucifer sa huli: "At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kaniyang Cristo." Bakit? Dahil "inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi. At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo."[13]

Si Lucifer ang tagapagsumbong na ito. Tinuligsa niya tayo sa premortal na buhay, at patuloy niya tayong tinutuligsa sa buhay na ito. Hangad niyang hilahin tayo pababa. Gusto niyang maranasan natin ang walang katapusang kapighatian. Siya ang yaong nagsabi na wala tayong kakayahan, na hindi tayo karapat-dapat, na hindi na tayo makababangon pa mula sa ating pagkakamali. Talagang napakasama niya, siya yaong tumatadyak sa atin kapag nalulugmok tayo.



Kung tinuturuan ni Lucifer ang isang bata na maglakad at ang batang iyon ay nadapa, sisigawan niya ang bata, parurusahan ito, at sasabihing huwag na siyang maglakad. Ang mga paraan ni Lucifer ay nagdudulot ng kawalan ng pag-asa at kalungkutan—sa huli at sa tuwina. Ang amang ito ng kasinungalingan ang nagpasimula ng lahat ng kasinungalingan[14] at tusong gumagawa para linlangin at lituhin tayo, "sapagkat hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili."[15]

Kung tinuturuan ni Cristo ang isang bata na maglakad at ang batang iyon ay nadapa, tutulungan Niya ang bata na tumayo at hihikayatin ito na humakbang pa.[16] Si Cristo ay tumutulong at nagpapanatag. Ang mga paraan Niya ay nagdudulot ng kagalakan at pag-asa —sa huli at sa tuwina.

Kabilang sa plano ng Diyos ang mga tagubilin para sa atin, tinukoy sa mga banal na kasulatan bilang mga kautusan. Ang mga kautusang ito ay hindi kakatwa ni makatwirang koleksyon ng mga ipinataw na patakaran na nangangahulugan lamang na sanayin tayo na maging masunurin. Nauugnay ang mga ito sa pagkakaroon natin ng mga katangian ng kabanalan, pagbalik sa Ama sa Langit, at pagtanggap ng walang hanggang kagalakan. Ang pagsunod sa Kanyang mga kautusan ay hindi bulag na pagsunod; sadya o may kamalayan ang pagpili natin sa Diyos at sa Kanyang daan pauwi. Ang huwarang ibinigay sa atin ay tulad ng kina Adan at Eva, kung saan "ang Diyos ay nagbigay sa kanila ng mga kautusan, matapos maipaalam sa kanila ang plano ng pagtubos."[17] Bagama't nais ng Diyos na tahakin natin ang landas ng tipan, binibigyan Niya tayo ng dignidad na pumili.

Katunayan, ninanais, inaasahan, at iniuutos ng Diyos na bawat isa sa Kanyang mga anak ay pumili para sa kanyang sarili. Hindi Niya tayo pipilitin. Sa pamamagitan ng kaloob na kalayaan, pinahihintulutan ng Diyos ang Kanyang mga anak "na [kumilos] para sa kanilang sarili at hindi pinakikilos."[18] Ang kalayaan ang nagtutulot sa atin na pumili kung tatahakin natin ang landas ng tipan, o hindi. Nagtutulot ito sa atin na pumili kung aalis tayo rito, o mananatili. Kung hindi tayo mapipilit na sumunod, hindi rin tayo mapipilit na sumuway. Walang sinuman, nang walang pagsang-ayon natin, ang makapagpapaalis sa atin sa landas ng tipan. (Ngayon, hindi ito dapat ipagkamali sa mga taong ang kalayaan ay nilapastangan. Hindi sila nalihis sa landas; sila ay mga biktima. Tatanggapin nila ang pag-unawa, pagmamahal, at awa ng Diyos.)

Ngunit kapag umalis tayo sa landas ng tipan, nalulungkot ang Diyos dahil alam Niya na sa huli ito ay laging humahantong sa naglahong kaligayahan at mga pagpapala. Sa mga banal na kasulatan, ang pag-alis sa landas ng tipan ay tinutukoy na kasalanan, at ang naglahong kaligayahan at mga pagpapala ay tinatawag na kaparusahan. Hinggil dito, hindi tayo pinarurusahan ng Diyos; ang



kaparusahan ay bunga ng ating sariling mga pagpili, hindi ng Kanya.

Kapag natuklsan natin na wala na tayo sa landas, maaaring piliin natin na magpakalayo na talaga rito, o dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari nating piliing bumalik at magpatuloy sa landas ng tipan. Sa mga banal na kasulatan, ang pagpapasiyang magbago at bumalik sa landas ng tipan ay tinatawag na pagsisisi. Ang hindi pagsisisi ay nangangahulugang pinipili nating hindi gawing karapat-dapat ang ating sarili sa mga pagpapalang nais ibigay ng Diyos sa atin. Kung "hindi [tayo] handang tamasahin yaong [atin] sanang tatanggapin" tayo ay "magbabalik muli sa [ating] sariling lugar, upang tamasahin yaong [ating] handang tanggapin"[19]—na ating pinili, hindi ng Diyos.

Gaano man katagal na wala tayo sa landas ng tipan o gaano man tayo nalihis, sa sandaling magpasiya tayong magbago, tutulungan tayo ng Diyos na makabalik.[20] Sa pananaw ng Diyos, sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi at pagpapatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, kapag nakabalik tayo sa landas, ito ay magiging tila hindi tayo umalis rito.[21] Ang Tagapagligtas ay nagbabayad para sa ating mga kasalanan at pinalalaya tayo sa napipintong paglalaho ng kaligayahan at mga pagpapala. Tinutukoy ito sa mga banal na kasulatan na kapatawaran. Pagkatapos ng binyag, lahat ng miyembro ay lumilihis ng landas—ang ilan sa atin ay sumisisid pa. Kung gayon, ang pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagtanggap ng tulong mula sa Kanya, at ang mapatawad ay hindi minsanang pangyayari kundi habambuhay na mga proseso, mga proseso na paulit-ulit at madalas. Ganito tayo "magtitiis hanggang wakas."[22]

Kailangan nating pumili kung sino ang paglilingkuran natin.[23] Ang kalakhan ng ating walang hanggang kaligayahan ay nakadepende sa pagpili sa buhay na Diyos at pakikiisa sa Kanya sa Kanyang gawain. Kapag sinikap natin na gawin ang "susunod na hakbang" nang mag-isa, sinasanay nating gamitin nang tama ang ating kalayaan. Tulad ng sinabi ng dalawang dating Relief Society General President, hindi tayo dapat maging "mga sanggol na kailangang pansinin at iwasto sa lahat ng oras."[24] Hindi, nais ng Diyos na magkaroon tayo ng hustong kaisipan at pamahalaan ang ating sarili.

Ang pagpiling sundin ang plano ng Ama ay ang tanging paraan para tayo maging mga tagapagmana sa Kanyang kaharian; sa gayon lamang Siya magtitiwala na hindi tayo hihiling ng salungat sa Kanyang kalooban.[25] Ngunit kailangan nating tandaan na "walang taong mas mahirap turuan kaysa sa bata na nag-aakala na alam na niya ang lahat." Kaya't kinakailangang handa tayong maturuan ayon sa mga paraan ng Panginoon at ng Kanyang mga tagapaglingkod. Maaari tayong magtiwala na tayo ay minamahal na mga anak ng mga Magulang sa Langit[26] at karapat-dapat "turuan" at mapanatag na ang kahulugan "nang mag-isa" ay hindi "nag-iisa."

Tulad ng sinabi ng propeta sa Aklat ni Mormon na si Jacob, sinasabi ko kasama siya:

"Samakatwid, magalak sa inyong mga puso, at tandaan ninyo na kayo ay malayang makakikilos para sa inyong sarili—ang piliin ang daan ng walang hanggang kamatayan o ang daan ng buhay na walang hanggan.

"Samakatwid, mga minamahal kong kapatid, makipagkasundo kayo sa kalooban ng Diyos, at hindi sa kagustuhan ng diyablo . . . ; at tandaan, matapos kayong makipagkasundo sa Diyos, na dahil lamang sa at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos na kayo ay maliligtas."[27]

Kaya't piliin ang pananampalataya kay Cristo; piliin ang pagsisisi; piliing magpabinyag at tumanggap ng Espiritu Santo; piliing masigasig na maghanda para sa sakramento at maging karapat-dapat na tumanggap nito; piliing gumawa ng mga tipan sa templo; at piliing maglingkod sa buhay na Diyos at sa Kanyang mga anak. Ang mga pinili natin ang magpapasiya kung magiging sino tayo at kung ano ang kahihinatnan natin.

Magtatapos ako sa nalalabing basbas ni Jacob: "Samakatwid, nawa ay ibangon kayo ng Diyos mula sa . . . walang hanggang kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagbabayad-sala, upang kayo ay matanggap sa walang hanggang kaharian ng Diyos."[28] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Ang di tunay na karakter na Mary Poppins ay binigyang-buhay sa mga katha ni P. L. Travers. Ang kanyang mga aklat ay naging batayan para sa pelikulang musical-fantasy noong 1964, ginawa ng Walt Disney, at hinango naman sa pelikula ang pagsasadula nito sa entablado.
2. Ang dula sa entablado ay naglalaman ng tagpong inilarawan. Tingnan sa *Libretto to Mary Poppins: The Broadway Musical,* 70.
3. Tingnan sa Spencer W. Kimball, sa Brisbane Area Conference 1976, 19. Hinuha ni

Pangulong Kimball: "Una sa lahat bago tayo nagsimula sa buhay na ito, sinabi ng Panginoon, 'Bibigyan ko kayo ng kalayaang pumili. Gusto ko ang mga kalalakihan at kababaihan na matatag dahil tama ang maging matatag. Ayaw ko ng mahihina na mga matwid dahil lamang napilitan sila na maging matwid.' "
4. Tingnan, halimbawa, sa Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7. Ang landas ng tipan ay tinatawag ding plano ng kaligayahan (tingnan sa Alma 42:8, 16) at ang plano ng pagtubos (tingnan sa Alma 12:25–35).
5. 2 Nephi 2:16.
6. Tingnan sa Moises 4:3.
7. I Ni Juan 2:1; tingnan din sa Joseph Smith Translation, 1 John 2:1 (sa 1 John 2:1, footnote *a*).
8. Moroni 7:27, 28.
9. Tingnan sa Mosias 15:7.
10. Tingnan sa I Ni Juan 2:2.
11. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:16–21; Mga Taga Colosas 1:19–23; 2 Nephi 10:24.
12. Ang salitang Griego para sa advocate (*paraklētōs*) ay nangangahulugan ng tagapamagitan, katulong, tagaalo, o taga-aliw (tingnan sa I Ni Juan 2:1, footnote *b*; *The New Strong's Expanded Exhaustive Concordance of the Bible* [1984], Greek dictionary section, 55; 2 Nephi 10:23–25; Doktrina at mga Tipan 45:3–5).
13. Apocalipsis 12:10–11.
14. Tingnan sa Eter 8:25.
15. 2 Nephi 2:27; tingnan din sa 2 Nephi 2:6–8, 16, 26.
16. Tingnan sa Fiona and Terryl Givens, *The Christ Who Heals* (2017), 29, 124. Para sa orihinal na sipi, tingnan sa Anthony Zimmerman, *Evolution and the Sin in Eden* (1998), 160, sinipi sa Denis Minns, *Irenaeus* (2010), 61.
17. Alma 12:32.
18. 2 Nephi 2:26; tingnan din sa 2 Nephi 2:16.
19. Doktrina at mga Tipan 88:32.
20. Tingnan sa Alma 34:31.
21. Tingnan sa 2 Nephi 31:20; Mosias 26:29–30; Doktrina at mga Tipan 58:42–43; Boyd K. Packer, "Ang Plano ng Kaligayahan," *Liahona,* Mayo 2015, 28. Sinabi ni Pangulong Packer, "Kapag ganap na nagsisi, walang pilat na maiiwan dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo."
22. 2 Nephi 31:20.
23. Tingnan sa Josue 24:15.
24. Julie B. Beck, "At sa mga Lingkod na … Babae Naman ay Ibubuhos Ko sa mga Araw na Yaon ang Aking Espiritu," *Liahona,* Mayo 2010, 12; binanggit ni Sister Beck ang mensahe ni Eliza R. Snow na ibinigay sa Lehi Ward Relief Society, Okt. 27, 1869, Lehi Ward, Alpine (Utah) Stake, sa Relief Society, Minute Book, 1868–79, Church History Library, Salt Lake City, 26–27.
25. Tingnan sa 2 Nephi 4:35; Helaman 10:5.
26. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
27. 2 Nephi 10:23–24.
28. 2 Nephi 10:25.



**Ni Elder Jack N. Gerard**
Ng Pitumpu

# Panahon Na

*Kung mayroon man sa inyong buhay na kinakailangan ninyong ayusin, ngayon na ang panahon.*

Ilang taon na ang nakararaan, habang naghahanda para sa isang business trip, nakaramdam ako ng pananakit sa dibdib. Dahil nag-aalala sa akin, nagpasiya ang asawa ko na samahan ako. Sa unang eroplanong sinakyan namin, lalong tumindi ang sakit kaya't nahirapan na akong huminga. Nang lumapag ang eroplano, umalis kami sa paliparan at nagpunta sa hospital, at doon, matapos ang maraming pagsusuri, sinabi ng doktor na ligtas nang magpatuloy sa aming biyahe.

Bumalik kami sa paliparan at sumakay ng eroplano para sa aming huling destinasyon. Nang papalapag na ang eroplano, nagsalita ang piloto sa intercom at hiniling na magpakilala ako. Lumapit ang flight attendant, at sinabing katatanggap lang nila ng isang emergency call, at sinabi sa akin na may ambulansyang naghihintay sa paliparan na magdadala sa akin sa ospital.

Sumakay kami sa ambulansya at kaagad na dinala sa emergency room. Doon ay sinalubong kami ng dalawang nag-aalalang doktor na nagpaliwanag na mali ang pagsusuri sa akin at ang totoo ay mayroon akong malubhang pulmonary embolism, o pamumuo ng





dugo, sa aking baga, na nangangailangan ng agarang gamutan. Sinabi sa amin ng mga doktor na maraming pasyente ang hindi nakakaligtas sa kundisyong ito. Batid na malayo kami sa aming tahanan at hindi nakatitiyak kung handa kami sa gayong pangyayari na magpapabago sa aming buhay, sinabi ng mga doktor na kung mayroon man sa aming buhay na kinakailangang ayusin, ngayon na ang panahon.

Malinaw kong naaalala kung paano halos kaagad nabago ang buo kong pananaw sa nakababalisang sandaling iyon. Ang tila napakahalaga sa mga naunang sandali ay wala nang anumang halaga sa oras na iyon. Nawala sa isipan ko ang mga alalahanin sa mundong ito at natuon sa mga bagay na walang hanggan—naisip ko ang aking pamilya, mga anak, at sa huli ang pagsusuri sa sarili kong buhay.

Kumusta na tayo bilang pamilya at indibiduwal? Namumuhay ba tayo ayon sa mga tipan na ginawa natin at ayon sa mga inaasahan ng Panginoon, o marahil ay hindi sinasadya na tinutulutan natin ang mga alalahanin sa mundong ito na makagambala sa atin mula sa mga bagay na pinakamahalaga?

Inaanyayahan ko kayo na pag-isipan ang isang mahalagang aral sa karanasang ito: tumigil sa pagtutuon sa mga alalahanin sa mundo at suriin ang inyong buhay. O tulad ng sinabi ng doktor, kung mayroon man sa inyong buhay na kinakailangan ninyong ayusin, ngayon na ang panahon.

#### Pagsusuri sa Ating Buhay

Nabubuhay tayo sa mundong puno ng impormasyon, naiimpluwensyahan ng patuloy na pagdami ng mga bagay na nakagagambala na lalo pang nagpapahirap para maisaayos ang buhay sa magulong mundong ito at makatuon sa mga bagay na walang hanggan ang kahalagahan. Ang araw-araw nating buhay ay patuloy na nalalantad sa mga balita na umaagaw ng ating pansin, na inilalabas ng mga teknolohiyang mabilis magbago.

Hangga't hindi tayo nag-uukol ng oras na mag-isip nang mabuti, maaaring hindi natin matanto ang epekto ng mabilis na pagbabagong ito sa kapaligiran sa ating buhay araw-araw at sa mga pinipili natin. Maaari nating matagpuan ang ating buhay na nakatuon na lamang sa mga impormasyon na nasa memes, video, at sa mga balitang umaagaw ng ating pansin. Bagama't maganda at kasiya-siya, karamihan sa mga ito ay walang gaanong nagagawa sa ating walang hanggang pag-unlad, subalit naiimpluwensyahan nito ang pananaw natin sa buhay sa mundong ito.

Maihahalintulad ang mga nakagagambalang bagay sa mundo sa mga nangyari sa panaginip ni Lehi. Habang sumusulong tayo sa landas ng tipan na ang mga kamay ay mahigpit na nakahawak sa gabay na bakal, naririnig at nakikita natin ang mga "panlalait at pagtuturo ng kanilang daliri" mula sa malaki at maluwang na gusali (1 Nephi 8:27). Maaaring hindi natin sinasadya, ngunit kung minsan humihinto tayo at itinutuon ang ating paningin para tingnan kung ano ang kaguluhang iyon. Maaaring ang ilan pa sa atin ay bumibitaw sa gabay na bakal at mas lumalapit pa roon para makita nang malapitan ang nangyayari. Ang iba ay maaaring tuluyan nang lumayo sa landas "dahil sa mga yaong humahamak sa kanila" (1 Nephi 8:28).

Pinayuhan tayo ng Tagapagligtas na "mangagingat kayo . . . baka mangalugmok ang inyong mga puso sa . . . mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito" (Lucas 21:34). Ipinaaalala sa atin ng makabagong paghahayag na marami ang tinawag, subalit iilan ang napili. Sila ay hindi napili "sapagkat ang kanilang mga puso ay . . . nakatuon sa mga bagay ng daigdig na ito, at naghahangad ng mga parangal ng tao" (Doktrina at mga Tipan 121:35; tingnan din sa talata 34). Ang pagsusuri ng ating buhay ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na tumigil sa pagtutuon sa mundo, pag-isipan kung nasaan na tayo sa landas ng tipan, at, kung kinakailangan, gumawa ng mga pagbabago para matiyak na nakahawak tayo nang mahigpit at nakatuon sa kawalang-hanggan.

Kamakailan, sa isang pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, inanyayahan ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga kabataan na huminto sa pagtutuon sa mundo, humiwalay sa social media sa pamamagitan ng pitong araw na hindi paggamit nito. At kagabi lamang, nagbigay siya ng katulad na paanyaya sa mga kababaihan bilang bahagi ng sesyon ng kababaihan ng kumperensya. Pagkatapos ay sinabi niya sa mga kabataan na pansinin ang anumang pagkakaiba sa kung ano ang nadarama nila, kung ano ang iniisip nila, o kung paano sila nag-iisip. Pagkatapos ay hinikayat niya sila na "suriing mabuti ang buhay sa Panginoon . . . upang matiyak na ang mga paa ninyo ay matatag na nakatayo sa landas ng tipan." Hinikayat niya sila na kung mayroon mang mga bagay sa kanilang buhay na kinakailangang baguhin, "ngayon ang perpektong panahon para magbago."[1]

Kapag sinusuri natin ang mga bagay sa ating buhay na kinakailangang baguhin, maaaring itanong natin sa ating sarili: Paano natin madaraig ang mga panggagambala sa mundong ito at manatiling nakatuon sa kawalang-hanggan na nasa harapan natin?

Sa mensahe sa kumperensya noong 2007 na may pamagat na "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks kung ano ang dapat ipriyoridad sa pagpili sa maraming magkakasalungat na mga bagay na hinihingi ng mundo. Ipinayo niya, "Dapat nating talikuran ang ilang

magagandang bagay para mapili ang iba pang mas maganda o pinakamaganda dahil ang mga ito ay nagpapalakas sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at nagpapatatag sa ating mga pamilya."[2]

Iminumungkahi ko na ang pinakamagagandang bagay sa buhay na ito ay nakasentro kay Jesucristo at pag-unawa sa walang hanggang mga katotohanan kung sino Siya at kung sino tayo sa ating kaugnayan sa Kanya.



#### Hanapin ang Katotohanan

Kapag hinangad nating makilala ang Tagapagligtas, hindi natin dapat balewalain ang mahalagang katotohanan tungkol sa kung sino tayo at bakit tayo naririto. Ipinaalala sa atin ni Amulek na "ang buhay na ito ang panahon para . . . maghanda sa pagharap sa Diyos," ang panahon "na ibinigay sa atin upang maghanda para sa kawalang-hanggan" (Alma 34:32–33). Tulad ng paalala sa atin ng kasabihang, "Hindi tayo mga tao na mayroong espirituwal na karanasan. Tayo ay mga espirituwal na nilalang na mayroong karanasan ng tao."[3]

Ang pag-unawa sa ating banal na pinagmulan ay kinakailangan sa ating walang hanggang pag-unlad at magpapalaya sa atin mula sa mga bagay na nakagagambala sa buhay na ito. Itinuro ng Tagapagligtas:

"Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko;

"At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo" (Juan 8:31–32).

Ipinahayag ni Pangulong Joseph F. Smith, "Ang pinakadakilang gawain na magagawa ng sangkatauhan sa daigdig na ito ay bihasain ang kanilang mga sarili sa banal na katotohanan, nang buung-buo, nang ganap, nang sa gayon ang halimbawa o kilos ng masasamang nilalang na nabubuhay sa daigdig ay hindi kailanman makapagpapaalis sa kanila mula sa kaalamang kanilang nakamtan."[4]

Sa mundo ngayon, matindi ang debate hinggil sa katotohanan, lahat ng panig ay nagsasabing nasa kanila ang katotohanan na para bang ito ay isang konsepto na maaaring bigyan ng interpretasyon ng sinuman. Nakita ng batang si Joseph Smith na "napakalaki ng kaguluhan at sigalutan" sa kanyang buhay "na hindi maaari . . . na makarating sa anumang tiyak na pagpapasiya kung sino ang tama at kung sino ang mali" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:8). "Sa gitna nitong labanan ng mga salita at ingay ng mga haka-haka" ay hinangad niya ang banal na patnubay sa pamamagitan ng paghahanap ng katotohanan (Joseph Smith—Kasaysayan 1:10).


Sa kumperensya noong Abril, itinuro ni Pangulong Nelson, "Kung gusto nating magkaroon ng pagkakataong masuri ang iba't ibang opinyon at mga pilosopiya ng tao na sumisira ng katotohanan, kailangan tayong matutong tumanggap ng paghahayag."[5] Dapat tayong matutong umasa sa Espiritu ng Katotohanan, na "hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya" (Juan 14:17).

Habang ang sanlibutang ito ay mabilis na pumaparoon sa huwad na katotohanan, dapat nating alalahanin ang mga salita ni Jacob na "ang Espiritu ay nagsasabi ng katotohanan at hindi nagsisinungaling. Anupa't nagsasabi ito ng mga bagay kung ano talaga ang mga ito, at mga bagay kung ano talaga ang magiging ito; kaya nga, ipinaalam sa amin ang mga bagay na ito nang malinaw, para sa kaligtasan ng ating mga kaluluwa" (Jacob 4:13).

Kapag tumigil tayo sa pagtutuon sa mundo at sinuri ang ating buhay, ngayon ang panahon para pag-isipan kung anong mga pagbabago ang kailangan nating gawin. Magkakaroon tayo ng malaking pag-asa sa kaalamang muli tayong inakay sa landas ng ating Huwaran na si Jesucristo. Bago Siya namatay at Nabuhay na Mag-uli, habang tinutulungan Niya ang mga taong nakapaligid sa Kanya na maunawaan ang Kanyang banal na tungkulin, ipinaalala Niya sa kanila na "kayo'y mag[ka]karoon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33). Sa Kanya ay nagpapatotoo ako sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), Hopeofisrael.lds.org.
2. Dallin H. Oaks, "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Liahona,* Nob. 2007, 107.
3. Madalas iniuugnay kay Pierre Teilhard de Chardin.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 48.
5. Russell M. Nelson,"Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 96.



**Ni Elder Gary E. Stevenson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Pangangalaga sa mga Kaluluwa

*Tumutulong tayo sa ating kapwa nang may pagmamahal dahil ito ang iniutos sa atin ng ating Tagapagligtas.*

Sa pag-uusap namin kamakailan ng kaibigan ko, sinabi niya sa akin na noong siya ay bata pa, at bagong miyembro ng Simbahan, bigla niyang nadama na para bang hindi siya kabilang sa kanyang ward. Ang mga missionary na nagturo sa kanya ay nalipat sa ibang lugar, at nadama niya na parang nag-iisa na lang siya. Dahil walang mga kaibigan sa ward, nakita niya ang dati niyang mga kaibigan at sumama sa kanilang mga gawain na naglayo sa kanya sa simbahan—hanggang sa mawalay na siya sa kawan. Nang may luha sa mga mata, inilarawan niya ang labis niyang pasasalamat nang kaibiganin siya ng isang miyembro sa ward at, sa isang mainit at sa paraang naramdaman niyang kabilang siya, inanyayahan siyang bumalik. Sa loob ng ilang buwan, nakabalik siya sa kawan, pinalalakas ang iba pa pati na rin ang kanyang sarili. Hindi ba tayo magpapasalamat sa pastol sa Brazil na hinanap ang binatilyong ito, si Elder Carlos A. Godoy, na nakaupo ngayon sa likuran ko bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu?

Hindi ba't nakamamangha na ang gayong maliliit na pagsisikap ay magkakaroon ng mga bungang pangwalang-hanggan? Ang katotohanang ito ang sentro ng paglilingkod ng Simbahan. Ang ating simple at arawaraw na mga pagsisikap ay magagawang kahima-himala ng Ama sa Langit. Anim na buwan pa lamang ang nakalipas mula noong ibalita ni Pangulong Russell M. Nelson na "ang Panginoon ay gumawa ng mahahalagang mga pagbabago sa paraan ng pangangalaga natin sa isa't isa,"[1] ipinaliliwanag na, "Tayo ay magpapatupad ng isang mas bago at mas banal na pamamaraan sa



pangangalaga at paglilingkod sa iba. Tatawagin natin ang mga pagsisikap na ito bilang 'ministering.'"[2]

Ipinaliwanag ni Pangulong Nelson: "Ang katangian ng totoo at buhay na Simbahan ng Panginoon ay ang organisado at nakadirektang pagsisikap na maglingkod sa mga indibidwal na anak ng Diyos at sa kanilang mga pamilya. Dahil ito ang Kanyang Simbahan, bilang kanyang mga lingkod, maglilingkod tayo sa nangangailangan, tulad ng ginawa Niya. Maglilingkod tayo sa Kanyang pangalan, nang may kapangyarihan at awtoridad Niya, at nang may mapagmahal na kabaitan Niya."[3]

Mula nang maibalita, ang mga nagawa ninyo ay talagang kahanga-hanga! Nakatanggap kami ng mga report ng malaking tagumpay sa pagpapatupad ng mga pagbabagong ito sa halos lahat ng stake sa buong mundo ayon sa tagubilin ng ating buhay na propeta. Halimbawa, nakapag-assign na ng mga ministering brother at sister sa mga pamilya—kasama ang mga kabataang lalaki at babae—at ginagawa na ang mga ministering interview.

Sa palagay ko di nagkataon lang na anim na buwan bago ang pagpapahayag kahapon—"isang bagong balanse at ugnayan sa pagitan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan at sa Simbahan,"[4] —ay ibinigay ang pagpapahayag tungkol sa "ministering." Simula sa Enero, sa isang oras na kabawasan sa ating pagsamba sa simbahan, lahat ng natutuhan natin sa ministering ay tutulong sa atin na muling balansehin ang kahungkagang iyon sa mas mataas at mas banal na nakasentro sa tahanan na karanasan sa araw ng Sabbath kasama ang pamilya at mga mahal sa buhay.

Sa pagsasaayos ng organizational structure, maitatanong natin, "Paano natin malalaman na naglilingkod tayo ayon sa paraan ng Panginoon? Natutulungan ba natin ang Mabuting Pastol ayon sa paraang nais Niya?"

Sa kamakailang pag-uusap, si Pangulong Henry B. Eyring ay pinuri ang mga Banal sa pag-akma sa malaking pagbabagong ito ngunit sinabi ring lubos siyang umaasa na nauunawaan ng mga miyembro na ang ministering ay higit

pa sa "pagiging mabait lamang." Hindi sinasabing hindi mahalaga ang pagiging mabait, ngunit batid ng mga yaong nakauunawa sa tunay na kahulugan ng ministering na higit pa ito sa pagiging mabait. Kapag ginawa ayon sa paraan ng Panginoon, malaki ang magiging impluwensya ng ministering sa kabutihan na magpapatuloy hanggang sa kawalang-hanggan, gaya ng nangyari kay Elder Godoy.

"Ipinakita ng Tagapagligtas ang ibig sabihin ng ministering nang maglingkod Siya nang may pagmamahal. . . . Kanyang . . . tinuruan, ipinagdasal, inalo, at binasbasan ang mga taong nakapaligid sa Kanya, at inanyayahan ang lahat na sumunod sa Kanya. . . . Habang nagmiminister ang mga miyembro ng Simbahan [sa mas banal na paraan], mapanalanging hahangarin nila na maglingkod na tulad ng gagawin Niya kung nandito Siya—upang . . . 'pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila,' 'dumalaw sa bahay ng bawat kasapi,' at tulungan ang bawat isa na maging tunay na disipulo ni Jesucristo."[5]

Naiintindihan natin na ang totoong pastol ay minamahal ang kanyang mga tupa, kilala ang bawat isa sa pangalan, at "personal na nagmamalasakit sa" kanila.[6]

Ang matagal ko nang kaibigan ay isang rantsero sa buong buhay niya, ginagawa ang mahirap na gawain ng pag-aalaga ng mga baka at tupa sa mabatong Rocky Mountains. Minsan ay ikinuwento niya sa akin ang hirap at panganib ng pag-aalaga ng mga tupa. Ikinuwento niya na noong maagang tagsibol, nang ang niyebe sa malawak na bulubundukin ay halos tunaw na, inilagay niya sa kabundukan ang kawan na may mga 2,000 tupa, na pag-aari ng kanilang pamilya, para sa tag-init. Doon ay binantayan niya ang mga tupa hanggang matapos ang taglagas, kung kailan aalisin ang mga ito para ilipat sa isang lugar sa kaparangan sa panahon ng taglamig. Inilarawan niya kung gaano kahirap mag-alaga ng isang malaking kawan, kinakailangang gumising nang madaling-araw at matatapos nang hating-gabi. Hindi niya magagawa iyon nang mag-isa.

Ang iba ay tumulong sa pag-aalaga ng kawan, kasama rito ang mga bihasang manggagawa sa rantso katuwang ang mga mas bata pa na natututo sa kanila. Umasa rin siya sa dalawang matandang kabayo, dalawang bisiro na sinasanay, dalawang sheepdog [asong tagapag-alaga ng tupa], at dalawa o tatlong tutang sheepdog. Sa buong panahon ng tag-init, nararanasan ng kaibigan ko at ng kanyang mga tupa ang malakas na hangin, unos, sakit, pinsala, tagtuyot, at lahat ng iba pang hirap na maiisip ng tao. May mga taon na naghahatid sila ng tubig sa buong panahon ng tag-init para lang mabuhay ang mga tupa. Pagkatapos, kada taon sa pagtatapos ng taglagas, kapag malapit na ang taglamig at naialis na ang mga tupa sa bundok at binilang ang mga ito, madalas na mahigit sa 200 ang nawawala.

Ang kawan na may 2,000 tupa na inilagay sa kabundukan noong maagang tagsibol ay naging 1,800 na lang. Karamihan sa nawawalang mga tupa ay *hindi* nawala dahil sa sakit o kamatayan kundi dahil sa mga maninila gaya ng mga leon o koyote sa bundok. Madalas matagpuan ng mga hayop na ito ang mga tupa na humiwalay mula sa kawan, na inilayo ang kanilang sarili sa pangangalaga ng kanilang pastol. Maaari bang pag-isipan ninyo sandali ang ikinuwento ko sa espirituwal na konteksto? Sino ang pastol? Sino ang kawan? Sino ang mga tumutulong sa pastol?

Sinabi mismo ni Jesucristo, "Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang sariling akin, . . . at ibinibigay ko ang aking buhay dahil sa mga tupa."[7]

Ganito rin ang itinuro ng propetang si Nephi na "pakakainin [ni Jesus] ang kanyang mga tupa, at sa kanya sila mamamastol."[8] Nakadama ako ng patuloy na kapayapaan sa kaalamang "ang Panginoon ay *aking* pastor"[9] at bawat isa sa atin ay kilala Niya at nasa Kanyang pangangalaga. Kapag nararanasan natin ang malakas na hangin at unos, sakit, pinsala, at tagtuyot sa buhay, ang Panginoon—ang ating Pastol—ay magmiministeryo sa atin. Pagagalingin Niya ang ating mga kaluluwa.

Tulad sa pag-aalaga ng kaibigan ko sa kanyang mga tupa sa tulong ng mga bata at matatandang manggagawa, mga kabayo, at mga sheepdog ng rantso, hinihingi rin ng Panginoon ang tulong natin sa mahirap na gawain ng pangangalaga sa mga tupa ng *Kanyang* kawan.

Bilang mga anak ng mapagmahal na Ama sa Langit at bilang mga tupa sa Kanyang kawan, tinatamasa natin ang pagpapala na indibidwal na mapangalagaan ni Jesucristo. Kasabay nito, may responsibilidad tayo na tumulong na mag-ministering sa ating kapwa sa paligid natin bilang mga pastol din. Sinusunod natin ang mga salita ng Panginoon na "paglilingkuran mo ako at hahayo sa aking pangalan, at titipuning magkakasama ang aking mga tupa."[10]

Sino ang pastol? Lahat ng lalaki, babae, at bata sa kaharian ng Diyos ay isang pastol. Hindi na kailangang pormal na tawagin. Noong umahon tayo mula sa mga tubig ng binyag, inatasan na tayo sa gawaing ito. Tumutulong tayo sa ating kapwa nang may pagmamahal dahil ito ang iniutos ng ating Tagapagligtas na gawin natin. Binigyang-diin ni Alma: "Sapagkat sinong pastol . . . na may maraming tupa [ang] hindi nagbabantay sa kanila, nang ang mga lobo ay huwag makapasok at silain ang kanyang kawan? . . . Hindi ba't kanya itong itataboy palabas?"[11] Kapag nahihirapan sa temporal o espirituwal ang ating kapwa, tumutulong tayo sa kanila. Pinapasan natin ang pasanin ng isa't isa, nang ang mga ito ay gumaan. Nakikidalamhati tayo sa mga yaong nagdadalamhati. Inaaliw natin yaong mga nangangailangan ng aliw.[12] Inaasahan ito ng Panginoon sa atin. At darating ang araw na mananagot tayo para sa pangangalagang ginawa natin sa paglilingkod sa Kanyang kawan.[13]

Ibinahagi ng aking pastol na kaibigan ang isa pang mahalagang bagay sa pangangalaga ng mga tupa sa lugar na pinagpapastulan. Sinabi niya na madaling mahuli ng mga hayop na maninila ang nawawalang mga tupa. Sa katunayan, mga 15 porsiyento ng oras niya at ng kanyang pangkat ang nauubos sa paghahanap ng nawawalang mga tupa. Kung mahahanap nila kaagad ang nawawalang mga tupa, bago tuluyang mapalayo ang mga ito mula sa kawan,



*Ang sheepdog na determinado ay maibabalik nang ligtas ang mga nawawalang tupa sa kanilang pastol at sa kawan.*

maliit ang tsansa na mapahamak ang mga tupa. Ang paghahanap sa nawawalang mga tupa ay nangangailangan ng maraming tiyaga at disiplina.

Ilang taon na ang nakararaan, nakabasa ako ng isang artikulo sa isang lokal na pahayagan na kahanga-hanga kaya itinago ko ito. Mababasa sa ulo ng balita, "Determined Dog Won't Abandon Lost Sheep."[14] Inilarawan sa artikulong ito ang isang maliit na bilang ng mga tupa na pagmamay-ari ng isang rantso na hindi kalayuan sa lupain ng aking kaibigan na naiwan sa lugar na pinagpapastulan ng mga ito. Makalipas ang dalawa o tatlong buwan, na-stranded ang mga ito at hindi nakaalis sa kabundukan dahil sa niyebe. Kapag iniiwan ang mga tupa, ang sheepdog ang naiiwan sa mga ito, dahil tungkulin nito na pangalagaan at protektahan ang mga tupa. Palagi itong nakabantay! Mananatili ito roon—pinaliligiran ang nawawalang mga tupa sa loob ng ilang buwan sa malamig at maniyebeng panahon, nagsisilbing proteksyon laban sa mga koyote, leon, o iba pang mga hayop na mananakit sa mga tupa. Nakabantay ito roon hanggang sa maakay na nito ang mga tupa pabalik sa pastol at sa kawan. Ang kuhang-larawan na nasa unang pahina ng artikulong ito ay nagtutulot sa indibidwal na makita ang katatagan sa mga mata at kilos ng sheepdog na ito.

Sa Bagong Tipan, makikita natin ang isang talinghaga at tagubilin mula sa Tagapagligtas na nagbibigay ng karagdagang kaalaman hinggil sa ating responsibilidad bilang mga pastol, mga ministering sister at brother, sa nawawalang mga tupa:

"Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon, ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan?

"At pagka nasumpungan niya, ay pinapasan niya sa kaniyang balikat, na natutuwa.

"At paguwi niya sa tahanan, ay tititipunin niya ang kaniyang mga kaibigan at ang kaniyang mga kapitbahay, na sasabihin sa kanila, Makipagkatuwa kayo sa akin, sapagka't nasumpungan ko ang aking tupang nawala."[15]

Kapag ibinuod natin ang aral na itinuro sa talinghaga, makikita natin ang mahahalagang payo na ito:

1. Dapat nating tukuyin ang nawawalang mga tupa.
2. Hahanapin natin sila hanggang sa matagpuan natin sila.
3. Kapag natagpuan natin sila, maaari natin silang pasanin sa ating mga balikat para maiuwi.
4. Paliligiran natin sila ng mga kaibigan sa kanilang pagbabalik.

Mga kapatid, ang pinakamalaking mga hamon at gantimpla ay darating kapag nag-minister tayo sa nawawalang mga tupa. Ang mga miyembro ng Simbahan sa Aklat ni Mormon ay "pinangalagaan ang kanilang mga tao, at pinagyaman sila sa mga bagay na may kinalaman sa kabutihan."[16] Matutularan natin ang kanilang mga halimbawa at maaalala na ang ministering ay dapat "pinapatnubayan ng Espiritu, . . . naangkop, at . . . ayon sa pangangailangan ng bawat miyembro." Mahalaga rin na "sinisikap nating tulungan ang mga indibidwal at pamilya na maghanda para sa kanilang susunod na ordenansa, tuparin ang [kanilang] mga tipan . . . , at maging self-reliant."[17]

Lahat ng kaluluwa ay mahalaga sa ating Ama sa Langit. Ang Kanyang personal na paanyaya na mag-minister ay pinakamahalaga sa Kanya, dahil ito ang Kanyang gawain at kaluwalhatian. Ito ay literal na gawain ng kawalang-hanggan. Bawat isa sa Kanyang mga anak ay mayroong napakalaking potensiyal sa Kanyang paningin. Mahal Niya *kayo* nang may pagmamahal na hindi ninyo maaarok. Tulad ng tapat na sheepdog, mananatili ang Panginoon sa bundok para protektahan *kayo* sa malakas na hangin, unos, niyebe, at *iba pa*.


Itinuro sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson sa huling kumperensya: "Ang ating mensahe sa mundo [at idaragdag ko, "sa ating kawan na pinaglilingkuran"] ay simple at taos-puso: inaanyayahan natin ang lahat ng anak ng Diyos sa *magkabilang panig ng tabing* na

lumapit sa kanilang Tagapagligtas, tanggapin ang mga pagpapala ng banal na templo, magkaroon ng walang-hanggang kagalakan, at maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan."[18]

Nawa'y magtakda tayo ng mithiin sa pahayag na ito ng propeta nang sa gayon ay magabayan natin ang mga kaluluwa patungo sa templo at sa huli ay sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Hindi Siya umaasa na gumawa tayo ng mga himala. Ang tanging hinihingi Niya ay dalhin natin ang ating mga kapatid sa Kanya, dahil *Siya* ang may kapangyarihang tumubos ng mga kaluluwa. Kapag ginawa natin ito, maaaring matamo at matatamo natin ang pangakong ito: "At pagkahayag ng pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian."[19] Ito ay pinatototohanan ko—at si Jesucristo bilang ating Tagapagligtas at ating Manunubos—sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, "Magpatuloy Tayo," *Liahona,* Mayo 2018, 118.
2. Russell M. Nelson, "Ministering," *Liahona,* Mayo 2018, 100.
3. Russell M. Nelson, "Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2018, 69.
4. Russell M. Nelson, "Pambungad na Pananalita," *Liahona,* Mayo 2018, 8.
5. "Ministering with Strengthened Melchizedek Priesthood Quorums and Relief Societies," nakalakip sa First Presidency letter na may petsang Abr. 2, 2018, 3, ministering.lds.org; Mosias 18:9; Doktrina at mga Tipan 20:51, 53; tingnan din sa Juan 13:35.
6. Tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ* (1916), 417.
7. Juan 10:14–15.
8. 1 Nephi 22:25.
9. Awit 23:1; idinagdag ang pagbibigay-diin.
10. Mosias 26:20.
11. Alma 5:59.
12. Tingnan sa Mosias 18:8–9.
13. Tingnan sa Mateo 25:31–46.
14. Tingnan sa John Wright, "Safe or Stranded? Determined Dog Won't Abandon Lost Sheep," *Logan Herald Journal,* Ene. 10, 2004, hjnews.com.
15. Lucas 15:4–6.
16. Mosias 23:18.
17. "Ministering with Strengthened Melchizedek Priesthood Quorums and Relief Societies," 4, 5, ministering.lds.org.
18. Russell M. Nelson, "Magpatuloy Tayo," 118–19; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. I Ni Pedro 5:4.



Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw

*Iniiwan ko sa inyo ang aking pagmamahal at pagpapala, nang mabusog kayo sa salita ng Panginoon, at isagawa ang Kanyang mga turo sa inyong personal na buhay.*

Nagbigay ng inspirasyon at naging makasaysayan ang kumperensyang ito. Tumitingin tayo sa hinaharap nang may sigasig. Nakatanggap tayo ng inspirasyong *gumawa* nang mas mahusay at *maging* mas mahusay. Ang kagila-gilalas na mga mensaheng hatid mula sa pulpitong ito ng ating mga General Authority at mga Pangkalahatang Opisyal at ang musika ay napakaganda! Hinihimok ko kayong pag-aralan ang mga mensaheng ito, simula sa linggong ito.[1] Ipinapahayag ng mga ito ang kaisipan at kalooban ng Panginoon para sa Kanyang mga tao, ngayon.

Ang bagong integrated kurikulum na nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan ay may potensyal na makalagan ang kapangyarihan ng pamilya, habang ang bawat pamilya ay tapat at maingat na ginagawang santuwaryo ng pananampalataya ang kanilang tahanan. Ipinapangako ko na habang masigasig ninyong ginagawang sentro ng pag-aaral ng ebanghelyo ang inyong tahanan, paglipas ng ilang panahon ang *inyong* mga araw ng Sabbath ay tunay na magiging kaluguran. Ang *inyong* mga anak ay magiging sabik na matutuhan at ipamuhay ang mga turo ng Tagapagligtas, at ang impluwensya ng kaaway sa *inyong* buhay at tahanan ay mababawasan. Magkakaroon ng malaki at patuloy na mga pagbabago sa inyong pamilya.

Sa kumperensyang ito ay pinalakas natin ang ating determinasyong sikaping igalang ang Panginoong Jesucristo *tuwing* tinutukoy natin ang Kanyang Simbahan. Ipinapangako ko sa inyo na ang maingat na atensyon natin sa tamang paggamit sa pangalan ng Simbahan ng Tagapagligtas at sa mga miyembro nito ay magdudulot ng ibayong pananampalataya at dagdag na kakayahan sa mga miyembro ng Kanyang Simbahan na makatanggap ng mas malakas na espirituwal na kapangyarihan.

Ngayon, bumaling tayo sa paksa tungkol sa mga templo. Alam natin na ang ating oras sa templo ay mahalaga



sa ating kaligtasan at kadakilaan, at gayundin sa ating pamilya.

Matapos nating tanggapin ang sarili nating ordenansa sa templo at gawin ang mga sagradong pakikipagtipan sa Diyos, kailangan ng bawat isa sa atin ang patuloy na espirituwal na pagpapatatag at pagtuturo na *tanging* sa bahay ng Panginoon makukuha. At kailangan tayo ng mga ninuno natin na kumatawan para sa kanila.

Alalahanin ang dakilang awa at katarungan ng Diyos na, bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, ay naglaan na ng paraan para makapagbigay ng mga pagpapala ng templo sa mga namatay nang walang kaalaman tungkol sa ebanghelyo. Ang mga sagradong seremonyang ito sa templo ay ginagawa na noong sinauna pa. Para sa akin ang pagiging sinauna ng mga ito ay nagbibigay-inspirasyon at isa pang katibayan ng kanilang katotohanan.[2]

Mahal kong mga kapatid, ang mga pagsalakay ng kalaban ay lalong nadaragdagan, sa tindi at sa iba't ibang uri.[3] Ang pangangailangan sa malimit na pagpunta natin sa templo ay mas lalo nang napakahalaga sa ngayon. Nakikiusap ako sa inyo na mapanalanging tingnan kung saan ninyo ginugugol ang inyong oras. Mamuhunan ng oras sa inyong hinaharap at sa inyong pamilya. Kung malapit kayo sa templo, hinihikayat ko kayo na humanap ng paraan na regular na makipagkita roon sa Panginoon—sa Kanyang banal na bahay—gawin ito at gawin ito nang may kagalakan. Ipinapangako ko sa inyo na ibibigay ng Panginoon ang mga himala na alam Niyang kailangan ninyo habang nagsasakripisyo kayo upang makapaglingkod at makasamba sa Kanyang mga templo.

Sa kasalukuyan ay may 159 na inilaang mga templo. Ang wastong pangangalaga at pagmentena ng mga templong ito ay napakahalaga sa atin. Sa paglipas ng panahon, ang mga templo ay kailangang muling ayusin at baguhin. Dahil dito, ginagawa na ngayon ang plano para i-renovate at i-update ang Salt Lake Temple at iba pang naunang mga templo. Ang mga detalye tungkol sa mga proyektong ito ay ibabahagi habang sumusulong ang mga ito.

Ngayon ay masaya naming ipinaaalam ang mga plano na magtayo ng 12 pang mga templo. Ang mga templong iyon ay itatayo sa sumusunod na mga lugar: Mendoza, Argentina; Salvador, Brazil; Yuba City, California; Phnom Penh, Cambodia; Praia, Cape Verde; Yigo, Guam; Puebla, Mexico; Auckland, New Zealand; Lagos, Nigeria; Davao, Philippines; San Juan, Puerto Rico; at Washington County, Utah.

Ang pagtatayo at pagkakaroon ng mga templong ito ay maaaring hindi makapagpapabago ng inyong buhay, ngunit ang oras ninyo sa loob ng templo ay tiyak na magagawa ito. Sa mga taong matagal nang hindi nakapapasok sa templo, hinihikayat ko kayo na maghanda at bumalik muli sa lalong madaling panahon. Pagkatapos ay inaanyayahan ko kayong sumamba sa templo at manalangin na madama nang lubos ang walang hanggang pagmamahal sa inyo ng Tagapagligtas, nang ang bawat isa sa inyo ay magkaroon ng sariling patotoo na patuloy Niyang pinamumunuan ang sagrado at walang kupas na gawaing ito.[4]

Mga kapatid, salamat sa inyong pananampalataya at pagsuporta. Iniiwan ko sa inyo ang aking pagmamahal at pagpapala, nang mabusog kayo sa salita ng Panginoon, at ipamuhay ang Kanyang mga turo sa inyong personal na buhay. Tinitiyak ko sa inyo na nagpapatuloy ang paghahayag sa Simbahan at magpapatuloy ito hanggang "ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na."[5]

Binabasbasan ko kayo ng dagdag na pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang banal na gawain, nang may pananampalataya at pagtitiis na maharap ang inyong personal na mga hamon sa buhay. Binabasbasan ko kayo na maging kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw. Iyan ang basbas ko sa inyo at pinatototohanan ko na ang Diyos ay buhay! Si Jesus ang Cristo! Ito ang Kanyang Simbahan. Tayo ay Kanyang mga tao, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan ang mensahe ng pangkalahatang kumperensya online sa LDS.org at sa Gospel Library app. Ilalathala ang mga ito sa *Ensign* at *Liahona*. Ang mga magasin ng Simbahan, kabilang na ang *New Era* at *Friend,* na ipinapadala sa koreo o idina-download online, ay mahalagang bahagi ng inyong kurikulum sa ebanghelyo na nakasentro sa tahanan.
2. Tingnan, halimbawa sa, Exodo 28; 29; Levitico 8.
3. Tingnan sa Mosias 4:29.
4. Tingnan sa Wilford Woodruff, "The Law of Adoption," talumpating ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan, Abr. 8, 1894. Sinabi ni Pangulong Woodruff: "Hindi natin makukuhang lahat ang paghahayag. Hindi pa natin natatapos ang lahat ng gawain ng Diyos. . . . Hindi matatapos ang gawaing ito hangga't ito ay hindi pa ganap" (*Deseret Evening News,* Abr. 14, 1894, 9).
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 165.

*Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan na ikinuwento sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.*

| Tagapagsalita | Kuwento |
|---|---|
| **Neil L. Andersen** | (83) Batid na nalalaman ng Tagapagligtas ang kanyang paghihirap, nadaig ng isang matapat na missionary ang kalungkutan habang nagpapagaling mula sa mga sugat na natamo mula sa pagpapasabog ng bomba ng mga terorista. Pagkatapos pumanaw ng kanyang anak, ipinahayag ni Russell M. Nelson na gagamitin ni Jesucristo ang mga susi ng Pagkabuhay na Mag-uli para sa lahat ng namatay. Nagpatotoo si Russell M. Nelson sa mga miyembrong Puerto Rican na "makasusumpong tayo ng kagalakan kahit sa gitna ng ating pinakamalalang kalagayan." |
| **Brian K. Ashton** | (93) Mas naunawaan ng asawa ni Brian K. Ashton ang likas na pagkatao ng Diyos at ang Kanyang pagmamahal at pasasalamat para sa Kanyang mga anak. |
| **M. Russell Ballard** | (71) Matapos ang matinding kalungkutan sa pagkamatay ng mga miyembro ng pamilya at ng milyun-milyong tao na namatay sa digmaan at sakit, natanggap ni Joseph F. Smith ang "pangitain ng pagtubos sa mga patay." |
| **Steven R. Bangerter** | (15) Ang mga apo ni Steven R. Bangerter, ay nagbaon ng mga bato na kumakatawan kay Jesucristo bilang pundasyon ng masayang buhay. Ipinaalala ni Pangulong Russell M. Nelson sa mga magulang ang kanilang responsibilidad na turuan ang kanilang mga anak. Ang anak ni Steven R. Bangerter ay nag-alok na tulungan ang kanyang mga magulang na makapaglingkod sa misyon. Ginabayan ng Espiritu Santo ang isang matandang lalaki na bumalik sa Simbahan at sa espirituwal na kaligtasan noong kanyang kabataan. |
| **Shayne M. Bowen** | (80) Ang pagbabalik-loob ng isang lalaki sa Simbahan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Aklat ni Mormon ay tumimo nang matindi kay Shayne M. Bowen. |
| **M. Joseph Brough** | (12) Sa isang paglalakbay sa Alaska, USA, natutuhan ni M. Joseph Brough na walang imposible sa Diyos. Natutuhan ng stake president na dumarating ang kapayapaan kasama ng pagpapatawad sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa hangarin niyang maglingkod sa misyon, si M. Joseph Brough ay tinuruan ng kanyang anak na gumawa ng mahihirap na bagay. |
| **Matthew L. Carpenter** | (101) Tinapos ng anak ni Matthew L. Carpenter ang kanyang full-time mission pagkatapos gumaling mula sa stroke. |
| **D. Todd Christofferson** | (30) Sa kabila ng paghihirap, nanatiling matatag ang apat na miyembro sa kanilang pananampalataya kay Cristo at natanggap ang Kanyang tulong. |
| **Quentin L. Cook** | (8 ) Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay nagpalakas ng pananampalataya, patotoo, at nagpalalim sa pagkaunawa sa ebanghelyo ng isang pamilya sa Brazil. |
| **Bonnie H. Cordon** | (74) Isang dalagita at mas nakatatandang sister ang naging magkaibigan na nagpala sa kanilang buhay. Nagkalapit agad ang kalooban ni Bonnie H. Cordon at ng kanyang ministering companion sa sister na binibisita nila. Naging malapit at nagtiwala sa isa't isa ang ministering brother at ang isang brother na ang asawa ay nagtangkang magpakamatay. |
| **Michelle D. Craig** | (52) Itinuro ni Camilla Kimball sa isang miyembro ng ward na "kahit kailan huwag mong pigilan ang isang mabuting ideya." |
| **Dean M. Davies** | (34) Nakita ni Pangulong Gordon B. Hinckley kung saan itatayo ang Vancouver British Columbia Temple. |
| **Henry B. Eyring** | (58) Inisip ni Henry B. Eyring kung paano nagkaroon ng oras at lakas ang kanyang ina sa paggawa ng mapa ng mga lugar na nilakbay ni Apostol Pablo.<br>(90) Natutuhan ni Henry B. Eyring na isiping parang "may matinding problema" ang mga tao. Tinutulungan ng Tagapagligtas ang asawa ni Henry B. Eyring sa mga pagsubok nito. |
| **Cristina B. Franco** | (55) Natutuhan ni Cristina B. Franco na ang pagmamahal at pagsasakripisyo ang sekretong mga sangkap sa chocolate cake ng kanyang titser sa Primary. |
| **Robert C. Gay** | (97) Tinulungan ng Espiritu Santo si Robert C. Gay na makita ang kanyang ate tulad ng pagkakita ng Diyos sa kanyang ate. Naglingkod si James E. Talmage sa isang pamilya na nagkasakit ng dipterya. |
| **Jack N. Gerard** | (107) Pagkatapos masuri na may matinding karamdaman si Jack N. Gerard, nakita niya ang buhay mula sa walang hanggang pananaw. |
| **Gerrit W. Gong** | (40) Pinag-usapan nina Elder Richard G. Scott at Gerrit W. Gong ang pananampalataya habang ipinipinta sa watercolor ang campfire o siga. Tinulungan ng isang maytaglay ng priesthood ang isang di-gaanong aktibong mag-asawa na bumalik sa Simbahan. |
| **Jeffrey R. Holland** | (77) Ang pakiusap ng kanyang mga anak ay tumulong sa isang ama na magpatawad at bumalik sa Simbahan, na nagdulot ng mga pagpapala sa kanyang pamilya. |
| **Joy D. Jones** | (50) Naging matalik na kaibigan ni Joy D. Jones at ng kanyang asawa ang isang di-gaanong aktibong pamilya matapos matutuhang maglingkod dahil sa pagmamahal para sa Panginoon. |
| **Russell M. Nelson** | (6) Gustung-gusto ng isang ina ang pagsisimba sa kanyang tahanan dahil ang pagbabasbas ng sakramento sa kanilang tahanan tuwing Linggo ay naghihikayat sa kanyang asawa na gumamit ng mabuting pananalita.<br>(68) Hindi sinasadyang natukoy ni Russell M. Nelson ang kanyang sarili bilang isang ina. Pinasalamatan ng isang anak ang kanyang ina pagkatapos hikayatin ng Espiritu Santo ang ina na palitan ng flip phone ang kanyang smartphone.<br>(87) Ipinaliwanag ni Benjamín De Hoyos sa radio program director na ang mahabang pangalan ng Simbahan ay pinili ng Tagapagligtas. |
| **Dallin H. Oaks** | (61) Isang binatilyong refugee ang nabilanggo pagkatapos niyang gantihan ang lumait sa kanya. |
| **Paul B. Pieper** | (43) Isang batang babae na naghahandang mabinyagan ang nagsabing ang kahulugan ng pagtataglay ng pangalan ni Jesucristo ay, "Mapapasaakin ang Espiritu Santo." |
| **Ronald A. Rasband** | (18) Nadaig ng anak at manugang na lalaki ni Ronald A. Rasband ang takot nila na magkaroon ng mga anak sa mundong ito. |
| **Gary E. Stevenson** | (110) Isang miyembro ng ward ang tumulong sa naligaw na si Carlos A. Godoy. Isang rantsero ang nawalan ng 200 tupa sa mga hayop na maninila. Inakay ng isang sheepdog ang mga nawawalang tupa tungo sa kaligtasan. |



# Pinangunahan ni Pangulong Nelson ang Landas na Tatahakin

Pinayuhan ni Pangulong Russell M. Nelson ang bawat isa sa atin na maging mas mabait, mas katulad ni Cristo, at mas espirituwal kapag nagmiminister tayo sa iba, at nagpakita siya ng halimbawa kung ano ang ibig sabihin nito sa paraan ng paglilingkod niya simula noong huling pangkalahatang kumperensya.

Hindi nagtagal pagkatapos ng pangkalahatang kumperensya noong Abril 2018, umalis si Pangulong Nelson kasama ang kanyang asawang si Wendy, at si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol at kanyang asawang si Patricia, patungo sa England, Israel, Kenya, Zimbabwe, India, Thailand, China, at Hawaii, USA.

Sa sumunod na paglalakbay, nakaharap ni Pangulong Nelson ang mga miyembro, missionary, lider, at mga kaibigan ng Simbahan sa kanluran, gitna, at silangang Canada; Seattle, Washington, USA; at Dominican Republic—kung saan siya nagsalita sa wikang Spanish, ang unang pagkakataon na nagbigay ang isang Pangulo ng Simbahan ng mahabang mensahe sa wikang hindi Ingles.

Sa mga pulong at fireside, si Pangulong Nelson ay nagturo ng tungkol sa tamang pangalan ng Simbahan; nagbahagi ng ebanghelyo sa iba; pinahalagahan ang Aklat ni Mormon; kung paano mas gumaganda ang buhay sa pamumuhay ng ebanghelyo; kung paanong ang paraan ni Cristo ay paraan ng kagalakan at kaligayahan, ngayon at sa kawalang-hanggan; panalangin; gawing santuwaryo ang tahanan para sa mga anak; paggamit ng kalayaan para mapaglabanan ang tukso at masunod ang Tagapagligtas; pagmamalasakit sa kapwa; at paghahanda sa pagtanggap at makatanggap ng mga pagpapala na nagmumula sa templo.

Nagsalita rin sina Pangulo at Sister Nelson sa isang pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan noong Hunyo 3, 2018, kung saan sinabi ni Pangulong Nelson na ang mga kabataang nakibahagi sa “hukbo ng Panginoon” at tumulong na tipunin ang Israel ay may pagkakataong maging “bahagi ng isang bagay na malaki, maringal, at dakila!” Hinikayat niya ang mga kabataan na iwasan ang palagiang paggamit ng social media, magsakripisyo ng kaunting oras sa Panginoon, gumawa ng masusing pagsusuri ng sariling buhay sa Panginoon, manalangin araw-araw na matanggap ng lahat ng anak ng Diyos ang ebanghelyo, at maging liwanag sa sanlibutan. ■

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ministeryo ni Pangulong Russell M. Nelson, magpunta sa* ***prophets.lds.org.*** *Panoorin ang buong youth broadcast sa* ***HopeofIsrael.lds.org.***

## Mga Balita Tungkol sa Templo

Ang Simbahan ay nagpaplanong magtayo ng 12 bagong mga templo, na inanunsyo ni Pangulong Russell M. Nelson sa kanyang pangwakas na mensahe sa pangkalahatang kumperensya (tingnan sa pahina 113). Inanunsyo din niya ang mga planong i-renovate ang Salt Lake Temple at iba pang naunang mga templo, at idinagdag na ibibigay kalaunan ang mga detalye tungkol dito.

Ang mga templo ay itatayo sa Mendoza, Argentina; Salvador, Brazil; Yuba City, California, USA; Phnom Penh, Cambodia; Praia, Cape Verde; Yigo, Guam; Puebla, Mexico; Auckland, New Zealand; Lagos, Nigeria; Davao, Philippines; San Juan, Puerto Rico; at Washington County, Utah, USA.

Apat na templo ang malapit nang ilaan: ang Concepción Chile Temple sa Oktubre 28; ang Barranquilla Colombia Temple sa Disyembre 9; ang Rome Italy Temple sa linggo ng Marso 10 hanggang Marso 17, 2019; at ang Kinshasa Democratic Republic of the Congo Temple sa Abril 14, 2019.

At dalawang templo ang inilaang muli kamakailan: ang Houston Texas Temple ay muling inilaan noong Abril 22, 2018, at ang Jordan River Utah Temple ay muling inilaan noong Mayo 20, 2018. ■

*Alamin pa sa* ***temples.lds.org.***

# Ang mga Pagbabago ay Tumutulong na Ibalanse ang Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Tahanan at sa Simbahan

Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap na tulungan ang mga Banal sa mga Huling Araw na "matuto ng doktrina, palakasin ang pananampalataya, at pag-ibayuhin ang personal na pagsamba," ibinalita ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga pagbabago na tutulong na ibalanse at iugnay ang mga natatangi at mahalagang paraan ng pagsamba at pag-aaral at pamumuhay ng mga miyembro sa ebanghelyo ng Tagapagligtas sa simbahan at tahanan.

Ipinabatid ng mga lider ng Simbahan ang mga pagbabago sa mga iskedyul ng miting sa araw ng Linggo, simula Enero 2019, kaugnay sa paglabas ng bagong kurikulum na nakasentro sa tahanan, at sinusuportahan ng Simbahan. Ang mga pagbabagong ito at ang iba pa ay sumusuporta sa ilang naunang inisyatibo ng Simbahan na pinasimulan noong mga nakaraang taon, na may layuning tulungan ang mga miyembro na ituon ang kanilang buhay nang mas lubusan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at palalimin ang pananampalataya sa Kanila. Kabilang sa mga inisyatibong ito ang pagtutuon sa mas makabuluhang pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan, paggalang sa Panginoon sa pamamagitan ng pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath, at pangangalaga sa isa't isa tulad ng gagawin ng Tagapagligtas at ayon sa patnubay ng Espiritu.

Dahil layunin nito na ihanda ang mga tao ng Panginoon sa Kanyang pagbabalik, ang mga pagbabagong ito ay naglalayong palalimin ang conversion o pagbabalik-loob ng indibiduwal, paliwanag ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, nang ilahad niya ang mga pagbabago sa sesyon sa Sabado ng umaga noong pangkalahatang kumperensya.



"Alam natin ang espirituwal na epekto at ang malalim at tumatagal na pagbabalik-loob na maaaring makamit sa loob ng tahanan . . . ," sabi niya. "Ang layunin natin ay balansehin ang karanasan sa Simbahan at sa tahanan na higit na magpapalakas ng pananampalataya at espirituwalidad at magpapalalim ng pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo."

### Mga Pagbabago sa Tahanan

Ang mga lider ng Simbahan ay nag-aanyaya na mas pagtuunan ang pagpapaibayo sa pakikibahagi sa personal at pampamilyang espirituwal na gawain sa tahanan, kabilang ang pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan sa araw ng Linggo at sa buong linggo at mga pagbabago sa home evening.

Bilang silid-aralan at laboratoryo, ang tahanan ay mahalagang sentro ng pag-aaral at pamumuhay ng ebanghelyo. Ang indibiduwal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya ng ebanghelyo sa tahanan sa araw ng Linggo at sa buong linggo ay naglalaan ng mga pagkakataon na makahanap ng lakas sa araw-araw at lalo pang magkaroon ng oras para sa personal na pag-aaral at paghahayag. Ang pagdepende lamang sa limitadong oras sa simbahan para sa pag-aaral ng ebanghelyo ay hindi balanse at malamang na hindi matamo ang kinakailangang malalim at tumatagal na pagbabalik-loob.

"Bawat isa sa atin ay responsable sa ating indibiduwal na espirituwal na paglago," sabi ni Pangulong Nelson. "At malinaw na itinuturo ng mga banal na kasulatan na ang mga magulang ang may pangunahing responsibilidad na ituro ang doktrina sa kanilang mga anak."

Ang mga pagbabago ay kinapapalooban ng pagpapabatid sa bagong resource o materyal sa pag-aaral ng ebanghelyo para sa mga indibiduwal at pamilya sa tahanan. Maaaring gamitin ng mga indibiduwal at pamilya ang

bagong *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya,* kung gusto nila, para magabayan sila sa pag-aaral ng ebanghelyo sa labas ng simbahan. Ang mga bagong materyal o resources ay mayroong companion resources para sa mga titser ng Sunday School at Primary para iparehas ang mga lesson sa Linggo sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa tahanan at mga mungkahi para sa home evening.

Bukod pa sa paghihikayat na pag-aralan ang ebanghelyo, muling inulit ng mga lider ng Simbahan ang kanilang paanyaya sa lahat na makibahagi sa araw ng Sabbath—at sa buong linggo—sa mga family council, home evening, gawain sa family history at sa templo, ministering, personal na pagsamba, at masayang pagsasama-sama ng pamilya.

Ang mga materyal na ipinadala sa mga miyembro at mga lider ay nagpapaliwanag na hinihikayat ng mga lider ng Simbahan ang miyembro na mag-home evening at mag-aral ng ebanghelyo sa araw ng Sabbath—o sa ibang mga oras na pinili ng mga indibiduwal at mga pamilya. Ang family activity night ay maaaring gawin tuwing Lunes o sa iba pang araw. Sa paggawa nito, dapat ipagpatuloy ng mga lider ang hindi pagdaraos ng mga miting at aktibidad sa Simbahan tuwing Lunes ng gabi. Gayunman, ang oras na ginugugol sa pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan, at mga aktibidad ng mga pamilya at indibiduwal ay gagawin ayon sa indibiduwal na mga sitwasyon.

Ang pagsamba sa Diyos sa simbahan, pakikibahagi sa mga sagradong ordenansa roon, at pagpupulong para turuan ang isa't isa at palakasin at paglingkuran ang isa't isa ay mahahalagang bahagi ng pagpapalalim ng pananampalataya at personal na pagbabalik-loob. Magiging produktibo ang pagbawas ng oras na ginugugol sa simbahan kung talagang gagawin ng mga indibiduwal at mga pamilya ang pagpapalakas ng kanilang mga tahanan.

Itinuro ni Pangulong Nelson: "Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, nasanay na tayo sa pag-iisip na ang 'simbahan' ay ang mga nangyayari sa ating mga kapilya, na sinusuportahan ng nangyayari sa ating tahanan. Kailangan natin ng pagbabago sa huwarang ito. Panahon na para sa isang *Simbahan na nakasentro sa tahanan,* na sinusuportahan ng mga nangyayari sa loob ng mga gusali ng ating branch, ward, at stake."

#### Mga Pagbabago sa Simbahan

Ang mga pagbabago sa Simbahan ay nilayong suportahan ang ibayong pag-aaral at pamumuhay ng ebanghelyo sa tahanan. Ang mga pagbabagong ito ay kinapapalooban ng pagbabago sa iskedyul ng araw ng Linggo:

- 60-minutong sacrament meeting,
- 10-minutong pagpunta sa klase,
- At 50-minutong klase, tulad ng nakasaad sa sampol na iskedyul sa ibaba:

| ISKEDYUL TUWING LINGGO SIMULA ENERO 2019 | |
|---|---|
| 60 minuto | Sacrament meeting |
| 10 minuto | Pagpunta sa mga klase |
| 50 minuto | Mga klase para sa mga adult; mga klase para sa mga kabataan; Primary |

Kasama sa 50-minutong klase ang lingguhang Primary para sa mga bata at klase na magsasalit-salit bawat Linggo para sa mga kabataan at mga adult tulad ng sumusunod:

- Una at ikatlong Linggo: Sunday School.
- Ikalawa at ikaapat na Linggo: mga priesthood quorum, Relief Society, at Young Women.
- Ikalimang Linggo: mga miting ng mga kabataan at adult sa ilalim ng pamumuno ng bishop.

Kung maraming bata sa Primary, paghiwalayin ang junior at senior Primary, dapat baliktarin ng mga lider ang sumusunod na iskedyul para sa kalahati ng mga bata at i-adjust ang oras kung kinakailangan.

| ISKEDYUL NG PRIMARY SIMULA ENERO 2019 | |
|---|---|
| 25 minuto | Panalangin, banal na kasulatan o saligan ng pananampalataya, pagbibigay ng mensahe (5 minuto). Oras ng kantahan: Awiting sumusuporta sa mga banal na kasulatan na pinag-aralan sa klase (20 minuto) |
| 5 minuto | Pagpunta sa mga klase |
| 20 minuto | Mga Klase: lesson mula sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Primary* |

#### Mga Pagbabago sa Kurikulum

Ang pagbabagong ito sa mga iskedyul ng miting ay kasabay ng pinakabagong nadagdag sa kurikulum ng Simbahan na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*. Simula sa Enero, pag-iisahin ng kurikulum na ito na nakatuon sa tahanan, at sinusuportahan ng Simbahan ang pag-aaralan ng mga adult, kabataan, at mga bata sa Sunday School at mga klase ng Primary, na mas magpapadali para sa mga pamilya na mag-aral nang magkakasama sa tahanan sa buong linggo.

Ang mga instruksyon, outline ng lesson, at mga resources o sanggunian ay matatagpuan sa:

- *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Elders Quorum at Relief Society,* (matatagpuan

sa Nobyembre 2018 *Ensign* at *Liahona*)

- *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Aaronic Priesthood Quorum*
- *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Young Women*
- *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Sunday School*
- *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Primary*

Bisitahin ang **comefollowme.lds.org** para sa karagdagang impormasyon.

Kabilang sa iba pang mahahalagang pagbabago ang mga sumusunod:

- Ang mga council meeting para sa titser ay gaganapin tuwing ikatlong buwan sa halip na buwanan.
- Hindi na kasama sa mga iskedyul ng Elders quorum at Relief Society lesson ang council meeting sa unang Linggo o espesyal na paksa para sa ikaapat na Linggo. Ang mga lesson ay magtutuon sa mga mensahe sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya.
- Ang oras ng pagkanta ay ipapalit sa oras ng pagbabahagi. Ang *Outline para sa Oras ng Pagbabahagi* ay hindi na ipagpapatuloy.
- Ang kursong Mga Alituntunin ng Ebanghelyo ay hindi na ipagpapatuloy. Lahat ng mga miyembro at mga kaibigan na interesado ay aanyayahan na dumalo sa adult o youth Sunday School class kung saan sila kabilang.
- Opsiyonal na mga kurso—ang mga kursong para sa pagpapalakas ng pagsasama ng mag-asawa at pamilya, paghahanda para sa pagpasok sa templo, paghahanda ng missionary, at family history—ay hindi gaganapin sa oras ng klase sa araw ng Linggo. Ang mga kursong ito ay maaaring ituro sa ibang araw para sa mga indibiduwal, pamilya, o grupo batay sa pangangailangan sa lugar at sa pagpapasiya ng bishop.

**Mga Layunin ng mga Pagbabagong Ito**

Ang mga lider ng Simbahan ay naghahangad na makalikha ng bagong balanse at matibay na maiugnay ang kakaibang mga kalakasan ng tahanan at mga karanasan sa Simbahan nang may mga partikular na layunin sa isipan.

"Higit pa sa pagpapaikli ng iskedyul tuwing Linggo ang pagbabagong ito . . . ," sabi ni Elder Cook. "Ang mga layunin at biyaya na kaakibat ng pagbabago na ito at iba pang mga pagbabago kamakailan ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- "Lumalalim na pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo at pagpapatatag ng pananampalataya sa Kanila.
- "Pagpapatatag sa mga indibiduwal at pamilya sa pamamagitan ng kurikulum na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan na nag-aambag sa maligayang pamumuhay sa ebanghelyo.
- "Paggalang sa araw ng Sabbath, nang nakatuon sa ordenansa ng sakramento.
- "Pagtulong sa lahat ng anak ng Ama sa Langit sa magkabilang panig ng tabing sa pamamagitan ng gawaing misyonero at pagtanggap ng mga ordenansa at tipan at biyaya ng templo."

Para sa pag-anunsiyo tungkol sa mga pagbabagong ito, tingnan sa Russell M. Nelson, "Pambungad na Mensahe," sa pahina 6 ng magasin na ito; Quentin L. Cook, "Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo," sa pahina 8. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabagong ito, bisitahin ang **sabbath.lds.org** para makita ang isang liham mula sa Unang Panguluhan, mga sagot sa mga madalas itanong, at karagdagang resources na makatutulong sa mga indibiduwal at pamilya na igalang ang araw ng Sabbath. ■






# Makibahagi sa Bagong Himnaryo, Aklat ng mga Awit

Ang Simbahan ay naghahanda ng mga bagong edisyon ng *Mga Himno* at ng *Aklat ng mga Awit Pambata* at humihingi ng mga mungkahi at submisyon mula sa mga miyembro ng Simbahan saanman.

Sa **BagongMusika.lds.org,** maaari kayong:

*Magbigay ng mga mungkahi*—paborito ninyong kasalukuyang mga himno o awit pambata, isasamang mga himno o awit pambata ng mga Banal sa mga Huling Araw o hindi himno o awit pambata ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasalukuyang mga himno o awit na hindi isasama, nahihirapan sa kasalukuyang mga aklat ng musika at iba pang mga feedback.

*Isumite ang orihinal na materyal*—mga himno, mga teksto ng himno, mga awit pambata, o mga titik ng awit pambata. Ang musika ay dapat angkop na gamitin sa mga pagsamba. Lahat ng wika at estilo ng kultura ay isasaalang-alang. Maaaring magsumite ang mga taong wala pang 18 taong gulang kung makapagbibigay sila ng pahintulot mula sa magulang o guardian. Ang mga isinumite ay kailangang matanggap pagsapit ng Hulyo 1, 2019. ■



## Elder Brook P. Hales

*General Authority Seventy*


Noong walo o siyam na taong gulang si Elder Brook P. Hales, naroon siya sa isang pulong ng ayuno at patotoo kung saan nangungulo ang kanyang ama bilang bishop. Inanyayahan ng kanyang ama ang kongregasyon na magpatotoo, at halos lahat ng naroon ay nagpatotoo. "Iyon marahil ang unang pagkakataon na nadama ko ang Espiritu na nagpapatotoo sa akin tungkol sa katotohanan ng ebanghelyo," paggunita ni Elder Hales.

Nadama niya ang pagpapatotoong iyon nang maraming beses mula noon, lalo na habang naglilingkod bilang secretary sa Unang Panguluhan simula noong 2008. Nang sang-ayunan si Pangulong Thomas S. Monson bilang propeta at Pangulo ng Simbahan, at muli noong sang-ayunan si Pangulong Russell M. Nelson, nasaksihan niya "ang balabal ng propeta na naipasa sa bawat isa sa mga lalaking ito, at alam ko nang walang pag-aalinlangan na sila ay pinili at tinawag na Pangulo ng Simbahan para sa kanilang partikular na panahon."

Si Elder Hales ay tinawag bilang General Authority Seventy noong Mayo 17, 2018, at sinang-ayunan noong Oktubre 6, 2018. Siya pa rin ang secretary sa Unang Panguluhan.

Isinilang sa Ogden, Utah, USA, noong Abril 7, 1956, kina Klea at Glenn Phillip Hales, si Elder Hales ay nagtapos ng banking and finance degree sa Weber State College (ngayon ay Weber State University) noong 1980. Pagkatapos ng kolehiyo, nagtrabaho siya sa mga commercial bank operation at sa Finance and Records Division ng Simbahan. Pinakasalan niya si Denise Imlay Hales noong 1981, at sila ay mayroong apat na anak. Si Elder Hales ay naglingkod bilang full-time missionary sa France Paris Mission, counselor sa bishopric, high priests group leader, bishop, stake president, priesthood organist, Sunday School teacher, at temple sealer.

Noong araw na iyon noong bata pa siya, hindi nagpatotoo si Elder Hales. Ngunit lumakas nang lumakas ang kanyang patotoo mula noon. "Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ang Aklat ni Mormon ay totoo, lubos tayong mahal ng Diyos at ninanais na pagpalain tayo, si Jesus ang ating Tagapagligtas at mapalad tayo na lagi nating nakakasama ang Espiritu Santo kapag karapat-dapat tayo rito," sabi niya. ■



# PUMARITO KA, SUMUNOD KA SA AKIN

Para sa
Elders Quorum at
Relief Society

*Oktubre 2018*

*Hanapin ang resources na ito sa Gospel Library app at sa comefollowme.lds.org.*

# **Bakit Tayo May** mga Miting sa Korum at Relief Society?

*Sa mga huling araw na ito, ipinanumbalik ng Diyos ang priesthood at inorganisa ang mga korum ng priesthood at Relief Society upang makatulong sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain ng kaligtasan. Dahil dito, bawat Linggo kapag nagtitipon tayo sa mga miting ng korum ng mga elder at Relief Society, tinatalakay at pinaplano natin kung ano ang gagawin natin upang makatulong sa pagsasakatuparan ng gawain ng Diyos. Upang maging epektibo, ang mga miting na ito ay dapat maging higit pa sa mga klase lamang. Ang mga ito ay mga oportunidad upang magsanggunian tungkol sa gawain ng kaligtasan, sama-samang matutunan ang tungkol sa gawaing iyon mula sa mga turo ng mga lider ng Simbahan, at magplano at ayusin ang ating mga sarili para maisakatuparan ito.*



## **Iskedyul** para sa Oktubre–Disyembre 2018

Sa 2018, ang mga miting tuwing Linggo ng elders quorum at Relief Society ay batay sa buwanang iskedyul na ito:

**Unang Linggo:** Magsanggunian tungkol sa mga lokal na responsibilidad, oportunidad, at hamon, at gumawa ng mga plano upang kumilos

**Mga Ikalawa at Ikatlong Linggo:** Pag-aralan ang mga mensahe sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya na pinili ng mga miyembro ng panguluhan, o kung minsan, ng bishop o stake president.

**Ikaapat na Linggo:** Talakayin ang isang piling paksa na pinili ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Mula Oktubre hanggang Disyembre 2018, ang paksa ay personal at pampamilyang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

**Ikalimang Linggo:** Sa ilalim ng pamamahala ng bishop.



# **Bagong Iskedyul** para sa 2019

Simula Enero 2019, ang mga miting ng elders quorum at Relief Society ay gaganapin lamang tuwing ikalawa at ikaapat na Linggo ng bawat buwan. Ang mga miting na ito ay magpopokus sa mga mensahe mula sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya. Ang mga mungkahi sa pagtuturo para sa mga miting na ito ay matatagpuan sa Mayo at Nobyembre na isyu ng pangkalahatang kumperensya ng *Liahona* at sa Gospel Library app.

Ang iba pang mga pagbabago simula 2019 ay kinabibilangan ng sumusunod:

- Ang mga council meeting tuwing unang Linggo ay ihihinto na. Gayunman, kung kinakailangan, maaaring gamitin ng elders quorum at Relief Society ang bahagi ng miting sa ikalawa o ikaapat na Linggo upang makipagsanggunian tungkol sa isang mahalagang paksa.
- Hindi na ipagpapatuloy ang mga opening exercises, kung saan magkasamang nagpupulong ang mga korum ng Aaronic at Melchizedek Priesthood o ang mga sister sa Relief Society at young women.
- Ang mga miting ng elders quorum at Relief Society ay hindi na magsisimula sa isang pambungad na himno o panalangin ngunit magtatapos sa pangwakas na panalangin.

*"Inaasahan namin na sama-sama kayong magsasanggunian at maghahangad ng paghahayag sa pagpapatupad ng mga pagbabagong ito. . . . [Ang bagong iskedyul sa araw ng Linggo] ay magdadala ng maraming biyaya sa lahat ng malugod na tatanggapin [ito] at hihingin ang gabay ng Espiritu Santo. Magiging mas malapit tayo sa ating Ama sa Langit at sa ating Panginoon at Tagapagligtas, [na] si Jesucristo."*

Elder Quentin L. Cook
Korum ng Labindalawang Apostol



# Pagkatuto mula sa mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya (2018 at 2019)

Ang mga turo ng mga buhay na propeta, tagakita, at tagapaghayag ay maaaring magbigay ng inspiradong patnubay para sa gawain ng mga elders quorum at mga Relief Society. Sa mga linggo kung kailan pag-aaralan ang mga mensahe sa kumperensya, ang panguluhan ng elders quorum o ng Relief Society ay pipili ng isang mensahe sa kumperensya na gagamitin, batay sa mga pangangailangan ng mga miyembro. Kung minsan, maaari ring magmungkahi ang bishop o stake president kung anong mensahe ang gagamitin. Dapat bigyang-diin ng mga lider ang mga mensahe mula sa mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Gayunman, ang mga miyembro ng panguluhan ay maaaring pumili ng anumang mensahe mula sa pinakahuling kumperensya, batay sa mga pangangailangan ng lokal na mga Banal at inspirasyon mula sa Espiritu.

Dapat humanap ang mga lider at guro ng mga paraan upang mahikayat ang mga miyembro na basahin nang maaga ang mga piniling mensahe. Dapat nilang hikayatin ang mga miyembro na dumalo sa mga miting na handang magbahagi ng mga katotohanan ng ebanghelyo na natutunan nila at ng kanilang mga ideya tungkol sa kung paano ipamumuhay ang mga katotohanang iyon. Ang mga iminumungkahing aktibidad sa pag-aaral na nasa ibaba, na batay sa mga alituntunin na itinuturo sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* ay maaaring makatulong sa mga miyembro na matuto mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya.



**Quentin L. Cook,** *"Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at Panginoong Jesucristo"*
Maaaring interesado ang mga miyembrong marinig mula sa isa't isa ang kanilang mga unang reaksyon nang marinig nila ang tungkol sa mga pagbabagong inilarawan sa mensahe ni Elder Cook. Kung tatanungin sila ng isang taong hindi miyembro ng Simbahan kung bakit gumagawa ng ganitong mga pagbabago ang Simbahan, ano ang sasabihin nila? Hikayatin silang maghanap ng mga posibleng sagot sa mensahe ni Elder Cook. Ano ang magagawa natin bilang mga indibiduwal at pamilya, at bilang isang korum o Relief Society, upang matiyak na maisasakatuparan ng mga pagbabago kung ano ang nilalayon ng Panginoon? Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari ka ring magbahagi ng mga ideya mula sa pambungad na pananalita ni Pangulong Nelson na humihikayat sa mga miyembro na "masiglang tanggapin" ang mga pagbabagong ito.

**Ronald A. Rasband,** *"Huwag Kayong Mabagabag"*
Ang mensahe ni Elder Rasband ay nagtatampok ng ilang mga banal na kasulatan na makatutulong sa atin na iwaksi ang anumang takot na mayroon tayo tungkol sa mapanganib na panahon na ating ginagalawan. Hilingin sa mga miyembro na saliksikin sa mga banal na kasulatan ang mga payo na maibibigay nila sa isang taong nangangamba tungkol sa hinaharap. Ano pa ang maibabahagi nila mula sa mensahe ni Elder Rasband? Paano "[nililimitahan] ng takot ang pananaw ng mga anak ng Diyos"? Anyayahan ang mga miyembro na ibahagi kung paano nila natutunan na daigin ang kanilang mga takot at mamuhay nang may pananampalataya.

**David A. Bednar,** *"Tipunin ang Lahat ng mga Bagay kay Cristo"*
Isiping magdala ng maipapakitang lubid at checklist. Anyayahan ang mga miyembro na talakayin ang pagkakaiba ng pagtingin sa mga katotohanan ng ebanghelyo at mga programa ng Simbahan bilang isang lubid at pagtingin sa mga ito bilang isang checklist ng mga paksa at gawain. Hikayatin ang mga miyembro na maghanap ng mga ideya mula sa mga halimbawa sa mensahe ni Elder Bednar. Ano ang ibig sabihin ng "tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo"? (tingnan sa Mga Taga Efeso 1:10). Ano ang maaari nating gawin upang matanggap ang pangako sa pagtatapos ng mensahe ni Elder Bednar?

**Dallin H. Oaks,** *"Katotohanan at ang Plano"*
Paano nakatutulong sa atin ang "mga ipinanumbalik na katotohanan ng ebanghelyo" kapag tayo ay nahaharap sa oposisyon sa ating mga paniniwala at kaugalian? Upang masagot ang tanong na ito, maaaring suriin ng mga miyembro ang mga halimbawa ng mga pangunahing katotohanan sa bahagi II ng

mensahe ni Pangulong Oaks. Maaari rin nilang suriin ang mga halimbawa kung paano maisasabuhay ang mga katotohanang ito (tingnan sa bahagi III). Maaaring makatulong sa mga miyembro kung isasadula nila kung paano nila gagamitin ang ilan sa mga pangunahing katotohanan upang tumugon sa mga puna sa isang turo o kaugalian sa Simbahan.

**D. Todd Christofferson,** *"Matibay at Matatag sa Pananampalataya kay Cristo"*
Maaari mong simulan ang isang talakayan tungkol sa mensaheng ito sa pamamagitan ng pagguhit ng isang linya sa pisara na may nakalagay na *Dahil sa Nahikayat ng Iba* sa isang dulo at *Katapatan na Katulad ng kay Cristo* sa kabilang panig. Anyayahan ang mga miyembro na basahin ang talatang nagsisimula sa "Karamihan sa atin ay nasa gitna ng dalawang uri ng pakikibahagi sa ebanghelyo . . ." at isiping mabuti kung nasaan sila sa gitna ng dalawang uri ng pakikibahaging ito. Ano ang matututunan natin mula sa mga halimbawa sa mensahe ni Elder Christofferson na nagbibigay ng inspirasyon sa atin na maging matibay at matatag sa kahirapan? (tingnan din sa Alma 36:27–28). Hikayatin ang mga miyembro na magbahagi ng mga halimbawa ng mga taong kilala nila na nagpakita ng katapatan sa ebanghelyo na katulad ng kay Cristo, kahit nahaharap sa kahirapan.

**Ulisses Soares,** *"Iisa kay Cristo"*
Ayon kay Elder Soares, paano kinakatawan ng Amazon River ang mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo? Ano ang itinuturo sa atin ng paghahambing na ito tungkol sa impluwensiya ng mga bagong miyembro sa Simbahan? Paano natin masusunod ang payo ni Elder Soares bilang isang korum o Relief Society na hikayatin, suportahan, at mahalin ang mga bagong binyag? (tingnan sa Moroni 6:4–5). Marahil maaaring magbahagi ang ilang miyembro ng ilang hamon na nakaharap nila bilang mga bagong miyembro ng Simbahan at kung paano sila tinulungan ng iba pang mga miyembro. Maaari mo ring talakayin ang mga paraan kung paano pinalakas ng mga bagong miyembro ang inyong ward o branch.

**Gerrit W. Gong,** *"Ang Ating Siga ng Pananampalataya"*
Isiping magpakita ng isang larawan ng isang siga at anyayahan ang isang tao na magbahagi ng isang karanasan noong siya ay nagpapasalamat na mayroong siga. Hilingin sa mga miyembro na talakayin kung ano ang ibig sabihin ni Elder Gong nang magsalita siya tungkol sa "siga ng pananampalataya." Pagkatapos ay maaari mong hatiin ang mga miyembro sa mga grupo at anyayahan ang bawat grupo na suriin at ibahagi ang isa sa limang paraan na sinabi ni Elder Gong na mahihikayat tayo ng isang "siga ng pananampalataya." Bigyan ng oras ang mga miyembro upang pagbulay-bulayan kung paano nila mapalalakas ang kanilang sariling pananampalataya o ang pananampalataya ng isang taong kilala nila.

**Dieter F. Uchtdorf,** *"Maniwala, Magmahal, Gumawa"*
Maaari mong simulan ang isang talakayan tungkol sa mensaheng ito sa pamamagitan ng pagsulat sa pisara ng *Kawalan ng Pag-asa* at *Kaligayahan*. Anyayahan ang mga miyembro na saliksikin sa mensahe ang mga asal at paniniwala na humahantong sa kawalan ng pag-asa at kaligayahan at ilista ang mga ito sa pisara. Anyayahan ang mga miyembro na ibahagi kung paano nila naranasan ang kaligayahan na dulot ng paniniwala, pagmamahal, at paggawa, tulad ng itinuro ni Elder Uchtdorf. Hikayatin ang mga miyembro na humanap ng nakapagpapalakas ng loob na sipi mula sa mensahe na mailalagay nila sa kanilang tahanan o maibabahagi sa isang kaibigan.



**Joy D. Jones,** *"Para sa Kanya"*
Isaalang-alang ang pagbabahagi ng kuwento sa simula ng mensahe ni Sister Jones at paghiling sa mga miyembro na isipin ang mga pagkakataon kung kailan ang kanilang paglilingkod at mga pagsisikap sa ministering ay tila "hindi pinansin o . . . hindi pinahalagahan o kaya'y tinanggihan pa." Matapos talakayin ang kuwento, isiping isulat sa pisara ang *Bakit dapat tayong maglingkod?* Anyayahan ang mga miyembro na sagutin ang tanong na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa mensahe ni Sister Jones para humanap ng mga ideya (tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 59:5). Paano mababago ng payo ni Sister Jones ang paraan kung paano tayo nagmamalasakit at naglilingkod sa isa't isa?

**Michelle D. Craig,** *"Hindi Pagiging Kuntento sa Ating Espirituwalidad"*
Binanggit ni Sister Craig na "may kaibhan ang ating kasalukuyang kakayahan at espirituwalidad sa kung sino tayo, at ang ating kasalukuyang kakayahan at espirituwalidad sa kung ano ang nais nating kahinatnan." Ano ang gusto ng Diyos na maramdaman natin tungkol sa kaibhan na ito? Ano ang gusto ni Satanas na maramdaman natin tungkol dito? Maaaring saliksikin ng bawat miyembro ang isa sa tatlong bahagi ng mensahe ni Sister Craig upang makahanap ng mga sagot sa mga tanong na ito. Ano ang magagawa natin upang matiyak na ang ating "hindi pagiging kuntento sa ating espirituwalidad" ay hindi magiging "nakapaparalisang panghihina ng loob"?

**Cristina B. Franco,** *"Ang Galak sa Di-Makasariling Paglilingkod"*
Upang maituro na ang "pagmamahal na iyon ay nagiging sagrado sa pamamagitan ng sakripisyo," ibinahagi ni Sister Franco ang dalawang kuwento—ang isa ay tungkol kay Victoria at ang isa ay tungkol sa isang balo. Maaari mong anyayahan ang dalawang miyembro na dumalo na handang magbahagi kung ano ang natututunan nila tungkol sa pagmamahal at sakripisyo mula sa mga kuwentong ito. Ano ang iba pang mga karanasan na maibabahagi natin na nagtuturo ng parehong alituntunin? Ang pagpapalabas ng isang video na nagpapakita na naglilingkod ang Tagapagligtas sa iba (tulad ng "Light the World—Follow the Example of Jesus Christ" sa LDS.org) ay maaaring humantong sa isang talakayan tungkol sa kung paano natin

masusundan ang Kanyang halimbawa ng "paglilingkod na may kasamang pagmamahal at sakripisyo."

**Henry B. Eyring,** *"Ang Kababaihan at ang Pag-aaral ng Ebanghelyo sa Tahanan"*
Ang mga talata sa banal na kasulatan at mga sipi mula sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" na ginamit ni Pangulong Eyring sa kanyang mensahe ay nagbibigay ng ideya tungkol sa kahalagahan ng impluwensya ng kababaihan sa tahanan. Maaaring magtulungan ang mga miyembro upang mahanap ang mga talata at siping ito at mapag-usapan kung ano ang natutunan nila. Anong mga paanyaya ang ipinaabot ni Pangulong Eyring? Anong mga pangako ang ibinigay niya? Isipin kung paano mas mapaganda ang talakayan sa pamamagitan ng pagkanta o pagbabasa ng isang himno tungkol sa tahanan, tulad ng "Tahana'y Isang Langit" (*Mga Himno,* blg. 186).

**Dallin H. Oaks,** *"Mga Magulang at mga Anak"*
Habang naghahanda kang magturo, isipin kung aling bahagi ng mensahe ni Pangulong Oaks ang pinakaangkop sa mga tao sa inyong korum o Relief Society. Narito ang mga posible mong itanong upang makahikayat ng talakayan tungkol sa kanyang mensahe: Paano kinakalaban ng mga makabagong kalakaran na binanggit sa bahagi I ng mensahe ni Pangulong Oaks ang plano ng Ama sa Langit? Anong mga halimbawa ng kababaihang may malakas na pananampalataya ang maibabahagi natin na nagsisilbing huwaran ng mga pahayag tungkol sa kababaihan sa bahagi II? Paano natin mahihikayat ang mga kabataang babae na kilala natin na sundin ang partikular na payo ni Pangulong Oaks sa kanila sa bahagi III?



**Russell M. Nelson,** *"Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel"*
Kung nagtuturo ka sa Relief Society, isiping hatiin ang kababaihan sa apat na grupo at paghiling sa bawat grupo na magbasa tungkol sa isa sa apat na imbitasyon sa mensahe ni Pangulong Nelson. Maaaring talakayin ng mga grupo kung ano ang nakintal sa isipan nila tungkol sa paanyayang ito, mga karanasan nila sa paggawa ng mga ito, at mga ideya kung paano ito gagawin sa hinaharap. Pagkatapos ay maaaring ibahagi ng bawat grupo sa lahat kung ano ang napag-usapan nila. Kung nagtuturo ka ng mga mayhawak ng priesthood, maaari mong hilingin sa kanila na humanap ng mga pahayag sa mensahe ni Pangulong Nelson na nagsasaad kung ano ang nadarama ng Ama sa Langit tungkol sa Kanyang mga anak na babae. Ano ang magagawa natin upang masuportahan at mahikayat ang partisipasyon ng kababaihan sa pagtitipon ng Israel?

**M. Russell Ballard,** *"Ang Pangitain ng Pagtubos sa mga Patay"*
Maaari mong anyayahan ang mga miyembro na tanggapin ang paanyaya ni Pangulong Ballard at basahin ang Doktrina at mga Tipan 138 bago ang talakayan ninyo. Hilingin sa mga miyembro na ibahagi ang kanilang mga karanasan at ideya mula sa bahaging ito sa miting. Ang mga tanong na tulad ng mga ito ay makatutulong sa mga miyembro na maunawaan ang kahalagahan ng paghahayag na ito: Paano nagdudulot ng kapanatagan ang paghahayag na ito? at Anong mga katotohanan ang nakapaloob sa paghahayag na ito na maaaring makaapekto sa 'paraan ng ating pamumuhay sa bawat araw'?

**Bonnie H. Cordon,** *"Pagiging Isang Pastol"*
Upang matulungan ang mga miyembro na mag-isip ng mga paraan para mas mapagbuti nila ang kanilang mga pagsisikap na makapaglingkod, maaari mo silang hatiin sa tatlong grupo at hilingin sa bawat grupo na basahin ang isa sa tatlong bahagi na may pamagat sa mensahe ni Sister Cordon. Anyayahan silang magbahagi ng mga alituntunin ng ministering na natutunan nila. Paano tayo matutulungan ng pagsisikap na sundin ang mga alituntuning ito para "maging ang mga pastol na kailangan ng Panginoon na kahinatnan natin"? Anyayahan ang mga miyembro na magbahagi ng mga karanasan kung kailan ang paglilingkod ng ibang tao ay nakatulong sa kanila na maramdaman na kilala at mahal sila ng Tagapagligtas.

**Jeffrey R. Holland,** *"Ang Ministeryo ng Pakikipagkasundo"*
Maaari mong simulan ang isang talakayan tungkol sa mensahe ni Elder Holland sa pamamagitan ng pag-anyaya sa mga miyembro na mag-isip ng isang relasyon sa kanilang buhay na nangangailangan ng pagpapagaling o pakikipagkasundo. Pagkatapos ay maaari nilang saliksikin ang mensahe ni Elder Holland upang malaman kung paano natulungan nina Brad at Pam Bowen na gumaling ang kanilang ama. Anong mga pagpapala ang dumating dahil sa pagsisikap na ito? Anong mga ideya ang nakuha ng mga miyembro na makatutulong sa kanila na pagalingin ang sarili nilang mga relasyon sa iba?

**Neil L. Andersen,** *"Sugatan"*
Upang maipakilala ang mensahe ni Elder Andersen, maaari ninyong basahin nang sama-sama ang Lucas 10:30–35 o panoorin ang video na "Parable of the Good Samaritan" (LDS.org). Paano tayong lahat natutulad sa taong bumagsak sa kamay ng mga magnanakaw? Ayon kay Elder Andersen, sa paanong paraan naging "Mabuting Samaritano [natin]" si Jesucristo? Paano natin matatanggap ang Kanyang pagpapagaling? Marahil ay maaari mong anyayahan ang mga miyembro na ibahagi kung paano pinagaling ng Tagapagligtas ang kanilang mga sugat o ang mga sugat ng kanilang mga mahal sa buhay. Maaari rin nilang saliksikin ang mensahe ni Elder Andersen upang makahanap ng nakapagpapalakas ng loob na mensaheng maibibigay nila sa isang taong nasugatan.

**Russell M. Nelson,** *"Ang Tamang Pangalan ng Simbahan"*
Iniutos ni Jesucristo na tawagin ang Simbahan alinsunod sa Kanyang pangalan. Matutulungan mo ang mga miyembro na madagdagan ang kanilang hangarin na sundin ang tagubiling ito sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila na saliksikin ang mga mensahe ni Pangulong Nelson para malaman ang mga dahilan kung bakit "ang pangalan ng Simbahan ay hindi pinag-uusapan." Pagkatapos, anyayahan sila na saliksikin ang dulo ng mensahe ni Pangulong Nelson para sa mga pangako na sinabi niyang

darating kapag sinikap nating "ipanumbalik ang tamang pangalan ng Simbahan ng Panginoon." Ano ang magagawa natin upang makatulong sa pagsisikap na ito?

**Henry B. Eyring,** *"Sikapin, Sikapin, Sikapin"*
Ibinigay ni Pangulong Eyring ang "dalawang mahalagang tanong": "Ano ang dapat kong gawin para taglayin ko sa aking sarili ang pangalan [ng Tagapagligtas]?" at "Paano ko malalaman kung umuunlad ako?" Marahil ay maaari mong isulat sa pisara ang mga tanong na ito at anyayahan ang mga miyembro na magbahagi ng mga ideya na nakuha nila tungkol sa mga tanong na ito mula sa mensahe ni Pangulong Eyring at sa halimbawa ni Sister Eyring. Tinukoy din ni Pangulong Eyring ang awiting "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 40–41). Ano ang maiaambag ng mga titik ng awitin sa talakayan?

**Dale G. Renlund,** *"Piliin Ninyo sa Araw na Ito"*
Maaaring mag-isip ang mga miyembro ng isang taong gusto nilang hikayatin na sundin ang plano ng Ama sa Langit, tulad ng isang kapamilya o isang tao na pinaglilingkuran nila. Pagkatapos ay maaari nilang suriin ang mensahe ni Elder Renlund upang matuklasan ang nararamdaman ng Ama sa Langit at ni Jesucristo tungkol sa atin. Paano Nila tayo tinutulungan na piliin ang pagsunod? Ano ang iminumungkahi ng Kanilang halimbawa tungkol sa kung paano natin mapagbubuti ang ating mga pagsisikap sa ating pamilya at ating paglilingkod?

**Gary E. Stevenson,** *"Pangangalaga sa mga Kaluluwa"*
Ang iyong mga tinuturuan ay maaaring nakapagtanong ng tulad nito mula sa mensahe ni Elder Stevenson: "Paano natin malalaman na naglilingkod tayo ayon sa paraan ng Panginoon?" Maaari silang makinabang sa pagtalakay sa mga posibleng sagot sa tanong na ito na mahahanap sa mensaheng ito. Bilang alternatibo, maaari kang magdala ng isang larawan ng Tagapagligtas bilang pastol (tingnan sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo* [2009], blg. 64) at anyayahan ang mga miyembro na ibahagi ang isang katotohanan mula sa mensahe ni Elder Stevenson na ipinapakita sa larawan. Pagkatapos ay maaaring magbahagi ang mga miyembro ng mga bagay na nakintal sa kanilang isipan na gawin dahil sa talakayan.



# Mga Miting sa **Ikaapat na Linggo** (Oktubre–Disyembre 2018)

## PERSONAL AT PAMPAMILYANG PAG-AARAL NG MGA BANAL NA KASULATAN

Sa ikaapat na linggo sa 2018, tatalakayin ng elders quorum at Relief Society ang personal at pampamilyang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Maaaring pamunuan ng mga lider o guro ang mga talakayan sa alinman sa sumusunod na mga alituntunin.

---

**Personal na Pag-aaral ng Banal na Kasulatan**
Para bigyang-inspirasyon ang mga miyembro na regular na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, isiping anyayahan ang bawat miyembro na pumili mula sa sumusunod ng isang talata na babasahin: Josue 1:8; II Kay Timoteo 3:15–17; 1 Nephi 15:23–25; 2 Nephi 32:3; Doktrina at mga Tipan 11:22–23; 33:16–18. Matapos silang magkaroon ng oras para magbasa at magnilay-nilay, maaari nilang ibahagi sa ibang tao sa silid kung ano ang itinuturo ng kanilang talata tungkol sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Maaari mo ring anyayahan ang mga miyembro na ibahagi ang kanilang mga patotoo sa mga pagpapalang natatanggap nila kapag pinag-aaralan nila ang mga banal na kasulatan. Maaari ring makinabang ang mga miyembro kung maririnig nila ang bawat isa na magbahagi ng kanilang ginagawa upang maging makabuluhan ang personal na pag-aaral ng mga banal na kasulatan (tingnan ang ilang halimbawa sa "Mga Ideya para Mapabuti ang Inyong Personal na Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan" sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya).* Maaari mo ring ibahagi sa mga miyembro ang itinuro ni Elder Quentin L. Cook tungkol sa "mga layunin at biyaya na kaakibat ng [pagbabago sa pang-Linggong iskedyul] at iba pang mga pagbabago kamakailan" (tingnan sa "Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at Panginoong Jesucristo," *Liahona,* Nob. 2018). Maaaring talakayin ng mga miyembro kung paano makatutulong ang mga pagsisikap nating pagbutihin ang ating pag-aaral ng banal na kasulatan para matupad ang mga layuning ito. Ang mga sumusunod na video sa LDS.org ay maaari ring magbigay ng inspirasyon sa mga miyembro: "Words with Friends," "The Blessings of Scripture," "Daily Bread: Pattern," at "What Scriptures Mean to Me."

**Palagiang Pag-aaral ng Ebanghelyo**
Inihambing ni Elder David A. Bednar ang pagkakaroon ng palagiang pampamilyang pag-aaral ng mga banal na kasulatan at iba pang mabubuting kaugalian sa maliliit na hagod ng pinsel na bumubuo sa isang magandang painting o ipinintang larawan. Upang matulungan ang mga miyembro na maunawaan kung ano ang itinuro ni Elder Bednar, marahil maaari kang magpakita ng isang painting kung saan kitang-kita ang mga hagod ng pinsel ng pintor. Pagkatapos ay maaaring basahin ng mga miyembro ang analohiya ni Elder Bednar na makikita sa "Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan" (*Liahona,* Nob. 2009, 19–20), at talakayin kung paano natutulad ang mga hagod ng pinsel sa painting na ito sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ano ang nakatulong sa atin na madaig ang mga balakid sa pag-aaral ng ebanghelyo, maging sa pag-aaral natin bilang mga indibiduwal man o kasama ang ating mga pamilya? Ano ang ipinangako ni Pangulong Russell M. Nelson sa mga taong "masigasig [na] ginagawang sentro ng pag-aaral ng ebanghelyo ang [kanilang mga tahanan]"? (tingnan sa "Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw," *Liahona,* Nob. 2018). Bigyan ng oras ang mga miyembro upang magnilay-nilay at ibahagi kung ano ang mga inspirado silang gawin dahil sa natutunan nila ngayon.

**Talakayan tungkol sa Ebanghelyo sa Tahanan at sa Simbahan**
Ang isang paraan upang matulungan ang mga miyembro na maunawaan ang kahalagahan ng talakayan tungkol sa ebanghelyo sa tahanan at sa simbahan ay ang pag-anyaya sa isang bata at magulang na kantahin ang "Turuang Lumakad sa Liwanag" (*Mga Himno,* blg. 192). Ano ang itinuturo sa atin ng pakikipag-ugnayan ng bata at magulang sa mga titik ng awiting ito tungkol sa pag-aaral ng ebanghelyo? Marahil ang ilang miyembro ay handang magbahagi ng kanilang mga ideya kung paano gagawing natural at regular na bahagi ng buhay-pamilya ang mga talakayan tungkol ebanghelyo. Ang sumusunod na mga banal na kasulatan ay maaaring magbigay ng mga ideya: Deuteronomio 11:18–20; I Ni Pedro 3:15; Mosias 18:9; Moroni 6:4–5, 9; Doktrina at mga Tipan 88:122. Paano tayo mailalapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ng ating mga talakayan sa tahanan at sa simbahan?

## MGA IDEYA PARA SA PAGSUPORTA SA PAG-AARAL NG BANAL NA KASULATAN SA TAHANAN SA 2019

Sa 2019, pag-aaralan ng lahat ng miyembro ng ward ang Bagong Tipan—sa tahanan at sa Sunday School at Primary. Sa mga miting ng korum at Relief Society, dapat paalalahanan ng mga lider at guro ang mga miyembro tungkol sa mga banal na kasulatan na nakaiskedyul sa susunod na linggo sa Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya na maaari nilang pag-aralan sa bahay. Maaaring ibigay ang simpleng paalalang ito sa pamamagitan ng pagsulat, pagsasabi, o parehong gawin ito.

Maaaring mabigyan ng suporta ng mga lider at guro ng elders quorum at Relief Society ang pag-aaral ng banal na kasulatan na ito sa pamamagitan ng paghahanap ng mga pagkakataon upang maisama ang mga ideya mula sa Bagong Tipan sa mga miting ng elders quorum at Relief Society. Halimbawa, ang mga lider at guro ng elders quorum at Relief Society ay maaaring:

- Pansinin kung paano maiaangkop ang mga kuwento o doktrina mula sa kanilang pag-aaral ng banal na kasulatan sa isang lesson sa elders quorum o Relief Society. Maaring ibahagi ng mga lider at guro ang ideyang ito sa isang miting sa araw ng Linggo.
- Ibahagi sa mga miyembro kung paano maiaangkop ang mga kuwento o doktrina mula sa Bagong Tipan sa kanilang mga responsibilidad sa elders quorum o Relief Society.
- Ibahagi sa mga miyembro ang kanilang mga positibong karanasan sa pag-aaral ng Bagong Tipan sa bahay at hikayatin din ang mga miyembro na ibahagi ang mga karanasang ito.



© ANNIE HENRIE NADER, HINDI MAARING KOPYAHIN





*Mabuting Samaritano,*
ni Annie Henrie Nader

*"Ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, sa pamamagitan ng Kanyang hindi masukat na kaloob na Pagbabayad-sala, ay hindi lamang tayo inililigtas mula sa kamatayan at inaalok tayo, sa pamamagitan ng pagsisisi, ng kapatawaran para sa ating mga kasalanan, kundi handa rin Siyang iligtas tayo mula sa mga kalungkutan at sakit ng ating sugatang kaluluwa.*

*"Ang Tagapagligtas ang ating Mabuting Samaritano, na isinugo 'upang magpagaling ng mga bagbag na puso' [Lucas 4:18]. Lumalapit Siya sa atin, samantalang nilalampasan lamang tayo ng iba. Mahabagin Niyang inilalagay ang Kanyang nagpapagaling na balsamo sa ating mga sugat at binebendahan ang mga ito. Binubuhat Niya tayo. Inaalagaan Niya tayo. Sinasabihan Niya tayong, '[Lumapit] sa akin . . . at pagagalingin ko [kayo]' [3 Nephi 18:32]."*

Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sugatan," 84–85.



"Ang bagong integrated kurikulum na nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan ay may potensyal na makalagan ang kapangyarihan ng pamilya, habang ang bawat pamilya ay tapat at maingat na ginagawang santuwaryo ng pananampalataya ang kanilang tahanan," sabi ni Pangulong Russell M. Nelson sa pagtatapos ng sesyon ng ika-188 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. "Ipinapangako ko na habang masigasig ninyong ginagawang sentro ng pag-aaral ng ebanghelyo ang inyong tahanan, paglipas ng ilang panahon ang *inyong* mga araw ng Sabbath ay tunay na magiging kaluguran. Ang *inyong* mga anak ay magiging sabik na matutuhan at ipamuhay ang mga turo ng Tagapagligtas, at ang impluwensya ng kaaway sa *inyong* buhay at *inyong* tahanan ay mababawasan. Magkakaroon ng malaki at patuloy na mga pagbabago sa inyong pamilya."

TAGALOG
4 02148 53893 1